
ISSN 2546-1079 (Online)
ISSN 2546-1060 (Print)

# KAWÍNG

TOMO 4 BILANG 2 * DISYEMBRE 2020



ISSN 2546-1079 (Online)
ISSN 2546-1060 (Print)

# KAWÍNG

TOMO 4 BILANG 2* DISYEMBRE 2020

Ang *Kawíng* ay refereed/peer-reviewed at open access na journal sa Filipino ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Inililimbag ito nang dalawang beses isang taon (tuwing Hulyo at Disyembre). Pangunahing layunin ng journal na maitaguyod ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan at maipalaganap ang mga bagong likhang panitikan ng mga manunulat sa wikang Filipino. Tumatanggap ito ng mga artikulo/papel/saliksik at rebyu sa wikang Filipino. Maaari ring magpasa rito ng sanaysay, tula, maikling kwento, dagli, creative nonfiction at iba pang akdang pampanitikan o saling akda sa wikang Filipino.

Karapatang-ari ng PSLLF at ng mga may-akda.

Inilathala ng PSLLF sa Maynila, Pilipinas.
www.psllf.org

**PAMATNUGUTAN**

**Punong Editor**

**Aurora E. Batnag**
Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)

**Mga Tagapamahalang Editor**

**Jayson D. Petras**
University of the Philippines

**Jonathan Vergara Geronimo**
University of Santo Tomas

**LUPON NG MGA KONSULTANT**

**E. San Juan, Jr.**
University of Connecticut, USA

**Ester T. Rada**
San Beda University-Manila

**Fanny A. Garcia**
De La Salle University-Manila

**Francis A. Gealogo**
Ateneo de Manila University

**German V. Gervacio**
Mindanao State University-Iligan Institute of Technology

**Isaac Donoso Jiménez**
University of Alicante, Spain

**Janet Hope C. Tauro-Batuigas**
Ministry of Social Development, New Zealand

**Joel Costa Malabanan**
Philippine Normal University-Manila

**Joi Barrios-Leblanc**
University of California-Berkeley, California, USA

**Leslie Anne Liwanag**
Visayas State University

**Leticia C. Pagkalinawan**
University of Hawaii in Manoa

**Melania Lagahit-Flores**
University of the Philippines-Diliman

**Pacifico Eric E. Calderon**
St. Luke's Medical Center College of Medicine-William H. Quasha Memorial

**Ramon G. Guillermo**
University of the Philippines-Diliman

**Raquel Sison-Buban**
De La Salle University-Manila

**Rommel B. Rodriguez**
University of the Philippines-Diliman

# Kawíng (Tomo 4 Bilang 2) 2020

## Mga Nilalaman

**MULA SA PUNONG EDITOR** ------------------------------------------------------------------ vii-ix
**Aurora E. Batnag**

**MGA ARTIKULO**

Panimulang Pagsipat sa Mga Modelong Tugon sa Krisis na Dulot ng COVID-19: Perspektibang Sosyalista sa Mass Testing at Nasyonalisasyon *(Preliminary Analysis of Model Responses to the Crisis Brought by COVID-19: Socialist Perspective on Mass Testing and Nationalization)* ---------------------------------------------------------------------- 1-41
**David M. Michael San Juan**

Panukalang Instrumento sa Pagtataya Hinggil sa Sitwasyon ng Wika sa Internet *(Proposed Tool in Assessing Language Situation in the Internet)* ----------------------- 42-74
**Gerard P. Concepcion**

SWOT Analysis ng Konseptwalisasyon ng Silabus sa Filipino ng Far Eastern University *(SWOT Analysis of the Process of Conceptualizing the Filipino Syllabus of Far Eastern University)* ------------------------------------------------------------------------------------------ 75-93
**Juanito N. Anot, Jr.**

**REBYU**

*Dimas Ayaran*: Paghingi ng Exkyus sa Husga ng Kasaysayan, Isang Rebyu ------- 94-106
**Abet Umil**

**MGA PAHAYAG SA LUNSAD-AKLAT**

Obra at Buhay na Inalay sa Bayan -------------------------------------------------------- 107-110
**Raquel E. Sison-Buban**

Ang Kabuluhan ni Rizal sa Panahon ng Pandemya at Social Media --------------- 111-115
**Dolores R. Taylan**

**MGA TULA**

Tatlong Tula (Kung Sakaling Hindi na Tayo Magkita Muli, Ang Pasaherong Salamander, at Kapalaran, Di Mo Man Hanapin) -------------------------------------------------------- 116-119
**E. San Juan, Jr.**

Panghalip Panao ------------------------------------------------------------------------------ 120-121
**Adalric G. Cabal**

Salabat ------------------------------------------------------------------------------------- 122-123
**Eduard Aldrin Armand Perez-Bellen**

**MGA DAGLI**

Uod ------------------------------------------------------------------------------------------ 124-126
**Mark Anthony S. Salvador**

Limang Dagli (Calle Burgos, Gestapo, Tingkal, Simba-Samba, Sagupa) ----------- 127-135
**Rene Boy Abiva**

**MAIKLING KWENTO**

Sa Mga Mata ni Filipino ------------------------------------------------------------------------ 136-142
**DJ Ellamil**

**PERSONAL NA SANAYSAY**

Salamat Po --------------------------------------------------------------------------------------- 143-157
**Janet Hope Tauro-Batuigas**

**DULA**

*Bullying Sebastian* ---------------------------------------------------------------------------- 158-170
**Ez Khan**

**MGA SALIN NG TULA**

Elehiya para kay Sakhr ------------------------------------------------------------------------ 171-173
**Al-Khansāʾ/Tumāḍir bint ʿAmr ibn al-Ḥarth ibn al-Sharīd al-Sulamīyah** (orihinal); **Geert Jan van Gelder** (salin sa Ingles); **Alican Mendez Pandapatan** (salin sa Filipino)

Kung Tayo'y Mamamatay at Tulang Isinulat sa Tabi ng Puntod ng Kasamang Magsasaka sa Unang Anibersaryo ng Kaniyang Kamatayan ----------------------------------------- 174-177
**Claude McKay** (orihinal); **Servando Magbanua** (orihinal); **Kevin Princepe Armingol** (salin sa Filipino)

## SALIN NG MAIKLING KWENTO

Ang Pinakamahusay na Pansabong sa Buong Mundo --------------------------------- 178-190
**Cristina Pantoja Hidalgo** (orihinal); **Chuckberry J. Pascual** (salin sa Filipino)

~~~

## MULA SA PUNONG EDITOR

Ang larawan sa pabalat ng isyung ito ng Kawíng ay nagpapakita ng intensidad ng COVID-19 sa buong Pilipinas (bilang ng mga kaso mula Enero 18 – Disyembre 15, 2020). Mas mariin ang pagkapula ay mas matindi ang tama ng pandemya sa lugar. Sa panahong iyon ay nakapagtala ng 451,839 kaso ng COVID-19 sa buong bansa. Ang mapa at ang buong ulat ay inilathala ng World Health Organization Representative Office for the Philippines (2020). Mababasa ito sa website ng WHO.

Malaki ang naging epekto ng pandemya sa buhay at kabuhayan ng mga mamamayan sa Pilipinas at sa ibayong dagat. Kaugnay naman ng pananaliksik at paglalathala ng mga journal, naging karaniwan na rin ang pagkaantala ng pangkalahatang proseso ng rebyu dahil sa kinakailangang bigyang prayoridad ng lahat ang kalusugan at kabuhayan. Sa ganitong diwa, patuloy naman ang pagsisikhay ng mga mananaliksik na makapag-ambag sa pagpapatampok ng impormasyong tungkol sa pandemya at iba pang mga kaugnay na isyu. Harinawang malagpasan natin itong lahat at magwakas na ang pandemya upang lalong maging mabilis ang ating paglalathala ng napapanahong impormasyon.

Tampok sa isyung ito ng *Kawíng* ang tatlong artikulo/saliksik, isang rebyu, dalawang pahayag sa lunsad-aklat, isang koleksyon ng tula at dalawang indibidwal na tula, isang indibidwal na dagli, isang koleksyon ng mga dagli, isang maikling kwento, isang personal na sanaysay, isang dula, tatlong saling tula, at isang saling maikling kwento.

Napapanahon ang artikulong **Panimulang Pagsipat sa Mga Modelong Tugon sa Krisis na Dulot ng COVID-19: Perspektibang Sosyalista sa Mass Testing at**
~~~

**Nasyonalisasyon *(Preliminary Analysis of Model Responses to the Crisis Brought by COVID-19: Socialist Perspective on Mass Testing and Nationalization)*** ni **David M. Michael San Juan**, na naglahad ng makabuluhang impormasyon sa pandemya sa wikang Filipino. Sinusuportahan nito ang mass testing at nasyonalisasyon bilang mga epektibong tugon sa mga epekto ng pandemya. Dalangin ng lahat na pakinggan ng gobyerno ng bansa ang ganitong mga saliksik na nagbibigay ng datos na magagamit sa pagbabalangkas ng mga polisiya na makatutulong para makontrol kundi man agad na masawata ang pandemya, at matulungan ang mga mamamayan na makabangon agad sa krisis na dulot nito.

Ang papel na **Panukalang Instrumento sa Pagtataya Hinggil sa Sitwasyon ng Wika sa Internet *(Proposed Tool in Assessing Language Situation in the Internet)*** ni **Gerard P. Concepcion** ay naghahawan ng landas sa araling internet sa wikang Filipino. Tumutugon ito sa isinusulong ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) na pagtataya sa sitwasyon ng mga wika sa internet. Nagpapanakula si Concepcion ng simpleng instrumento sa pagtataya (assessment tool) hinggil sa sitwasyon ng wikang Filipino sa internet, gamit ang modelo ni Einar Haugen ng pagpaplanong pangwika.

Samantala, ang papel na **SWOT Analysis ng Konseptwalisasyon ng Silabus sa Filipino ng Far Eastern University *(SWOT Analysis of the Process of Conceptualizing the Filipino Syllabus of Far Eastern University)*** ni **Juanito N. Anot, Jr.** ay sipat-suri sa mga kahinaan at kalakasan ng proseso ng pagbubuo ng silabus sa Filipino na pangkolehiyo ng kanilang unibersidad. Ang ganitong mga saliksik ay patuloy na kailangang gawin sa bawat unibersidad, sapagkat patuloy ang pagtataguyod natin sa adbokasi ng pagkakaroon ng Filipino at Panitikan sa kolehiyo, mayroon man o walang batas na nanggagaling sa mga nasa poder (bagamat dapat bigyang diin na gaya ng ibinabalita sa artikulong ito, nakahain na sa Kongreso ang **House Bill 223 ng Makabayan Bloc** at **Senate Bill 1838 ni Sen. Francis "Kiko" Pangilinan** – mga panukalang batas na naglalayong ibalik ang Filipino at Panitikan bilang mga mandatoring asignatura sa kolehiyo).

Matalas na rebyu naman ng dulang musikal na *Dimas Ayaran* ang artikulong ***Dimas Ayaran*: Paghingi ng Exkyus sa Husga ng Kasaysayan, Isang Rebyu** ni **Abet Umil**. Ang dulang nirebyu ay nilikha ni Gary Granada, at ko-produksyon ng Commission on Human Rights (CHR) at Pocketplay Philippines. Ang repleksyon ni Umil sa mga bayani at konsepto ng pagkabayani na karugtong ng kanyang pagsipat din sa talambuhay ni Pio Valenzuela (pangunahing karakter sa dula) ay ambag sa pangkahalatang paglilitis ng mga Pilipino sa mga bayani at "bayani" noon at ngayon, lalo na't panahon na naman itong kinakailangan na naman ng bayan ng mga tunay na bayani. Kaugnay nito, tila eksaktong

sagot ang mga pahayag sa lunsad-aklat ng bersyong **e-book ng *Rizal ng Bayan* (2020)**, isang antolohiya ng mga sanaysay tungkol sa buhay at mga sinulat ni Dr. Jose Rizal. Kapwa malaman ang pagsusuri ni **Raquel E. Sison-Buban (Obra at Buhay na Inalay sa Bayan)** at ni **Dolores R. Taylan (Ang Kabuluhan ni Rizal sa Panahon ng Pandemya at Social Media)** sa nasabing e-book. Kung magbubulay-bulay sa tinakbo ng ating bansa mula noong lumaya ito sa mga Kastila hanggang ngayong tila inaalipin pa rin sa ibang porma ng kadena ng mga mapagsamantala (lokal man o internasyonal), tila kailangan ngang kapwa maging huwaran at lagpasan din natin si Rizal at ang iba pang mga bayani ng lahi.

Kung babasahin at uunawaing mabuti ang mga akdang pampanitikang tampok sa isyung ito, ang mga tinig na maririnig ay pawang nagpapakita ng sensibilidad sa mga isyung panlipunan sa bansa ng dinamikong kombinasyon ng mga batikang manunulat at makata, at ng mga relatibong baguhan: **Tatlong Tula (Kung Sakaling Hindi na Tayo Magkita Muli, Ang Pasaherong Salamander, at Kapalaran, Di Mo Man Hanapin)** ni **E. San Juan, Jr.**; tulang **Panghalip Panao** ni **Adalric G. Cabal**; tulang lirikal na **Salabat** ni **Eduard Aldrin Armand Perez-Bellen**; dagling **Uod** ni **Mark Anthony S. Salvador**; **Limang Dagli (Calle Burgos, Gestapo, Tingkal, Simba-Samba, Sagupa)** ni **Rene Boy Abiva**; maikling kwentong **Sa Mga Mata ni Filipino** ni **DJ Ellamil**; personal na sanaysay na **Salamat Po** ni **Janet Hope Tauro-Batuigas**; at dulang ***Bullying Sebastian*** ni **Ez Khan.** Kagigiliwan din ng marami – lalo na ng mga gurong naghahanap ng akdang salin na maaaring ipabasa at/o suriin sa klase, gaya ng **Elehiya para kay Sakhr** na salin sa Filipino ni **Alican Mendez Pandapatan** batay sa saling Ingles ni **Geert Jan van Gelder** ng orihinal ni **Al-Khansāʾ/Tumāḍir bint ʿAmr ibn al-Ḥarth ibn al-Sharīd al-Sulamīyah**; tulang **Kung Tayo'y Mamamatay** (orihinal ni **Claude McKay**) at **Tulang Isinulat sa Tabi ng Puntod ng Kasamang Magsasaka sa Unang Anibersaryo ng Kaniyang Kamatayan** (orihinal ni **Servando Magbanua**) na kapwa salin sa Filipino ni **Kevin Princepe Armingol;** at maikling kwentong **Ang Pinakamahusay na Pansabong sa Buong Mundo** (orihinal sa Ingles ni **Cristina Pantoja Hidalgo**) na salin naman sa Filipino ni **Chuckberry J. Pascual**.

Pagbati sa mga mananaliksik, may-akda, at tagasalin na nakapaglathala
sa kabila ng pandemya!

Pasasalamat sa lahat ng rebyuwer na nagsisikap tumulong sa pagpapaunlad ng saliksik at panitikan sa ating bansa, sa kabila ng pandemya!

Pakikiisa sa dalangin at panawagang aksyon para mawakasan na ang pandemya!

- **Aurora E. Batnag**

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 1-41 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Panimulang Pagsipat sa Mga Modelong Tugon sa Krisis na Dulot ng COVID-19: Perspektibang Sosyalista sa Mass Testing at Nasyonalisasyon

## *(Preliminary Analysis of Model Responses to the Crisis Brought by COVID-19: Socialist Perspective on Mass Testing and Nationalization)*

**David Michael M. San Juan**
De La Salle University-Manila
david.sanjuan@dlsu.edu.ph

**ABSTRAK**

Pangunahing layunin ng artikulong ito na itala at itampok sa wikang Filipino, ang dalawang modelong pagtugon sa krisis na dulot ng COVID-19, bilang pagbibigay-diin sa mga hakbang na dapat pang isabalikat at/o palawakin upang epektibong masugpo ang pandemya at matiyak na matutulungang mabilis na makabangong muli ang mga mamamayang pinakaapektado nito. Pangunahing pokus ng panimulang sipat-patakaran ang mass testing at nasyonalisasyon – dalawang polisiyang nagkaroon ng positibong epekto sa pangkalahatang pagsisikap na kontrolin kundi man sugpuin ang pagkalat ng coronavirus. Perspektibang sosyalista – na ang pinakaubod ay pagtataguyod ng kapakanan ng nakararami at pagpawi sa pagsasamantala at pang-aapi – ang pangunahing analitikal na balangkas na ginamit sa pagtukoy at pagsusuri sa mga polisiyang itinuturing na modelo.

**Mga Susing Salita:** pandemya, COVID-19, mass testing, nasyonalisasyon, sosyalismo

~~~

***ABSTRACT***

*This article is aimed at discussing two model responses to the crisis brought by COVID-19, in Filipino, to emphasize the steps that must be undertaken or measures that must be broadened to effectively contain the pandemic and ensure that those most affected by the pandemic would be aided towards swift recovery. This policy analysis focuses on mass testing and nationalization – two policies with positive impact on the over-all endeavor to control or contain the spread of the coronavirus. Socialist perspective – with promotion of the people's welfare and wiping out exploitation and oppression at its core – is the main analytical framework used in identifying and analyzing the model policies.*
~~~

***Keywords:*** *pandemic, COVID-19, mass testing, nationalization, socialism*


~~~

Inilantad ng pandemya ang mga umiiral na kakulangan (o mga natural na katangian pa nga) ng namamayaning sistemang kapitalista sa daigdig. Halimbawa, sa Estados Unidos, inugat ng mga mananaliksik ang kakapusan sa mga kasuotan at kagamitang proteksyon sa kontaminasyon (personal protective equipment o PPE) sa maagang bahagi ng pandemya, sa pangingibabaw ng presyuhan at bentahang nakabatay lamang sa tubo (profit motive) na hindi akmang mekanismo sa pagrarasyon ng mga kagamitang pangkalusugan sapagkat ang kalusugan ay serbisyong panlipunan (Cohen & van der Meulen Rodgers, 2020). Ang gayong realidad ng palpak na sistema ng distribusyon ng mga PPE ay aplikable rin sa sistema ng pribatisadong prokyurment ng mga kagamitang pangkalusugan sa United Kingdom (Hall, Lister, & Mercer, 2020).

Maging ang produksyon ng mga bakuna – na maituturing na isa sa mga mabisang panlaban sa pandemya bukod pa sa sistemang test-trace-and-isolate – ay apektado rin ng kapitalismo. Ayon sa ekonomistang si Mariana Mazzucato (2020a), madalas na mas nakikinabang ang mga parasitikong korporasyon sa paglikha ng bakuna sapagkat ang kanilang mga produkto ay karaniwang nakabatay rin sa mga saliksik na pinondohan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng buwis na napunta sa mga grant sa siyentipikong pananaliksik, ngunit limpak-limpak pa rin na tubo ang kinokolekta ng mga ito kapalit ng bakuna. Ang global na sitwasyon ng pangmasang pagbabakuna kontra-COVID-19 ay magpapakita rin ng napakalaking agwat sa pagitan ng mauunlad na bansa at ng mahihirap na bansa, lalo na kung isasaalang-alang ang mga pinakaunang datos hinggil sa mga preliminaryong order o pre-order ng mga bakuna. Kapansin-pansin na nakopo ng European Union, Estados Unidos, Japan, at United Kingdom ang mayorya ng mga inaasahang unang suplay ng mga bakuna (**Pigura 1**). Tiyak na magreresulta ito sa bilis ng pagbabakuna sa mga mas mauunlad na bansa, at bagal naman ng proseso (kundi man ng mismong pagbili rin ng bakuna) sa mas mahihirap na bansa.
~~~

**Pigura 1**

*Preliminaring Order ng Mga Bakuna Kontra-COVID-19*




*Note.* Ang pigurang ito ay mula sa artikulo ni Chughtai (2020).

Sa pangkalahatan, ang epekto ng pandemya ay ramdam na ramdam bunga ng mga umiiral na di pagkakapantay-pantay sa ilalim ng kapitalismo, at ang mga dulot nito sa ekonomiya ay lalong naglantad sa sistemang laging nasa bingit ng krisis. Mahusay na naisakonteksto ng Institute for Nationalist Studies (2020) ang gayong global na realidad sa lokal na sitwasyon ng Pilipinas: "(s)a pagbungad pa lamang ng pandemya ay dama agad ang pagkabigo ng neoliberalismo at sistemang pagdaigdigang kapitalismo. Patuloy na bumibigay ang sistemang pangkalusugan ng bansa — puno ang mga ospital, kulang ang mga healthcare worker, kulang ang mga gamot at kagamitan. Pasan ng mamamayan ang kahirapang dulot ng isang sistemang hindi kailanman naging para sa mahihirap — ang sistemang neoliberal at pandaigdigang kapitalismo." Kaugnay nito, hindi kataka-taka na may direksyong post-kapitalista ang mga karaniwang mula-sa-masang tugon sa krisis na kinakitaan ng diwa ng solidaridad at pagdami ng mga grupong nakapokus sa ambagan o "mutual aid" (Nelson, 2020), taliwas sa kapitalistang tugon na nakapokus sa pagkakamal ng tubo.

Ramdam din ng mga Pilipino ang dimensyong politikal ng kapitalismo sa epekto ng pandemya. Halimbawa, ang mga masalapi at makapangyarihan tulad ng ilang senador

at iba pang politiko ay mabilis na nakapagpatsek kung may COVID-19 sila o wala, maging sa mga unang buwan ng pandemya na kakaunti pa at nakareserba lamang para sa mga pasyenteng may sintomas na ang mga COVID-19 testing kit (Malasig, 2020 at Domingo, 2020). Samantala, maraming ordinaryong mamamayan ang namatay nang naghihintay sa resulta ng kanilang COVID-19 tests (CNN Philippines Staff, 2020; Palicte, 2020). Bukod dito, habang patuloy ang mga burukrata sa Pilipinas sa pagkakamal ng malalaking sweldo at benepisyo mula sa kaban ng gobyerno – kumpara sa boluntaryong anim na buwang pagbabawas ng 20% ng sweldo ng punong ministro at iba pang miyembro ng gabinete sa New Zealand sa kasagsagan ng pandemya (Roy, 2020) – maraming pamilya ang naapektuhan ng pagtaas ng disempleyo/antas ng kawalan ng trabaho at hindi rin naman nakatanggap ng sapat na ayudang pinansyal sa panahon ng lockdown at sa gitna ng patuloy na pananalasa ng pandemya. Ang listahan ng mga binigyan ng ipinagmamalaking Social Amelioration Program (SAP) – direktang ayudang salapi – ng administrasyong Duterte ay nakabatay sa lumang listahan ng mga sambahayan o household. Ang gayong listahan ay nakaangkla rin sa mga napakababang pamantayan sa pagtatala ng bilang ng mahihirap na mamamayan – bagay na matagal nang pinupuna ng mga eksperto sa estadistika at araling pangkaunlaran (Mangahas, 2011 at 2018; Chossudovsky, 2018). Nangangahulugan itong mas mataas ang aktwal na bilang ng mahihirap na Pilipino kumpara sa opisyal na estadistika, at kung gayo'y mas marami ring pamilya ang tunay na nangangailangan ng ayudang pinansyal sa panahon ng pandemya na nagresulta rin sa mga karagdagang gastusin (**Talahanayan 1**)**.** Ang mga opisyal na datos sa implasyon o bilis ng pagtaas ng presyo ng bilihin ay nagpapakita rin ng pangkalahatang pagtaas sa presyo ng mga bilihin sa taong 2020 (**Pigura 2**), kumpara noong 2019 (**Pigura 3**). Bukod pa sa mga ito, at mas nakababagabag ang di maikakailang epekto ng pandemya sa kalusugang pisikal – 451,839 kumpirmadong kaso ng COVID-19 at 8,812 kumpirmadong namatay, batay sa *Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) Situation Report #65* (2020)[1] ng World Health Organization/WHO Representative Office for the Philippines (tingnan din ang **Pigura 4**) – at mental ng sambayanan (tingnan sa Tee et al., 2020).

[1]Dalawa hanggang tatlong beses kada buwan kung maglabas ng *Situation Reports* ang WHO sa Pilipinas. Mababasa rito ang mga updated na ulat: https://www.who.int/philippines/emergencies/covid-19-response-in-the-philippines/situation-reports

**Talahanayan 1**


*Tinatayang Karagdagang Buwanang Gastos ng Bawat Pamilyang May 5 Miyembro sa Pilipinas, Bunsod ng Pandemya (sa piso)*

| Aytem | Halaga | Paliwanag |
|---|---|---|
| Transportasyon | 60 to 200 | Ipinagpapalagay na isang kapamilya ang nagtatraysikel pauwi mula palengke/supermarket kada linggo |
| Kuryente | 186 | Ipinagpapalagay na tumaas ng 25% ang bill sa kuryente, batay sa "consumer basket" ng NEDA (Rivas, 2018) |
| Tubig | 123 | Ipinagpapalagay na tumaas ng 25% ang bill, batay sa 20-cubic meter na pagkonsumo (Maynilad, 2020) |
| Pagkain | 300 - 3,700 | Ipinagpapalagay na tumaas ng 25% ang gastos para sa karne at isda batay sa "consumer basket" ng NEDA (Rivas, 2018), o kaya ay para sa gastusin ng pagkain ng pamilya na may 5 miyembro (IBON Foundation, 2020a) |
| Load ng cellphone para sa internet | 299 | Katumbas ng 2 GB ng internet data na balido nang isang buwan (Globe, 2020) |
| Bitamina | 900 | Isang kapsula ng Potencee capsule para sa bawat kapamilya (Watsons, 2020a) |
| Face Masks | 448 | Tig-isang face mask para sa dalawang kapamilyang nagtatrabaho at/o lumalabas ng bahay para bumili ng suplay, dalawang beses isang linggo |
| Alkohol | 132 | Isang bote ng 500-ml alkohol (Watsons, 2020b) kada linggo |
| **Kabuuan** | **2,448 - 5,988** | Ang unang halaga ay malapit sa tipikal na konsumo ng mga mahihirap na pamilya habang ang pangalawang halaga naman ay mas malapit sa tipikal na konsumo ng mga pamilyang gitnang uri o middle class |

*Note.* Ang pagtataya ay batay sa mga datos sa presyo na nakaangkla sa mga sangguniang binabanggit sa ikatlong column.

**Pigura 2**

*Buwanang Implasyon sa Pilipinas (2020)*




*Note.* Ang pigurang ito ay mula sa ulat ng Philippine Statistics Authority/PSA (2020a). Ang tinutukoy na "average inflation" na 2.6% ay average sa buong taong 2020. Kapansin-pansin na mas mataas ito sa average noong 2019 (2.5%) at kapansin-pansin din na di hamak na mas mataas ang implasyon noong Disyembre 2020 (3.5%) kumpara sa datos noong Disyembre 2019 (2.5%) na ipinakikita sa Pigura 3.

**Pigura 3**


*Buwanang Implasyon sa Pilipinas (2019)*




*Note.* Ang pigurang ito ay mula sa ulat ng PSA (2019). Ang tinutukoy na "average inflation" na 2.5% ay average sa buong taong 2019.

**Pigura 4**

*Kabuuang Kumpirmadong Namatay sa COVID-19 sa Bawat 1 Milyong Tao sa Mga Bansa sa Timog-Silangang Asya (Marso 1-Disyembre 18, 2020)*




*Note.* Ang pigurang ito ay mula website ng Our World in Data (2020a). Kalunos-lunos ang datos sa kamatayang dulot ng COVID-19 sa Pilipinas, kung ang isasaalang-alang ay ang dami ng namatay kumpara sa populasyon ng bansa. Gaya ng ipinakikita sa pigurang ito, halos 81 kada 1 milyong Pilipino ang namatay sa COVID-19 as of December 18, 2020 kumpara sa higit 71 kada 1 milyong Indonesian at halos 5 kada 1 milyong Singaporean. Nagsimulang manguna ang Pilipinas sa listahan ng dami ng namamatay sa COVID-19 relatibo sa populasyon sa Timog-Silangang Asya, noong Agosto 12, 2020. Available ang mga updated na datos sa https://ourworldindata.org/coronavirus.

Sa diwa ng mga nabanggit, pangunahing layunin ng artikulong ito na itala at itampok sa wikang Filipino, ang ilang modelong pagtugon sa krisis na dulot ng COVID-19, sa loob at labas ng Pilipinas, bilang pagbibigay-diin sa mga hakbang na dapat pang isabalikat at/o palawakin upang epektibong masugpo ang pandemya at matiyak na matutulungang mabilis na makabangong muli ang mga mamamayang pinakaapektado nito. Pangunahing pokus ng panimulang sipat-patakaran ang mass testing at nasyonalisasyon – dalawang polisiyang nagkaroon ng positibong epekto sa pangkalahatang pagsisikap na kontrolin kundi man sugpuin ang pagkalat ng coronavirus. Lente ng ideolohiyang sosyalista – na ang pinakaubod ay pagtataguyod ng kapakanan ng nakararami at pagpawi sa pagsasamantala at pang-aapi – ang pangunahing analitikal na balangkas na ginamit sa pagtukoy at pagsusuri sa mga polisiyang itinuturing na modelo.

Mahalaga ang pagsusulat ng ganitong mga artikulo sa Filipino sapagkat para sa lahat ng naisulat sa taong 2020 (unang taon ng pandemya) 7 resulta lamang ang masisipat sa Google Scholar (2020a) na bumabanggit sa salitang "pandemya": koleksyon ng mga dagli (Filipino); papel tungkol sa "patolohiya ng ng espektakulo sa panahon ng

COVID-19" (Filipino); sa bahaging pasasalamat ng isang tesis masteral (Filipino); lathalain sa isang newsletter (Filipino); artikulo sa Manila Bulletin (English); at dalawang artikulong nakasulat sa wikang hindi English at hindi rin Filipino; 6 na resulta para sa salitang "pandemiko" at wala ni isa rito ang nasa Filipino (Google Scholar, 2020b); 487 na resulta para sa salitang "pandemiya" na halos lahat ay nasa wikang Ruso, at wala ni isa sa Filipino (Google Scholar, 2020c); at 3,840 na resulta para sa salitang "pandemik" na halos lahat ay nasa Bahasa Indonesia at wala ni isa sa Filipino (Google Scholar, 2020d). Isang masaklap na realidad ang pinatutunayan ng mga datos na ito: sobrang kaunti pa ang (o halos wala pa ngang) mga iskolarling sulatin sa Filipino tungkol sa pandemya, lalo kung ikukumpara sa wikang Ruso at Bahasa Indonesia. Para naman sa salitang "sosyalismo," mayroon lamang 63 resulta – mula sa petsang simula ng saklaw ng database, hanggang 2020 – ang masisipat sa Google Scholar (2020e). Karamihan dito – pero di lahat – ay mula sa mga saliksik na nasa wikang Filipino o kaya'y tungkol sa Pilipinas. Muli, sobrang kakaunti ito kumpara sa 14,000 na resulta sa gayon ding panahon, para sa salitang "sosialisme" o sosyalismo sa Bahasa Indonesia at Melayu (Google Scholar, 2020f). Karamihan sa mga resultang ito ay nasa Bahasa Indonesia. Samakatwid, malaki pa ang iuunlad ng Filipino bilang wika ng mga iskolarling lathalain sa siyensya, politika, ekonomiks at sa mga sangandaan ng mga disiplinang ito.

**Sosyalismo: Depenisyon at Kontekstwalisasyon**

Sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga klasikong kaisipang Marxista at mga ideyang sosyalistang nasa nobelang *Mga Ibong Mandaragit* ni Amado V. Hernandez, ibinuod ni San Juan (2016) ang kaibahan ng sosyalismo sa kapitalismo: "(k)ung pasisimplehin, sa sosyalismo, ang tubo ng mga negosyo ay tinitipon at kontrolado ng komunidad, karaniwa'y sa pamamagitan ng gobyerno (na inaasahang nagsisilbi sa mga mamamayan), samantalang sa kapitalismo, ang tubo ng mga negosyo ay kinakamal at sinosolo ng mga kapitalista kaya't umiiral ang tunggalian sa pagitan ng uring manggagawa (na pinagsasamantalahan) at ng mga kapitalista (na nagsasamantala). Sa ilalim ng sosyalismo, ang mga negosyo at serbisyo publiko gaya ng edukasyon, pabahay, transportasyon at kalusugan ay pag-aari at kontrolado ng komunidad/gobyerno, habang sa ilalim ng kapitalismo, ang mga negosyo at serbisyo ay pag-aari at kontrolado ng iilang mayamang indibidwal, pamilya at/o mga pribadong korporasyon."

Sa konteksto ng pandemya, makabuluhang balikan din ang popular na sipi mula kay Friedrich Engels sa akdang *The Junius Pamphlet* ni Rosa Luxemburg (2003): "Sosyalismo o Barbarismo." Ang barbarismo ng kapitalismo ay lalong nailantad ng pandemya, gaya ng ipinararamdam ng namamayaning sistema na nagbibigay-kapangyarihan at -pribilehiyo sa iilang politiko at mayayaman sa buong mundo na mauna sa testing sa COVID-19 kahit na wala silang sintomas (Sabillo, 2020; Twohey, Eder, &

Stein, 2020) at nagtatakda rin ng mahal na presyo para sa mga bakunang pangontra-virus, kahit pa nga ang mga ito'y hindi malilikha nang walang pondo mula sa mga publikong ahensyang pinatatakbo ng buwis ng mga mamamayan (Cornish, 2020), kaya't mauunang mabakunahan ang mayayamang bansa at malamang na mahuling mabakunahan ang mahihirap na bansa.

Habang nangingibabaw ang kaisipang nakasentro sa tubo (profit motive) na siyang pinakaubod o core ng kapitalismo, mananatili ang gayong mga agwat ng mga mayroon at ng mga wala. Sa ganitong diwa, ang mga layunin ng mga kilusang nagtataguyod ng sosyalismo – abolisyon ng sistemang nakabatay sa pribadong monopolyo ng modernong kagamitan sa produksyon at kapital o puhunan, para palitan ito ng sistemang nakabatay sa kontrol at pagmamay-ari ng mga manggagawa na nakatuon sa mga pangangailangan ng lipunan, ayon sa tala ni Amin (2014) – ay lalong nagiging malinaw na alternatibo sa barbarismo ng kapitalismo na siya ring itinuturing na isa sa mga salarin sa mabilis at mabalasik na pananalasa ng pandemya at nagpapalala rin sa krisis na dulot nito (Davis, 2020; Pabst & Wallace, 2020; Pappas & Cozzarelli, 2020; La Riva, 2020; Melencio, 2020; Sison, 2020; Montague, 2020). Ang adbokasing sosyalista ay lalong nagiging lohikal at posible (Eaton, 2018; Muldoon, 2020) sa panahong maging ang mga kapitalista o yaong mga tila naniniwala pa rin sa kapitalismo ay nagbibigay-diin na ang krisis na dulot ng COVID-19 ay isang oportunidad para baguhin ang oryentasyon ng kapitalismo (Mazzucato, 2020b). Sa konteksto ng bilis ng pagkalat at lawak ng saklaw ng pandemya, "matibay ang mga batayan para maghapag ang mga mamamayan ng mga panawagan, na para makatugon sa mga pangangailangan nila sa harap ng krisis ay kailangang radikal kumpara sa neoliberal na kaisipan at mga patakaran. Kailangang pamunuan ng gobyerno ang pagtugon sa mga ito" (Marasigan, 2020).

Bilang pagbubuod ng mga nabanggit na artikulo tungkol sa sosyalismo, kapitalismo, at pandemya, at bilang lunsaran ng mabulas na pingkian ng mga kaisipan sa pagkakaiba ng tugon ng mga sosyalista at ng mga kapitalista sa krisis, maaring sipatin ang **Talahanayan 2**, na magbibigay-daan din sa pagdedetalye ng mga polisiyang maituturing na sosyalista o sosyalistiko.

**Talahanayan 2**

*Buod ng Sosyalista at Kapitalistang Tugon sa Pandemya, Alinsunod sa Kontekstwalisasyon ng Ubod na (Core) Doktrina ng Sosyalismo at Kapitalismo*

| Isyu/Problema | Sosyalistang Tugon | Kapitalistang Tugon |
|---|---|---|
| Kakulangan ng PPE | Maramihang produksyon, kontrol sa presyo, at pagrarasyon batay sa pangangailangan | Maramihang produksyon, pagtataas ng presyo, at pagrarasyon batay sa sino ang may kakayahang bumili o magbayad nang mas malaki |
| Maagap na Produksyon ng Bakuna Kontra-COVID-19 | Kooperasyong internasyonal, pagbabahaginan ng datos, pagbibigay-daan sa mabilis na replikasyon ng inobasyon/teknolohiya para sa mabilis na pagsugpo sa pandemya, presyong mas mataas lamang nang kaunti kaysa sa puhunan | Kumpetisyon ng mga korporasyon, pagsisikreto ng mga datos, mahigpit na pagbabantay at pagpapatupad sa mga patent para mahadlangan ang anumang replikasyon ng inobasyon/teknolohiya na makapipigil sa pagkakamal ng tubo ng (mga) naunang magdebelop ng bakuna, presyong nakabatay sa kakayahan at/o kahandaang magbayad ng mga gobyerno |
| Estratehiyang Test-Trace-Isolate | Libreng testing, sapat na ayudang pinansyal atbp. para sa mamamayang mapipilitang mag-isolate kaya nahihikayat magpa-test ang mga tao | Mahal ang testing, walang sapat na ayudang pinansyal, atbp. para sa mamamayang mapipilitang mag-isolate kaya ayaw magpatest ng mga tao |
| Pamamahagi ng Ayuda | Binibigyan ang lahat ng nangangailangan kahit wala sa listahan | Binibigyan ang lahat ng nangangailangan na nasa listahan ng gobyerno, at walang anumang tulong na ibibigay sa mga wala sa listahan |
| Pagbabawas ng Benepisyo, Pwersahang Leave, Tanggalan sa Trabaho | Unang opsyon ang pagtitipid ng mga kumpanya/empresa sa mga bagay na pwedeng tipirin sa operasyon; huling opsyon ang pagbabawas ng benepisyo, pwersahang leave, at tanggalan sa trabaho | Unang opsyon ang pagtitiyak na may tutubuin pa rin ang mga korporasyon sukdulang magbawas ng mga benepisyo, magpataw ng pwersahang leave, at magtanggal ng mga trabahador kahit na maaari pang maisalba ang mga benepisyo at trabaho sa pamamagitan ng pagbabawas sa malalaking sweldo at bonus ng mga matataas na opisyal ng korporasyon at pagbabawas o kaya'y hindi muna pagbibigay ng dibidendo sa malalaking shareholder |
| Paniningil ng Buwis sa Panahon ng Pandemya | Nagbabawas o pansamantalang inaalis ang ibang buwis na binabayaran ng mga mamamayan | Hindi nagbabawas ng buwis na binabayaran ng mga mamamayan pero nagbabawas ng buwis na binabayaran ng mga korporasyon |
| Serbisyong Pangkalusugan | Libre o kaya'y mura lamang ang bayad; makakatanggap ng kalinga ang lahat ng nangangailangan nito | Mahal ang serbisyong pangkalusugan at kung libre o mura man sa publikong ospital ay mahaba ang pila at kulang ang pasilidad; makakatanggap ng kagulat- |

| | | |
|---|---|---|
| | | gulat na talaan ng bayarin ang mga nasa pribadong ospital at madalas ay maoobliga silang humingi ng tulong sa mga kaibigan, atbp. |
| Pandemya sa Pangkalahatan | Panahon ng patuloy na solidaridad, bayanihan, pagkalinga, pag-aaruga, at pagmamalasakit sa isa't isa | Oportunidad para makapagkamal ng mas malaking tubo ang mga korporasyong nag-aalok ng bakuna, kagamitan atbp. |

*Note.* Sariling likha ng may-akda.

### Solidaridad Laban sa Pandemya: Bisa at Lohika ng Libreng Mass Testing

Susi ang libreng mass testing para sa mabilis na pagkontrol at pagsugpo ng coronavirus. Sa pasimula ng pandemya, agad na naisagawa ito ng mga bansang gaya ng South Korea, Singapore, Iran, at Kuwait. Maraming bansa ang nagsisikap na rin na isakatuparan ito. Sa maagang bahagi pa lamang ng pandemya, binigyang-diin ng Pangkalahatang Direktor ng World Health Organization na si Tedros Adhanom Ghebreyesus (2020) ang kahalagahan ng mass testing sa pamamagitan ng pagsasabi na hindi pa natin nakikita ang mabilisan at sapat na pagsasagawa ng testing, pag-isolate (pansamantalang paghihiwalay ng indibidwal sa iba pa) at pag-trace sa kontak (paghanap sa mga nakasalamuha ng tinest), na dapat maging sentro ng tugon sa pandemya. Sinikap ng mga grupong multisektoral sa Pilipinas na obligahin ang gobyerno na magsagawa ng mass testing sa bansa sa pamamagitan ng malawakang kampanya mula social media hanggang sa kongreso o parlamento ng kalsada at maging sa Korte Suprema.

Hulyo 2020 nang nagsampa ng petisyon para sa writ of mandamus (atas na gawin ang tungkulin) ang ilang indibidwal – kasama si dating Department of Social Welfare and Development Sec. Judy Taguiwalo – sa ilalim ng Citizens' Urgent Response to End COVID-19 (CURE COVID) Network (Navallo & Merez, 2020), sa layuning hilingin sa Korte Suprema na atasan ang gobyerno ng Pilipinas na tiyaking libre, aksesibol, at available ang COVID-19 testing para sa mga mamamayang nangangailangan nito. Sa kasamaang-palad ay ibinasura ng Korte Suprema ang nasabing kaso noong Setyembre 16, 2020, ayon sa post sa kanilang opisyal na website.

Isang empirikal na pag-aaral sa kawastuhan ng mass testing bilang kagyat at nararapat na hakbang sa Pilipinas ang isinagawa ni Cruz (2020). Binigyang diin niya na mass testing ang paraan para mabawasan ang dami ng mga undetected na kaso ng COVID-19 sa bansa (halimbawa'y mga taong walang sintomas kaya't nakapagpaparoo't parito pa rin at di namamalayang nakapagkakalat pa sila ng virus), at inirekomenda niya sa gobyerno na paglaanan ng sapat na pondo ang mass testing, sapagkat ang ekonomikong epekto ng kawalan ng mass testing ay mas magastos. Sa simpleng salita, ang kabiguang magsagawa ng mass testing ay lalo lamang magpapalala sa paglaganap ng virus at magpapasidhi rin sa epekto nito sa ekonomiya ng bansa mula disempleyo hanggang disrupsyon ng produksyon.


## Komparatibong Pagsipat sa South Korea at Pilipinas: Datos sa Mass Testing At Iba Pa

South Korea ang isa sa bansang may pinakamaraming natest sa porsyento ng populasyon, lalo sa maagang bahagi ng pandemya. Bagamat hindi sosyalista ang South Korea, ang sistemang pangkalusugan nito ay matagal nang may oryentasyong pangmadla/panlahat (universal coverage) na sumasaklaw sa lahat ng pangangailangan ng mga mamamayan – mula pa noong 1989 (Kwon, Lee, & Kim, 2015), bagay na noong 2019 lamang naabot ng Pilipinas. Katunayan, kumpara sa Pilipinas ay mas mababa ang out-of-pocket health expenditure/gastos na direktang mula sa bulsa ng mga mamamayan sa South Korea (**Pigura 5**), isang realidad na konektado sa diwa ng egalitaryanismo na may malalim na ugat sa lipunang South Korean (Park, 2019). Ang pangmadlang serbisyong pangkalusugan ng South Korea ay isa sa mga konsesyon ng establisimyentong South Korean – para sa kohesyong panlipunan – sa mga pwersang sosyalista na nananatiling maimpluwensya sa kasalukuyan (Tikhonov, 2020).

Makabubuting sipatin ang **Pigura 6-8** para paghambingin ang karanasan ng Pilipinas at ng South Korea sa unang taon ng pandemya. Sa pangkalahatan, mas marami ang kumpirmadong COVID-19 cases ng Pilipinas kaysa sa South Korea (**Pigura 6**), pero mas marami ang kabuuang tinetest ng South Korea kaysa sa Pilipinas (**Pigura 7**) kaya mas mabilis nila itong nasugpo kahit paano, at sa pangkalahatan, di hamak na mas kaunting South Korean ang namatay dahil sa COVID-19 kumpara sa mga Pilipinong iginupo ng virus na ito (**Pigura 8**).

**Pigura 6**


*Out-of-pocket Expenditure/Gastos na Direktang Mula sa Bulsa ng Mamamayan (% ng Kabuuang Paggasta para sa Serbisyong Pangkalusugan) sa South Korea at Pilipinas (2000-2016)*




*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020). Kapansin-pansin na noong 2016, halos 54% ng kabuuang paggasta para sa serbisyong pangkalusugan ang direktang mula sa bulsa ng mga mamamayan, kumpara sa lagpas 33% lamang sa South Korea. Sa mahigit nakaraang isang dekada ay ganoon din halos ang trend.

**Pigura 7**


*Kabuuang Kumpirmadong Kaso ng COVID-19 sa Bawat 1 Milyong Tao sa Pilipinas at sa South Korean (Marso 1-Disyembre 18, 2020)*




*Note.* Ang pigurang ito ay mula sa website ng Our World in Data (2020b).

**Pigura 8**


*Kabuuang COVID-19 Tests sa 1,000 Tao (2020) sa Pilipinas at sa South Korea*




*Note.* Ang pigurang ito ay mula sa website ng Our World in Data (2020c).

**Pigura 8**

*Kabuuang Kumpirmadong Namatay sa COVID-19 Bawat 1 Milyong Tao sa Pilipinas at sa South Korea (Marso 1-Disyembre 18, 2020*




*Note.* Ang pigurang ito ay mula sa website ng Our World in Data (2020a).

Kailangang ikonsidera ng Pilipinas ang pagkopya sa modelong Koreano dahil isa ito sa mga pinakaepektibo ayon sa mga eksperto (Kim et al., 2020; Pierce, Lawlor, & Brickley, 2020; Choi, 2020). Ayon sa Minister ng South Korea para sa Ugnayang Panlabas na si Gng. Kang Kyung-wha, napakahalaga ng testing sa maagang/maagap na deteksyon ng virus sa mga tao, bagay na kailangan para matiyak na hindi na dadami pa ang mahahawa nito (BBC, 2020). Isang pag-aaral sa bayan ng Vò, Italy ang nagpapatunay rin na kailangan talaga ang mass testing para matukoy ang mga asymptomatic o mga nagtataglay ng virus (carrier) pero walang sintomas, na maaaring makahawa sa mas malaking populasyon kung hindi kaagad matutukoy (Crisanti & Cassone, 2020).


Dapat ding bigyang bdiin na ang mass testing ay kailangang sabayan ng mabilis na contact tracing at epektibong isolation ng mga tinest – kasama na ang ayudang pinansyal para mapawi ang anumang pangamba ng mga mamamayan sa posibleng kawalan ng kita na maidudulot ng pansamantalang kwarantina (Rajan, Cylus, & McKee, 2020). Sa pangkalahatan, nakaayon sa lohika ng sosyalistang solidaridad – ng konsepto ng mapagkalingang Estado at gobyernong mapagmalasakit, mapag-aruga, at mapagkalinga – ang pagsasabalikat ng mass testing na may kasamang ayudang pinansyal. Ito ang diwa ng panawagang “social solidarity” sa halip na “social distancing” bilang pangontra sa pandemya (Greenaway, Saeri, & Cruwys, 2020). Samakatwid, pisikal na paglalayo-layo lamang ang kailangan para ang virus ay maiwasan pero sa puso, diwa, at gawa ay patuloy na dapat mamayani ang pagdadamayan at pagkalinga sa isa’t isa, at magsisimula ito sa pagtitiyak na ang pinakapangunahing hakbang na makasusugpo sa pandemya – ang estratehiyang test-trace-isolate – ay isasagawa ng gobyernong

inaasahang mangangalaga sa kalusugan ng madla, alinsunod sa nakasulat na kontratang panlipunan sa Konstitusyon.

Sa konteksto ng militaristang tugon ng kasalukuyang administrasyon sa pandemya (Brosas, 2020; Beltran, 2020; Santos, 2020; Dizon, 2020), ang panawagang solidaridad – pagkakaisa, bayanihan – ng mga mamamayan ay malikhaing nagkahugis sa mga panawagang gaya ng "Tulong hindi kulong!"; "Bigas hindi dahas!"; "Bigas hindi rehas!" at "Kalinga, hindi kulata!" Sa mas malalim at malawak na interpretasyon, sumasaklaw ito sa panawagang bigyan ng prayoridad sa pambansang badyet ang mass testing, ayuda, at serbisyong pangkalusugan, sa konteksto ng panukalang pambansang badyet ng administrasyong Duterte na sa halip na pagtuunang-pansin ang pandemya at rekoberi ng ekonomya ay naglalaan pa rin ng mas malaking tipak ng pondo para sa imprastraktura, bayad-utang, at militarisasyon (**Pigura 9**). Hindi maiiwasang maalala ang bisa at kabuluhan ng islogang anarkista ("pinsan," kundi man "kapatid" sa ideolohiya ng mga sosyalista) na isinisigaw nila (at mababasa rin sa mga polyetong ipinamimigay nila) tuwing may protesta sa State of the Nation Address (SONA) ng presidente: "Makinarya ng estado: wasakin, durugin, gawing pagkain." Sa konteksto ng isa sa pinakamalalang krisis na kinakaharap ng mga mamamayan sa buong daigdig ngayon, imperatibo ang pagtitiyak na ang makinarya ng estado at ang mga resorses nito na mula rin sa sambayanan mismo ay gagamitin sa pagsugpo sa pandemya at paglutas sa krisis.

**Pigura 9**

*Mga Prayoridad sa Panukalang Pambansang Badyet 2021 ng Administrasyong Duterte*




*Note.* Ang pigura ay mula sa Ibon Foundation, 2020b.

## Nasyonalisasyon ng Mga Ospital: Hakbang Tungo sa Episyenteng Sistemang Pangkalusugan

Ang nasyonalisasyon ay tumutukoy sa pagsasailalim ng mga pribadong entidad sa kontrol ng gobyerno o ng komunidad. Isinagawa ang nasyonalisasyon ng mga ospital sa bansang Espanya (Wallace et al., 2020) bunsod ng biglang pagdami ng mga kaso ng COVID-19 (teleSUR, 2020), na nangangailangan ng mas mabilis at epektibong pagpapatakbo ng sistemang pangkalusugan. Sa pamamagitan nito ay agad ding

magagamit ang mga pasilidad ng mga pribadong ospital para sa mga kaso ng COVID-19, lalo pa at punong-puno na ang mga publikong ospital. Ang lohika ng nasyonalisasyon ay pinalalakas ng kawalan ng kakayahan ng mga pribadong ospital na tugunan ang pandemya, gaya ng pag-amin ng malalaking pribadong ospital sa Metro Manila sa isang publikong pahayag sa mga unang buwan ng pandemya (Zulueta, 2020). Sa pamamagitan ng nasyonalisasyon, mas magiging mabilis ang sentralisado at koordinadong pagtugon ng bansa sa pandemya. Halimbawa, mabilis at epektibong maililipat ang mga kagamitan at iba pang resorses mula sa isang lugar na walang masyadong kaso ng COVID-19 tungo sa mga lugar na napakarami nang maysakit. May pandemya man o wala, ang nasyonalisasyon ng mga ospital ay isang ideyang napatunayan nang may mga positibong epekto (Light, 2003; Maynard & Bloor, 2008).

Sa kabila ng pagkakaiba ng sistemang sosyal-demokrata (social democratic) ng sistemang pangkalusugan ng United Kingdom – ang National Health Services o NHS na itinayo ng Labour Party sa pangunguna ng sosyalistang Minister ng Kalusugan na si Aneurin Bevan (Broxton, 2017) – at ng tahas na sistemang sosyalista ng Cuba, ang kanilang mga karanasan ay maaaring paghalawan ng mga aral tungkol sa mga benepisyong dulot ng sistemang pangkalusugan na nakabatay sa pangangailangan ng mga mamamayan sa halip na sa ideolohiya ng pagkakamal ng tubo ng iilang mayayamang indibidwal at mga dambuhalang korporasyon – ang sistemang nangingibabaw pa rin sa Pilipinas sa ngayon (**Talahanayan 3** at **Pigura 10-11**).

**Talahanayan 3**

*Komparatibong Pagsusuri sa Tatlong Sistemang Pangkalusugan*


| Dimensyon | Publiko | Public-Private Partnership (Isang Porma ng Pribatisasyon) | Pribado |
|---|---|---|---|
| Pagpopondo | Gobyerno ang nagpopondo sa pamamagitan ng buwis, atbp. | Maraming indibidwal ang nagbabayad o gumagastos lagpas sa limitasyon ng publikong insurance sa pamamagitan ng pagbili ng o pagbabayad ng premium sa pribadong Health Maintenance Organizations (HMOs) na nag-aalok ng health insurance/health care plans, at direktang pagbabayad sa serbisyong pangkalusugan mula sa kanilang bulsa; sinasagot naman ng gobyerno ang lahat ng gastos para sa pinakamahihirap na mamamayan | Indibidwal ang nagbabayad o gumagastos |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagbibigay ng serbisyo | Ang serbisyo ay ibinibigay ng mga empleyadong pinapasweldo ng gobyerno | Kapwa naghahatid ng serbisyo ang publiko at pribadong ospital, pero mas matagal ang paghihintay/mas mahaba ang pila sa publikong ospital; may ilang publikong ospital at/o kanilang mga empleyado ang nag-aalok din ng pribadong serbisyo sa pamamagitan ng partnership sa mga pribadong kumpanya | Ang serbisyo ay ibinibigay ng mga pribadong kumpanya |
| Pananagutan o Responsibilidad | Gobyerno ang may pananagutan sa pangkalahatan; tungkulin ng Estado na maghatid ng serbisyong pangkalusugan | May batas at mga tuntuning nagsisilbing gabay at bantay sa operasyon ng mga pribadong korporasyon pero may relatibong awtonomiya ang mga ito (halimbawa, sa pagtatakda ng presyo ng serbisyong pangkalusugan) | Inaasahang bahala ang mga indibidwal sa kanilang mga aksyon, sitwasyon, atbp. |
| Pagdedesisyon | Gobyerno ang nagdedesisyon kaugnay ng paghahatid ng mga serbisyong pangkalusugan | Gobyerno ang nagdedesisyon kaugnay ng badyet para sa publikong ospital; mga burukratang nag-aastang manedyer ng korporasyon ang nagbabalanse ng pangangailangang itaguyod ang interes ng mga mamamayan at ang pagiging sustenible ng publikong insurance | Mga pribadong kumpanya at mga indibidwal ang nangingibabaw sa pagdedesisyon |

*Note*. Ang Column 1, 2, at 4 ay hinalaw kay Feigenbaum et al. (2003), habang ang Column 3 naman ay batay sa sariling pagsusuri ng kasalukuyang mananaliksik sa sistemang pangkalusugan ng Pilipinas, partikular sa mga teksto ng mga batas at iba pang dokumentong nagdedetalye sa saklaw ng Public-Private Partnership o PPP sa sektor ng kalusugan. Ang sistemang publiko ang sistemang pinapaboran ng mga sosyalista (gaya sa Cuba) at mga sosyal-demokrata (social democrats gaya sa Labour Party ng United Kingdom) – bagamat sa mga nakalipas na taon unti-unti na ring nababahiran ng anyong PPP at pribado ang ilang aspekto ng paghahatid ng serbisyo sa United Kingdom, habang ang sistemang pribado naman ang nangingibabaw sa mga bansang kapitalista gaya ng Estados Unidos. Ang sistema ng Pilipinas ay tinatawag na public-private partnership, isang porma ng pribatisasyon kung isasaalang-alang ang depinisyon ng pribatisasyon sa technical briefing note na inilathala ng World Health Organization: "...process in which non-government actors become increasingly involved in the financing and/or provision of health care services" (Muschell, 1995).

**Pigura 10**


*Bilang ng Mga Kama sa Mga Publiko (Government) at Pribadong Ospital (2001–2016)*




*Note.* Pigura mula sa Department of Health-HFSRB, 2016 (sa Dayrit et al., 2018). Kitang-kita sa pigura na sa mga nakalipas na taon (2013-2016) ay mas marami ang kama sa pribadong ospital kaysa sa publikong ospital. Ibinuod sa isang publikasyon ng Department of Health (2018) ang patuloy na pag-iral ng kakulangan sa mga kama sa ospital sa buong bansa at pangingibabaw ng mga pribadong ospital sa dami ng kama, bukod pa sa agwat ng sitwasyon sa pagitan ng mga rehiyon: "The total hospital bed capacity of the country is 101,688 beds, with government hospital beds accounting for 47 percent (47,371) and private hospitals beds for 53 percent (54,317). On the average, one hospital bed served 1,010 people in 2016...ARMM, CARAGA and MIMAROPA had the least coverage at 0.2-0.5 hospital bed per 1,000 population, which translated to one hospital bed covering as much as 2,000 to over 4,200 population."

**Pigura 11**

*Kabuuang Binayaran ng Philhealth sa Mga Institusyong Pangkalusugan, Batay sa Pagmamay-ari, 2010-2019 (sa Bilyong Piso)*




*Note.* Ang pigura ay sariling likha ng may-akda batay sa datos ng Philhealth (2019 at 2020) at Freedom of Information Philippines (2020). Ipinakikita ng pigurang ito na mula 2010-2018, mahigit 50% ng kabuuang halagang binabayaran ng Philhealth ang napupunta sa mga pribadong institusyong pangkalusugan. Umabot ito sa 64% ng kabuuan noong 2011, at lumundag sa halagang 65 bilyong piso noong 2018. Tuloy-tuloy ang pagtaas ng kabuuang halagang


napupunta sa mga pribadong entidad mula 2010-2018, at ang preliminaring datos para sa 2019 ay nagpapakita pa rin ng pangingibabaw ng pribadong sektor sa mga binabayaran ng Philhealth.

### Komparatibong Pagsusuri sa Sitwasyon ng Cuba, United Kingdom, at Pilipinas

Sa kabila ng mga limitasyon, dokumentado sa mga saliksik ang bisa ng sosyalistang sistema ng publikong serbisyong pangkalusugan ng Cuba (Pineo, 2019; Keck & Reed, 2012; Birch & Norlander, 2007). Ang kahawig na sistema ng publikong kalusugan na pinopondohan ng gobyerno (mula sa buwis, siyempre) sa United Kingdom ay itinuturing namang pinakaepektibo sa 11 bansang pinakamauunlad sa buong mundo sa aspekto ng "care process," "access," "administrative efficiency," "equity," at "healthcare outcomes," sa kabila ng relatibong mas maliit na pondong inilalaan para rito ng gobyerno (Gulland, 2017). Anuman ang mga kontemporaryong limitasyon at/o kakulangan ng sistemang pangkalusugan ng United Kingdom at Cuba, nananatiling mas maganda ang kanilang datos sa sektor ng kalusugan, kumpara sa estadistika ng Pilipinas (**Pigura 12-18**). Kung ang pagkukumparahin naman ay Pilipinas lamang at Cuba, mas lilitaw ang superyoridad ng huli sa una, lalo kung isasaalang-alang na ilang dekada na rin na mas malaki ang GDP ng Pilipinas kaysa sa GDP ng Cuba (**Pigura 19**).

**Pigura 12**


*Average Life Expectancy (Inaasahang Haba ng Buhay) sa Cuba, Pilipinas, at United Kingdom (1960-2017)*




*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020).

**Pigura 13**


*Bilang ng Kama sa Ospital (Kada 1,000 Tao) sa Cuba, Pilipinas, at United Kingdom (1960-2014)*




*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020). Ang datos para sa Pilipinas ay hanggang 2011 lamang ang available; para sa United Kingdom, hanggang 2013; para sa Cuba, hanggang 2014.

**Pigura 14**


*Bilang ng Doktor (Kada 1,000 Tao) sa Cuba, Pilipinas, at United Kingdom (1960-2017)*




*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020). Ang datos para sa Pilipinas ay hanggang 2010 lamang ang available.

**Pigura 15**


*Out-of-pocket Expenditure/Gastos na Direktang Mula sa Bulsa ng Mamamayan (% ng Kabuuang Paggasta para sa Serbisyong Pangkalusugan) sa Cuba, Pilipinas, at United Kingdom (2000-2016)*




*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020). Kapansin-pansin na noong 2016, halos 54% ng kabuuang paggasta para sa serbisyong pangkalusugan ang direktang mula sa bulsa ng mga mamamayan, kumpara sa lagpas 10% lamang sa Cuba at lagpas 15% sa United Kingdom. Sa mahigit nakaraang isang dekada ay ganoon din halos ang trend. Nangangahulugan ito na ang mga gobyerno sa Cuba at United Kingdom ay gumagastos nang malaki para sa serbisyong pangkalusugan kaya't hindi na kailangang maglabas ng malaking pera ang kanilang mga mamamayan sa tuwing magpapadoktor, magpapaospital, o magpapa-opera, di gaya sa Pilipinas na kahit may Philhealth (sistema ng pambansang insurance sa kalusugan sa Pilipinas) at/o medical plan/health insurance na mula sa pribadong Health Maintenance Organizations (HMOs) ang mga Pilipino, ay karaniwang kailangan pa ring maglabas ng malaki-laking halaga sa tuwing magpapadoktor, magpapaospital, o magpapaopera.

**Pigura 16**


*Dami ng Bagong Kaso ng Tuberkulosis[2] (Kada 100,000 Tao) Bawat Taon sa Cuba, Pilipinas, at United Kingdom (2000-2018)*




*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020). Kapansin-pansin na noong 2018, halos 554 ang bagong kaso ng tuberkulosis sa Pilipinas, kumpara sa 8 ng United Kingdom at lagpas 7 ng Cuba. Sa mahigit nakaraang isang dekada ay ganoon din halos ang trend: ang Pilipinas ay laging may lagpas 500 bagong kaso ng tuberkulosis kada taon (2000-2018), habang hindi lumalagpas ng 15 ang bagong kaso, kapwa sa Cuba at sa United Kingdom. Maaari itong iugnay sa posibleng takot ng mga ordinaryong Pilipino na magpatingin agad sa doktor (bunsod na rin ng inaasahang gastos); kawalan ng sapat na espesyalista sa ilang bahagi ng bansa (lalo sa mga lugar na mahihirap at/o rural); kawalan ng kakayahang bilhin ang tamang gamot, sundin ang tamang dosage at panahon ng pag-inom; at kawalan ng kakayahang regular na bumili ng masustansyang pagkain.

**Pigura 17**

*Porsyento ng Bagong Silang na Sanggol na Kulang sa Timbang (Low-birthweight babies) sa Cuba, Pilipinas, at United Kingdom (1993-2012)*





*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020). Narito ang depinisyon ng "low-birthweight babies" ayon sa World Bank sa database din na iyon: "...newborns weighing less than 2,500 grams, with the measurement taken within the first hours of life..." Ang datos ng Pilipinas ay mula 1993-

[2] Impeksiyon o sakit sa baga na dulot ng mikrobyong *Mycobacterium tuberculosis*.

2011; ang sa United Kingdom, 2000-2011; at ang sa Cuba, 2001-2012. Sa mga taong saklaw ng pigura, kapansin-pansing laging lagpas 15% ang estadistika ng Pilipinas, habang lagi namang mas mababa sa 9% ang sa United Kingdom at Cuba.

**Pigura 18**


*Porsyento ng Populasyon na Undernourished sa Cuba, Pilipinas, at United Kingdom (2000-2017)*




*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020). Narito ang paliwanag ng World Bank na nasabi ring database, tungkol sa undernourished na mga mamamayan: "Population below minimum level of dietary energy consumption (also referred to as prevalence of undernourishment) shows the percentage of the population whose food intake is insufficient to meet dietary energy requirements continuously."

**Pigura 19**

*Gross Domestic Product (GDP) ng Cuba, Pilipinas, at United Kingdom, sa Trilyong Dolyar (1960-2018)*





*Note.* Datos ng World Bank mula sa pigurang nilikha sa pamamagitan ng Google Public Data Explorer (2020). Nakatala rin sa nasabing database ang detalyeng ito: "GDP in current U.S. dollars. Not adjusted for inflation." Ayon kay Tim Callen (2020), Assistant Director ng External Relations Department ng International Monetary Fund (IMF), sinusukat ng GDP ang "monetary value of final goods and services—that is, those that are bought by the final user—produced in a country in a given period of time (say a quarter or a year). It counts all of the output generated within the borders

of a country. GDP is composed of goods and services produced for sale in the market and also includes some nonmarket production, such as defense or education services provided by the government." Samakatwid, sa kabila ng limitasyon ng konsepto ng GDP, nananatili itong mahalagang sukatan ng yaman at kaunlaran ng isang bansa. Batay sa pigura, mula sa huling hati ng 1970s ay nagsimulang maungusan nang malaki-laki ng Pilipinas ang Cuba, tuloy-tuloy hanggang sa kasalukuyan. Sa kasamaang-palad, lalo lamang binibigyang-diin ng mga datos na ito ang kalunos-lunos at balintunang sitwasyon ng Pilipinas: "mayaman" sa GDP pero hindi nagagamit/ginagamit ang yaman upang mamuhunan sa serbisyong pangkalusugang para sa mga mamamayan, di gaya ng Cuba na mas "mahirap" sa GDP pero nagagamit/ginagamit naman ang kung anumang mayroon sila upang mamuhunan sa serbisyong pangkalusugang para sa mga mamamayan.

Dapat bigyang-diin na di hamak na mas kakaunti rin ang namatay sa COVID-19 sa Cuba kumpara sa Pilipinas (**Pigura 20**) – isang karagdagang argumento pabor sa paglapit sa modelo ng sosyalistang publikong kalusugan at palayo sa pribado at mala-pribadong sistemang nangingibabaw ngayon sa Pilipinas. Totoong mas maraming nama(ma)tay sa COVID-19 sa United Kingdom kaysa sa Pilipinas (**Pigura 20**) ngunit ang ganitong sitwasyon ay bunsod na rin ng pribatisasyon ng ilang aspekto ng kanilang serbisyong pangkalusugan gaya halimbawa ng pumalpak na sistemang test-and-trace na ipinaubaya nila sa mga pribadong korporasyong nagkamal ng limpak-limpak na tubo (Lawrence et al., 2020; Brooks, 2020; Iacobucci, 2020; Davies, 2020a) kaya't malinaw na argumento rin laban sa pribatisasyon at pabor sa nasyonalisasyon ang kanilang sitwasyon sa pandemya. Dapat ding bigyang diin na hindi gaya ng Pilipinas, nag-ambag ng malaki sa pagpopondo ng saliksik na pambakuna ang gobyerno ng United Kingdom (Davies, 2020b), at nagsimula na rin ang clinical trials para sa SOBERANA 01, ang kauna-unahang kandidatong bakuna ng Cuba (at kauna-unahan din mula Amerika Latina at Caribbean) na pinondohan ng gobyerno ng Cuba (Garcia-Rivera & Gorry, 2020).

**Pigura 20**

*Kabuuang Bilang ng Namatay sa COVID-19 Kada 1 Milyong Tao sa Cuba, Pilipinas, at United Kingdom (Marso 1, 2020 – Disyembre 18, 2020)*




*Note.* Ang pigurang ito ay mula sa website ng Our World in Data (2020a). Sa huling araw na nasa pigura, halos 81 kada 1 milyong Pilipino ang namatay sa COVID-19, kumpara sa lagpas 12 kada 1 milyong Cubano.

Isa pang porma ng nasyonalisasyon (gaano man kalimitado at kapansamantala) ang isinabalikat ng Taiwan sa pamamagitan ng mobilisasyon ng mga sundalong Taiwanese para tumulong sa pagpaparami ng suplay ng mga surgical (face) mask na proteksyong kontra-virus (Tzu-ti, 2020). Sa pamamagitan ng interbensyong ito'y inaasahang maaabot ng Taiwan ang target na produksyong 13 milyong mask kada araw (Wei, 2020). Nakatulong ang gayong aksyon para epektibong malabanan ng Taiwan ang pandemya (Chen, 2020). Makakahalaw ng aral ang Pilipinas sa Taiwan sapagkat sa mga unang buwan ng pandemya, kulang ang face masks sa bansa at iisa lamang ang pabrika ng face mask na ang kapasidad ay 80,000 masks lamang kada araw (Rosales, 2020). May sapat na personel ang Pilipinas para sa replikasyon ng estratehiya ng Taiwan, sapagkat humigit-kumulang 40,000 pulis at 3,000 sundalo ang dineploy ng gobyerno sa Metro Manila pa lamang sa panahon ng unang community quarantine (Sadongdong, 2020). Dahil inaasahang aabot pa nang lagpas sa isang taon (o higit pa) ang pandemya, ang lokal na maramihang produksyon ng mga face mask ay mahalagang hakbang tungo sa pagtitiyak na magiging mura at de-kalidad ang mga nasabing pangunahing pangangailangang pang-pandemya. Maaari ring maging modelo ang ginawa ng Cuba na pansamantalang produksyon ng mga face masks sa mga pabrikang pang-uniporme. (Oppmann, 2020). Sa pangkalahatan, epektibo ang nasyonalisasyon sa mabilis na paghahatid ng serbisyong panlipunan sapagkat ang mga gobyerno ay karaniwang may direktang pananagutan sa mga mamamayan, kumpara sa mga pribadong korporasyon na wala halos pananagutan (Ruder, 2009) liban sa kanilang mga shareholder.

Ang gayong mga modelo ng nasyonalisayon ay maaaring isakatuparan sa Pilipinas, at isagawa rin sa industriya ng alkohol at iba pang mga kahingiang pang-pandemya. Sa mga unang buwan ng pandemya, nagkaroon ng kakapusan sa alkohol (ANC 24/7, 2020) at may mga ulat din ng pagtitinggal (hoarding) at pagbebenta ng alkohol lagpas sa itinakdang presyo ng gobyerno (Hernandez, 2020). Hindi agad nakatugon sa pangangailangan ng bayan ang mga pribadong tagamanupaktura at sinamantala ng ilang tusong elemento ang sitwasyon. Maiiwasan sana ang ganitong mga insidente kung kontrolado ng gobyerno ang produksyon at distribusyon ng mga pangunahing produkto. Malaki ang potensyal ng ganitong mga proyekto ng nasyonalisasyon na makatulong din sa paglutas ng disempleyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho sa mga nawalan ng trabaho o nahihirapan nang magbenta ng kanilang produkto/serbisyo dahil sa mga epekto ng pandemya.

May mga umiiral nang batayang legal para sa nasyonalisasyon sa Pilipinas. Ang Seksyon 4 ng Batas Republika Blg. 11469 (Bayanihan to Heal as One Act) na pinagtibay noong 2020 ay nagbigay ng kapangyarihan sa presidente ng bansa na pansamantalang patakbuhin ang mga ospital, pasilidad medikal, hotel, at publikong transportasyon, bilang tugon sa pandemya, ngunit hindi pa nagagamit ang nasabing kapangyarihan, hanggang sa maisulat ang artikulong ito. Ang nasabing probisyon ng batas ay nakasandig sa Seksyon 17 ng Artikulo XII ng Konstitusyong 1987 (na di hamak na mas malawak ang saklaw kaysa sa napakalimitadong polisiyang itinakda sa Batas Republika 11469): "In times of national emergency, when the public interest so requires, the State may, during the emergency and under reasonable terms prescribed by it, temporarily take over or direct the operation of any privately owned public utility or business affected with public

interest." Ang napakalimitadong saklaw ng pansamantalang nasyonalisasyong binabanggit sa Batas Republika Blg. 11469 ay matatandaang bunsod ng pag-atras ng mga kaalyado ng Palasyo dahil sa mariing pagtutol ng mga dambuhalang negosyante sa anumang panukala na bigyang-kapangyarihan ang presidente ng bansa na isailalim sa publikong kontrol ang ilang pribadong kumpanya sa panahon ng pandemya (Canivel, 2020).

Bago pa ang pandemya at bago pa pagtibayin ang Konstitusyong 1987, itinaguyod na ni Senador Lorenzo Tañada (isa sa mga pinakarespetadong lehislador sa kasaysayan ng bansa) ang mas malawak na nasyonalisasyon ng mga industriya at serbisyo na sumasaklaw sa pagmimina, publikong utilities (kuryente at tubig, at kung isasalaang-alang ang kontemporaryong realidad, pati ang internet), petrolyo, kemikal, gamot, pataba (fertilizer), at mga bangko (San Juan, 2020a). May mga detalyadong panukala rin ang ekonomistang si Alejandro Lichauco (1986) kaugnay nito. Sapagkat buhay na buhay pa noon ang masasamang gunita sa madilim na episodyo ng kasaysayan ng bansa sa panahon ng diktadurang Marcos, ang mga panukala nina Tañada at Lichauco ay pawang nakabatay sa ideya ng makapangyarihan ngunit mapagkalinga at mapag-arugang Estado na ginagamit ang kapangyarihan at resorses hindi para dahasin ang mga mamamayan kundi upang bigyan sila ng mas maalwan at komportableng buhay – malapit-lapit kung hindi man eksaktong nakakiling sa mga deklaradong adhikain ng sistemang sosyalista.

Ang koneksyon ng nasyonalisasyon at sosyalismo na lalong lumilinaw ngayong pandemya ay binigyang-diin din ni Melencio (2020) sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga praktikal na halimbawa ng mga kagyat na maaaring isabalikat ng anumang gobyerno sa panahong ito: "(k)ung umiiral ang sosyalismo, ang diin ng paglikha ng mga kagamitan sa produksyon (imprastruktura, makina, at iba pa)...ay maitutuon sa imprastruktura sa produksyon ng pagkain at lahat ng pangangailangan, kabilang ang produksyon ng mga gamit pangkalusugan at pangangailangang medikal, pagtatayo ng maraming ospital, laboratoryo, at produksyon ng maraming ventilators o makinang pansuhay sa pagpapagaling sa mga maysakit." Samakatwid, ang programang sosyalista sa pangkalahatan ay malinaw na panawagang anti-militarista, anti-gera at para sa kapayapaan din, sa konteksto ng trilyong pisong perang inuubos ng mga bansa (bukod pa sa iba pang resorses) para sa mga walang katapusang aktwal na gera at/o walang lohikang karera sa paramihan ng armas at/o teknolohiyang pandigma at iba pa (tingnan sa San Juan, 2017).

Sa pangmatagalan, maaari ring maging binhi (o komplementaryo) ang nasyonalisasyon para sa mga sistema ng pagmamay-ari na nakasentro sa dinamikong ugnayan ng mga entidad na pag-aari ng o kontrolado ng mga komunidad, demokratikong kontrol ng mga manggagawa mismo sa mga empresa/pabrika/kumpanya, at ng mga kooperatiba (Rolland, 2006; Flecha & Santa Cruz, 2011; Lebowitz, 2014; Logue & Yates, 2006; San Juan, 2016). Alinsunod sa perspektibang sosyalista na nakatuon sa ekonomiyang egalitaryan (pinakikinabangan ng mas nakararami at tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan) at demokrasya sa pulitika, ang gayong mas lokalisadong porma ng pagmamay-ari ay makatutulong sa pagtitiyak na magkakaroon ng aktwal at aktibong partisipasyon ang mas maraming mamamayan sa mga desisyong

direktang nakakaapekto sa kanilang kapakanan, at pagtitiyak din na mas maraming mamamayan ang makikinabang sa anumang tubo ng mga kumpanya o kaya'y magagamit ang nasabing tubo/bahagi ng tubo para mamuhunan sa mga serbisyong panlipunan gaya ng kalusugan, edukasyon, at pabahay.

**Mga Rekomendasyon**

Malaki pa ang potensyal at posibilidad na gawing oportunidad ang pandemya para itransporma ang sistemang ekonomiko at panlipunan sa loob at labas ng Pilipinas. Sa panahon ng krisis, higit na naoobliga ang lahat na suriin at ilantad ang mga kahinaan ng namamayaning sistemang ekonomiko at panlipunan, at sa proseso'y humanap ng mga panibagong solusyon sa mga dati nang problema na higit lamang na pinalitaw at mas naramdaman dahil sa bagsik ng COVID-19. Sa minimum, nagbigay ng sapat na argumento ang papel na ito upang irekomenda sa gobyerno ng Pilipinas ang agarang pagsasabalikat ng mass testing at nasyonalisasyon ng mga ospital, serbisyong pangkalusugan at mga industriyang nakapokus sa produksyon ng mga kahingiang pang-pandemya (gaya ng face mask at alkohol). Bukod pa rito, hinihikayat ang pagsasakatuparan ng mas detalyadong pananaliksik at/o pagpapatupad ng mga bagong patakarang kaugnay ng pabahay at ayudang pangmasa at panggitnang uri (middle class).


Malaking suliranin ng maraming pamilyang Pilipino ang pagsasariling kwarantina (self-quarantine) at/o pisikal na pagdistansya ngayong pandemya dahil sa sikip ng kani-kanilang bahay (Ravelo, 2020). Mismong ang dating Secretary ng Socioeconomic Planning at Director-General ng National Economic and Development Authority (NEDA) ng administrasyong Duterte na si Ernesto Pernia ang nagpahayag ng ganitong pag-aalala sa sitwasyon ng mga mamamayang Pilipino: "a worry to consider re: Community Quarantine (even unexpanded) is the likely wide-scale negative externality. Imagine ordinary workers and others living especially in low-income houses/quarters congested as they already are during non-work hours (social distancing a luxury) with scarce water supply and food, let alone pastime activity/entertainment. Contagion is inevitable but without testing available and health workers/inspectors to detect symptoms, there'll be so many latent COVID-19 positives to infect several others in the quarantined community" (Perez, 2020).

Ayon sa ilang pagtataya, 29.5% o 3 sa bawat 10 tahanan sa Metro Manila ang masyadong masikip para sa rekomendadong pisikal na pagdistansya (**Pigura 21**). Kung isasaalang-alang ang mga minimum na pamantayan sa pabahay sa buong Pilipinas (**Talahanayan 4**), ang gayong pagtataya ay aplikable rin sa iba pang bahagi ng bansa. Dapat bigyang-diin na higit na mas mataas ang pamantayan sa minimum na sukat ng mga tahanan sa ibang bansa (**Pigura 22**). Panahon nang pataasin din ang pamantayan sa pagtatayo ng mga tahanan sa bansa kaalinsabay ng patakarang reporma sa lupang

urban o urban land reform na nasa Konstitusyong 1987 din ngunit hindi pa ganap na naisasakatuparan (San Juan, 2020b).

**Pigura 21**

*Tipikal na Sukat ng Mga Bahay sa Metro Manila vis-a-vis Kahingian sa Pisikal na Paglalayo-layo sa Panahon ng Pandemya*




*Note.* Infographics mula sa Ibon Foundation (2020c).

**Talahanayan 4**

*Minimum na Pamantayan sa Pagtatayo ng Bahay sa Pilipinas*

| Uri ng Tahanan | Minimum na Sukat |
|---|---|
| Single Detached Housing Unit | 100 m² ("minimum lot area" for "medium cost housing")<br>72 m² (for "economic" housing)<br>64 m² (for "socialized" housing) |
| Duplex/Single Attached Housing Unit | 80 m² ("minimum lot area" for "medium cost housing")<br>54 m² (for "economic" housing)<br>48 m² (for "socialized" housing) |
| Rowhouses | 50 m² ("minimum lot area" for "medium cost housing")<br>36 m² (for "economic" housing)<br>32 m² (for "socialized" housing) |
| Single-Occupancy Condominium Unit | 18 m² (for typical units)<br>12 m² (for "students/employees/workers… within highly urbanized areas") |
| Family Dwelling Condominium Unit | 22 m² (for "medium cost condominium project") |

*Note.* Datos mula sa Housing and Land Use Regulatory Board, c.2008 and 2009.

**Pigura 22**

*Minimum na Pamantayan sa Espasyo ng Mga Bagong Tahanan sa London, United Kingdom*

| Number of bedrooms | Number of bed spaces | Minimum GIA (m²) | | | Built-in storage (m²) |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 storey dwellings | 2 storey dwellings | 3 storey dwellings | |
| 1b | 1p | 39 (37)* | | | 1.0 |
| | 2p | 50 | 58 | | 1.5 |
| 2b | 3p | 61 | 70 | | 2.0 |
| | 4p | 70 | 79 | | |
| 3b | 4p | 74 | 84 | 90 | 2.5 |
| | 5p | 86 | 93 | 99 | |
| | 6p | 95 | 102 | 108 | |
| 4b | 5p | 90 | 97 | 103 | 3.0 |
| | 6p | 99 | 106 | 112 | |
| | 7p | 108 | 115 | 121 | |
| | 8p | 117 | 124 | 130 | |
| 5b | 6p | 103 | 110 | 116 | 3.5 |
| | 7p | 112 | 119 | 125 | |
| | 8p | 121 | 128 | 134 | |
| 6b | 7p | 116 | 123 | 129 | 4.0 |

*Note.* Greater London Authority, 2016.

Kailangan na ring tiyakin ang pagdaragdag at pagpapalawak ng mga umiiral na sistema ng ayudang pinansyal para sa mahihirap na pamilya, para saklawin na rin ang mga nasa opisyal na kategoryang mababa ang kita ngunit hindi itinuturing ng gobyerno na mahirap, at mga nasa mababang gitnang uri o low-middle-class – dalawang sektor ng lipunang Pilipino na hindi halos nakatanggap ng ayuda sapagkat ang ayuda ay nakareserba sa pinakamahihirap lamang gayong lubos ding nangangailangan ng tulong ang mga nabanggit na pangkat. Gaya ng nabanggit na sa mga talakay sa naunang bahagi, mahalaga ang papel ng ayudang pinansyal sa ikapagtatagumpay ng estratehiyang test-trace-isolate (Rajan, Cylus, & McKee, 2020).


Bilang panimulang hakbang kaugnay ng karagdagang ayuda – na mas malawak ang saklaw at wala halos sangkot na burukrasya kaya't mas mabilis at episyenteng maisasabalikat – inirerekomenda ng mananaliksik ang pagpapababa ng buwis sa kita (income tax) at pagtatanggal ng Value-Added Tax (VAT) sa lahat ng gamot, pagkain, tubig, kuryente, at internet. Sa isang artikulo, binigyang-diin ni Senador Sonny Angara (2014) na kumpara sa iba pang bansa sa Timog-Silangang Asya, sobrang laki ng buwis sa kita ng mga manggagawa at propesyonal na Pilipino, at binanggit din niya na maging ang World Bank ay nagrekomendang limitahan sa 25% ang maximum na personal income tax sa Pilipinas. Samantala, 22% lamang ang maximum na buwis sa kita sa Singapore (Inland Revenue Authority of Singapore/IRAS, 2020a), bansang di hamak na mas malalaki ang kita ng mga tao, mas mayaman at mas maunlad kaysa sa Pilipinas. Kumpara sa 12% na VAT sa Pilipinas, ang katumbas nitong goods and services tax (GST) sa Singapore ay 7% lamang (IRAS, 2020b). Samakatwid, kung hindi matanggal ang VAT ay tiyak na may sapat na argumento para bawasan man lamang ito at ipantay sa GST ng

Singapore. Marami pang bansa na may mas mababang VAT kaysa sa Pilipinas (PricewaterhouseCoopers, 2020).

Isang komprehensibong saliksik sa Europa ang nagpatunay na may positibong epekto ang reduksyon ng VAT (Copenhagen Economics, 2007) sa mga ordinaryong mamamayan: "(r)educing VAT rates on food which constitutes a larger share of consumption for low income households than for high income households implies a cost saving that is particularly beneficial for low income households. The larger the difference in consumption shares is, the more effective the argument becomes." Aplikable ang mga aral ng naturang saliksik sa sitwasyon ng Pilipinas sapagkat noong 2019, 42.2% ng kabuuang gastos ng mga sambahayan (households) sa bansa ang napunta sa "Food and Non-alcoholic Beverages," habang 12.1% naman ang ginugol sa "Housing, Water, Electricity, Gas and Other Fuels" (PSA, 2020b) gaya ng ipinakikita sa **Pigura 23**. Samakatwid, ang pagtatanggal ng VAT sa mga pagkain, utilities atbp. ay makatutulong nang malaki sa maraming mamamayan. Ang ganitong pagbabawas ng buwis ay maglalagay ng mas malaking "disposable income" (sobrang kita na maaaring gastusin) sa bulsa ng mga konsyumer at kung gayon ay direktang makapagpapalakas sa pangkalahatang demand sa produkto at serbisyo (Nelson, 2006) na kinakailangan para agad na makabangon ang ekonomiya sa panahon ng pandemya.

**Pigura 23**

*Porsyento ng Mga Gastusin ng Mga Sambahayan sa Pilipinas noong 2019*[3]




*Note.* Datos mula sa PSA, 2020b.


Ipinakikita naman ng **Pigura 24** ang pagkonsumo ng pagkain (bahaging asul) sa mga sambahayang mahihirap at gitnang uri (ang unang apat na bar mula kaliwa) ay di hamak na mas malaki kaysa sa pagkonsumo ng pagkain ng mas mayayamang sambahayan (huling dalawang bar). Pinatutunayan ng mga estadistikang ito na ang

[3]Sa "Insert Chart" command ng Microsoft Word nilikha ang ilan sa mga pigura, kasama na ito, at awtomatikong rounded off ang mga estadistika sa pie graph.

pagtatanggal ng VAT sa pagkain ay direktang mas makatutulong sa mga sambahayang mahirap at sa gitnang uri.

**Pigura 24**

*Porsyento ng Gastusin ng Mga Pamilya, Batay sa Uring Kinabibilangan sa Aspekto ng Kita sa Piso (Income Class) noong 2018*




*Note.* PSA, 2020c.

## Pangwakas

Ang pagtalakay ng papel na ito sa mahahalagang isyung ekonomiko sa wikang sarili ay munting ambag sa intelektwalisasyon ng wikang pambansa, sa gitna ng kakapusan ng mga saliksik at talakayan sa wikang Filipino. Sa konteksto ng wikang Filipino bilang wika ng bayan at ng mga kilusang panlipunan sa bansa (San Juan, 2020c), ang pagkakaroon ng mas maraming tekstong politikal at ekonomiko sa wikang pambansa ay mahalagang dimensyon ng anumang mas malawak at mas malapad na pagsisikhay na baguhin at/o impluwensyahan ang publikong diskurso sa minimum, at suhayan ang mga kilusang panlipunan na naghahangad ng pangmatagalan at makabuluhang pagbabago tungo sa mas makatarungan, mas mapayapa, mas maunlad, at mas demokratikong lipunan, sa abot ng makakaya, sa pamamagitan ng pagtulong sa inisyatiba na ipopularisa sa pinakaepektibong paraang posible – sa wikang sarili – ang mga progresibong polisiya at sosyalismo bilang alternatibo sa kapitalismo. Tinatawagan ang mga intelektwal at mananaliksik sa lahat ng larangan na sikaping lalong mag-ambag ng kanilang panahon, talino, at talento sa ikapagtatagumpay ng mga adbokasing ito, may pandemya man o wala.

## Mga Sanggunian:

Amin, S. (2014). Popular Movements Toward Socialism: Their Unity and Diversity. *Monthly Review 26* (2). https://monthlyreview.org/2014/06/01/popular-movements-toward-socialism/

ANC 24/7. (2020, April 16). *PH still faces shortage of supply of alcohol, face masks* | *ANC* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=Yb-yTcvtB-U

Angara, S. (2014). Overtaxing working, middle classes. *Inquirer.* https://opinion.inquirer.net/77762/overtaxing-working-middle-classes

BBC. (2020, March 15). South Korean Foreign Minister: 'Testing central for early detection'. https://www.bbc.co.uk/programmes/p086q4fx?fbclid=IwAR1Cm2Q4pbLwWPRDut_6lnFZs0xY2NsOKmhDxu4rtgHSqhpH3DqzdTMwfvU

Beltran, M. (2020, May 12). The Philippines' Pandemic Response: A Tragedy of Errors. *The Diplomat.* https://thediplomat.com/2020/05/the-philippines-pandemic-response-a-tragedy-of-errors/

Birch, S. & Norlander, L. (2007). The Cuban Paradox. *American Journal of Nursing 107* (3), 75-79. https://journals.lww.com/ajnonline/Abstract/2007/03000/The_Cuban_Paradox.38.aspx

Brooks, R. (2020, October 13). The failure of test and trace shows the folly of handing huge contracts to private giants. *The Guardian.* https://www.theguardian.com/commentisfree/2020/oct/13/failure-test-trace-folly-huge-contracts-private-giants-uk

Brosas, A. (2020, August 3). Privilege Speech of Rep. Arlene Brosas. *Philippine Congress.* https://www.congress.gov.ph/legisdocs/congrec/18th/2nd/18C2RS-VOL1REC3-20200803.pdf

Broxton, A. (2017, July 8). "Why should the people wait any longer?" How Labour built the NHS. *London School of Economics.* https://blogs.lse.ac.uk/politicsandpolicy/why-should-the-people-wait-any-longer-how-labour-built-the-nhs/

Callen, T. (2020). Gross Domestic Product: An Economy's All. *International Monetary Fund.* https://www.imf.org/external/pubs/ft/fandd/basics/gdp.htm#author

Chen, S. (2020, March 13). Taiwan sets example for world on how to fight coronavirus. *ABC News.* https://abcnews.go.com/Health/taiwan-sets-world-fight-coronavirus/story?id=69552462

Choi, JY. 2020. COVID-19 in South Korea. *Postgraduate Medical Journal 96*, 399–402. http://dx.doi.org/10.1136/postgradmedj-2020-137738

Chossudovsky, M. (2018, February 7). Poverty in the Philippines: The Official Figures Have Been Manipulated. *Centre for Research on Globalization.* https://www.globalresearch.ca/world-bank-on-philippines-economy/5628035

Chughtai, A. (2020, November 24). COVID-19 vaccines explained in maps and charts *AlJazeera.* https://www.aljazeera.com/features/2020/11/24/covid-19-vaccines-explained-in-maps-and-charts

CNN Philippines Staff. (2020, March 21). Suspected COVID-19 patient dies before test results. *CNN Philippines.* https://www.cnnphilippines.com/news/2020/3/21/house-employee-suspected-coronavirus-patient-dies.html

Canivel, S.C. (2020, March 23). Biz groups back Duterte special powers but say no to 'takeover' *Inquirer.* https://business.inquirer.net/293311/biz-groups-back-duterte-special-powers-but-say-no-to-takeover

Cohen, J. & van der Meulen Rodgers, Y. (2020). Contributing factors to personal protective equipment shortages during the COVID-19 pandemic. *Preventive Medicine,* 141, Article 106263. https://doi.org/10.1016/j.ypmed.2020.106263

Copenhagen Economics. (2007). *Study on reduced VAT applied to goods and services in the member states of the European Union (Final Report).* European Union. https://ec.europa.eu/taxation_customs/sites/taxation/files/resources/documents/taxation/vat/how_vat_works/rates/study_reduced_vat.pdf

Cornish, L. (2020, August 21). "Funding COVID-19 vaccines: A timeline." *Devex.* https://www.devex.com/news/funding-covid-19-vaccines-a-timeline-97950

Crisanti, A. & Cassone, A. (2020, March). By identifying and isolating clusters of infected people, we wiped out Covid-19 in Vò. *The Guardian.* https://www.theguardian.com/commentisfree/2020/mar/20/eradicated-coronavirus-mass-testing-covid-19-italy-vo

Cruz, J.F. (2020). *An Empirical Argument for Mass Testing: Crude Estimates of Unreported COVID19 Cases in the Philippines vis-à-vis Others in the ASEAN-5.* (ACERD Working Paper No.2020-14). Ateneo Center for Economic Research and Development (ACERD). http://ateneo.edu/sites/default/files/downloadable-files/ADMU%20WP%202020-14.pdf

Davies, G. (2020a). *The government's approach to test and trace in England – interim report.* National Audit Office. https://www.nao.org.uk/wp-content/uploads/2020/12/The-governments-approach-to-test-and-trace-in-England-interim-report.pdf

_________. (2020b). *Investigation into preparations for potential COVID-19 vaccines.* National Audit Office. https://www.nao.org.uk/wp-content/uploads/2020/12/Investigation-into-preparations-for-potential-COVID-19-vaccines.pdf

Davis, M. (2020, March 20). The Coronavirus Crisis is a Monster Fueled by Capitalism. *In These Times.* https://inthesetimes.com/article/22394/coronavirus-crisis-capitalism-covid-19-monster-mike-davis

Dayrit, M. et al. (2018). The Philippines Health System Review. *Health Systems in Transition 8* (2). World Health Organization. https://apps.who.int/iris/bitstream/handle/10665/274579/9789290226734-eng.pdf

Department of Health. (2018). *National Objectives for Health: Philippines, 2017-2022*. https://doh.gov.ph/sites/default/files/publications/NOH-2017-2022-030619-1.pdf

Dizon, N. (2020, July 31). Duterte and his generals: A shock and awe response to the pandemic. *Rappler.* https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/duterte-shock-and-awe-coronavirus-pandemic-response-generals

Eaton, G. (2018, February 5). Why Antonio Gramsci is the Marxist thinker for our times. *New Statesman.* https://www.newstatesman.com/culture/observations/2018/02/why-antonio-gramsci-marxist-thinker-our-times

Feigenbaum, H et al. (2003). *Shrinking the State: The Political Underpinnings of Privatization*. Cambridge University Press.

Flecha, R. & Santa Cruz, I. 2011. Cooperation for Economic Success: The Mondragon Case. *Analyse & Kritik 33* (1), 157–170.

http://burawoy.berkeley.edu/Public%20Sociology,%20Live/Flecha&Santacruz.Mondragon.pdf
Freedom of Information Philippines. 2020. FOI Request #PH-777581533378. https://pcoomaster11152018150000-dot-efoi-ph.appspot.com/requests/aglzfmVmb2ktcGhyHAsSB0NvbnRlbnQiD1BILTc3NzU4MTUzMzM3OAw
Ghebreyesus, T.A. (2020, March 16). WHO Director-General's opening remarks at the media briefing on COVID-19. *World Health Organization.* https://www.who.int/director-general/speeches/detail/who-director-general-s-opening-remarks-at-the-media-briefing-on-covid-19---16-march-2020
Globe. (2020). GoSURF Now. https://www.globe.com.ph/postpaid/data/gosurf.html
Google Public Data Explorer. (2020). World Development Indicators. *World Bank.* https://www.google.com/publicdata/explore?ds=d5bncppjof8f9_#!ctype=l&strail=false&bcs=d&nselm=h&rdim=country&ifdim=country&hl=en_US&dl=en_US&ind=false
Google Scholar. (2020a). https://scholar.google.com/scholar?q=%22pandemya%22&hl=en&as_sdt=0%2C5&as_ylo=2020&as_yhi=2020
________________________________. (2020b). https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&as_ylo=2020&as_yhi=2020&q=%22pandemiko%22&btnG=
________________________________. (2020c). https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&as_ylo=2020&as_yhi=2020&q=%22pandemiya%22&btnG=
________________________________. (2020d). https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&as_ylo=2020&as_yhi=2020&q=%22pandemik%22&btnG=
________________________________. (2020e). https://scholar.google.com/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&as_ylo=1900&as_yhi=2020&q=%22sosyalismo%22&btnG=
________________________________. (2020f). https://scholar.google.com/scholar?start=310&q=%22sosialisme%22&hl=en&as_sdt=0,5&as_ylo=1900&as_yhi=2020
Garcia-Rivera, D. & Gorry, C. (2020). SOBERANA, Cuba's COVID-19 Vaccine Candidates. *MEDICC Review 22* (4), 10–15. https://doi.org/10.37757/MR2020.V22.N4.11
Greater London Authority. (2016). *HOUSING STANDARDS MINOR ALTERATIONS TO THE LONDON PLAN*. https://www.london.gov.uk/sites/default/files/housing_standards_malp_for_publication_7_april_2016.pdf
Greenaway, K.H., Saeri, A., & Cruwys, T. (2020, May 6). Social distancing is a misnomer. We need social solidarity, not social distance. *Sage Publishing.* https://group.sagepub.com/blog/wellbeing/social-solidarity-not-social-distance
Gulland, A. (2017). UK has best health system in developed world, US analysis concludes. *British Medical Journal 358*, j3442. https://doi.org/10.1136/bmj.j3442
Hall, D., Lister, J., & Mercer, H. (2020). *Privatised and Unprepared: The NHS Supply Chain.* University of Greenwich and We Own It.

https://gala.gre.ac.uk/id/eprint/28230/7/28230%20HALL_Privatised_and_Unprepared_2020.pdf

Hernandez, J. (2020, March 27). 17 nabbed for selling overpriced alcohol in C. Luzon. *Manila Times.* https://www.manilatimes.net/2020/03/27/news/regions/17-nabbed-for-selling-overpriced-alcohol-in-cluzon/706924/

Housing and Land Use Regulatory Board. (2009). *Revised Implementing Rules and Regulations for PD 957.* http://www.hudcc.gov.ph/sites/default/files/styles/large/public/document/IRR%20PD%20957.pdf

___________________________________. (c.2008). *REVISED RULES AND STANDARDS FOR ECONOMIC AND SOCIALIZED HOUSING PROJECTS TO IMPLEMENT BATAS PAMBANSA BLG. 220.* https://www.sheltercluster.org/sites/default/files/docs/Rules%20and%20regulations%20BP220%20Revised.pdf

IBON Foundation. (2020a). The Family Living Wage, as of February 2020. https://www.ibon.org/the-family-living-wage-as-of-february-2020/

______________. (2020b). Duterte administration's 2021 budget priorities. https://www.ibon.org/duterte-administrations-2021-budget-priorities/

______________. (2020c, March 30). Social distancing in Metro Manila homes. https://www.ibon.org/social-distancing-in-metro-manila-homes/

Iacobucci, G. (2020). Covid-19: Government is criticised for "scandalous" £10bn spent on test and trace programme. *British Medical Journal 370,* m2805. https://doi.org/10.1136/bmj.m2805

Inland Revenue Authority of Singapore. (2020a). Current GST Rates. https://www.iras.gov.sg/irashome/GST/GST-registered-businesses/Learning-the-basics/How-to-implement-GST/Current-GST-Rates/#:~:text=The%20current%20GST%20rate%20in,exempted%20under%20the%20GST%20law

______________________________. (2020b). Income Tax Rates. https://www.iras.gov.sg/irashome/Individuals/Locals/Working-Out-Your-Taxes/Income-Tax-Rates/#:~:text=Singapore's%20personal%20income%20tax%20rates,income%20tax%20rate%20at%2022%25

Institute for Nationalist Studies. (2020, September 22). Ang Pandemya ng Neoliberalismo, Kapitalismo, at Pasismo ng Gobyerno. *Medium.* https://ins-ph.medium.com/ang-pandemya-ng-neoliberalismo-kapitalismo-at-pasismo-ng-gobyerno-bb820e9e445e

Keck, C. William & Reed, G.A. (2012). The Curious Case of Cuba. *American Journal of Public Health 102* (8), e13–22. https://doi.org/10.2105/AJPH.2012.300822

Kim, J-H. et al. (2020). How South Korea Responded to the Covid-19 Outbreak in Daegu. *NEJM Catalyst Innovations in Care Delivery 1* (4). https://doi.org/10.1056/CAT.20.0159

Kwon, S., Lee, T. & Kim, C. (2015). Republic of Korea Health System Review. *Health Systems in Transition 5* (4). World Health Organization. https://apps.who.int/iris/handle/10665/208215

La Riva, G. (2020, March 12). COVID-19 now a pandemic; capitalism exacerbates crisis. *Liberation News.* https://www.liberationnews.org/covid-19-now-a-pandemic-capitalism-exacerbates-crisis/
Lawrence, F. et al. (2020, May 31). How a decade of privatisation and cuts exposed England to coronavirus. *The Guardian.* https://www.theguardian.com/world/2020/may/31/how-a-decade-of-privatisation-and-cuts-exposed-england-to-coronavirus
Light, D. (2003). Universal Health Care: Lessons From the British Experience. *American Journal of Public Health 93* (1), 25–30. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC1447686/
Lebowitz, M. (2014). Proposing a Path to Socialism: Two Papers for Hugo Chávez. *Monthly Review 65* (10). https://monthlyreview.org/2014/03/01/proposing-path-socialism-two-papers-hugo-chavez/
Logue, J. & Yates, J.S. (2006). Cooperatives, Worker-Owned Enterprises, Productivity. *Economic and Industrial Democracy 27* (4), 686–690 https://doi.org/10.1177/0143831X06069019
Luxemburg, R. (2003). *The Junius Pamphlet.* Luxemburg Internet Archive (marxists.org). https://www.marxists.org/archive/luxemburg/1915/junius/index.htm
Malasig, J. (2020, March 18). Politicians and their families get tested for COVID-19, but some people are not having it. *Interaksyon.* https://interaksyon.philstar.com/politics-issues/2020/03/18/164524/politicians-families-get-tested-some-not-having/
Mangahas, M. (2011, October 7). No meat allowed for the poor. *Inquirer.* https://opinion.inquirer.net/14829/no-meat-allowed-for-the-poor
____________. (2018, June 2). A half-true poverty report. *Inquirer.* https://opinion.inquirer.net/113620/half-true-poverty-report
Marasigan, T. (2020, Abril 1). Bersus coronavirus. *Pinoy Weekly.* https://pinoyweekly.org/2020/04/bersus-coronavirus/
Maynard, A. & Bloor, K. (2008). The NHS at 60: the next 60 years. *Journal of the Royal Society of Medicine 101* (7), 345–349. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC2442137/
Maynilad. 2020. Bill Calculator. http://www.mayniladwater.com.ph/customers-bill_calculator.php
Mazzucato, M. (2020a, April 2). Coronavirus and capitalism: How will the virus change the way the world works?. *World Economic Forum.* https://www.weforum.org/agenda/2020/04/coronavirus-covid19-business-economics-society-economics-change
____________. (2020b, March 18). The Covid-19 crisis is a chance to do capitalism differently. *The Guardian.* https://www.theguardian.com/commentisfree/2020/mar/18/the-covid-19-crisis-is-a-chance-to-do-capitalism-differently
Melencio, S. (2020, May 16). Ang Kapitalistang Pandemya at Sosyalistang Solusyon. *Ang Masa.* https://angmasa.org/2020/05/23/ang-kapitalistang-pandemya-at-sosyalistang-solusyon/
Montague, B. (2020, March 18). A virus is haunting Europe - the vector is capitalism. *The Ecologist.* https://theecologist.org/2020/mar/18/virus-haunting-europe-vector-capitalism

Muldoon, J. (2020, March 18). Coronavirus Might Make Socialists Of Us All. *Huffingtonpost.* https://www.huffingtonpost.co.uk/entry/coronavirus-socialism-politics-sick-pay-income-childcare_uk_5e70e64fc5b60fb69ddeafc6?guccounter=1&guce_referrer=aHR0cHM6Ly93d3cuZ29vZ2xlLmNvbS8&guce_referrer_sig=AQAAANJw9puk0An3e4BByoCyJwhUNCBviIDYMd5YXBVyNQCimDKLGP0VtdTbfqDeI-lYJ7zvfD1ZmguhoBphpIsHZyyilDwYt39jlUCjpfrrZeNuQGhtuwtZhl6W8lYMtPjg76xLfP7g9k3EhCnEy_Qqb8C656EKWCvIFPRIs_y6JXA4

Muschell, J. (1995). *Privatization in Health.* World Health Organization. https://apps.who.int/iris/bitstream/handle/10665/58523/WHO_TFHE_TBN_95.1.pdf;jsessionid=B8706B981F2919CFBD803C6DA336BFB2?sequence=1

Navallo, M. & Merez, A. (2020, July 3). SC urged to compel gov't to conduct free COVID-19 mass testing. *ABS-CBN News.* https://news.abs-cbn.com/news/07/03/20/sc-urged-to-compel-govt-to-conduct-free-covid-19-mass-testing

Nelson, A. (2020). COVID-19: Capitalist and postcapitalist perspectives. *Human Geography, 13* (3), 305–309. https://doi.org/10.1177/1942778620937122

Oppmann, P. (2020, March 16). Cuba is repurposing factories to produce face masks. CNN. https://edition.cnn.com/2020/03/12/world/cubans-are-making-coronavirus-masks-from-pants-intl/index.html

Our World in Data. (2020a). Cumulative confirmed COVID-19 deaths per million people. https://ourworldindata.org/explorers/coronavirus-data-explorer?zoomToSelection=true&time=40..latest&pickerSort=asc&pickerMetric=location&Metric=Confirmed+deaths&Interval=Cumulative&Relative+to+Population=true&Align+outbreaks=false

_______________. (2020b). Cumulative confirmed COVID-19 cases per million people. https://ourworldindata.org/explorers/coronavirus-data-explorer?zoomToSelection=true&time=40..332&pickerSort=asc&pickerMetric=location&Metric=Confirmed+cases&Interval=Cumulative&Relative+to+Population=true&Align+outbreaks=false&country=PHL~KOR

_______________. (2020c). Cumulative COVID-19 tests per 1,000 people. https://ourworldindata.org/explorers/coronavirus-data-explorer?zoomToSelection=true&time=2020-03-01..2020-12-18&pickerSort=asc&pickerMetric=location&Metric=Tests&Interval=Cumulative&Relative+to+Population=true&Align+outbreaks=false&country=PHL~KOR

Pabst, Y. & Wallace, R. (2020, March 11). Capitalist agriculture and Covid-19: A deadly combination. *Climate & Capitalism.* https://climateandcapitalism.com/2020/03/11/capitalist-agriculture-and-covid-19-a-deadly-combination/

Palicte, C. (2020, March 19). 3 PUIs in Davao die while awaiting Covid-19 test results. *Philippine News Agency.* https://www.pna.gov.ph/articles/1097196

Pappas, M. & Cozzarelli, T. (2020, March 9). Capitalism is an Incubator for Pandemics. Socialism is the Solution. *Left Voice.* https://www.leftvoice.org/capitalism-is-an-incubator-for-pandemics-socialism-is-the-solution

Park, JD. (2019). The Essence of the Korean Model of Development. Sa: *Re-Inventing Africa's Development.* Palgrave Macmillan, Cham. https://doi.org/10.1007/978-3-030-03946-2_8

Pearce, N., Lawlor, D., & Brickley, E. B. (2020). Comparisons between countries are essential for the control of COVID-19. *International Journal of Epidemiology 49* (4), 1059–1062. https://doi.org/10.1093/ije/dyaa108

Perez III, J.A. (2020, April 19). Bringing the COVID-19 fight to where it lives. *Business World.* https://popcom.gov.ph/?p=860

Philhealth. (2020). *Philhealth Annual Reports (2010-2018)*. https://www.philhealth.gov.ph/about_us/annual_report/#gsc.tab=0

________. (2019). *Philhealth Stats and Charts (2019).* https://www.philhealth.gov.ph/about_us/statsncharts/#gsc.tab=0

Philippine Statistics Authority. (2020a). December 2020 Inflation Infographics. https://psa.gov.ph/infographics/subject-area/Prices?page=1

__________________________. (2019). December 2019 Inflation Infographics. https://psa.gov.ph/infographics/subject-area/Prices?page=1

_______________________________. (2020b). HOUSEHOLD FINAL CONSUMPTION EXPENDITURE BY PURPOSE 1ST QUARTER 2017 TO 4TH QUARTER 2019 AT CURRENT PRICES. https://psa.gov.ph/system/files/2HFCE_93SNA_Q4_1.xlsx

_______________________________. (2020c). Statistical Tables on 2018 Family Income and Expenditure Survey. https://psa.gov.ph/content/statistical-tables-2018-family-income-and-expenditure-survey

PricewaterhouseCoopers. (2020). Value-added tax (VAT) rates. https://taxsummaries.pwc.com/quick-charts/value-added-tax-vat-rates

Pineo, R. (2020). Cuban Public Healthcare: A Model of Success for Developing Nations. *Journal of Developing Societies (25)*, 1, 16–61. https://doi.org/10.1177/0169796X19826731

Rajan, S., Cylus, J, & McKee, M. (2020). Successful find-test-trace-isolate-support systems: how to win at snakes and ladders. *Eurohealth 26* (2). https://apps.who.int/iris/bitstream/handle/10665/336292/Eurohealth-26-2-34-39-eng.pdf

Ravelo, J.L. (2020, March 24). To contain the spread of coronavirus, Manila grapples with lockdown. https://www.devex.com/news/to-contain-the-spread-of-coronavirus-manila-grapples-with-lockdown-96823

Rivas, R. (2018, June 6). FACT CHECK: NEDA didn't say family of 5 can live decently on P10,000 a month. *Rappler.* https://www.rappler.com/newsbreak/fact-check/204246-neda-filipino-family-5-members-monthly-budget

Rolland, S. (2006). Mondragon Corporation Cooperatives, People Working Together. *UW-L Journal of Undergraduate Research IX*. http://en.journals.sid.ir/ViewPaper.aspx?ID=296932

Rosales, E. F. (2020, February 4). PHL's sole face mask maker vows to supply 2 million pieces. *Business Mirror.* https://businessmirror.com.ph/2020/02/04/phls-sole-face-mask-maker-vows-to-supply-2-million-pieces/

Roy, E. A. (2020, April 15). Jacinda Ardern and ministers take pay cut in solidarity with those hit by Covid-19. *The Guardian.* https://www.theguardian.com/world/2020/apr/15/jacinda-ardern-and-ministers-take-20-pay-cut-in-solidarity-with-those-hit-by-covid-19

Ruder, E. (2009). What is Socialism? *International Socialist Review 65*. https://isreview.org/issue/65/what-socialism

Sabillo, K. (2020, March 17). DOH explains why President, other officials tested for COVID-19 amid kit shortage. *ABS-CBN News.* https://news.abs-cbn.com/news/03/17/20/doh-explains-why-president-other-officials-tested-for-covid-19-amid-kit-shortage

Sadongdong, M. (2020, March 14). What border checkpoints will be like during NCR community quarantine. *Manila Bulletin.* https://news.mb.com.ph/2020/03/14/what-border-checkpoints-will-be-like-during-ncr-community-quarantine/

San Juan, D.M.M. (2016). Bigwas sa Neoliberalismo, Alternatibo sa Kapitalismo: Adbokasing Pangwika at Sosyalistang Programa sa Nobelang Mga Ibong Mandaragit ni Amado V. Hernandez. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino 22* (1-2), 67–102. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/5742

________________. (2017). Why Marx Was Right: Third World Edition. *Journal of Developing Societies 33* (1), 1–26. https://doi.org/10.1177/0169796X16653333

________________. (2020a). Transitioning to a Progressive Green Economy in the Philippines. *Journal of Developing Societies 36* (2), 155–181. https://doi.org/10.1177/0169796X20912632

________________. (2020b, July 27). Proposed Senate Bill 2020-1 (Urban Land Reform Act/Homes for Every Filipino Act/Batas sa Pabahay para sa Lahat). https://dmmsanjuan.com/2020/07/27/proposed-senate-bill-2020-1-urban-land-reform-act-homes-for-every-filipino-act-batas-sa-pabahay-para-sa-lahat/

________________. (2020c). Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino/ TANGGOL WIKA: Internal na Kwento, Mga Susing Argumento at Dokumento (2014-2017). Sa: *Suri, Saliksik, Sanaysay: Mga Babasahin sa Wika, Panitikan, at Lipunang Pilipino.* UP-Diliman-Sentro ng Wikang Filipino. https://swfupdiliman.org/download/suri-saliksik-sanaysay-david-san-juan/

Santos, A.P. (2020, August 6). Coronavirus: Philippine doctors wary of Duterte's 'militaristic' response. *Deutsche Welle.* https://www.dw.com/en/coronavirus-philippine-doctors-wary-of-dutertes-militaristic-response/a-54463005

Sison, J.M. (2020, August 15). Ang kilusang paggawa: mga hamon at hinaharap sa kasalukuyang pandemya at krisis pangekonomiya. https://josemariasison.org/ang-kilusang-paggawa-mga-hamon-at-hinaharapsa-kasalukuyang-pandemya-at-krisis-pangekonomiya/

Supreme Court. (2020, September 16). SC Dismisses Petition Seeking COVID-19 Mass Testing. https://sc.judiciary.gov.ph/13542/

Tee, M. et al. (2020). Psychological impact of COVID-19 pandemic in the Philippines. *Journal of Affective Disorders 277*, 379–391. https://doi.org/10.1016/j.jad.2020.08.043

teleSUR. (2020, March 18). Spain Takes Sweeping Measures as COVID-19 Escalates. https://www.telesurenglish.net/news/Spain-Takes-Sweeping-Measures-as-COVID-19-Escalates-20200318-0027.html

Tikhonov, V. (2020). A Socialist Century? Socialism as the Main Counter-Hegemonic Ideology of Contemporary Korea. *Korea Journal 60* (3), 55–83. https://www.duo.uio.no/bitstream/handle/10852/80205/KOREA%2BJOURNAL%2B-%2BSOCIALISM%2BARTICLE%2B-%2BFINAL.pdf?sequence=2&isAllowed=y

Twohey, M., Eder, S. & Stein, M. (2020, March 18). Need a Coronavirus Test? Being Rich and Famous May Help. *New York Times.* https://www.nytimes.com/2020/03/18/us/coronavirus-testing-elite.html

Tzu-ti, H. (2020, February 2). Taiwan pledges military aid to boost mask supply. *Taiwan News.* https://www.taiwannews.com.tw/en/news/3869320

Wallace, R. et al. (2020). COVID-19 and Circuits of Capital. *Monthly Review 72* (1). https://monthlyreview.org/2020/05/01/covid-19-and-circuits-of-capital/

Watsons. (2020a). Potencee (Sodium Ascorbate) 1 Capsule. https://www.watsons.com.ph/sodium-ascorbate-1-capsule/p/BP_50002809

_______. (2020b). Cleene Ethlyl Alcohol 70 solution 500ml. https://www.watsons.com.ph/ethlyl-alcohol-70-solution-500ml/p/BP_10067726

Wei, K. (2020, March 4). Coronavirus: Face-mask production cranked up in Taiwan to ease shortfall. *Straits Times.* https://www.straitstimes.com/asia/east-asia/face-mask-production-cranked-up-in-taiwan-to-ease-shortfall

World Health Organization/WHO Representative Office for the Philippines. (2020, December 15). Philippines Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) Situation Report #65. *World Health Organization.* https://www.who.int/philippines/emergencies/covid-19-response-in-the-philippines/situation-reports

Zulueta, M. (2020, March 20). An Urgent Appeal for a Unified Approach to COVID-19 Pandemic. https://www.wheninmanila.com/hospitals-appeal-to-ph-govt-amid-covid-19-pandemic-we-feel-that-we-are-on-our-own/

**Tungkol sa May-akda:**

**DAVID MICHAEL M. SAN JUAN**

Full professor sa Departamento ng Filipino, at Affiliate ng Southeast Asia Research Center and Hub (SEARCH) sa De La Salle University-Manila (DLSU-Manila). Nagtapos ng doktorado sa Southeast Asian Studies sa Centro Escolar University, Master of Arts in Teaching Filipino sa Philippine Normal University, at BSE Filipino (magna cum laude) sa Bulacan State University. Kasalukuyang kumukuha ng PhD in Development Studies (Research Track) sa Political Science Department ng DLSU-Manila. Itinanghal na Makata ng Taon 2010 ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) dahil sa pagwawagi ng Unang Gantimpala sa Gawad Komisyon sa Tula-Talaang Ginto, at Mananaysay ng Taon 2009 dahil sa pagwawagi ng Unang Gantimpala sa Gawad Surian sa Sanaysay ng KWF. Bilang kinatawan ng PSLLF, nagsilbing Vice Head ng Pambansang Komite sa Wika at Salin (National Committee on Language and Translation) sa ilalim ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Kasalukuyang Associate Member ng Division 1 (Governmental, Educational and International Policies) ng National Research Council of the Philippines (NRCP). Isa sa mga lead convener ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika) na nagtataguyod ng pagkakaroon ng Filipino at Panitikan bilang mga required na asignatura sa kolehiyo.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 42-74 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Panukalang Instrumento sa Pagtataya Hinggil sa Sitwasyon ng Wika sa Internet

## *(Proposed Tool in Assessing Language Situation in the Internet)*

**Gerard P. Concepcion**
University of the Philippines-Diliman
gerardconcepcion@gmail.com

**ABSTRAK**

Tugon ang pananaliksik na ito sa itinutulak ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) sa pangangailangan ng mga bansang kasapi nito na mataya ang sitwasyon ng kanilang wika sa internet. Nakaangkla ang papel na ito sa asersyon na hindi lahat ng wika ay aktibo at dinamikong nagagamit sa iba't ibang espasyo at aplikasyon sa internet. Kung hindi man obhetibong masukat ang sitwasyon ng wika sa napakalawak na sakop ng internet, maaari pa rin naman itong subhetibong mailarawan sa konteksto ng ilang tiyak na criteria. Layunin na papel na magpanukala ng isang simpleng instrumento sa pagtataya (assessment tool) hinggil sa sitwasyon ng wika sa internet. Gamit ang modelo ni Einar Haugen (2012) ng pagpaplanong pangwika, nakatukoy ng mga preliminaryong kondisyon o criteria upang kagyat na masipat ang mga kahinaan o kakulangang may kinalaman sa wika sa konteksto ng internet.

**Mga Susing Salita:** internet, wika sa internet, sitwasyon ng wika, pagtataya sa wika, pagpaplanong pangwika

~~~

***ABSTRACT***

*This research is a response to the United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization's (UNESCO) call for its member states to assess the situation of their language on the internet. The paper is affixed on the assertion that not all languages are actively used on the different internet spaces and applications. If this language situation cannot be objectively measured in the huge scope of the internet, it can still be subjectively described in the context of specific criteria. This paper aims to propose a simple assessment tool regarding the language situation on the internet. Using Einar Haugen's model (2012) of language planning, preliminary conditions or criteria were identified to easily assess the weaknesses or shortcomings of a language in the context of the internet.*
~~~

***Keywords:*** *internet, language in internet, language situation, language assessment, language planning*

~~~

Bagaman nananatiling "bukás" ang internet upang magamit ang anumang wika rito, hindi ito ang kasalukuyang sitwasyon (Danet & Herring, 2007; Charlton, 2018). Sa 7,117 mga "buhay na wika" na iniulat ng Ethnologue (Summer Iinstitute of Linguistics, 2020), 12 lamang dito ang nagagamit sa 98% na mga website sa internet (Tremino, 2020). Sa Facebook halimbawa, na sinasabing isang multilinggwal na social networking application, 111 na wika lamang ang sinusuportahan nito. Noon pa nakita ni Dubey (2011) na may mga wikang pinapaburan at naisasantabi; ibig sabihi'y may partikular na mga wika na palagiang ginagamit, at may partikular na mga wika na hindi gaanong ginagamit o hindi talaga ginagamit sa internet. Sa katunayan, lumilitaw sa ilang longitudinal na pag-aaral (Lavoie & O'Neill, 2000; Bokor, 2018) na dominado ng wikang Ingles ang wika sa mga website ng internet. Suliraning pangwika na maituturing ang ganitong sitwasyon partikular sa mga bansa o komunidad na hindi gumagamit ng Ingles: Una, naisasakripisyo ang sarili nilang wika sa dahilang hindi ito mauunawaan ng nakararaming internet user. Ikalawa, may pangangailangan pang bigyan ng katwiran ang paglikha ng mga software o application kung saan maaaring magamit ang kanilang wika. Ikatlo, nawawalan ng praktikal na dahilan ang wika upang magamit sa paglikha ng iba't ibang website (hal., mga portal, news agency, tourism guide, electronic government site, at iba pa) (Concepcion, 2016b). Dahil sa pangyayaring ito, itinutulak ng UNESCO ang kagyat na pangangailangan ng mga kasaping bansa nito na tayain ang sitwasyon ng kani-kanilang mga wika sa internet.

Matagal nang gawain ng UNESCO ang pagtataya sa wika (*language assessment*), partikular sa mga wikang nanganganib (*endangered language*) na. May ilan na ring ulat at manwal na inilathala ang organisasyon upang magsilbing gabay. Mula sa mga ito, sentral na tunguhin ng pagtataya na alamin o sukatin ang gamit ng wika sa iba't ibang panlipunang konteksto (UNESCO, 2003; 2009a). Sa karanasan ng organisasyon, pinagbatayan ang Graded Intergenerational Disruption Scale (GIDS) ni Fishman (1991) sa binuo nitong Language Vitality and Endangerment (LVE) bilang mga set ng index (o indicator) hinggil sa pagtataya sa sitwasyon ng mga wika sa mundo. Isa sa mga index ng LVE ang gamit ng wika sa "new domains and media," kung saan kasama ang domain ng internet. Ibig sabihin, sakaling hindi nagagamit ang isang partikular na wika sa internet, nagbabadya ito ng konsern para sa UNESCO (2009b). Habang nakatutulong ang LVE sa makrong pagtataya hinggil sa gamit ng wika sa iba't ibang panlipunang konteksto, makikitang may limitasyon ito kung ipopokus lamang sa internet ang gagawing pagtataya. Una, hindi nakalaan ang LVE para sa mismong pagtataya sa sitwasyon ng wika sa internet; at ikalawa, walang tiyak na mga criteria ang LVE partikular sa samot-saring konteksto at gamit ng wika sa internet.
~~~

Sa kaso ngayon ng pagtataya sa sitwasyon ng wika sa internet, bagaman noon pang 2003 ay may inisyatiba na ang UNESCO (2009; 2015) sa "promosyon ng multilinggwalismo at panlahat na akses sa cyberspace," mas tumutok ang naging mga usapan dito tungkol sa pangangasiwang pang-internet, pag-uswag ng mga palisi sa seguridad, etika sa impormasyon, mga isyu sa akses, pagpapalakas ng Information and Communications Technology (ICT), at kampanya sa ICT literacy. Ibig sabihin, mas maraming proyekto kung paano gagawin ang kanilang nilalayon na multilinggwalismo, habang hindi pa gaanong nailalatag kung ano ang "problematikong" sitwasyon ng mga wika sa internet. Hanggang sa kasalukuyan, nananatiling bukas, at walang maituturing na estandardisadong instrumento ang organisasyon kung paano gagawin ang pagtataya sa sitwasyon ng wika sa Internet na kanila mismong itinutulak (Diki-Kidiri, 2008).

Sa katunayan, may ilang pagsisikap na upang obserbahan ang pangkalahatang sitwasyon ng mga wika sa Internet. Una, ang Observatory of Languages and Cultures in the Internet na proyekto ng Networks & Development Foundation (FUNREDES), na gumagamit ng lapit-estatistikal (statistical approach) upang sukatin ang paggamit sa wika sa iba't ibang aplikasyon sa internet. Nakabase ito sa pangongolekta ng kwalitatibong impormasyon sa online, vis-à-vis sa kabuuang bilang ng mga ispiker nito (populasyon ng bansa) (Pimienta, 2020). Ikalawa, ang Language Observatory na gumagamit ng web crawler[1], upang sukatin ang dami ng mga web page na nasusulat sa isang wika. Itong dalawang proyekto, bagaman masasabing state-of-the-art, ay may limitasyon hinggil sa "kwalitatibong pagbibilang" dahil sa patuloy na pagdami at paglawak ng mga "espasyong" maaaring sukatin sa internet. Dagdag pa rito, umaasa lamang sa artificial intelligence (AI) ang pagkilala at pagsukat sa pasulat na anyo ng isang wika, kung kaya bagaman nakikilala kung ano ang wika, wala naman itong kakayahang unawain ang mga gamit nito (Mikami & Kodama 2012).

Sa puntong ito, lumilitaw ang hamon para sa pagbuo ng isang simple at kagyat na paraan para sa pagtataya sa sitwasyon ng wika sa internet. Mahalaga na maisaalang-alang ang kayarian ng internet, partikular ang mga gamit na kaakibat nito, sa mga tutukuying criteria. Bagaman para sa kasalukuyang sitwasyon ang gagawing pagtataya, kailangan pa ring maging bukas ang mga gagamiting criteria sa mabilis na pagbabago ng internet. Sa kasaysayan ng internet, halimbawa, ang konsepto ng "vlogging" ay nagsimula lamang noong 2005 kung kailan naging popular ang paggamit ng YouTube, o kaya naman ay ang palasak na paggamit ng Friendster mula 2003 hanggang 2013 at Multiply mula 2004 hanggang 2013 bilang halimbawa ng mga social networking site (SNS), na kapwa naglaho at pinalitan na ng popularidad ng Facebook. Ibig sabihin, may caveat ito na: upang mas makita nang buo ang nagbabagong sitwasyon ng wika sa internet, may pangangailangan sa pagdaragdag o pagbabawas ng mga criteria, at ang

[1]Isang computer program na awtomatikong naghahanap ng mga susing salita sa world wide web.

pangangailangan sa muling pagtataya sa loob ng regular na panahon gamit ang mga umuusbong na teknolohiya nito.

## Pamamanaag sa Modelo ni Haugen ng Pagpaplanong Pangwika Bilang Gabay

Liban sa wala pang "awtoridad" na modelong magagamit kung paano gagawin ang pagtataya sa sitwasyon ng wika sa internet (2008), ginamit na gabay sa papel na ito ang modelo ni Haugen (2012) sa dalawang dahilan (tingnan ang **Talahanayan 1**). Una, natutukoy ng modelo ang karaniwang mga suliraning pangwika hinggil sa pag-uswag nito; at ikalawa, nasasakop ng modelo ang mga posibleng paraan o solusyon sa mga suliraning pangwika tungo sa epektibong pagpaplanong pangwika (Cobarubias, 2012). Bukod pa sa mga dahilang ito, dumaan ang modelo sa pagpapaunlad (Haugen, 1987), bunsod ng mga bagong diskubre at argumento ng ilang iskolar sa pagpaplanong pangwika (tingnan ang mga pag-aaral nina Ferguson, 1968; Kloss, 1969; Neustupny, 1974).

**Talahanayan 1**

*Modelo ng Pagpaplanong Pangwika ni Haugen*

| | Form *(Policy Planning)* | Function *(Language Cultivation)* |
|---|---|---|
| **Society** **_(Status Planning)_** | *Selection* | *Implementation* |
| **Language** **_(Corpus Planning)_** | *Codification* | *Elaboration* |

*Note.* Hinalaw kay Haugen (2012).

Hindi linear o kronolohikal ang pagkakasunod-sunod ng 4 na pangunahing komponent ng modelo. Para kay Haugen, hindi eksklusibo ang sakop ng bawat komponent, kundi magkakaugnay (interconnecting) at magkakasalikop (overlapping). Sa kanyang modelo, tinutukoy ng *Selection* ang mga paraan o proseso upang matukoy ang isang wika (o varayti nito) para sa mga tiyak na layon. Dagdag pa niya, isang anyo ito ng pagpaplano/pagbuo ng palisi, na magtitiyak sa istatus ng wikang iyon sa isang lipunan. Ibig sabihin, ugnay ang aspektong ito sa magiging opisyal na estado ng isang wika, at ang papel ng lipunan (lokal/nasyonal) hinggil sa pagpaplano. Samantala, tinutukoy ng *Codification* ang pagbibigay ng eksplisit na anyo sa pamamagitan ng paglikha ng ortograpiya, gramar, diksyunaryo, at iba pang mga sanggunian. Maaari itong magresulta sa produksyon ng deskriptibo (paano ginagamit ang wika) o preskriptibo (paano dapat gamitin ang wika) na mga proyekto.

Sa isang banda, tinutukoy ng *Implementation* ang iba't ibang aksiyon ng mga ahensya ng gobyerno, institusyon, organisasyon, mga ispiker ng wika, at iba pa hinggil sa pagtanggap sa paggamit ng wika (o ang *codified norm*). Kalakip nito ang produksyon ng mga diyaryo, teksbuk, mga publikasyon; maging ang kongkretong paggamit ng wika sa akademya, gobyerno, midya, at iba pa. Samantala, tinutukoy naman ng *Elaboration* ang pagpapalawak sa gamit ng wika, maging ang pagbuo ng mga bagong salita sa iba't ibang mga siyentipiko, teknikal, legal, at iba pang intelektwal na diskurso.

Bagaman mas gawaing panlipunan ang selection at mas gawaing pangwika ang codification, kapwa konsern ang mga ito sa ***anyo*** (estruktura, ortograpiya, at iba pa) ng wika. Habang ang implementation at cultivation naman ay konsern sa mga sosyolinggwistiko (kontekstwal, institusyonal) na gamit ng wika. Kinakailangang iugnay ang mga konsern na ito sa pagtukoy ng anumang solusyon, sapagkat walang saysay ang selection at codification kung hindi susundan ng angkop na implementation at elaboration (Haugen, 2012).

Mula sa karanasan ng ilang wika sa internet, mailalapat ang modelo ni Haugen sa pagtukoy ng kagyat na pangangailangan ng wika at sa (mga) produktibong output/solusyon sa mga ito. Sa kaso ng wikang Mandarin (at mga pangunahing wika sa bansang Tsina) halimbawa, naging suliranin nito ang tungkol sa anyo ng wika. Liban sa kung aling wika ang gagamitin, naging malaking suliranin kung paano magagamit sa internet ang humigit-kumulang na 50,000 karakter ng Hanzi (sistema ng pagsulat sa Tsina). Bukod sa hindi pa sinusuportahan noong dekada 80-90 ang mga non-Latin script sa internet, hindi rin estandardisado ang mga karakter ng wika na ginagamit sa Tsina. Ibig sabihin, bagaman may matatawag na ortograpiya ang Hanzi ay walang angkop na teknolohiya para magamit ito sa computer at sa internet. Bunsod nito, gumastos nang malaki ang gobyerno ng Tsina upang lumikha ng mga teknikal na programa at aplikasyon upang maisaayos ang Hanzi at magamit ito sa internet. Naging produkto ng adhikaing ito ang Table of Standardized Characters (CTSC) na naging sagot sa suliranin ng Mandarin (Zhao & Baldauf, 2008). Naging pangunahing suliranin naman ng bansang Catalonia ang tungkol sa gamit ng wika. Bagaman hindi naging problematiko ang pagpapasok ng wikang Catalan sa computer at internet dahil sa Latin script nito, hindi ito gaanong nagagamit bilang wika sa internet. Gumastos ang gobyerno ng Catalonia ng $500,000 upang maisalin sa Catalan ang wika ng Windows '98 (operating system ng computer). Dagdag pa rito, binayaran din nito ang Yahoo.com ng €600,000 upang mailagay ang wikang Catalan bilang isa sa mga mapagpipiliang wika sa website nito. Kasama rin dito ang paglikha ng mga business software product sa bersiyong Catalan (Gerrand, 2009).

Gamit ang modelo ng pagpaplanong pangwika ni Haugen, mailalapat ito bilang gabay upang mailarawan ang anyo at gamit ng wika sa internet; tungo sa pagtitiyak ng

mga aksyong kinakailangan upang maihanda, maisaayos, at mapalawig ang anyo at gamit ng wika sa internet.

**Internet Bilang Teknolohikal na Inobasyon**

Panandang-bato ang taong 1957 sa kasaysayan ng internet nang ilunsad ng Soviet Union ang unang satellite nito na Sputnik 1. Nagtulak ang pangyayaring ito kay Presidente Dwight Eisenhower ng bansang Amerika na likhain ang Advanced Research Projects Agency (ARPA) upang manguna ang kanilang bansa sa usapin ng teknolohikal na kalakasan sa paglikha ng mga armas pandigma. Naging tagapangulo ng ahensyang ito si J.C.R. Licklider, at ang kanyang mandato ay pag-ibayuhin ang pananaliksik ng programang Semi-Automatic Ground Environment (SAGE) at tulungan na maprotektahan ang Amerika laban sa isang space-based na atakeng nukleyar. Iginiit at kinonseptwalisa ni Licklider ang potensyal na mga benepisyo ng isang network ng komunikasyon, kaya't naimpluwensyahan niya nang malaki ang kanyang kahalili na kunin ang serbisyo ni Lawrence Roberts upang maimplementa ang kanyang bisyon na ito. Kaya, kagyat na pinangunahan ni Roberts ang paglikha ng isang network, base sa ideya at imbensyong packet switching ni Paul Baran sa ahensya ng Research and Development (RAND). Isang espesyal na computer ang tinawag na "Interface Message Processor" ang kanyang ginawa. Upang maisakatuparan ang disenyo ng network, inilunsad ang ARPAnet noong Oktubre 1969 (Abbate, 1999).

Ang kauna-unahang komunikasyon gamit ang ARPAnet o ang sinasabing "sinaunang internet" ay sa pagitan nina Leonard Kleinrock (tagapangulo ng research center sa University of California) at Douglas Engelbart (tagapangulo ng research center sa Stanford Research Institute). Ginamit bilang unang protocol ng ARPAnet ang Network Control Program. Noong 1983 ay pinalitan ito ng TCP/IP na protocol na naimbento nina Robert Kahn, Vinton Cerf, at mga kasama, na siyang naging pinakapangunahing protocol. Noong 1990, isinara ang ARPAnet at inilipat ang teknolohiya ng internet sa National Science Foundation Network (NSFNET). Hindi nagtagal ay naikonekta ito sa Computer Science Network (CSNET), na nagkonekta sa ilang unibersidad sa Hilagang Amerika, patungo sa European Union Network (EUnet) sa Europa. Dahil sa mahusay na pamamalakad ng National Science Foundation (NSF), at dahil sa popularidad ng World Wide Web (WWW), lumawak ang gamit ng internet sa pagsisimula ng 1990, na siya namang nagbunsod upang ilipat na ng gobyerno ng Amerika ang pamamalakad nito sa mga pribadong organisasyon simula 1995 (Ryan, 2013).

Isang "global na sistema" o network ng interkoneksyon ng mga computer, smart phone, tablet, at iba pa ang internet. Sa sandaling ang dalawa o higit pang mga elektronikong device na ito ay maging konektado, nagiging mabilis ngayon ang


pagpapalitan ng mensahe at impormasyon. Nagmumula ang bahaginan (pagpapadala-pagkuha-pagkonsumo) na ito sa aktibong partisipasyon ng mga pribadong kompanya, iba't ibang organisasyon, mga ahensya't opisina ng (mga) gobyerno, mga indibidwal, at marami pang iba. Upang "makasali" sa iba't ibang gawain sa internet, gumagamit ng iba't ibang computer program o software, applications/aplikasyon (o ang mga tiyak na software na tumutulong sa tiyak na gawain o output), at pagbisita sa mga website (Concepcion, 2016a). Ibinubuod ang ganitong modelo sa konseptop ng internet sa **Pigura 1**.

Tatlo ang pangunahing silbi ng internet sa mga gumagamit nito (mula rito, tatawaging internet user): una, ginagamit sa pakikipagkomunikasyon; ikalawa, pagpaskil-pagkuha ng impormasyon sa mga website; at ikatlo, pampubliko at pampribadong pakikipagtransaksiyon gamit ang iba't ibang teknolohiya at aplikasyon. Sa lahat ng ito, ginagamit ang wika upang magkaintindihan ang mga internet user, maunawaan/maipaunawa ang impormasyong nakapaskil/ipinapaskil sa mga website, at makasabay nang wasto ang internet user sa iba't ibang proseso sa paggamit ng mga serbisyong kaakibat ng internet (2016a). Sakop ng gamit ng internet ang samot-saring aktibidad mula sa mga antas personal, panlipon, hanggang sa antas ng mga organisasyon at/o institusyon. Halimbawa nito'y pakikipag-usap gamit ang email, chat, personal/instant message, forum, video conferencing; paglalagay at panonood ng mga video; pagkuha (pag-download) at/o pagbabahagi (pag-upload) ng iba't ibang media file; pagsusulat at pagbabasa ng mga blog; paglikha ng mga vlog, paghahanap ng mga impormasyon; pagbibigay at/o pagpapalaganap ng impormasyon; paglalaro ng mga online game; pakikipag-ugnayan gamit ang mga social networking site (SNS); pakikipagtransaksyon sa mga bangko, ahensya ng gobyerno, paaralan, komersyal na establisimyento; pagbili at pagbebenta ng mga gamit o anumang bagay; pag-aanunsyo, pagbabalita; pakikilahok sa mga charity drive, bidding, sponsorship, at iba pa (Howard & Jones, 2004).

Bunsod ng masigasig na paglikha ng mga inobatibong paraan upang maisulong ang mas mabilisang komunikasyon at bahaginan ng impormasyon ng mga internet user (Severin, 2001), patuloy na mas naiinternalisa at nagiging mundane ang internet sa pang-araw-araw na buhay ng mga ordinaryong indibidwal. (Abbate 1999, Quittner 1999).

**Pigura 1**

*Binuong Modelo sa Konsepto ng Internet*




*Note.* Sariling likha ng may-akda.

## Anyo at Gamit ng Wika sa Internet

Dahil sa pinatatakbo ang internet ng mga indibidwal na aktibong nakikipag-ugnayan sa isa't isa gamit ang mga serbisyong handog ng internet upang makapag-usap, makipagpalitan ng impormasyon, hanggang sa pagbubuo ng mga bagong relasyon at ugnayan sa iba pang mga nasyon, nagiging sentral na usapin ang anyo at gamit ng wika sa internet (Crystal, 2001; Okin, 2005; Herring, 2008).


May nabubuong tatlong pagpapakahulugan ang "wika" sa konteksto ng internet (tingnan ang **Pigura 2**). Una, ang wika na ginagamit ng mga propesyonal na tinatawag ding coding system. Batayang pangangailangan ito sa paglikha ng mga software, website, at mga teknikal na aplikasyon sa internet. Binubuo ito ng mga espesyal na code na isinusulat gamit ang ilang programming language gaya ng COBOL, Phyton, C++, Java, HTML[2] at iba pa. Ikalawa, ang wika na nakadikit sa pag-iral ng isang etnolinggwistikong pangkat. Ito ang tinutukoy ng Ethnologue na "(living) languages of the world." Halimbawa nito ang mga wikang Ingles, Filipino, Koreano, Hapon, at iba pa. Maaaring gamitin ang mga ito nang pasulat o pasalita sa internet. Ikatlo, ang wika na nabubuo bilang register o jargon sa internet ng mga internet user. Tinatawag din itong *language in computer-mediated-communication* partikular sa pasulat na anyo (bagaman may himig ito ng *spoken features*), sapagkat nakaaapekto ang keyboard kung paano

[2] Bagaman mala-programming language, hindi ito maituturing na PL. Isa lamang itong mark-up language na kailangan pang gamitan ng scripting language (na hindi rin programming language) tulad ng JavaScript upang magkaroon ng interactive function.

nagpapadala at umuunawa ng mensahe. Ilang kongkretong halimbawa nito ang geek speak, internet slang, 733t, j3j3m0nZ, at iba pa (Concepcion, 2016a).

**Pigura 2**

*Modelo sa Mga Pagpapakahulugan ng "Wika" sa Internet*




*Note.* Sariling likha ng may-akda.

Bagaman mas tutuon ang papel sa ikalawang pagpapakahulugan ng wika, ipinakikita ng ganitong mga paghihimay na: una, dahil sa kayarian ng internet, karaniwang sumasailalim sa pasulat na anyo ang anumang wika na gagamitin sa internet; at ikalawa, may tiyak na anyo ang wika kung para saan ito gagamitin na nakadepende sa limitasyon at sa mga aplikasyong pinaggagamitan.

Sa huling hati ng dekada '90, nagkaroon na ng maraming serbisyo ang internet na nagdulot ng pag-usbong ng iba't ibang platform ng pakikipagkomunikasyon (Crystal, 2001). Hinati naman ni Herring (2008) ang nangyayaring komunikasyon sa internet sa dalawang kategorya: ang *synchronous* o sabayan, na karaniwang nangyayari sa chat, instant messaging, at video call/conferencing; at *aysnchronous* o hindi sabayan, na karaniwang nangyayari sa email, blog, at forum.

Samantala sa kaso naman ng WWW, depende sa teknikal na limitasyon ng mga website kung sabayan o hindi sabayan ang maaaring maganap na komunikasyon sa pagitan ng mga internet user. Sa nakaraang 31 taon mula nang maimbento ang WWW, marami nang pagbabago ang nangyari rito. Tinawag ni Herring (2013) na mga yugto ng Web 1.0 at Web 2.0 ang malaking pagkakaiba na naganap sa pag-unlad ng website.

Bagaman mas teknikal ang konseptwalisasyon, nagbibigay ang mga ito ng paglalarawan hinggil sa anyo at gamit ng wika sa internet. Sa yugto ng Web 1.0, makikitang *static* ang internet. Binubuo pa lamang ito ng mga website na binabasa lang na nakasalansan gamit ang mga hyperlink. Dito, kakaunti ang mga gumagawa (o writer) ng mga website para sa maraming mambabasa, kaya tinawag din itong "read-only web." Ginagamit ang internet sa yugtong ito bilang isang komon na espasyo para sa pagkuha ng impormasyon gaya sa paghahanap ng isang paksa sa isang database. Habang sa yugto ng Web 2.0, makikitang naging *interactive* na ang internet. Dito, marami nang mga aplikasyon o programa ang nakasalikop sa mga website. Bunsod nito, naging mabilis ang pagbabahagi ng impormasyon, ang kolaborasyon, at ang mismong paglikha ng anumang content. Isang halimbawang produkto nito ay ang mga SNS na naghatid ng panibagong paraan ng mabilis na pakikipagkomunikasyon at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga internet user. (Getting, 2007).

Kung gayon, binago at patuloy na binabago ng WWW ang itsura ng internet. Bunsod ng Web 2.0, mas marami ang maaaring gawin ng isang internet user gaya ng mga live streaming, video conferencing, audio, vlog, chat, calendar, bookmarking, email, Online Games, Electronic-banking, Electronic-commerce, Electronic-learning, Electronic-Government, Electronic-communication, Forum, Mapping, Multimedia Wiki, Portal, Tag, at marami pang iba (Hassan, Sarhan, & El-Dosouki, 2012), gaya ng pagbubuod sa **Talahanayan 2**.

**Talahanayan 2**

*Anyo at Gamit ng Wika sa Web 1.0 at Web 2.0*

| | **Web 1.0**<br><br>(1980-1990) | **Web 2.0**<br><br>(1990-kasalukuyan) |
|---|---|---|
| **Anyo ng Wika** | Pasulat | pasulat, pasalita |
| **Gamit ng Wika** | pagpapaskil ng impormasyon sa mga website | (i) pakikibahagi sa iba pang internet user<br><br>(ii) pagbuo ng nilalaman (content)<br><br>(iii) pakikipag-ugnayan<br><br>(iv) pakikilahok sa mgatransaksiyon<br><br>(E-learning, E-commerce, E-learning, E-government, atbp.) |

*Note.* Sariling likha ng mananaliksik. Ang ilang impormasyon ay mula kina Hassan, Sarhan, & El-Dosouki (2012).

Mula sa nailatag na mga pangunahing gamit ng internet, at ng WWW sa partikular, makikita na komunikatibo ang pinakakagyat na gamit ng wika. Lumilitaw ang gamit na ito mula sa usapan at ugnayan sa pagitan ng mga internet user na maoobserbahan sa napakaraming aplikasyon at platform. May mga tiyak na espasyo sa internet kung saan mataas ang nagaganap na interaksyon. Sa mga platform ng chat, forum, blog, vlog, at iba pang kolaboratibong espasyo gaya ng SNS, hindi lamang iisa ang posibleng kinakausap ng isang internet user. Lumalawak ang gamit ng wika mula personal patungong pangmaramihang komunikasyon. Sa mga ito, hindi gaanong alintana ang mga kombensyon ng ortograpiya (baybay, malalaki at maliliit na titik, bantas) at gramar (estruktura ng pangungusap) lalo't kung pasulat ang anyo ng wikang ginagamit, basta't naiintindihan ng kausap ang nais ipahiwatig (Concepcion, 2016a). Malaya ang paggamit ng malikhain at inobatibong mga pamamaraan upang mas paigtingin ang mga emosyon at mensahe ng mga internet user (Herring, 1996; Crystal, 2001).

Sa isang banda, makikita naman na impormatibo ang pangunahing gamit ng wika sa mga website. Sa katunayan, halos kahit anong paksa ng impormasyon ay maaaring matagpuan, mabasa, o ma-download dito. Nitong mga nakaraang dekada, nangunguna ang Google sa mga search engine na pinupuntahan ng mga internet user sakaling mayroon silang impormasyon na nais hanapin (Similarweb, 2019). Sakaling wala namang kinakausap sa internet, ang pagbisita sa napakaraming website ang kadalasang ginagawa ng isang internet user. Hindi kasi gaya sa tradisyonal na aklatan na mas limbag ang database, malawak ang multimedia na database na makukuha sa mga website. Dito, ginagamit ang wika upang makapagbigay ng mga content na may kaugnayan sa pag-aaral, paghahanap ng trabaho, negosyo, entertainment, napapanahong balita at isyu, paboritong pagkain, turismo, at marami pang iba. Wika rin ang ginagamit ng internet user upang makakuha ng "tama" at "angkop" na impormasyon mula sa iba't ibang paksa (Concepcion, 2016a).

Samantala, sa pag-usbong ng maraming aplikasyon at tiyak na mga serbisyong idinaraan sa website, matitiyak ang transaksiyonal na gamit ng wika. Halimbawa nito ang mga internet browser, desktop application, multimedia software, at iba pa. Ginagamit ng internet user ang wika sa interface[3] upang magbigay ng mga tiyak na command sa computer/smart phone upang makamit ang mga output na nais niya; at upang maipaunawa naman sa kanya ng browser, software, o application ang mga panuntunang teknikal sa pag-iinternet. Halimbawa, karaniwang ginagamit ang mga salitang gaya ng "About," "Create New Account," "Forgot your password?," "Log In," "Log Out,"

[3]Ito yaong mga salita na maaaring i-klik ng user, depende sa kung ano ang nais niyang gawin sa kanyang pamamanaag sa internet. Ilang halimbawa ng user interface ay mga buton para sa direksyon ng pag-iinternet gaya ng "back," "home," "forward," "download" at iba pa; mga titulo o kapsyon ng mga paksang babasahin; mga buton sa paligid ng mismong iskrin at iba pa.

"Notifications," "Settings," at iba pa sa mga browsing button ng mga SNS. Mas nagiging komplikado naman ito sa ilang pagkakataon, halimbawa, kung sa mga pop-up message nagmumula ang panuto. Kadalasan kasi, mas mahaba ang mga pangungusap o pahayag sa mga ito, kaysa sa mga mismong user interface (Miraz, Excel, & Ali, 2016). Sa ganitong mga kalakaaran, ipinapalagay ng mga lumikha ng software, aplikasyon, at website na kinakailangang pamilyar ang internet user sa wikang ginagamit sa interface; kundi, maaaring hindi siya makaagapay sa pasikot-sikot na teknikalidad ng internet. Kung gayon, kinakailangan ng mga angkop na salita o teknolohikal na termino upang hindi malito ang internet user.

Samakatwid, ipinapalagay na may 3 pangunahing gamit ang wika sa konteksto ng internet (tingnan ang **Talahanayan 3**).

**Talahanayan 3**

*Mga Gamit ng Wika sa Internet*

| Gamit ng Wika | Pinaggagamitang Konteksto |
|---|---|
| Komunikasyon/Komunikatibo | instant messaging, chat, forum, blog, vlog, email, streaming, collaborative environments (SNS), at iba pa |
| Impormasyon/Impormasyonal (content) | WWW/website, mga pampublikong dokumento, mga sanggunian, mga babasahin, multimedia files, digital files, at iba pa |
| Transaksiyon/Transaksiyonal | interner browser, search engines, multimedia softwares, desktop programs and applications, at iba pa |

*Note.* Sariling likha ng mananaliksik.

Mula sa inilahad na mga gamit ng wika, lumilitaw na kailangan ito upang magkaintindihan ang mga internet user (komunikasyon at impormasyon), maging sa pagitan ng internet user at ng internet/mga elektronikong device (transaksyon). Midyum ang wika ng anumang komunikasyon, interaksyon, at transaksyon na nabubuo at idinaraan sa internet. Nakasalalay naman sa mga limitasyon na maaaring idulot ng isang tiyak na gamit bilang pangunahing paraan (hal., keyboard, video camera, microphone, smart pen, at iba pa) upang ma-input ang anyo ng wika, katakdaan ng oras kung kailan nagaganap ang daloy at haba ng usapan, at kakayahan/kasanayan sa wika ng internet user (Concepcion, 2016a).

## Panukalang Pagtataya sa Sitwasyon ng Wika sa Internet

Matapos maunawaan ang mga tiyak na anyo at gamit ng wika, dadako ang pagtalakay sa kung paano maaaring mataya ang sitwasyon nito sa internet. Bagaman maraming pagpapakahulugang lumilitaw hinggil sa pagtataya sa wika mula sa iba't ibang konteksto, ginamit ang kahulugan nito bilang "komplikadong operasyon upang masukat ang kasiglahan ng wika sa internet" (salin kay Diki-Kidiri, 2008). Mula sa mga nailahad na pagtalakay hinggil sa wika at internet, panukala ng papel ang pagsipat o paglalarawan sa anyo at gamit bilang batayang gawain sa pagtataya sa sitwasyon ng wika sa internet. Simple lamang ang tunguhin ng mga panukalang criteria: habang mas ginagamit ang wika sa mga ito, mas mataas ang iskor/rank na maaaring ibigay.

### 1. Code sa computer at internet

Bagaman maaaring gamitin ang anumang wika sa internet sa pamamagitan ng pasalitang komunikasyon (hal., video call, tele-conference, vlog, atbp.), batayan pa ring maituturing kung may magagamit na character code sa computer o keyboard ang isang wika. Kadalasan, may character code na para sa mga pangunahing writing system[4] (hal.hal., Latin, Arabic, Hebrew, Chinese, Japanese, Korean, Russian, at iba pa) ng mundo. Para sa mga wika na wala pang matatawag na character code, wala itong paraan para matipa sa keyboard at ma-input sa isang elektronikong device gaya ng computer o smart phone. Kaya sa ilang kaso halimbawa, may mga wikang may sariling script (non-digital), ngunit ang nagagamit/ginagamit ng mga ispiker nito sa internet ay Latin script. Ibig sabihin, maaaring gumamit ng inobasyon ang mga internet user sakaling wala pang kakayahang maisa-computer ang script ng isang wika.

Kapwa linggwistik at teknikal na konsern sa konteksto ng internet ang paglilipat at paglalapat ng pasalita tungo sa pasulat na anyo ng wika. Linggwistik, sapagkat may pangangailangang maisaayos muna ang estruktura ng wika. Teknikal, sapagkat may pangangailangang makatuklas/makabuo ng mga inobasyon paano maipapasok sa computer (character code, font) ang script ng wika. Sinasabing mas problematiko ito lalo na sa mga wikang gumagamit ng non-Latin script dahil mas matrabaho ang paglikha ng mga bagong code para rito (Diki-Kidiri, 2008).

#### a) Character set at mga font

Ipinapalagay na unang kinakailangan ng ICT resource upang magkaroon ng digital na representasyon ang isang wika sa computer at internet.

---

[4] Gumagamit ang bawat isa ng partikular na mga simbolo at combinational rules. May kanya-kanya ring spelling system o ortograpiya ang bawat wika. Kaya, kahit kapwa parehong gumagamit ng Latin writing system ang Ingles at Filipino halimbawa, ay magkaiba pa rin ang kanilang mga tuntuning panlinggwistika.

**b) Keyboard (pisikal, virtual)**

Batayang pangangailangan naman ito upang ma-input ang character set at mga font ng isang wika sa computer at internet. Karaniwang may espesyal na keyboard na ang mga pangunahing wika ng mundo, maging ang mga variant nito.[5]

**2. Iba't ibang paraan ng komunikasyon**

Nakasalalay sa kakayahan at preperensya ng internet user ang wikang kanyang gagamitin sa pakikipagkomunika/ugnayan na kongkretong makikita sa iba't ibang anyo at platform ng usapan sa internet. (Diki-Kidiri, 2008). Kailangang matukoy ang mga platform na ito sa antas na personal at pangkalahatan. Itong una, kasama ang chat at instant messaging na karaniwang ginagamit sa mga simpleng kumustahan, ay may malaking pagkakataong magamit ang wika ng internet user. Habang sa kaso ng email na karaniwang ginagamit sa mga pang-akademiya, pangkomersiyo, at pampamahalaang mga konteksto, maaaring gumamit ang internet user ng isang opisyal na wika kapalit ng kanyang wika. Habang itong ikalawa, kasama ang forum, blog, vlog, at iba pang collaborative environment (streaming, online meeting, at iba pa) na kadalasang mas malawak ang sakop na audience, ay gumagamit ng wika na mas naiintindihan ng nakararami (Concepcion, 2016a).

**a) Mga website**

Isang batayang ebidensya ang mga website hinggil sa dinamikong sitwasyon ng wika sa internet. Nakasulat ba ang mga webpage sa wikang tinukoy? Dahil na rin sa lawak ng audience na maaaring sakupin ng mga website, maaaring magamit ang mga ito sakali na kailangang itanghal ang isang wika sa internet. Gayunpaman, kailangan pa rin namang isaalang-alang ang mga ispiker ng wika (o internet user) na susuporta at gagamit ng mga website. Kung hindi, mananatili lamang isang "dormant" na poster ang anumang website sa WWW.

**b) Email**

Bagaman pribado, ang mahalagang punto rito ay maaaring sumulat ng mga email ang mga internet user gamit ang kanilang wika. Implikasyon ito na may speech community na gumagamit ng kanilang wika.

---

[5]Halimbawa, naiiba ang French Canada (Quebec) na keyboard sa French France keyboard. Liban sa magkakaiba ang mga posisyon ng A, Z, Q at W, magkakaiba rin ang layout ng mga bantas at special characters.

**c) Instant messaging, interactive real time messaging**

Ito ang mga short messages system (hal., Facebook Messenger, Kakao, Skype, Google o Yahoo messaging, at iba pa) IP telephone, video conference, webcam video, na naghahatid ng interaktibong mga mensahe sa pinakamabilis na paraan sa internet.

**d) Mga forum, social networking, blog, collaborative environment**

Dahil sa nakalaan ang mga ito para sa publiko na may mataas na level ng interactivity, may malawak na database at mataas na daloy ng multimedia data ang mga kompanyang nag-aalok nito. Nagkakaroon dito ang bawat internet user (matapos gumawa ng account) ng kanyang sariling espasyo para sa pagsulat at pagpost ng mga multimedia data. Maaari din siyang kumonekta sa iba pang may account (friends/contacts) at mag-edit ng mga impormasyon hinggil sa kanyang sarili. Sa isang banda, ang mga collaborative environment (hal., SPIP, TikiWiki, Wikipedia) ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga internet user na gumawa o mag-ambag ng mga kolaboratibong proyekto.

**3. Mga content**

Bukod sa komunikasyon, isa pang kongkretong paraan upang makita ang gamit ng wika ay sa dami ng mga content nito sa internet. Bagaman imposibleng masukat sa dami ng mga webpage, blog, vlog, video file, audio file, online text, journal article, research paper, at iba pa, ang dalas ng paggamit sa wika para sa pagsulat ng mga impormasyon at nilalaman, maaari pa rin itong mailarawan. Gamit ang mga simpleng search engine (hal., Google, Yahoo, Bing), o kaya naman ang mga popular na platform (hal., YouTube, academia, philjol), ay maaaring magkaroon ng ideya sa kung anong content mayroon ang isang wika sa WWW. Ibig sabihin, maari ding tukuyin kung ano ang iba't ibang erya ng kaalaman at ang iba't ibang uri ng website (midya, gobyerno, akademya, komersyo, at iba pa) kung saan ginagamit ang wika. Ibig sabihin, maaaring makalikom ng parsyal ngunit sapat na impormasyon, upang magkaroon ng ideya sa criteria na ito.

Dagdag pa, makikita rin kung *paano* ginagamit ang wika sa mga content na ito. Pangunahing wika ba ito sa content o opsyon lamang? Sadyang isinulat ba ang content sa wikang iyon o output lamang ng machine translation application? Marami kasing pagkakataon na matutunghayan ngang ginagamit ang isang wika sa mga content, ngunit kung masinop na babasahin ay mauunawang awtomatikong salin lamang ng mga espesyal na software o aplikasyon sa website[6]. Ibig sabihin, mas mahusay kung sa wikang tinataya talaga nakasulat ang content ng mga website.

[6]Gamit ang Internet Protocol address, natutunton ng website kung saang bansa nagmumula ang internet user kaya awtomatiko nitong isinasalin ang content sa kanyang wika.

Sa isang banda, may ilang wika naman ang hindi karaniwang ginagamit sa internet, ngunit may mga content hinggil dito. Halimbawa, malawak ang content at digital database hinggil sa Latin, ngunit hindi naman ito pangunahing ginagamit ng mga internet user (Pimienta, Prado, & Blanco, 2009). Kung gayon, mahalaga ring malaman kung ang content ba ng website ay tungkol (passive) lamang o dinidiskuro/itinutulay (active) sa wikang tinataya.

### 3.1 Presensya sa mga content

Ipinapanukala ang criteria na ito upang makita ang paimbabaw na gamit ng wika sa konteksto ng content.

**a) Impormasyon hinggil sa wika**

Inilalarawan o ipinaliliwanag ang isang partikular na wika. Maaaring tumalakay ng impormasyon hinggil sa isang wika gamit ang isang internasyonal o opisyal na wika. Halimbawa, maaaring talakayin ang wikang Tagalog gamit ang wikang Ingles, mula sa isang website ng unibersidad sa Amerika. Ibig sabihin sa ganitong sitwasyon, bagaman may content hinggil sa wikang Tagalog, hindi naman ito masasabing aktibo o dinamiko.

**b) Mga aralin sa wika**

Kadalasang inilalaan ito sa mga banyaga/turista o sa mga mag-aaral ng pangalawang/banyagang wika. Itinuturo kung "paano" gamitin ang isang wika sa mga anyong pasalita at pasulat.

**c) Online na mga diksyunaryo, tumbasan, aklat panggramatika, online text, atbp.**

May ilang espesyal na website (hal., guttenberg, mymemory, sentrofilipino, atbp.) na kung saan makakukuha ng mga tekstong may kinalaman sa isang wika. Maaaring ipahiwatig ng dami ng mga tekstong may kinalaman sa wika, ang kasiglahan ng wikang iyon.

**d) Wika sa interface**

"Isinusulat" ito ng webmaster ng mismong website kung kaya't masasabing ito ang wika na kanilang ginagamit at gustong ipagamit sa internet user. Kung kaya't ipinapalagay na ang wikang ito ay ang wikang nauunawaan at ginagamit ng nakararaming bumibisita sa isang partikular na website, nang sa gayon ay magamit nila ang mga serbisyo at mga nilalaman nito.

### 3.2 Bilang midyum ng iba't ibang content

Ipinapalagay na ang isang wika na ginagamit bilang midyum sa iba't ibang content ay kinikilalang mas masigla at dinamiko kaysa sa mga wikang limitado lamang ang pinaggagamitang mga content. Bagaman napakalawak ng mga content na makikita sa internet, may mga pangkaraniwang kategorya na maaaring gamitin. Sa bawat kategorya, may 3 hanggang 4 na mga paksang maaaring kumatawan dito (Diki-Kidiri 2008).

**a) Komunikasyon**

- mga balita, online na pahayagan/magasin, iba pang midya
- mga patalastas o advertisement, paskil
- mga directory, praktikal na impormasyon
- pabatid

**b) Lipunan**

- pang-araw-araw na buhay, asosasyon
- relihiyon, pilosopiya
- nasyonal at internasyonal na mga polisiya
- pampublikong serbisyo

**c) Edukasyon; mga anyo ng libangan**

- Training, seminar, literacy
- sports, mga laro
- audio, video, audio-video, musika

**d) Agham**

- Teknolohiya
- tao, agham-panlipunan
- natural at pisikal na agham; kalikasan

**e) Ekonomiks**

- Pinansya, Ekonomiya
- E-Business
- empleyo, mga kompanya

### 4. Mga aplikasyon

Dito, tatayain ang mga teknikal na pamamaraan na nagbibigay-daan upang makaugnay at makaagapay ang internet user sa iba't ibang gawain tulad ng pakikipagkomunikasyon, pagbisita sa mga website, pakikipagtransaksyon, at iba pa. Ibig

sabihin, gumagamit ng wika ang bawat aplikasyon upang maunawaan ng internet user ang nagaganap sa kanyang monitor. Nakaayos ang wikang ito sa anyo ng user interface na kokontrol o mag-uutos sa computer hinggil sa mga nais niyang gawin o mangyari. Ibig sabihin, ang pagkakaroon ng mga aplikasyon sa isang tiyak na wika, ay isang mahalagang indikasyon ng teknikal na gamit nito. Kasabay nito, maaari ding magkaroon ng mga digital na dokumento gaya ng user guide o reference manual na nasusulat din sa ginamit na wika sa aplikasyon. Kung gayon, ang dami ng aplikasyon na gumagamit ng wikang tinataya, ay masiglang indikasyon sa teknikal na gamit nito.

**a) Internet browser, search engine**

Ginagamit ang internet browser upang makaakses at makapamanaag sa WWW; habang ang search engine ay aplikasyong ginagamit sa paghahanap ng napakaraming impormasyon na maaaring mabasa, marinig, o mapanood sa WWW. Kapwa gumagamit ang dalawa ng internasyonal o lokalisadong wika na madaling mauunawaan ng mga internet user.

**b) Mga software**

Set ito ng mga program na kinakailangan para sa matiwasay na operasyon ng isang computer. Sa maraming pagkakataon, mahalaga rin ang papel ng mga ito sa matiwasay na pag-iinternet. Kinakailangang nasa wika na nauunawaan ng user ang mga ito nang sa gayon ay maiwasan ang anumang pagkakamali sa paggawa ng iba't ibang proseso at gawaing may kinalaman sa computer at pag-iinternet.

**c) Office suite**

Isang package ito ng mga aplikasyon (hal., word processor, spreadsheet, presentation application, drawing tool, database system) na karaniwang ginagamit sa paggawa ng anumang content at sa publikasyon ng mga ito sa world wide web. Sa mga aplikasyong ito, ang word processor ang karaniwan na unang isinasailalim sa lokalisasyon upang kagyat na magamit ang tinukoy na wika sa pagsulat ng teksto. Sa kasalukuyan, maaari nang ilokalays ang wika sa mga office suite bilang isang set, kaysa sa bawat aplikasyon nito. Ganunpaman, kailangan pa ring maisaalang-alang ang mga kaakibat na teknikal na manwal at mga spell checking dictionary na angkop sa target na wika.

**d) Mga website creator**

Mga espesyalisdong software na ginagamit ng mga propesyonal at mga bihasang indibidwal sa paglikha ng mga website.

**e) Iba pang mga advanced tool sa paglikha ng mga content**

Kasama rito ang iba pang mga software o aplikasyong ginagamit sa paglikha, pagpoproseso, at pangangasiwa ng mga larawan, audio, video, pelikula, laro, tutorial, atbp.

Sa tinalakay na mga panukala sa itaas, krusyal ang criteria bilang 1. Bago pa man kasi magamit nang lubusan (komunikasyon, content, aplikasyon) ang isang wika sa internet, kinakailangang ma-input muna ito sa isang elektronikong device. Kasabay nito ang kaakibat na paggamit sa mga terminong may kaugnayan sa internet. Ibig sabihin, kapwa teknikal at linggwistik ang tuon ng ganitong pagtataya. Sakaling "pasado" ang wika sa mga ito, ay saka pa lamang ito magagamit sa mga tiyak na gawain at aktibidad gamit ang internet. Tutukuyin naman ng mga criteria bilang 2, 3, at 4 ang sitwasyon sa gamit ng wika sa pagitan ng mga internet user (komunikasyon), sa pagitan ng internet user at impormasyon (content), at sa pagitan ng internet user at elektronikong device. Sadya ang ginawang pagkakasunod-sunod mula sa pinakabatayan o pinakamadali, hanggang sa pinakakompleks o pinaka-advanced na gamit ng wika sa internet (Concepcion, 2016a).

Sa pagtataya, ipinapanukala ang paggamit ng mga attribute o paglalarawan sa sitwasyon ng wika partikular sa mga gamit nito. Ibig sabihin, mga pahayag itong tutukoy o maglalarawan sa status quo ng wikang tinataya base sa bawat indicator. Ipinapanukala ang nauna nang ginamit na mga level at pagpapaliwanag sa mga ito ng UNESCO (2003, 2009b) hinggil sa kasiglahan ng wika (tingnan ang **Talahanayan 4**).

**Talahanayan 4**

*Binuong Iskala sa Pagtataya sa Sitwasyon ng Wika sa Internet*

| Antas ng Kasiglahan | Paglalarawan | Puntos |
|---|---|---|
| *dynamic* | Ginagamit ang wika sa *lahat* (*all*) ng tinukoy na indicator | 5 |
| *robust/steady/active* | Ginagamit ang wika sa *halos lahat* (*most*) ng tinukoy na indicator | 4 |
| *receptive* | Ginagamit ang wika sa *maraming* (*many*) ng tinukoy na indicator | 3 |
| *coping/adaptive* | Ginagamit ang wika sa *ilang* (*some*) ng tinukoy na indicator | 2 |
| *minimal* | Ginagamit ang wika sa *kaunting* (*few*) | 1 |

| | | |
|---|---|---|
| | ng tinukoy na indicator | |
| *Inactive* | *Hindi* ginagamit ang wika sa tinukoy na indicator | 0 |

*Note.* Sariling likha ng mananaliksik.

Mula sa talahanayan, nagpapahiwatig ang 0 puntos ng "wala/null" sapagkat hindi pa nakakamit o napagtatagumpayan ng wikang tinataya ang pinakabatayang katangian nito na hinihingi ng indicator. Habang nagpapahiwatig naman ang 5 puntos sa pinaka-optimum o pinakaideyal na katangian ng wika sa ipinapanukala ng bawat indicator.

Sa unang criteria halimbawa (*code sa computer at internet*), layuning tukuyin ng mga indicator ang digital at teknikal na kakayahan ng wika na magamit ito sa mga elektronikong device at internet. Dito, isinasaalang-alang ang sitwasyon ng wika sa offline (labas ng computer at internet) at ang paglalapat dito ng mga teknikal na pag-uswag kung paano ito magagamit tungo sa digital environment. Ibig sabihin, tiniyak na mahalaga ang mga anyo ng pasalita tungong pasulat na continuum; at ang batayan na teknolohiyang nakalaan para rito: ang nakahandang code/digital font at praktikal na paglalagay nito sa keyboard. Para rito, maaaring tukuyin/ilarawan lamang kung mayroon o wala ang mga hinihinging indicator.

Samantala, sa ikalawang criteria, mas tinututukan ang *lawak* ng mga communicative platform kung saan ginagamit ang wikang tinataya. Ang batayang layon nito ay makitang nagagamit/ginagamit "muna" ang wika sa iba't ibang platform ng usapan (pakikipagkomunikasyon mula personal hanggang panlipon) sa internet. Bagaman maaari rin namang tayain ang *lalim* ng mga paksang pinag-uusapan (hal., mula simpleng kumustahan at pagpapa-cute, hanggang sa pagdiskurso ng mga global na isyu) kung kinakailangang tingnan, nananatiling pribado at mas kompleks ito kaya't mas nangangailangan ng iba pang indicator sa hinaharap.

Samantala, may caveat na kalakip ang ikatlong criteria (*mga content*). Marami na kasing website ang gumagamit ng automatic translation software/application upang isalin ang mga impormasyong mababasa sa mga ito tungo sa wika ng internet user. Sa ganitong konteksto, mas kailangang tumutok ang pagtataya sa mismong mga content kung saan orihinal itong nakasulat. Ibig sabihin, bagaman walang masama sa ganitong uri ng pagsasalin (i.e., machine translation), hindi nito matitiyak ang optimum na ambag ng mismong wika sa pag-uswag ng content na nasusulat sa wikang tinataya. Isinasaalang-alang din dito ang mga kaso sa paggamit ng dalawa o higit pang mga wika sa content ng mga website. Kaya naman, tinitingnang ideyal sa criteria na ito kung

nagagamit/ginagamit ang wikang tinataya bilang primaryang wika sa lahat ng impormasyong nakasulat at matatagpuan sa mga website.

Ang ikaapat at huling criteria (mga aplikasyon) ay tutukoy kung available ba ang wikang tinataya sa iba't ibang aplikasyon na kaakibat ng pag-iinternet. Masasabing hindi continuum ang mga indicator dito partikular sa pagkakasunod-sunod ng mga software/application hanggang sa mga espesyalisadong tool. Ibig sabihin, maaaring magamit ang isang wika bilang isang opsyon sa office suite, ngunit wala naman sa mga espesyalisadong tool (tingnan ang **Talahanayan 5**).

**Talahanayan 5**

*Panukalang Instrumento sa Pagtataya Hinggil sa Sitwasyon ng Wika sa Internet*

| Criteria at mga indicator | Paglalarawan | Puntos |
|---|---|---|
| *1. Code sa computer at internet* | | |
| a) Character set at mga font | | |
| b) Keyboard (pisikal, virtual) | | |
| *2. Iba't ibang paraan ng komunikasyon* | | |
| a) Mga website | | |
| b) Email | | |
| c) Instant messaging, interactive real time messaging | | |
| d) Mga forum, social networking, blog, collaborative environment | | |
| *3. Mga content* | | |
| 3.1 Presensya sa mga content | | |
| a) Impormasyon hinggil sa wika | | |
| b) Mga aralin sa wika | | |
| c) Online na mga diksyunaryo, tumbasan, aklat panggramatika, online text, atbp. | | |
| d) Wika sa interface | | |

| |
|---|
| 3.2 Bilang midyum ng iba't ibang content |
| a) Komunikasyon |
| b) Lipunan |
| c) Edukasyon; mga anyo ng libangan |
| d) Agham |
| e) Ekonomiks |
| |
| *4. Mga aplikasyon* |
| a) Internet browser, search engine |
| b) Mga software |
| c) Office suite |
| d) Mga website creator |
| e) Iba pang mga advanced tool sa paglikha ng mga content |

*Note.* Dinebelop ng may-akda.

## Halimbawang Pagtataya: Kaso ng Wikang Filipino sa Mga Blog

Blog ang tawag sa mga entring teksto na kadalasang tungkol sa pang-araw-araw na mga karanasan ng sumulat nito (blogger). Mala-diary o mala-journal ang imahen nito, na ipinapaskil (post) sa isang host website. Tipikal na nakasalansan mula sa pinakabago hanggang sa pinakalumang mga entri ang mga ito bilang content sa webpage ng blogger (tingnan ang **Pigura 3**). Sa kasalukuyan, dahil sa pag-usbong at pagdami ng mga libreng blog site (hal., Wordpress, Tumblr, Live Journal) na kung saan maaaring gumawa ng account, ay nasa milyon na ang mga sumusulat ng blog sa buong mundo. Maaaring sabihin na dahil mismo sa kalikasan ng blog na kung saan mabibigyan ng "boses" ang mga ordinaryong indibidwal sa isang global na audience, patuloy ang popularidad ng pagsusulat ng blog (blogging). May kakayahan kasing makaabot ang kani-kanilang mga blog sa halos lahat ng mga indibidwal na nakakonekta sa internet. Maaari nilang ikwento ang mga pangyayari at detalye sa kanilang araw, at ang iba nama'y nagsusulat hinggil sa kanilang interes sa buhay. Sa kasalukuyan, kahit na ano'y maaaring paksain sa blog gaya ng mga balita, impormasyong teknikal, politika, showbiz, pagkain, kalusugan, isport, at iba pa. Kung kaya, ang blogger bilang manunulat at tagapag-ulat ng kanyang "mundo," ay nakapagbabahagi ng kanyang sarili at/o pagkatao sa kanyang mga mambabasa.

Ang teksto ng blog, ay nakaayos depende sa (mga) kaisipang nais iparating ng blogger. Madalas, may ilang entri ang gumagamit ng "link," na kapag kinlik ng mambabasa ay dadalhin siya sa ibang mga website o webpage. Kadalasan sa mismong teksto ng blog, makikita ang ilang salita at/o pariralang nakasalungguhit o may ibang kulay (font color) na sumisimbolo bilang mga link. Nasa mambabasa pa rin naman kung kailan niya gugustuhing i-klik ang mga ito, nang sa gayon ay mabasa rin naman niya ang mga impormasyon/tekstong kaakibat ng pangunahing entri.

Kadalasan, maraming ugnay na website o webpage ang makikitang nakakalat lamang sa paligid ng blog site ng ilang blogger. Ginagawa nila ito nang sa gayon ay hindi mahirapan ang mga mambabasa hinggil sa pagbabasa ng iba pang mga impormasyon, interes, o paksa na konektado o ugnay sa pangunahing impormasyon, interes, o paksa na makikita sa mismong teksto ng blog. Makikita ng nagbabasa na sapat na ang mga susing salita upang matukoy ang impormasyong kalakip nito. Ibig sabihin, madaling mauunawaan kung ano-ano lamang ang mga pangunahing paksa na pinapaksa ng mga entri.

Sa papel na ito, partikular na kinalap ang mga blog na nasusulat sa wikang Filipino. Gamit ang Google, nilikom ang unang 100 blog entri na lumitaw mula sa 19 na blog site (Tingnan ang **Apendiks**). Mula sa mga ito, umiikot lamang ang nilalaman ng mga blog sa 4 na uri: 1) personal na mga karanasan, saloobin, o, naiisip; 2) pagbabahagi ng mga opinyon hinggil sa mga napapanahong usapin/paksa; 3) pagbabahagi/pagbibigay ng mga impormasyon hinggil sa mga bagay-bagay; at 4) malikhain at/o kritikal na pagsulat tulad ng mga tula, maikling kuwento, rebyu, at iba pa.

**Pigura 3**

*Snippet ng Isang Blog*




*Note.* Mula sa blog ni AJ Perez (tingnan sa **Apendiks**).

Sa personal na nilalaman, karamihan sa mga entri ay kadalasang nagkukuwento ng mga pangyayari sa buhay ng blogger. Madalas din ang tungkol sa mga nasawi nilang pag-ibig, mga kulturang popular na kanilang ginagawa, atbp. Mababasa rito ang (mga) karanasan ng blogger na kadalasang may naikintal sa kanyang pagkatao. May ilang entri naman na nagbubuhos ng emosyon (e.g, galit, tuwa, o pagkainis) o "rant" sa isang indibidwal o sitwasyon. Ang mga entri na nagbibigay ng opinyon ay pumapaksa sa mga nasyonal na usapin, mga personal na interes ng blogger, at maging sa mga masasabing "kontrobersyal" na paksa ng ilang personalidad sa lipunan. Sa isang banda, ang mga entri na nagbibigay ng impormasyon ay nagbibigay ng detalye tungkol sa isang "mas pormal" na paksa o pangyayari. Sa katunayan, piling-pili ang mga salitang ginagamit ng blogger sa ganitong uri ng entri, kaya naman maaaring "pumasa" ang ilan sa mga ito bilang akademikong sanaysay. Ang anyo ng ibang entri, mga malikhaing pagsulat ng tula at maikling kwento, o kaya ay mga mga rebyu ng pelikula at aklat, at iskrip ng kuwento at komiks ang maaaring makita at mabasa.

Bagaman masasabing tunay na nagagamit ang wikang Filipino sa mga blog entri ng mga Pilipinong blogger, nakikihati pa rin naman ang wikang pambansa sa wikang Ingles bilang wikang ginagamit sa blog. Litaw sa mga entri ang kalikasan ng wikang Filipino bilang retorikal na wika na kadalasang nagsasalaysay, nangangaral, naglalarawan, naglalahad, at/o nagmamatuwid. Nagagampanan din naman ng wikang

Filipino ang pagiging midyum nito bilang wika ng sarili (idyolek) at bilang wika ng nakararami (lingua franca). Litaw sa paggamit ng wikang Filipino ng Pilipinong blogger kung anong estilo o paraan ng pagsulat ang nararapat upang mas maihatid niya nang mas mahusay at mas mainam ang mensahe sa mga tagabasa ng kanyang blog entri. Malaya siya halimbawa gumamit ng "pakshet," at/o "waaaaaaahhhhh!," upang mas maipahayag niya ang kanyang saloobin at/o emosyon, o kaya nama'y malaya siyang gumamit ng mga formal na salita kung halimbawang rebyu o akademikong sanaysay ang kanyang isusulat.

Dahil na rin sa kalikasan ng blog na mala-diary o mala-journal, palasak ang pagpapalit (switching) at paghahalo (mixing) ng mga salitang/wikang Ingles at Filipino sa maraming pangungusap ng mga blog entri na nakalap. Lumitaw din na a) ugnay sa paksa ng blog entri at layunin (hal., personal, opinyon, impormasyon, panitikan), at b) paraan ng pagpapahayag ng mensahe (hal., nagkukwento, naglalahad, nagtatanong, nagsusuri, atbp.), kung anong estilo at tono ng wikang Filipino ang gagamitin ng isang Pilipinong blogger. Ginagamit ang wikang Filipino sa mga personal na blog entri; pagbibigay ng impormasyon at opinyon hinggil sa mga isyung panlipunan; at sa mga pampanitikang sulatin; ngunit walang natisod hinggil sa mga mga paksang may kinalaman sa agham, pilosopiya, o ekonomiks. Samakatwid, maaaring sabihin na bagaman aktibo ang paggamit ng wikang Filipino, hindi gaanong malawak ang mga paksang isinusulat ng mga Pilipinong blogger (tingnan ang **Talahanayan 6**).

**Talahanayan 6**

*Simpleng Pagtataya sa Sitwasyon ng Wikang Filipino sa Blog*

| Criteria/Indicator | Paglalarawan | Puntos |
|---|---|---|
| 1. Komunikasyon (blog) | Ginagamit ang WF sa maraming blog entri | 3 |
| | | |
| 2. Content | | |
| 2.1 presensya | | |
| a) impormasyon hinggil sa wika | (Hindi/)Ginagamit ang WF sa kaunting blog entri | 0 \| 1 |
| b) aralin sa wika | (Hindi/)Ginagamit ang WF sa kaunting blog entri | 0 \| 1 |
| c) online texts | Ginagamit ang WF sa kaunting/ilang blog entri | 1 \| 2 |
| d) wika sa interface | Ginagamit ang WF sa kaunting blog site | 1 |
| 2.2 midyum ng content | | |
| a) komunikasyon | Ginagamit ang WF sa kaunting/ilang blog entri | 1 \| 2 |
| b) lipunan | Ginagamit ang WF sa maraming/halos lahat ng blog entri | 3 \| 4 |
| c) edukasyon at libangan | Ginagamit ang WF sa ilang/maraming blog entri | 2 \| 3 |
| d) agham | (Hindi/)Ginagamit ang WF sa kaunting blog entri | 1 \| 2 |
| e) ekonomiks | (Hindi/)Ginagamit ang WF sa kaunting blog entri | 0 \| 1 |
| | | |
| 3. Aplikasyon | -not applicable- | X |

*Note.* Sariling likha ng may-akda.

## Pasintabi at Paunawa

Rasyonal ng panukalang instrumento sa pagtataya na magamit ang tinukoy na mga criteria o indicator upang tayain ang sitwasyon ng wika sa internet. Bagaman tinitingnang mahalaga ang mga indicator na ito upang madaling maunawaan ang status quo ng isang wika sa internet, isang "static" na perspektiba lamang ang maaaring maibigay nito. Upang magkaroon ng isang mas dinamikong persepsyon sa sitwasyon ng wika sa internet, kinakailangang ulitin sa regular na panahon at kinakailangang palawakin pa ang sakop ng tatayaing mga indicator. Sa madaling pagbabago ng mga teknolohiyang kaakibat ng internet, maaaring magbago/dagdagan ang mga indicator na inilatag. Ang tinukoy na mga paksa ng content dito halimbawa ay bukas sa pagbabago depende sa kung ano ang popular sa kasalukuyan.

Sa isang banda, nangangailangan ng mas mahabang panahon upang makita ang kabuuan o gestalt na perspektiba sa sitwasyon ng isang wika sa internet. Bagaman hindi layunin ng papel na tayain ang kabuuang sitwasyon ng wikang Filipino sa internet, sinubok muna ang panukalang instrumento sa tiyak na "espasyo" sa internet (i.e., blog). Base sa naging sakop ng mga tinayang kaso, naunawaan nang parsyal ang sitwasyon ng wikang Filipino sa mga blog. Samakatwid, naging mahalaga ang panukalang instrumento upang makabuo ng panimulang pagtataya hinggil sa sitwasyon ng wika.

## Kongklusyon

Sinasalungguhitan ng papel ang pagtataya sa sitwasyon ng wika sa internet bilang isang pangangailangan hindi lamang sa mga iskolar ng araling wika, kundi maging sa iba't ibang stakeholder na konsern sa pangangalaga/pagpapalakas ng mga wika partikular sa internet. Sa pamamagitan ng pagtataya sa anyo at gamit, nagkaroon ng pagkakataong makita at maunawaan ang sitwasyon ng wika sa internet sa isang mabilis at madaling paraan.

## Limitasyon at Rekomendasyon

Panimula at hindi hudyat ng pagtatapos ang panukalang instrumento sa pagtataya hinggil sa sitwasyon ng wika sa internet. Dahil nakatutok lamang ang mga criteria at indicator hinggil sa wika, mahalagang sundan ito ng iba pang mga pag-aaral na tataya sa mismong mga internet user. Sa nasaksihan ng papel, maaaring maging available ang wika na magamit sa internet, ngunit ibang usapin pa kung bakit ito ginagamit/hindi ginagamit ng mga internet user. Maaari ring suriin at bumuo ng mas masikhay na mga longitudinal na pamamaraan upang mas masukat pa ang bawat criteria na ipinapanukala

rito. Sa ganitong pagdiskurso, mas mapapalawig pa ang pangkalahatang pagtataya sa sitwasyon ng wika sa internet na maaaring gawin.

**Mga Sanggunian:**

Abbate, J. (1999). *Inventing the Internet*. Massachusetts Institute of Technology.

Bokor, M. J. (2018). English dominance on the Internet. *The TESOL encyclopedia of English language teaching* (pp.1-6). TESOL International Association.

Charlton, E. (2018, December 13). The internet has a language diversity problem. *World Economic Forum*. https://www.weforum.org/agenda/2018/12/chart-of-the-day-the-internet-has-a-language-diversity-problem/

Cobarrubias, J. (2012). Ethical Issues in Status Planning. In J. Cobarrubias & J. Fishman (Eds.), *Progress in Language Planning*: *International perspectives* (pp. 41-86). De Gruyter Mouton. https://doi.org/10.1515/9783110820584.41

Concepcion, G. P. (2016a). e-FilNet: Pagsusuri tungo sa pangangasiwang pangwika sa gamit ng wikang Filipino sa internet. (Unpublished dissertation). University of the Philippines, Diliman.

__________. (2016b). Hinggil sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Internet: Ilang Panimulang Tala Para sa Pangangasiwang Pangwika. *HASAAN,* 3(1), 93–112. https://ejournals.ph/article.php?id=10349

Crystal, D. (2001). *Language and the internet.* Cambridge University Press, Cambridge, UK.

Danet, B., & Herring, S. C. (Eds.). (2007). *The Multilingual Internet: Language, Culture, and Communication Online*. Oxford University Press, New York.

Diki-Kidiri, M. (2008). *Securing a Place for a Language in Cyberspace.* UNESCO, Paris, France.

Fishman, J. A. (1991). *Reversing Language Shift: Theoretical and Empirical Foundations of Assistance to Threatened Languages*. Multilingual Matters, Bristol, UK

Gerrand, P. (2009). *Minority Languages on the Internet: Promoting the Regional Languages of Spain*. VDM Verlag, Germany.

Getting. B. (2007). *Basic Definitions: Web 1.0, Web. 2.0, Web 3.0*. *Practical Ecommerce.* http://www.practicalecommerce.com/articles/464/Basic-Definitions-Web-10-Web-20-Web-30/

Hassan, M. K., Sarhan, A. M., & El-Dosouki, A. I. (2012). Semantic Web against Classic Web (Contender or Natural Evolution). *International Journal of Advanced Research in Computer Science and Software Engineering*, 2(9), 54-61. http://ijarcsse.com/Before_August_2017/docs/papers/9_September2012/Volume_2_issue_9/V2I900123.pdf

Haugen, E. (2012). The Implementation of Corpus Planning: Theory and Practice. In J. Cobarrubias & J. Fishman (Eds.), *Progress in Language Planning: International perspectives* (pp. 269–290). De Gruyter Mouton. https://doi.org/10.1515/9783110820584.269

Haugen, E. (1987). *Blessings of Babel. Bilingualism and language planning: problems and pleasures*. Mouton de Gruyter.

Herring, S. C. (2008). Language and the Internet. In: W. Donsbach (Ed.), *International Encyclopedia of Communication* (pp. 2640-2645). Blackwell Publishers.

Herring, S. C. (ed.) (1996). *Computer Mediated Communication*. John Benjamins.
Herring, S. C. (2013). Discourse in Web 2.0: Familiar, reconfigured, and emergent. In D. Tannen & A. M. Tester (Eds.), *Georgetown University Round Table on Languages and Linguistics 2011: Discourse 2.0: Language and new media* (pp. 1-25). Georgetown University Press.
Lavoie, B. F. & O'Neill, E. (2000). How 'world wide' is the web? Trends in the internationalization of web sites. *Annual Review of OCLC Research* 1999. http://worldcat.org:80/arcviewer/1/OCC/2003/03/18/0000002655/viewer/file40.htm
Mikami, Y. & Kodama, S. (2012). Measuring Linguistic Diversity on the Web. *Net.Lang: Towards the Multilingual Cyberspace*. Maaya Network. pp.118-139.
Miraz, M. H., Excel, P. S., & Ali, M. (2016). User interface (UI) design issues for multilingual users: a case study. *Universal Access in the Information Society*, *15*(3), 431-444. https://doi.org/10.1007/s10209-014-0397-5
Okin, J. R. (2005). *The Technology Revolution: The Not-for-Dummies Guide to the Impact, Perils, and Promise of The Internet.* Ironbound Press.
Pimienta, D., Prado, D; & Blanco, A. (2009). *Twelve Years of Measuring Linguistic Diversity in the Internet: Balance and Perspectives*. UNESCO. http://www.unesco.org/new/en/communication-and-information/resources/publications-and-communication-materials/publications/full-list/twelve-years-of-measuring-linguistic-diversity-in-the-internet-balance-and-perspectives/
Pimienta D. (2020). Indicators of Languages in the Internet. http://funredes.org/lc2017/Indicators%20Language%20Internet.pdf
Quittner, J. (1999, March 29). Network Designer: Tim Berners-Lee. *Time*, 150(22), pp. 126-128.
Ryan, J. (2013). *A History of the Internet and the Digital Future.* Reaktion Books.
Severin, W. J. (2001). *Communication Theories: Origins, Methods, and Uses in the Mass Media*. Longman.
Similarweb. (2019). Top Websites Ranking. *Similarweb*. https://www.similarweb.com/top-websites/
Summer Institute of Linguistics. (2020). *Ethnologue*. SIL International. https://www.ethnologue.com/
Tremino, M. T. (2020). The many languages missing from the internet. *BBC.* April 15. Retrieved from https://www.bbc.com/future/article/20200414-the-many-lanuages-still-missing-from-the-internet.
UNESCO. (2003). *Language Vitality and Endangerment*. UNESCO. http://www.unesco.org/new/fileadmin/MULTIMEDIA/HQ/CLT/pdf/Language_vitality_and_endangerment_EN.pdf
UNESCO (2009a). *Investing in Cultural Diversity and Intercultural Dialogue.* UNESCO. https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000185202
UNESCO. (2009b). *Expert Meeting Report: Towards UNESCO Guidelines on Language Policies: a Tool for Language Assessment and Planning*. UNESCO.
UNESCO. (2015). *3rd Report: Recommendation concerning the Promotion and Use of Multilingualism and Universal Access to Cyberspace*. UNESCO.
Zhao, S. & Baldauf Jr., R. B. (2008). *Planning Chinese Characters: Reaction, Evolution or Revolution?* Springer.

## APENDIKS

**Talahanayan ng mga Blog**

| Pamagat ng Blog | Blogger | Pamagat ng mga Entri | Web Address |
|---|---|---|---|
| 1. Slickmaster Files | Slick master | 1. Aftermath of a Papal visit<br>2. Death and depression<br>3. To upload or not to upload<br>4. Colored traffic<br>5. 50 banned shades<br>6. Alaalang WOTL<br>7. Emotional Sona<br>8. State of the Fashion Address<br>9. Taasan ang pasahe sa jeep<br>10. National Language Ban<br>11. Saan po kayo kumuha ng kapal ng mukha<br>12. Unconsitititutional<br>13. Umuwi na si Lebron, eh ano ngayon | theslickmastersfiles.blogspot.com |
| 2. ALIMBUKAD | Roberto Añonuevo | 14. Magwawakas sa Paliparan ang Daigdig<br>15. Higad sa Hapag<br>16. Bagyo<br>17. Inisip ang Bayan ko't nagbalik ako sa punongkahoy<br>18. Blood Moon<br>19. Bayan, Bayani, Balagtas<br>20. Filipino ang Wika ng Kapayapaan<br>21. Ang "Filipino" sa Konstitusyong 1987 at ang kaso ng "Filipinas"<br>22. Wika ng Kapayapaan | alimbukad.com |
| 3. Ako si Tunay na Pag-ibig | Israel mekaniko | 23. Kapag nagpaparaya ba ibig sabihin sila yung mas nagmamahal?<br>24. Nahuli kang nangongopya sa exams. Anong gagawin mo?<br>25. Let's give each other space and time<br>26. MMK Presents: "PATAYIN SA LANDI SI BOGART"<br>27. "AYOKO NA NG HOT SAUCE!!!!"<br>28. 12 PA-DEEP THOUGHTS WHEN MAKING SAKAY SA JEEPNEY<br>29. DIARY NG MEDYO GANGSTER<br>30. Hangga't hindi ka masaya, malayo pa ang happy ending<br>31. #MEDYOBITTER WAYS TO ANSWER THE PHONE<br>32. lahat ng kaldero ay may nakalaan na takip | israelmekaniko.tumblr.com |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | 33. THE PAOLO VIDEONESS SEX SCANDAL<br>34. nakakaturn-off sa mga boys kapag hindi flawless ang isang babae?<br>35. 10 Random Unwritten Rules<br>36. Ligaya ang itawag mo sa akin | |
| 4. Mga Luto ni Dennis at Iba pa | Dennis Glorioso | 37. CRAB STICK REBUSADO<br>38. SINIGANG na HIPON sa MANGGA<br>39. BON CHON STYLE FRIED CHICKEN<br>40. CHICKEN LIVER and MIXED VEGETABLES in CREAM<br>41. CEBU STYLE LECHON BELLY<br>42. BACON and PESTO PASTA<br>43. CHEESY BACON and EGG SCRAMBLED<br>44. CHICKEN MUSHROOM and BROCCOLI in OYSTER SAUCE<br>45. CRAB and CORN SOUP - Intsik Style<br>46. SWEET CHILI GARLIC WINGS | mgalutonidennis.blogspot.com |
| 5. babe ang | Bebang Sy | 47. update sa salin ng Paper Towns<br>48. 2015 na!<br>49. Rebyu ng Pelikulang Ingles Only, Please!<br>50. halloween art workshop for kasing-kasing kids<br>51. meet up | babe-ang.blogspot.com |
| 6. Ang Matabang Utak | Rhadson Mendoza | 52. Bakit hindi sumusuko ang isang taong tunay na nagmamahal?<br>53. Itetekst ba kita?<br>54. Kapag may sakit ka<br>55. Nakalimutan nga kaya? | matabangutak.tumblr.com |
| 7. Mga Kuwentong Istirero | AJ Perez | 56. Gilas Pilipinas: Mas Matimbang ang Respeto kesa sa Panalo<br>57. O.A. nga ba ang Davao?<br>58. The Gilas-NBA Last Home Stand: “Last na yan ha.”<br>59. “Bigyan ng Award yang si Bong Revilla!” | blog.ajperez.org |
| 8. IanneSpark | Ianne Spark | 60. Just a Thought | iannespark.tumblr.com |
| 9. DEFINITELY FILIPINO | Orlie Jacob | 61. Maliit na Bagay<br>62. Tama na! | definitelyfilipino.com |
| 10. DEFINITELY FILIPINO | mystic persia | 63. Confession of a teenage immigrant | definitelyfilipino.com |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 11. DEFINITELY FILIPINO | burgy | 64. Talaga nga bang bobo ang mga Pilipino o sadyang nagpapabobo lang tayo? | definitelyfilipino.com |
| 12. DEFINITELY FILIPINO | marlonnudo85 | 65. IBONG LATA…. (First Time OFW) | definitelyfilipino.com |
| 13. The Pinoy Site | resident patriot | 66. Kung Nagiging Boto ang mga Likes sa Facebook<br>67. Mga Hinaing ng Isang Magulang na may Grade 1 na Anak<br>68. Polusyon sa Hangin at ang mga Pwede Nating Gawin<br>69. Ilang Tips Para Makatipid sa Ibang Bansa<br>70. Huwag Silang Kalimutan<br>71. Sidewalk Vendors<br>72. Mga Maaaring Pagkakitaan Kahit Habang Nag-aaral<br>73. Bakit Dapat Matutong Magtrabaho ang Kabataan Habang Nag-aaral Pa | thepinoysite.com |
| 14. Ranger Cabunzky's Blog | Harold Cabunco | 74. Ang mga armadong grupo sa Sulu: Kalaban o kakampi? (Leadership Experience Part 21)<br>75. Ang aking pagbisita sa 10th Scout Ranger Company | rangercabunzky.blogspot.com |
| 15. Hawak Kamay COOP | Rod Hakaco | 76. MGA PANAGINIP: Sana Dapat Ganito<br>77. PAG-UNLAD<br>78. Garantiya at Opurtunidad<br>79. Mga Produktong Pinoy : Tangkilikin ang sariling atin | hakaco.blogspot.com |
| 16. Blog, Poetry, and Notion | limarx214 | 80. Itim ang Kulay ng Mundo<br>90. Bukás na Liham para kay Gat Jose Rizal<br>91. Simoy ng Pasko, Simoy ng Komersiyalismo | limarx214.blogspot.com |
| 15. Hiram na Kaligayahan | joey velunta | 92. Habang | joeyvelunta.blogspot.com |
| 16. the soshal network | PROVINCIATED | 93. #PopeFrancisPh<br>94. Kris on Bimby Bashers<br>95. Laban, Heart! | thesoshalnetwork.com |
| 17. the soshal network | DOMESTICATED | 96. Ating Pasalamatan<br>97. Advanced Noche Buena | thesoshalnetwork.com |
| 18. the soshal network | SOPHISTICATED | 98. Pagbati Mula sa Soshal<br>99. REUNION Q&A | thesoshalnetwork.com |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 19. Ka Pete | Pete Lacaba | 100. SINULAT SA PIITAN NOONG PANAHON NG BATAS MILITAR | kapetesapatalim.blogspot.com |

**Tungkol sa May-akda:**

**GERARD P. CONCEPCION**
Naninilbihan bilang Associate Professor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, at kasalukuyang Visiting Professor sa Busan University of Foreign Studies sa South Korea.

**Pasasalamat:**

Pinasasalamatan ng awtor ang Office of the Vice Chancellor for Research and Development ng University of the Philippines, Diliman, sa ipinagkaloob na PhD incentive award para sa pananaliksik.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 75-93 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# SWOT Analysis ng Konseptwalisasyon ng Silabus sa Filipino ng Far Eastern University

## *(SWOT Analysis of the Process of Conceptualizing the Filipino Syllabus of Far Eastern University)*

**Juanito N. Anot, Jr.**
Far Eastern University-Manila
yuananot@gmail.com

**ABSTRAK**

Nang ipatupad ang Enhanced Basic Education Program noong 2013, ang mga unibersidad sa bansa ang isa sa nakaranas ng mga isyu at hamon sa implementasyon ng K to 12 Transition Program. Umani ito ng kritisismo mula sa iba't ibang sektor ng lipunan lalo na sa mga guro sa kolehiyo na lubos na naapektuhan ng pagbabago. Ang Far Eastern University (FEU) ang isa sa mga pribadong unibersidad na tumugon sa hamong ito na nagbigay ng espasyo upang mapaunlad ang kurikulum at paraan ng pagtuturo ng unibersidad. Kaugnay nito, layunin ng pag-aaral na ito na ilahad ang naging paghahanda ng FEU sa usapin ng pagbabago ng kurikulum at gayundin ang pagsusuri sa implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino sa kolehiyo at silabus para sa asignaturang *Wika, Kultura, at Lipunan* na naipatupad na ang pagtuturo ng unang semestre ng Akademikong Taon 2019-2020, gamit ang metodong SWOT Analysis.

**Mga Susing Salita:** silabus ng kursong Wika, Kultura, at Lipunan, SWOT Analysis, Far Eastern University, asignaturang Filipino sa antas tersyarya, pagbabago ng kurikulum

~~~

***ABSTRACT***

*When the Enhanced Basic Education Program was implemented in 2013, various universities in the Philippines experienced several issues on and challenges related to the implementation of the K to 12 Transition Program. This scheme earned criticisms from different sectors of society, all the more, from college instructors who are among the most affected by this structural change. Far Eastern University is one of the private institutions that responded to this challenge, paving the way towards the enhancement of its curriculum and even its pedagogical practices. In relation to this, the purpose of this study is to discuss the necessary preparations undertaken by the university with regards to the issue of amending the college curriculum, and to analyze the implementation of nine (9) units of Filipino courses in college and the syllabus for the subject* Language, Culture &
~~~

Society – *which was utilized for teaching, from the first semester of Academic Year 2019-2020 – using SWOT Analysis.*

***Keywords:*** *course syllabus for Language, Culture, & Society, SWOT Analysis, Far Eastern University, tertiary-level Filipino subject, curricular change*

~~~

Sa panahon ng panunungkulan ng dating Pangulong Benigno S. Aquino III, isinulong ang pagpapatupad ng "Enhanced Basic Education Act of 2013" sa pamamagitan ng Republic Act No. 10533. Nakasaad sa nasabing batas ang pagkaroon ng pagbabago sa programa ng Basic Education ng bansa. Isang taon para sa kindergarten, anim na taon para sa elementarya, apat na taon para sa junior high school at dagdag na dalawang taon naman para sa senior high school. Nakasaad sa online site ng Official Gazette (n.d.), ang dalawang dahilan sa implementasyon ng labintatlong taong basic education. Una, ang Pilipinas ang huling bansa sa Asya at isa sa tatlong bansa sa buong mundo na nananatiling may sampung taon na siklo ng batayang edukasyon (Angola at Djibouti ang dalawa pang bansa). Pangalawa, ang programang K to12 ay napatunayang pinakamabisang panahon para sa pagkatuto sa ilalim ng basic education. Bukod dito, kinikilala rin ito bilang pamantayan para sa mga mag-aaral at propesyonal sa buong mundo.

Umani ng samot-saring reaksyon ang pagbabagong ito sa sistema ng edukasyon. Mariing tinutulan ito ng Alliance of Concerned Teachers o ACT (2012) sapagkat hindi ito nakabatay sa komprehensibo at malalim na pagsisiyasat, pagsusuri, at pag-aaral sa totoo at kongkretong pundamental na mga problema ng sistema ng edukasyon at sistema ng lipunan ng bansa. Ang K to 12 para pa sa ACT ay bahagi lamang ng makadayuhan at kontra-mamamayang programa ng pamahalaan at isang pekeng reporma at palpak na pag-eeksperimento sa sistema ng edukasyon. Panawagan ng partido na ibasura ang K to 12 ni dating Pangulong Noynoy Aquino sapagkat ito ay makadayuhan, walang kalidad at dagdag pahirap sa mga guro, kabataan at magulang. Sa halip ay isulong ang makabayan, siyentipiko, pangmasa at libreng edukasyon.

Ipinaliwanag ni San Juan (2013a), sa kanyang kritik sa programang K to 12, na kailangan ng bansa ng pang-edukasyon at pang-ekonomiyang reoryentasyon. Nararapat bigyang diin ang pagkikintal ng nasyonalismo sa isip at puso ng mga Pilipino upang makahubog ng mamamayang naglilingkod sa ikauunlad ng sariling bayan. Dagdag pa, dapat na ibasura ang labor export policy at pagtrato sa mga paaralan bilang tagamanupaktura lamang ng mga trabahador at propesyonal na pang-eksport. Kaakibat din nito ang pagpapalawak ng oportunidad sa trabaho sa bansa sa pamamagitan ng pagpapatupad ng komprehensibong planong nakatuon sa pagsandig sa sarili. Sa isang bukod na artikulo, binigyang-diin din ni San Juan (2016) na ang pagrerestruktura ng
~~~

edukasyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng K to 12 ay malaki at malalim ang kaugnayan sa ekonomikong dependensiya, pribatisasyon, kontraktwalisasyon, teknikalisasyon ng edukasyon at iba pang aspekto ng adyendang neoliberal.

Ang mga usapin sa K to 12 ay nagsanga ng mga panibagong suliranin nang ipalabas ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (Commission on Higher Education o CHED) ang CHED Memorandum Order No. (CMO) No. 20, Series of 2013. Nakasaad sa dokumento ang rebisyon sa kurikulum kasama ang pangunahing asignatura ng general education maliban sa Filipino. Bukod dito, hindi rin kasama ang Panitikan sa bagong kurikulum ng antas tersyarya at inalis naman sa junior high school ang asignaturang Kasaysayan ng Pilipinas, na kapwa mahalagang kurso sa pagtataguyod ng nasyonalismo. Ang desisyong ito ng CHED ay nagbunsod sa pagkakaroon ng mga protesta ng mga guro, mga propesor, mga kongresista at mga prominenteng tao na nagtataguyod sa wika. Pinangunahan ito ng Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino o Tanggol Wika.

Para sa Tanggol Wika, ang pasyang ito ay labag sa Artikulo XIV, Seksiyon 6 ng Konstitusyong 1987 na nagsasaad na gamitin ang Filipino bilang opisyal na komunikasyon at wika ng pagtuturo sa sistema ng edukasyon. Naging matagumpay ang kolektibong pagsisikap ng Tanggol Wika sapagkat nagpalabas ng Temporary Restraining Order (TRO) ang Korte Suprema noong 2015 upang pansamantalang itigil ang pag-aalis ng Filipino sa kolehiyo. Ngunit nitong 2019, binawi ng Korte Suprema ang TRO at idineklarang konstitusyonal ang K- 12, at bahagi rin ng desisyong ito ang pagtatanggal ng TRO para sa asignaturang Filipino at Panitikan.

Isa ang Far Eastern University (FEU) sa maraming unibersidad na nagkaroon ng pagsubok sa mga isyung inilahad. Ang pagbabago sa kurikulum ay nagkaroon ng malaking impak sa mga mag-aaral, propesor, at kawani ng unibersidad. Sa kabila nito, nagresulta naman ang pagbabago sa paghahanda ng resolusyon ng mga administrator ng unibersidad. Layunin ng pag-aaral na ito na ilahad ang naging paghahanda ng FEU sa pagbabago ng kurikulum at gayundin sa pagsusuri sa implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino sa kolehiyo at silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan* na naipatupad na ang pagtuturo nang unang semestre ng Akademikong Taon 2019-2020 (FEU Institute of Arts and Sciences/FEUIAS-Tanggapan ng Larangan ng Filipino, 2019). Gamit sa pagsusuri ang metodong SWOT Analysis.

## Makabayang Kurikulum Tungo sa Makabayang Edukasyon

Sa pagbuo ng kurikulum mahalagang maunawaan ang papel ng wika bilang mabisang instrumento sa pagsusulong ng maka-Pilipinong edukasyon. Binigyang diin na

ito ng iba't ibang iskolar sa kanilang mga pag-aaral tungkol sa ugnayan ng wika, kultura at edukasyon para sa pambansang kaunlaran. Ang bahaging ito ay naglalaman ng ilang pag-aaral na nagsilbing batayan upang mailatag ang halaga ng asignaturang Filipino sa pagbuo ng isang kurikulum.

Nakaugat na sa kasaysayan ang naging papel ng mga mananakop sa edukasyon: Pagtuturo ng relihiyon ang naging tuon ng mga Espanyol samantalang wikang Ingles ang tinuntungan ng mga Amerikano. Sa pamamagitan ng kani-kanilang pamamaraan, naisakatuparan ng mga mananakop ang pagpayapa sa mga Pilipino. Gamit ang edukasyon at simbahan, nagawa ng mga mananakop na ipatanggap ang ideolohiya na naging sanhi ng krisis sa malakolonyal at malapyudal na kultura ng Pilipinas (Sison, 1998).

Hindi bago ang ideang ito. Sa kanyang nobelang *El Filibusterismo*, inilantad ni Jose Rizal ang suliraning ito sa bahaging nagkatagpo sa gubat sina Simoun at Basilio. Matapos ipaliwanag ni Basilio ang plano ng mga mag-aaral na isulong ang Akademya ng Wikang Kastila sa paniniwalang ito ang makapagbubuklod-buklod sa mga Pilipino, tumutol si Simoun na nagsabing hindi wikang Kastila ang tugon; malaya ang isang bayan na may sariling wika at ang wikang ito rin ang magsisilbing pag-iisip ng bayan. Ganito rin ang naging paliwanag ni Flores (2015) sa halaga ng wikang Tagalog ng Katipunan ni Andres Bonifacio. Tagalog ang nagsilbing wikang opisyal ng Katipunan at lumaganap ito sa iba't ibang bahagi ng bansa. Kaugnay nito, "(h)indi eksklusibo kundi inklusibo ang Tagalog...Bagamat hindi nagkaroon ng sapat na panahon ang mga rebolusyunaryo na isakatuparan ang pagkakaroon ng wikang pambansa, malinaw na may programa sila para roon at katanggap-tanggap sa kanila ang pagkakaroon ng wikang pambuklod" (San Juan, 2015).

Ganito rin ang naging suliranin ng bansa sa pagdating ng mga Amerikano nang isulong ng mga elitistang Pilipino ang Ingles sa paniniwalang ito ang mabisang wika sa pagtuturo. Ayon kay Lumbera (2007; p.5),

> (a)ng wikang Ingles bilang wikang panturo ang pinakamatibay na kawing, sa ating panahon, ng kadenang kolonyal na ibinilibid ng sistema ng edukasyon sa sambayanan. Ang wikang ito ang nagluklok sa elite na burukrata, politiko, edukador at intelektwal sa hanay ng naghaharing uri. Samakatwid, ang makinarya ng kapangyarihan sa lipunan ay hawak ng mga taong naniniwala na sa pamamagitan lamang ng Ingles magkakamit ang isang Pilipino ng 'tunay na edukasyon.' Sila na produkto ng naunang mga yugto ng prosesong pang-edukasyon na itinatag ng mga kolonyalistang Amerikano ay kumbinsido na narating nila ang kanilang kinatatayuan dahil nagdaan sila sa edukasyong Ingles ang wikang panturo.

Para naman kay Constantino (1970), ang ganitong nosyon ay maiuugnay sa mis-edukasyon ng mga Pilipino na nag-ugat sa pananakop ng mga Amerikano. Ang edukasyong ipinamana sa atin ay nagsilbing kopya mula sa mga Amerikano mula sa kultura, pananalita at higit sa lahat ay pag-iisip. Malinaw ang posisyon ni Constantino pagdating sa pagtingin sa edukasyong Amerikano na hanggang sa kasalukuyan ay bakas pa rin sa ating mga Pilipino. Ang pagkatuto ng panibagong wika ay nag-ugat sa pagkalimot sa sariling wika at ang pinakamatinding bunga nito ay pagsilang ng mga bagong Pilipino - Pilipinong-Amerikano na ang pag-iisip at pagkilos ay tulad ng kanluraning nagpamana ng kanilang uri ng edukasyon.

Ayon pa rin kay Constantino (2015), “ang edukasyon ang dapat lumikha ng mga Pilipinong naniniwala na sila, bilang indibiduwal o kolektibo, ay pantay sa ibang mga sambayanan. Ang paggamit ng sariling wika bilang instrumentong mapagpalaya at nagbibigay-kapangyarihan ay isang mahalagang hakbang tungo sa layuning makabansa.” Itinuturing niya na mapagpalaya ang wikang Filipino at ito ang wika ng tunay na Pilipino samantalang nililimitahan naman ng wikang Ingles ang kaalaman at kakayahan ng mga Pilipino na nabansot dahil naging sagabal ang wika ng dayuhan bilang panturo sa pagiging malikhain at mapanuri ng mga Pilipino.

Samantala, maituturing na isyu rin ang pagkakaisa ng mga Pilipino pagdating sa usapin ng wika na dapat gamitin sa edukasyon. Bagama't sa panahon pa lamang ng Kastila at Amerikano ay napatunayan na ang halaga ng sariling wika sa edukasyon tungo sa pambansang kaunlaran ay nakatali pa rin tayo sa kanluraning pagtingin sa edukasyon. Kaugnay nito, ipinaliwang ni Paz (1995) na ang tunay ng unipikasyon ng mga Pilipino sa pagkilos bilang isang bansa ay hindi pa gaanong nagaganap sa Pilipinas. Matitiyak lamang ang tunay na unipikasyon sa pamamagitan ng hangaring komon, at awtentik, pangunahin dito ay ang pantay-pantay na kariwasaan ng lahat. Maaaring maabot lamang ito kung pantay-pantay na ang oportunidad para sa lahat at ang pagpapasya ay mapasakamay ng karamiham. At mangyayari lamang ang demokratikong hangaring ito kung may sapat na edukasyon ang lahat o karamihan sa mga mamamayan.

Sa kabila ng nararanasang sitwasyon ng wika sa bansa ay mahalagang maunawaan ng nakararami ang saysay at ugnayan ng wika sa pagbibigay ng kapangyarihan sa mga Pilipino na makapagpahayag at makapaglingkod sa sariling bayan sa halip na magkaroon ng kanluraning mentalidad at maglingkod sa ibang bayan. Hindi problema ang Ingles bilang wikang gamit sa pakikipagkomunikasyon gaya ng negosyo o maging tulay upang maunawaan ang ibang lahi bagkus ay nararapat na baguhin ang pagiging Pilipinong-Amerikano natin, sa halip ay maging isang tunay na Pilipino. Maisasakatuparan lamang ito sa pamamagitan ng unipikasyon ng mga Pilipino sa pagsusulong ng makabayang edukasyon at pagpapanatili ng Filipino sa kurikulum sa


lahat ng antas ng edukasyon sapagkat ang edukasyong maka-Pilipino ang susi upang baguhin ang mis-edukasyon ng mga Pilipino. Samakatwid, mahalaga ang papel na gagampanan ng mga unibersidad at ng General Education (GE) sa prosesong ito.

### Proseso ng Paghahanda ng FEU sa Pagbuo ng Silabus sa Kolehiyo

Kaagad na hinarap ng administrasyon ng FEU ang hamong pagbabago sa kurikulum ng bansa sa pamamagitan ng pagbuo ng komite para sa mga kurso na magiging bahagi ng bagong kurikulum. Pumili ang administrasyon ng bawat akademikong yunit ng FEU ng mga fakulti na magsisilbing tagapanguna sa pagbuo ng kurikulum at silabus. Samantala, isinaalang-alang ng unibersidad sa isinagawang plano ang aspirasyon nitong maging isa sa nangungunang unibersidad sa kalidad ng pagtuturo at pananaliksik. Isinaalang-alang sa pagbuo ng mga silabus ang FEU Curriculum Mapping Framework (**Pigura 1**) na nakasentro sa pitong FEU Core Competencies at tatlong kasanayan na tinawag na learning (sumasaklaw sa mapanuring pag-iisip, pagkamalikhain, kolaborasyon, at komunikasyon), literacy (sumasaklaw sa literasing pang-impormasyon, literasing pangmidya, at literasi sa teknolohiya) at life skills (sumasaklaw sa inisyatiba, pleksibilidad, produktibidad, pakikisalamuha, at pamumuno).

**Pigura 1**

*Batayang Curriculum Framework ng FEU sa Pagbuo ng Silabus*




*Note.* Mula sa internal na dokumento ng Far Eastern University na inakda nina Culala & Magallona (n.d).

Sa usapin naman ng pagpapatupad ng siyam (9) na yunit ng Filipino, sinimulan ng FEU and pagpaplano nang maglabas ang Commission on Higher Education ng CMO No. 57 Series of 2017 na naglalaman ng polisiya sa pagpapatupad ng Filipino sa kolehiyo bilang bahagi ng kurikulum ng general education at ng kasunod na CMO No. 04 Series of 2018 o Policy on the Offering of Filipino and Panitikan Subjects in All Higher Education Programs as Part of the New General Education Curriculum.

Nagbigay ng mungkahi ang Tanggapan ng Larangan ng Filipino sa mga kursong maaaring ituro sa kolehiyo at gaya ng ibang silabus na nabuo ay dumaan din ito sa masusing ebalwasyon, Mula rito, napagdesisyunan na ang siyam (9) na yunit ng Filipino na ituturo ay ang *GED105 Wika, Kultura, at Lipunan*, *GED0108 Retorika at Panitikan ng Pilipinas* at *GED0115 Pag-aaral sa Wika at Kulturang Rehiyonal*. Batay sa nasabing pulong, ang mga kursong nabanggit ay ituturo sa lahat ng mag-aaral sa unibersidad. Hindi nilimitahan ang siyam (9) na yunit ng Filipino para sa mga ng mag-aaral ng Humanties, Social Sciences, at Communication lamang.

Sa kabila ng hamong pinagdaanan ng Filipino sa kolehiyo, nagpatuloy ang suporta sa administrasyon sa pagpapanatili ng Tanggapan ng Larangan ng Filipino. Bukod dito, nagkaroon din ng espasyo ang mga guro sa Filipino at Philippine Studies na magturo ng asignaturang general education na hindi lamang nakalimita sa siyam (9) na yunit ng Filipino subalit gayundin sa interes at kakayahan nitong ituro. Ngunit ang mga guro ay kailangang dumalo sa retooling at DLECCT- Student Centered Learning (Digital Literacy, Effective Communication at Critical Thinking.)

## SWOT Analysis bilang Batayan ng Pagsusuri sa Pag-aaral

Ang SWOT Analysis ay metodong ginagamit upang masuri ang Strength (Kalakasan), Weaknesses (Kahinaan), Opportunities (Oportunidad), at Threats (Banta) na nakapaloob sa isang proyekto, organisasyon o negosyo. Sinimulan itong gamitin ni Albert Humphrey sa kanyang pananaliksik sa Stanford University noong 1960's at 1970's para sa layuning tukuyin ang dahilan ng pagbasak ng isang corporate planning. (Morrison, 2016)

Samantala, sa mas mataas na antas ng edukasyon, ang SWOT ay kadalasang ginagamit sa mga kurikulum ng pag-aaral ng negosyo o estratehiya sa mga nagsasanay na kurso (Sarsby, 2016). Samantala, makikita sa **Talahanayan 1** ang naging representasyon nina Leiber, Stensaker, & Harvey (2018) sa komprehensibong pagpapaliwanag ng gamit ng SWOT Analysis.

**Talahanayan 1**

*Simpleng Representasyon ng SWOT Analysis*

| | **Makakatulong sa Pag-abot ng Layunin** | **Makakasama sa Pag-abot ng Layunin** |
|---|---|---|
| **Panloob sa Proseso o Estruktura** | **Kalakasan**<br>Mga Katangiang Makakatulong sa Pag-abot ng Layunin | **Kahinaan**<br>Mga Katangiang Makakasama sa Pag-abot ng Layunin |
| **Panlabas sa Proseso o Estruktura** | **Oportunidad**<br>Panlabas na Kondisyon na Maaaring Makatulong sa Pag-abot ng Layunin | **Banta**<br>Panlabas na Kondisyon na Maaaring Makasira ng Layunin |

*Note.* Buod ng representasyong ipinaliwanag nina Leiber, Stensaker, & Harvey (2018).

Ang Kalakasan at Kahinaan ay nakabatay sa panloob na proseso o estruktura ng isang institusyon na makakatulong sa pag-abot na layunin samantalang ang Oportunidad at Banta naman ay mga panlabas na salik na maaaring makaapekto o makasira sa layunin. Gamit ang representasyong ito, ilalatag ang mga salik na nakaapekto sa kalakasan, kahinaan, oportunidad at banta ng implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino at ng silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan* ng Far Eastern University. Sa pamamagitan nito, mapapaunlad ang paraan ng pagtuturo at makapagpapatibay sa pagpapanatili ng pagtuturo ng Filipino sa unibersidad.

## Pagsusuri sa Implementasyon ng Siyam (9) na Yunit na Filipino Gamit ang SWOT Analysis

Sa implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino, malinaw ang posisyon ng administrasyon sa pagsuporta sa pagpapanatili nito sa kurikulum. Upang mas mapalakas ang pagpapatupad nito, mahalagang suriin ito gamit ang SWOT Analysis. Ang buod ng pagsusuri ay masisipat sa **Talahanayan 2** at pagkatapos nito ay idinedetalye ang bawat elemento**.**

**Talahanayan 2**

*Pagsusuri sa Implementasyon ng Siyam (9) na Yunit ng Filipino Gamit ang SWOT Analysis*

| | Makakatulong sa Pag-abot ng Layunin | Makakasama sa Pag-abot ng Layunin |
|---|---|---|
| **Panloob sa Proseso o Estruktura** | **Kalakasan**<br>• Makapagpapatuloy pa rin sa pagtuturo ng Filipino ang guro ng FEU<br>• Suportado ng Administrasyon<br>• Pagpapanatili ng Tanggapan ng Larangan ng Filipino at patuloy na suporta sa mga plano nito | **Kahinaan**<br>• Seleksyon ng kurso para sa siyam (9) na yunit ng Filipino |
| **Panlabas sa Proseso o Estruktura** | **Oportunidad**<br>• Maaaring paunlarin at irebisa ang kurikulum<br>• Bentahe para sa mga student exchange program<br>• Mapaunlad ang kasanayan ng mga guro sa Filipino | **Banta**<br>• Bawasan ang siyam (9) na yunit ng Filipino<br>• Alisin ang Filipino sa hinaharap |

*Note.* Mula sa sariling pagsusuri ng may-akda.

## Kalakasan ng Implementasyon ng Siyam (9) na Yunit ng Filipino Gamit ang SWOT Analysis


Pangunahing kalakasan ng implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino ang makapagpapatuloy ang guro sa Filipino ng FEU na makapagturo at makapagbahagi ng kaalaman sa mga mag-aaral sa kahalagahan ng pagsusulong ng pagtuturo ng Filipino sa lipunan. Kalakasan din ang suporta at pagpapahalaga ng administrasyon ng FEU sa kanilang mga guro. Pinagtibay pa ito nang panatilihin ng FEU ang Tanggapan ng Larangan ng Filipino; sa ibang mga unibersidad, nilusaw ang mga departamento ng Filipino. Tuloy-tuloy rin ang suporta sa mga proyekto ng Tanggapan ng Larangan ng Filipino mula sa pagsasagawa ng mga kumperensiya at mga proyekto sa loob ng unibersidad, tulad ng mga gawain kapag Buwan ng Wika.

Isa sa mga epekto ng pag-alis ng Filipino sa kolehiyo ay ang pagkawala ng trabaho ng mga guro sa Filipino. Sa panayam ng ABS-CBN News (2018) kay San Juan, nagbabala siya na aabot sa 10,000 guro ng Filipino at Panitikan ang posibleng mawalan ng trabaho dahil sa desisyon ng Korte Suprema. Positibo mang maituturing ang suporta ng administrasyon sa guro ng mga Filipino sa FEU, maliit pa rin itong hakbang para sa pagpapanatili ng wikang Filipino sa kolehiyo. Sa katunayan, maraming unibersidad sa bansa ang nagpasyang hindi isama ang Filipino sa kanilang mga kurikulum. Sa datos mismo ng CHED (tingnan ang **Pigura 2 at 3**) na kinalap sa pamamagitan ng Freedom of

Information (FOI) request #CHED-656084174248 (Freedom of Information Philippines, 2020), makikita ang malawak na epekto ng CMO No. 20, Series of 2013 sa trabaho ng mga guro ng Filipino sa antas tersyarya. Bagamat hindi pa kompleto ang panimulang datos na ito (ayon mismo sa nakapaloob na kalatas ng CHED sa nasabing FOI request ang response rate sa buong bansa ay 52.74% lamang o 1,261 sa 2,391 nakatalang kolehiyo at unibersidad), makikita na rin dito ang impak ng K to 12 sa isang grupo pa lamang ng mga guro.

**Pigura 2**


*Panimulang Datos sa Bilang ng Naiulat na Guro ng Filipino at Panitikan na Natanggal (Displaced) sa Bawat Rehiyon, Bunsod ng CMO No. 20, Series of 2013*




*Note.* Mula sa FOI request (#CHED-656084174248) na inihain ni San Juan para sa Tanggol Wika (Freedom of Information Philippines, 2020).

**Pigura 3**

*Panimulang Datos sa Uri ng Pagtatanggal o Displacement ng Mga Guro ng Filipino at Panitikan, Bunsod ng CMO No. 20, Series of 2013*




*Note.* Mula sa FOI request (#CHED-656084174248) na inihain ni San Juan para sa Tanggol Wika (Freedom of Information Philippines, 2020).

### Kahinaan ng Implementasyon ng Siyam (9) na Yunit ng Filipino Gamit ang SWOT Analysis

Maituturing namang kahinaan ang seleksyon ng pagpili ng kurso para sa siyam (9) na yunit ng Filipino partikular sa asignaturang *Retorika at Panitikan* at asignaturang *Pag-aaral sa Wika at Kulturang Rehiyonal*. Magkaibang asignatura ang Retorika at Panitikan at mas makakabuti kung ituturo nang bukod. Kaugnay nito, sinabi ni Lumbera (2016), na kailangang igiit sa mga paaralan na ang pagtuturo ng panitikan ay pagpapatanaw sa mga kabataan sa ugnayan ng tao sa kapwa tao at sa ugnayan ng indibidwal at ng lipunan. Ang layunin ng panitikan ay higit pa sa pagpapatalas ng kasanayan sa paggamit ng wika sapagkat ang araling panitikan ay araling pantao, araling nagpapalalim sa pag-arok sa katauhan ng mga indibidwal at sa ginagalawang papel ng mga ito sa lipunan. Sa ganitong diwa, malawak at malalim ang eryang kailangang masaklaw ng mismong pagtalakay panitikan pa lamang, kaya't magiging napakahirap ng anumang pagtatangkang isiksik pa ang retorika kasama nito sa iisang asignatura lamang.

Para naman sa *Pag-aaral sa Wika at Kulturang Rehiyonal*, higit na makatutulong ang sabay na pagsusulong ng wikang Filipino at ng iba pang wika sa bansa, sa halip na pagtuturo lamang ng rehiyonal na wika na maaaring maakaapekto sa isyu ng pagkakahati ng iba't ibang wika sa bansa. Pinatunayan ito ng mga rehiyonalista at mga Inglesero na ginagamit ang isyu ng "Imperial Manila" upang ipagtanggol ang nanganganib na pagkamatay ng ibang wikang katutubo laban sa pagapalaganap ng Filipino. Sila rin ang umaasa na ibalik sa Ingles ang wika ng edukasyon (Almario, 2014).

Ang ganitong pagtatangkang lumikha ng mga bagong asignatura ay bunsod na ng hindi pagbibigay ng CHED ng mungkahing asignatura at silabus sa kolehiyo. Matatandaang naglabas ang CHED ng magkaibang CMO sa magkasunod na taon na nagsasabing kailangang isama ang Filipino at Panitikan sa kurikulum bilang reaksyon sa TRO ng Korte Suprema (noong 2015) sa CMO No. 20, Series of 2013. Nagkaroon din ng impak sa aspektong ito ang pag-aalis naman sa TRO, halos limang taon pagkatapos, na lubhang nakaapekto sa proseso ng paghahanda ng silabus ng FEU. Anu't anuman, sa antas pambansa, mabuti at naglabas ng 5 bagong padrong silabus sa Filipino at Panitikan ang Tanggol Wika (Geronimo, Sicat-De Laza, & San Juan, 2017), na nakatulong kahit paano sa inisyal na benchmarking at/o pagdebelop ng silabus ng marami-raming unibersidad.

**Oportunidad sa Implementasyon ng Siyam (9) na Yunit ng Filipino Gamit ang SWOT Analysis**

Ang kurikulum at silabus na binubuo sa kolehiyo ay patuloy na pinagyayaman kung kaya't ang implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino sa FEU ay maaari pang paunlarin at irebisa batay sa komprehensibong pananaliksik na higit na makakatulong sa pagsusulong ng makabayang edukasyon. Oportunidad ding maututuring ang pagtatanong at paghingi ng suhestiyon sa mga eksperto sa loob at labas ng unibersidad upang mapagyaman ang nilalaman ng mga kurikulum.

Pagkakataon din para sa FEU ang pagpapanatili ng Filipino lalo't pinalalakas nito ang mga panlabas na ugnayan sa labas ng bansa partikular sa mga exchange student program. Paliwanag ni San Juan (2013b), nararapat na pagtibayin ng mga Pilipino ang sariling wika, kultura, at identidad upang makapag-ambag ang mga ito sa proyekto ng rehiyonal na integrasyong sosyo-kultural sa panahon ng napipintong ASEAN Integration.

Para naman sa mga guro, pagkakaton din itong paunlarin ang kasanayan sa pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga seminar at programa ng iba't ibang organisasyong pangwika sa bansa. Maaari ring kumuha ng doktorado sa mga nangungunang unibersidad sa bansa. Sa pamamagitan nito, mas mapapalakas ang paraan ng pagtuturo ng Filipino at mapalalakas ang paninindigan sa saysay ng Filipino at pananatili nito sa kolehiyo.

**Banta ng Implementasyon ng Siyam (9) na Yunit ng Filipino Gamit ang SWOT Analysis**

Ang isa sa bantang maaaring mangyari sa hinaharap ay posibleng bawasan ang yunit ng Filipino kung magkaroon ng implementasyon sa pagbabago ng kurikulum. Samantala, banta ring maituturing na tuluyan nang mabura ang Filipino sa unibersidad kung magbago ang administrasyon at magkaroon ng pagbabago sa implementasyon ng CHED sa mga unibersidad. Kaya itinulak at sinuportahan ng Tanggol Wika ang paghahain ng ACT Teachers Partylist sa House Bill 223 upang maibalik ang siyam (9) na yunit ng asignaturang Filipino at tatlong (3) yunit na asignaturang Panitikan sa kurikulum ng kolehiyo. Sa pamamagitan ng patuloy na lobbying ng Tanggol Wika, noong Oktubre 2020, sa kasagsagan ng unang taon ng pandemya, inihain naman ni Sen. Francis Pangilinan ang Senate Bill 1838 na may gayon ding layunin. Bagamat positibo sa pangkalahatan ang epekto ng mga panukalang batas na ito (halimbawa'y maaaring maimpluwensyahan ang ilang unibersidad na muli nang gawing mandatori ang Filipino at/o Panitikan bilang antisipasyon sa posibleng pagsasabatas ng mga nasabing bill), dapat pa ring patuloy na bantayan at protektahan ng mga guro sa Filipino sa FEU ang

mga espasyo ng Filipino at Panitikan sa kanilang unibersidad, upang hindi tuluyang mawala.

## Pagsusuri sa Silabus na *Wika, Kultura, at Lipunan* Gamit ang SWOT Analysis

Sa bahaging ito, ilalahad ang pagsusuri sa ginawang silabus ng FEU para sa *Wika, Kultura, at Lipunan* (nakabuod sa **Talahanayan 3**). Limitasyon lamang ng pagsusuri ang nilalaman ng silabus. Ang nasabing silabus ay naipatupad na noong unang semestre ng Akademikong Taon 2019-2020.

**Talahanayan 3**

*Pagsusuri sa Silabus ng* Wika, Kultura, at Lipunan *Gamit ang SWOT Analysis*

| | **Makakatulong sa Pag-abot ng Layunin** | **Makakasama sa Pag-abot ng Layunin** |
|---|---|---|
| **Panloob sa Proseso o Estruktura** | **Kalakasan**<br>• Deskripsyon ng Kurso<br>• Paggamit ng inter/multidisiplinaryong dulog sa paksa at pagpili ng mga artikulong ng mga iskolar na nagsusulat sa Filipino<br>• Napapanahon ang paksa at may komprehensibong mungkahing gawain at pagtatasa | **Kahinaan**<br>• Hindi sinimulan ang silabus sa kasalukuyang kalagayan ng wika sa bansa<br>• Magdagdag ng mungkahing babasahin sa silabus |
| **Panlabas sa Proseso o Estruktura** | **Oportunidad**<br>• Maaaring paunlarin ang kurikulum<br>• Mungkahi ring magkaroon ng hiwalay na kurso sa Pagsasalin | **Banta**<br>• Hindi angkop ang haba ng artikulo sa kakayahan ng mga mag-aaral<br>• Walang pundasyon sa Filipino ang mga lilipat na mag-aaral sa FEU |

*Note.* Mula sa sariling pagsusuri ng may-akda.

## Kalakasan ng Silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan*

Ang unang kalakasan ng silabus ay makikita sa deskripsyon ng kurso. Malinaw ang layunin nitong malinang ang mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral sa pakikipagdiskurso gamit ang wikang Filipino. Samantala, tiyak din na inilahad sa silabus na inaasahang makasulat ang mga mag-aaral ng kritikal o mapanuring sanaysay sa dulo ng kurso sa pamamagitan ng pagdalumat sa relasyon ng wika sa kultura at lipunang Pilipino. Ang kasanayan sa epektibong komunikasyon at mapanuring pag-iisip at pagiging responsableng mamamayan ay sang-ayon din sa curriculum mapping framework ng FEU.

Bukod dito, kalakasan ding maituturing ang inter/multidisiplinaryong dulog na ginamit sa paglalatag ng mga paksa sa silabus. Kaunay nito, paliwanag ni Guillermo (2016), sa pamamagitan ng interdisiplinaryong dulog, pinagbibigkis ng Araling Pilipino ang pagpapahalaga sa pag-aaral ng mga wika, panitikan, araling sining at kultura (bilang batayan ng pagpasok sa disiplina), at ang mga konsepto, teorya, metodo, at mga paksa ng agham pampulitika, sosyolohiya, sikolohiya, lingguwistiks, antropolohiya, ekonomiks, at kasaysayan.

Hinati ang silabus sa pitong paksa: (1) Ugnayan ng Wika, Politika at Ekonomiya; (2) Wika, Nasyonalismo at Globalisasyon; (3) Wika at Edukasyon; (4) Wika, Kasarian at Sekswalidad; (5) Wika at Kulturang Popular; (6) Wika, Convergent Media at Teknolohiya; at (7) Wika at Intelekwalisasyon: Pagsasalin sa Wikang Filipino. Sa mga paksang ito, ginamit ang mga artikulong isinulat ng ilang iskolar gaya nina Gonzalez (2009), Almario (1998), Timbreza (1987), Quito (1987), Demeterio (2017), Concepcion (2012), Tolentino & Santos (2014), Gonzales (2016), Constantino (2015), at Sevilla (2003). Bukod sa napapanahon ang mga paksa ay ipinakita rin sa kabuuan ng silabus ang komprehensibong mungkahing metodolohiya o paraan ng pagtalakay sa klasrum gayundin ang mungkahing pagtatasa na makatutulong sa mga gagamit ng silabus.

### Kahinaan ng Silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan*

Dumaan man sa proseso ng presentasyon at pagkritik mula sa iba't ibang propesor ng FEU ang silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan*, hindi pa rin maiaalis na may kahinaan ito na magsisilbing oportunidad upang ito'y palakasin pa. Sa listahan ng mga babasahin sa silabus, maituturing na kahinaan ang hindi pagsisimula sa kasalukuyang kalagayan ng wikang Filipino sa bansa. Makabubuti na gamiting lunsaran ng mga paksa ang isyu ng kalagayan ng wikang Filipino upang maunawaan ng mga mag-aaral ang saysay ng kurso sa kanilang lipunan sapagkat kung kontra sa mga mamamayan ang pag-aalis ng Filipino sa kolehiyo, tungkulin ng mga mag-aaral na maging responsable sa usaping ito dahil bahagi ng core competencies ng FEU na unawain at tulungan ang pangangailangan ng mga marhinalisado.

Bukod dito, maaaring magdagdag ng iba pang mungkahing babasahin at mga paksa sa silabus upang mas maging malawak ang kaalaman ng mga mag-aaral. Maaaring ipabasa ang ang sanaysay ni Lumbera (2007) na "Edukasyong Kolonyal: Sanhi at Bunga ng Mahabang Pagkaalipin" na nasa aklat na *Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines*, o ang artikulong "Guro, Paaralan, at Bayan: Makabayang Pagsusuri sa Kasalukuyang Kurikulum ng Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas" (San Juan, 2017). Mainam ding gamiting materyal ang mga posisyong papel at mga post sa opisyal na website ng Tanggol Wika (www.tanggolwika.org). Mahalagang

mamulat din ang mga mag-aaral sa usapin ng neoliberalismo at maunawaan ang klase at kalidad ng edukasyong mayroon ang bansa, bilang panimulang hakbang sa mahabang proseso ng paghuhubog ng mga estudyante at mamamayang may malasakit sa kanilang bayan at kapwa mamamayan.

### Oportunidad ng Silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan*

Malinaw na higit pa sa pagbuo ng silabus ang layunin ng *Wika, Kultura, at Lipunan* subalit nais din nitong makapag-ambag sa makabayang edukasyon kung kaya naman maituturing na malaking oportunidad din na paunlarin ang nilalaman ng silabus sa pamamagitan ng pagrerebyu kada semestre o kada taon ng kabuuang nilalaman at kaangkupan ng mga artikulo batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral at kung nagkaroon ba ito ng impak sa pagiging makabayan ng mga mag-aaral. Maaari pang magdagdag ng paksa sa pagsasalin o mungkahing magkaroon ng magkahiwalay na asignatura dito. Hindi sapat ang dalawang linggo upang maunawaan ng mga mag-aaral ang papel ng pagsasalin sa intelekwalisasyon ng wikang Filipino sapagkat kailangang ipalaganap ang paggamit ng wika hindi lamang sa larangan ng edukasyon subalit gayundin sa mga propesyon gaya ng medisina, batas, negosyo, siyensya at teknolohiya at iba pa, lalo pa't hindi pa gaanong ginagamit ang Filipino sa mga gayong domeyn. Paliwanag ni Almario (2003; vi), "malaki ang tungkulin ng salin sa pagbuo ng pambansang kamalayan at sa pag-agapay ng bansa sa makabagong takbo ng buhay ng daigdig."

### Banta ng Silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan*

Hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng banta sa pagbuo ng silabus na maaaring sumira sa layunin nito. Batay sa isinagawang pagsusuri, maaaring may mga bagong paksa o isyu na maidaragdag o maipapalit sa mga babasahin o mungkahing gawain at pagtatasang nakapaloob sa silabus.

Banta ring maituturing ang haba at bigat ng mga babasahin; dapat lamang na iangkop ang mga babasahin sa kakayahan ng mga mag-aaral sapagkat sila ay nagmula sa iba't ibang paaralan at may magkakaibang pundasyon o kaalaman bago pumasok sa FEU. Kung hindi naging matibay ang kasanayan sa wika ay tiyak na makakaapekto ito sa pagkatuto sa kurso. Ganito rin ang maaaring kahinatnan ng mga mag-aaral na lilipat sa FEU na walang pundasyon sa Filipino dahil sa hindi pagpapatupad ng paggamit nito sa pinagmulang unibersidad.

## Kongklusyon

Maituturing na positibo ang naging tugon ng Far Eastern University sa hamon ng pagbabago ng K to 12. Batay sa naratibong inilahad, makikita ang naging kahandaan ng unibersidad sa pagbabago ng kurikulum at gayundin sa implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino. Samantala, sa kabila ng paghahandang ito, nakita ang mga salik na maaaring makaapekto sa layunin nitong panatilihin ang pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo. Sa pamamagitan ng SWOT Analysis, nasuri ang mga kalakasan, kahinaan, oportunidad at banta sa paraan ng implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino at sa silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan.* Ang resulta ng pagsusuri ay magagamit na batayan upang mas mapaunlad ang silabus at paraan ng pagtuturo ng Filipino sa unibersidad.

Sa kabilang banda, maituturing na nagkaroon ng panibagong bihis ang pagdulog ng FEU sa implementasyon ng siyam (9) na yunit ng Filipino at sa pagbuo ng silabus para sa *Wika, Kultura, at Lipunan*. Malayo man sa utopia ang naging proseso ng paghahanda ng unibersidad sa usaping ito, maituturing naman na progresibo at hakbang na pasulong ang pagtingin ng FEU sa halaga at espasyo ng Filipino sa ating bayan na maaaring magsilbing modelo sa iba pang mga unibersidad. Sa panahong tinatanggal ang wikang Filipino sa kolehiyo, napakahalagang ambag ang inisyatiba ng FEU sa pagsusulong at pagpapanatili ng pagtuturo ng Filipino.

## Mga Sanggunian:


ABS-CBN News. (2018, Nobyembre 12). Pagtatanggal sa Filipino, Panitikan sa Kolehiyo Iaapela. https://news.abs-cbn.com/news/11/12/18/pagtanggal-sa-filipino-panitikan-sa-kolehiyo-iaapela

Alliance of Concerned Teachers. (2012, Hunyo). K to 12 ni Pnoy: Makadayuhan, walang kalidad, dagdag pahirap—IBASURA!. https://aklatangtibak.files.wordpress.com/2013/07/k-to-12-ni-pnoy-makadayuhan-walang-kalidad-dagdag-pahirap-ibasura.pdf

Almario, V.S. (2014). Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Pambansa. Komisyon sa Wikang Filipino.

____________. (2003). *Patnubay sa Pagsasalin*. Anvil Publishing Inc.

____________. (1998). Si Rizal at Wika ng Kalayaan. *MALAY 15* (1), 66–70. https://ejournals.ph/article.php?id=10555

Concepcion, G. P. (2012). Ang Umuusbong na Wika ng Kabataang Filipino sa Paglalaro ng DoTA. Sa: J. M. Peregrino, P. C. Constantino, N. S. Ocampo, & J. D. Petras (Eds.), *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino* (pp. 176–298). UP Sentro ng Wikang Filipino.

Constantino, R. (2015). Intelektwalismo at Wika. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino (1),* 8–12. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4939

____________. (1970). The Mis-Education of the Filipino. *Journal of Contemporary Asia (1)*, 20–36. https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/00472337085390031

Culala, H.J. & Magallona, B. (n.d). FEU Curriculum Mapping Framework. Internal FEU document (unpublished).

Demeterio, F.P.A., Pamittan, Jr. G., Amante, V. & Amando, C. (2017). Kaloka, Keri, Bongga: Pakahulugan at Pahiwatig ng Gay Language sa mga Piling Pelikula ni Vice Ganda. *Plaridel 14* (1), 95–124. http://www.plarideljournal.org/wp-content/uploads/2017/06/2017-01-Demeterio.pdf

FEU Institute of Arts and Sciences/FEUIAS-Tanggapan ng Larangan ng Filipino. (2019). Silabus sa GED0105 Wika, Kultura, at Lipunan. Internal FEU document (unpublished).

Flores, M. L. (2015). Nahuhuli at Panimulang Pagtatangka: Ang Pilosopiya ng Wikang Pambansa/Filipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Wikang Filipino (2)*, 10–39. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4500/4063

Freedom of Information Philippines (2020). FOI Request #CHED-656084174248. https://foimc1s2019-dot-efoi-ph.appspot.com/requests/aglzfmVmb2ktcGhyHgsSB0NvbnRlbnQiEUNIRUQtNjU2MDg0MTc0MjQ4DA

Geronimo, J.V., Sicat-De Laza, C., & San Juan, D.M.M. (2017, November). LIMANG (5) BAGONG SILABUS SA PANITIKAN AT FILIPINO SA KOLEHIYO. *Researchgate.* https://www.researchgate.net/publication/321097303_LIMANG_5_BAGONG_SILABUS_SA_PANITIKAN_AT_FILIPINO_SA_KOLEHIYO

Gonzales, V. (2016). #ingrata at si Mary Jane Veloso: Mga Bakas ng Trolling sa Spreadable Media. *Daluyan: Journal sa Wikang Filipino 22* (1-2), 181–204. https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/5747/5144

Gonzalez, A. (2009). Ang Kahalagahan ng Wikang Pambansa sa Pagbubuo ng Kakanyahang Pilipino. *MALAY 22* (1), 1–5. http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7949

Guillermo, R. (2016). Sariling Atin: Ang Nagsasariling Komunidad na Pangkomunikasyon sa Disiplinang Araling Pilipino. *Social Science Diliman 12* (1), 29–47. https://journals.upd.edu.ph/index.php/socialsciencediliman/article/view/5231/4701

Lumbera, B. (2007). Edukasyong Kolonyal: Sanhi at Bunga ng Mahabang Pagkaalipin. Sa: B. L. Lumbera, R. Guillermo, & A. Alamon (Eds.), *Mula Torre Patunong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines* (pp. 1–7). IBON Philippines.

__________. (2016). *Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik*. University of the Philippines Press.

Morrison, M. (2016, April 20). SWOT Analysis (TOWS Matrix) Made Simple. *RapidBI.* https://rapidbi.com/swotanalysis/

Paz, C. J. (1995). *Ang Wikang Filipino: Atin ito*. Sentro ng Wikang Filipino.

Quito, E. S.. (1987). Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa At Edukasyon. *MALAY 6* (2), 135–148. http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7737

San Juan, D. M. M. (2013a). Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon: Ideolohikal na Kritik ng Programang K to 12 ng Pilipinas. *MALAY 26* (1), 96–120. https://ejournals.ph/article.php?id=8048

_________________. (2013b). A Luta Continua! Ang Kasalukuyang Pakikibaka Para sa Pagkakaroon ng Asignaturang Filipino sa Kolehiyo. *Diliman Review 60* (1-4), 44–60. https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/dilimanreview/article/view/4861/4388

_________________. (2015). Kapit sa Patalim, Liwanag sa Dilim: Ang Wika at Panitikang Filipino sa Kurikulum ng Kolehiyo (1996-2014). *HASAAN Journal 2,* 19–49. https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo-II-2015-33-64.pdf

_________________. (2016). Neoliberal Restructuring of Education in the Philippines: Dependency, Labor, Privatization, Critical Pedagogy, and the K to 12 System. *Asia-Pacific Social Science Review (16)* 1, 80–110. http://apssr.com/volume-16-no-1/neoliberal-restructuring-of-education-in-the-philippines-dependency-labor-privatization-critical-pedagogy-and-the-k-to-12-system/

_________________. (2017). Guro, Paaralan, at Bayan: Makabayang Pagsusuri sa Kasalukuyang Kurikulum ng Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas. *Kawíng (1)* 2, 10–34. https://psllf.org/kawing-1-2/

Sarsby, A. (2016). *A Guide to SWOT Analysis for Business Studies Students*. Spectaris Ltd.

Sevilla F. (2003). Pagsasalin sa Larangan ng Kemistri. Sa: G. S. Zafra (Ed.), *Salin-Suri Panimulang Pangmapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas: Ikatlong Sourcebook ng SANGFIL* (pp. 217- 220). Sentro ng Wikang Filipino-Diliman.

Sison, J. M. (1998). Krisis at Rebolusyong Pilipino. https://anakbayanupmanila.files.wordpress.com/2013/09/krisis-at-rebolusyong-pilipino.pdf

Timbreza, F. T. (1987). Mga Suliranin at Iba pang mga Balakid Sa Paggamit ng Filipino Sa Pagtuturo. *MALAY 6* (1), 48–53. http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7717

Tolentino, R. B. & Santos, J. M.C. (2014). *Media at Lipunan*. University of the Philippines Press.

Official Gazette. (n.d.). What is K to 12 Program?. https://www.officialgazette.gov.ph/k-12/#:~:text=The%20K%20to%2012%20Program,prepare%20graduates%20for%20tertiary%20education%2C

**Tungkol sa May-akda:**

**JUANITO N. ANOT, JR.**
Nagtapos ng Master of Arts in Philippine Studies (Language, Culture, Media) sa De La Salle University - Manila at kasalukuyang kinukuha niya ang PhD in Philippine Studies (Language, Culture, Media) sa kaparehong pamantasan. Nagsilbing Elementary Coordinator sa Ann Arbor Montessori Learning Center at Subject Coordinator naman ng Filipino sa Al Dura (Gems) International School, Jeddah Saudi Arabia. Board Member ng Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS), at kasalukuyang Department Chair ng Department of Interdisciplinary Studies sa Far Eastern University-Manila.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 94-106 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# *Dimas Ayaran*: Paghingi ng Exkyus sa Husga ng Kasaysayan, Isang Rebyu[1]

**Abet Umil**
Polytechnic University of the Philippines
abetumil@gmail.com

~~~

May binabaybay na tradisyon ng teatro ang *Dimas Ayaran*, isang historikal na dulang musikal, batay sa talambuhay ni Dr. Pio Valenzuela, kasapi ng Katipunan, naghimagsik laban sa kolonyalismo ng Spain noong 1896, at imperyalismong US, 1899. Halaw sa kanyang kabayanihan ang pangalan ng isang lungsod sa hilaga ng Metro Manila (De Guzman, 2018; Valenzuela, 2009). Ang *Dimas Ayaran* ay nagpapakita ng katuturang panlipunan. Inaasahan ng produksyon na magiging instructional material ang 20 minutong bidyo ukol sa pagpapalaganap ng kamalayan sa karapatang pantao (LAPIS, 2020). Pakay na manonood nito ang kabataang Pilipino (Granada, 2020). Pareho ring sektor ng manonood na lantad sa dinamismo ng mga protesta, dismaya ng mamamayan at double standard ng administrasyong Duterte. Ang mga pangyayari na lalong nagpapatingkad sa paglabag sa karapatang pantao sa gitna ng pandemya ay halata sa pagkakait ng prangkisa sa ABS CBN (ABS-CBN News, 2020) upang makapagbrodkast

---

[1]Rebyu ng dulang musikal na *Dimas Ayaran* na nilikha ni Gary Granada, at ko-produksyon ng Commission on Human Rights (CHR) at Pocketplay Philippines.

Mga tagapagtanghal:
Gary Granada – tagasalaysay
Ebe Dancel – boses ni Dr. Pio Valenzuela
Bodjie Pascua – boses ni Matandang Pio
Dong Abay – boses ni Andres Bonifacio
Pepe Herrera - boses ni Emilio Jacinto
Noel Cabangon – boses ni Jose Rizal
Faye Yupano – boses ni Josephine Bracken
Agat Morallos – boses ni Angelica Lopez
Janiyah Tan at Agel Morallos – boses ng mga bata
Bayang Barrios – boses ni Gregoria "Oryang" De Jesus
Lolita Carbon – boses ni Melchora "Tandang Sora" Aquino
Cooky Chua – boses ni Marina Dizon
Bobby Balingit – boses ni Pantaleon Torres
Loonie at Tribu – mga rapper
Ja Quintana – boses ni Trinidad Teczon
Peter Bacatan – boses ni Raymundo Mata
Mel Villena – Musical Director
Melvin Morallos – direktor ng korál
AMP Band – orkestra
~~~

nang panibago; pag-aresto kay Ronnel Mas (Pabico-Lalu, 2020); pagkunsinti kina Major General Debold Sinas (CNN Philippines Staff, 2020), Senador Koko Pimentel (Miralles, 2020), atbp. Tuloy rin ang "sapilitang pagkawala" o enforced disappearances (Marcelo, 2020) at pagpatay sa mga kritiko ng administrasyon (Buan, 2020) sa mga rehiyon ng bansa.

Isa sa mga pinakahuling balita ng pag-aresto ang kinumpirma sa midya ni Police Brig. Gen. Rolly Miranda, hepe, Manila Police District. May 20 miyembro ng komunidad ng LGBTQ+ mula sa mga grupong Bahaghari, Gabriela at Children's Rehabilitation Center ang dinakip at dinala sa presinto (Perez-Rubio, 2020). Wala raw kasing permit ang mga nagrali. May nilabag pang alituntuning pangkuwarentina. Ngunit hindi masagot ng heneral ang tanong ng mga mamamahayag kung aling partikular na probisyon ng batas ang ofensa. Nilinaw ni Rep. Sarah Elago, Kabataan Party List, hindi suspendido ang karapatan sa mapayapang pagtitipon habang nahaharap sa emergency ang publikong kalusugan. Sumususog ito sa nauna nang posisyon ng Commission on Human Rights (CHR), hindi maaaring supilin ang aktibismo (Perez-Rubio, 2020) kahit nakakuwarentina ang mga komunidad sanhi ng COVID-19. Sinusunod ng mga progresibo ang physical distancing at protokol pangkalusugan (Rappler, 2020) bagaman nagpoprotesta. Isa sa mga isyung tinututulan ng grupo ang "Anti-Terror Act of 2020," noong panukala pa lamang. Agad pinirmahan ito ni Pres. Rodrigo Duterte noong Hulyo 3, 2020. Ipinapalagay ng mga kritiko ng rehimen na dadami ang mga kaso ng pandarahas o paglabag sa karapatang pantao ng mga progresibo.

Dito sa sitwasyong ito pumapasok ang kahalagahan ng dulang *Dimas Ayaran*. Ipinost ito sa Facebook page ng LAPIS (2020) at sa page ng CLTV 36 Network (2020). Ayon sa hapit ng pagkakatirintas ng estetika, mensahe at katuturan, nais hanapin ng artikulong ito ang sagot sa urirat, kung anong mga dalumat o konseptong dulang musikal at kamalayang panlipunan ang isinangkap sa produksyon. Isasagawa ang pakay ng artikulo sa pamamagitan ng pagbasa ng mga literaturang makapagbibigay linaw sa paksa, paghanap ng artikulo't bidyo sa internet na may kaugnayan dito at sa susing personahe ng produksyon; obserbasyon, pagsuri at pagsasakonteksto.

Hindi sapat ang credits ng bidyo kung kaya hindi direktang matukoy kung kaninong responsabilidad ang partikular na mga aspekto ng dulang musikal maliban sa graphics na takdang lumilitaw sa simula ng bidyo. Gayon man, tanging si Granada kaagad ang matutukoy sa mga istap, crew at cast na may kapital kultural na pirmis ang interes sa ganitong uri ng tema at sining.

Isinaentablado niya ang kabayanihan ng pambansa-demokratiko aktibistang si Lean Alejandro sa *Lean: A Filipino Musical* (Granada, 1997). Buong album ang inialay sa

pagtalakay sa kabayanihan ng ilustradong propagandista sa *Sino Ka Ba, Jose Rizal* (Granada, 1996). Ang dula at album-musikal na ito, pagiging premyadong kompositor, mang-aawit, tagapagtanghal, advertising man, guro sa UP Open University, manggagawang kultural, aktibista ay masinag na impluwensyang si Granada lamang ang may taglay upang magtipon ang mga artista mula mainstream, sirkulo ng progresibo at itaguyod ang naturang proyekto.

**"Lihim na Kilusang May Lihim pa *Uli*"**

Nagsisimula ang bidyo sa paglalahad ng tagasalaysay (si Granada mismo) tungkol sa pagiging kagawad nina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto ng lihim na komite noong bagong taon ng 1896 (Valenzuela, 2009). May apat na taon na noong lingid sa mga Kastila ang organisasyon. May ilang taon nang kapapasá ni Pio sa UST bilang doktor. Ipinapasubali ng espekulatibong datos tungkol sa dami ng bilang ng Pilipinong hindi nakakaalam na si Dr. Pio ang ikatlo. Isa ito sa mahahalagang naging papel niya sa Katipunan, maliban sa paghimok kay Rizal, mula Dapitan, na sumali sa himagsikan. Ang "konsehong ito ang nagpapataw ng parusa sa mga traydor na kasama at kaaway ng rebolusyon" (LAPIS, 2020). Kasunod ang pagbanggit na Madlang Away at Dimas Ayaran, mga pangalan ni Dr. Pio sa pakikidigma.

Upang makuha ang pangkasalukuyang kabuluhan, iniugnay pa ng tagasalaysay ang buhay ng doktor sa mga kontemporanyong aktibista at rebolusyonaryo. Itinumbas din na ang mga danas nila ay kuwento rin ng "sinisintang Inang Bayan. Nagkamalay bilang bansa, nakipagdigma upang lumaya, natutong mamahala, nanatiling gapi ng banyaga. Subalit patuloy na nag-aadhika ng lipunang makatarungan, maunlad at mapayapa" (LAPIS, 2020).
(Itim na bidyo)

Sa pagpapatuloy, isa-isang palilitawin ang yugto-yugtong naratibo ng buhay ni Dr. Pio sa pamamagitan ng libretong may limang kanto:

**1.**
***Pagkamulat***
**"Kung Matututo Ka Rin Lang"**

Bumubungad ang kantang ito sa pamamagitan ng pauulit-ulit na idyomang "gusto ko maging", bahagi ng liriks na ibinubunghalit ng mga karakter nina Dr. Pio (Dancel), Bonifacio (Abay) at Jacinto (Herrera). Tipong piksyonal, pagpapahiwatig ng diyalogo ng mga bayani at kabataan (Tan at Agel Morallos), masiglang nangangarap ng propesyong may kinalaman sa medisina, inhenyeriya, sining biswal, astropisika, sports, teknolohiya.

Sasalit ang boses nina Tandang Sora (Carbon), Torres (Balingit), Oryang (Barrios), Rizal (Cabangon), Dizon (Chua), mga rapper (Loonie, Tribu), Lopez (Agat Morallos), Tecson (Quintana), Bracken (Yupano), Mata (Bacatan) at buong koral.

Tinatatas ng mga karakter: ang edukasyon bilang solusyon sa kahirapan, exklusibong pribilehiyo ng ilustrado, instrumentong pangkamalayan, kahalagahan ng pag-aalay nito, ng talento sa nakararami na aping uring panlipunan; Pamantayang "paglingkuran ang bayan ko" ayon sa dalumat o konseptong pakikipagkawa ng mga "Anak ng Bayan", nagkakaisa sa ilalim ng Katipunan, bilang salalayan ng pambansang independensya. Tinukoy rin ang gutom bilang posibleng dahilan ng pananatiling busabos at pagbabago ng isip kapag nakamit ang isang antas ng pagkamulat. Kung gayon, mahalaga ang paninindigang ipagtanggol ang soberanya mula sa pataw at saklaw ng kolonyalismo ng Spain.
(Itim na bidyo)

**2.**
***Pagkilos***
**"Buhay ay Rebolusyon"**

Tampok ang talaban ng tunggaling pananaw, tindig nina Rizal at Bonifacio, bilang representasyon ng mga kaisipang elit ng uring ilustrado at masang anakpawis, sa paghalaw ng solusyon pausad mula pagbaklas sa kolonyalismo tungo sa pagsasabansa sa soberanya ng arkipelago. Masisiwalat din ang iba-ibang gawain ni Dr. Pio sa lihim na kilusang may lihim pa uli. Gayon din ang pagdadalawang isip niya sa interaksyon ng personal na buhay dala ng pagnanasang pangkasarian at pagiging Katipunero. Ngunit dinidiinan dito, ang nabanggit na sa unang kanta tungkol sa kahalagahan ng talino, bilang salalayan ng paghahandog sa bayan upang ganapin ang pagbabago. Mababanggit din ang kanyang misyon na kumbinsihin si Rizal. Pinaiigting ng pagtatalo sa loob-loob ni Dr. Pio ang tining ng tapatan ng sistematikong metodo laban sa pananampalataya; idea laban sa aktwal na ganapang mapaghimagsik.
(Itim na bidyo)

> Inaargumento ni Dr. Arturo E. Valenzuela (2009) – apo ni Dr. Pio – na,
> During the first hour of New Year's Day of 1896, the '*Kataas-taasang Tatlo,'* popularly known as the *Triumvirate* were inducted; with Valenzuela as the new Fiscal General, Emilio Jacinto as the new Secretary General and Bonifacio as the President. They were the members of the *"Camara Negra"* (Black Chamber), the organization's counter-intelligence arm, a secret chamber within the *Katipunan* which passed judgment over members who violated the secrets of the society. They were the executive, legislative and judicial authority of the Supreme Council and were the primary contributors to the society's organ '*Ang Kalayaan.'*

**3.**
***Pagtatasa***
**"Dal'wang Doktor, Dal'wang Pasyente"**

Idinideklara ni Bonifacio ang popularidad ni Dr. Pio, sa taumbayan. Angkop na katayuan ngunit "kamalas-malasan," sa termino ni Oryang, na inatasan, ayon kina Tandang Sora at Dizon, na maging sugo upang talakayin kay Rizal ang natatanging paraan ng pagkamit ng kalayaan. Idinistiyero noon sa Dapitan si Rizal dahil sa kanyang mga nobela at hinihinalang pagkakasangkot sa pagpapaalab ng damdamin ng mga indio. Nauusisa naman si Mata sa magiging tugon ni Rizal: ekonomiya at responsableng pag-aarmas. Mataas ang tingin sa dalawang doktor ng mga kalakbay na asawa, kapatid at pamangkin ni Rizal. Ngunit dahil sa paniniktik ng gobernador heneral, lumigoy-ligoy muna bago napag-usapan ang tunay na adyenda.

Umalis sina Dr. Pio, Mata, Bracken, Narcisa Rizal, Lopez at Rufino Magos, alalay ni Mata noong pagitan ng alas-10 at 11 n. u., Hunyo 15, 1896 sakay ng bapor tabong Venus. Gamit ni Dr. Pio ang pangalang Procopio Bonifacio. Narating nila ang kanlungan ni Rizal bandang alas-6 n. g., Hunyo 21 (2018). Ihinayag pa ni De Guzman (2018),

> In his rather dramatic memoir, Valenzuela detailed his brief encounter with the doctor. During dinner, Valenzuela narrated how they talked about the green mango dessert and how Rizal celebrated his most recent birthday. It was only after dinner that Valenzuela had the chance to talk to Rizal privately.
>
> At first, he flattered his colleague by saying that the Katipunan was founded on the eve of his arrest in 1892. Then he talked about their plans in which they needed Rizal's help. They discussed many things, including the possibility of importing ships and arms from Japan, the gathering of support from Manila's elite, and the possibility of escaping from Dapitan. Rizal responded positively, and even suggested a Filipino school to be built in Japan for which he can become its director.
>
> However, Rizal was opposed to one major detail: He was against an armed uprising without enough ammunition and other supplies.

(Itim na bidyo)

**4.**
***Pagkagapi***
**"Sa Piitan na Mundo"**

Ligalig si Dr. Pio. Nakaabot sa kanya ang amnestiyang alok ng mga Kastila. Isinalaysay ang mga naobserbahan sa detensyon: kapwa detenido mula sa iba-ibang nasyong supil din ang karapatan at dumanas ng iba-ibang anyo ng pagpapahirap tulad

ng Pilipino. Nauwi ang doktor sa pagmumuni tungkol sa pagkakaugnay ng mga pakikibaka upang palayain ang inaapi sa buong daigdig. Sa kanyang paglaya, natuklasan ni Dr. Pio na ang "Imperyong dati" naging "impyernong Puti." Sukdulan ang pagkabigo.

Mahihinuhang ang araw-panahunan (time setting) sa kantang ito ay mula Agosto 19, 1896, ang sinasabing araw na ibinunyag ni Teodoro Patiño sa mga Kastila ang Katipunan, at lagpas. Makalipas ang pagtatago sa loob ng kulang-kulang dalawang linggo, sumuko noong Setyembre 1 (2009; 2018). Itinala pa ni De Guzman, mula sa pagkakakulong sa Madrid, inilipat si Dr. Pio sa isang bilibid sa Barcelona, hanggang sa isang outpost sa frontierang sakop ng Spain sa Africa. Sa kanyang pagbabalik noong 1899, naagaw na ng US ang kalayaan na kanilang ipinaglaban (2018).

**5.**
***Pagtatalaga***
**"Kung Mamumuno Ka Rin Lang"**

Sa finale, kinokonsensya ang bagong layang Dr. Pio, ng pagharap sa trahedya, pagpapakumbaba, pagiging patas sa responsabilidad, pagpapakatatag, pag-ugat sa katutubong liping pinagmulan, apirmasyon ng pamantayang: "Paglingkuran ang bayan ko", pangangatwirang magwawasto sa resultang sablay, pag-iingat na huwag puhunanin ang pwesto kapalit ng pera, tiwala at mahigpit na pakikipagtuwang sa publiko sakaling maluklok sa puwesto. At sari-sari pang birtud na idinaan sa talinghaga at metapora. Tulad halimbawa ng lilim ng punong kanlungan ng sino mang lantad sa init habang nagbabanat-buto.

Kinunsumo ang dalawampung minutong repertoryo ng limang kantang tinapos sa optimistikong pagtaya sa magiging kinabukasan ni Dr. Pio bagaman isinuko na ang prinsipyo at gunita na lamang, sapagkat estado ng bagong mananakop na ang nananaig. Sa pagsasara ng artikulo ni De Guzman (2018), inilahad pa ang mahahalagang detalyeng hinantungan ni Dr. Pio sa mga puwersa ng US:

> He was incarcerated for around two years, returning to the Philippines in 1899.
>
> By then, the Philippines was under American rule—and Valenzuela continued to resist against the American colonizers upon his return, and was known as a radical propagandist. In fact, he was imprisoned once again for a few months after he returned.
>
> Perhaps to quash his budding revolutionary sentiments against the Americans, Valenzuela—who came from a long line of gobernadorcillos—was declared the first "municipal president" (or mayor) of Polo, from 1899 to 1900. Later, from 1919 to 1925, he served the people of Bulacan for two terms as provincial executive.

**Tusak ng Estetika, Mensahe at Katuturang Pangkasalukuyan**

Malaking bagay ang seksyon ng torotot sa pagbibigay ng busog at dinamiko na pang-orkestrang akompanyamiento o saliw. Kasama siyempre ang kabuuang tunog ng keyboards na nagpapakapal sa kinakailangang iwi ng kuwerdas, ang gitara, baho at drums binigyang buhay ng AMP Band sa ilalim ng kumpas ni Villena. Kontrolado ang sigabo sa bawat kanta, mapa-aria, dueto, trio, at koral. Disimuladong sumasabay ang areglo ng mga instrumento. May mga seksyon ng musikang partikular na kombinasyon ng instrumento lamang ang naririnig. Ngunit pinasasalipadpad ang emosyon ng manonood, tagapakinig kapag sumusubida. Pinasasadsad kapag lumalapag nang sabay-sabay man, at bawás, ang instrumentasyon.

Ihinahatid ng tema ng akorde ang kilos ng kuwento sa bawat kanta. Napatitingkad ng kulay at timbre ang ugnayan ng boses at liriks sa bawat takdang (mga) karakter na kumakanta. Inilalapit sa aksyon ng harmonya ang manonood. Nabibigyan naman ng espasyo ng pagmumuning tutukan ang daloy kapag solo. May kanya-kanyang halina ang repertoryong maririniggan ng mga henero (genre) na pop, rap, operatika, standard, jazz, martsa, balse, mala-ska at reggae, progressive rock, cumbia maging ang katutubong balitaw ay sinasagi.

Ang pabuod na pagtatampok sa buhay ni Dr. Pio ay historikal na yugtong nagtatambad ng tatlong uri ng pagtatanghal pangmusika na umiiral sa kanyang panahon: 1) zarzuelang Espanyol; 2) sarsuwelang Pilipino; at, 3) opera (Santos, 2010; p. 299). Ipinaliliwanag pa ni Santos na pinatusak ng zarzuelang Espanyol ang pangmusikang pagtatanghal nang panahong iyon sa bansa.

Bagaman katutubong Espanyol ang mga henerong seguidilla at fandango, ang musikang dala nila ay enkulturado rin ng musika ng iba-ibang bansa sa Europa at Amerika tulad ng tango, balse, chotis. Gayon din ang katutubong Espanyol na pagliliriks tulad ng copla-estrebillo at villancico minumutawi, halimbawa, tulad ng bosesang aria hango sa operang Italyano (Santos, 2010; p. 298). Tinukoy rin sa nabanggit na sanggunian ang aspektong sosyokultural bilang dulog ng impluwensya (p.299):

> Bukod dito, umiiral din sa panahong ito ang kamalayang makabayan, lalong-lalo sa pagkakasalin ng pagkaalipin ng bansa at mamayan (sic) sa isa pang uri ng rehimeng kolonyal sa ilalim ng imperyalismo ng bansang Estados Unidos. Ang rehimeng kolonyal na ito ay nagdala rin ng kanyang mga karanasan at pamantayan sa sining at kultura, lalong-lalo na sa larangan ng aliwan at tanghalan, kasama na ang mga makabagong musika at sayaw pangmadla.

Bagaman ipinahiwatig na lamang sa bidyo ang kinahinatnan ni Dr. Pio sa panahon ng imperyalismong US, tahas ang tala sa kasaysayan. Ang instalasyon ng imperyal na mga burukrasya ay lapat sa panahunan ng ikalimang kanto at pamfinaleng kanta. Nakikini-kinita ng karakter ni Dr. Pio ang panunumbalik sa pagkailustrado ni Dr. Pio, sa totoong buhay. Ang pagkabalisa ng karakter sa ikaapat na kanto ay pangitain ng kanyang paglubay sa makaanakpawis at makabayang mga dalumat ng Kataas-taasang Kagalang-galangang Katipunan.

Naitala sa maraming akda ng mga Pilipino at banyagang historyador ang pang-aapi at pagpapahirap sa Pilipino noong unang taon at dekada ng bagong kolonyal na paghahari. Sa parehong mga petsa rin naging meyor at gobernador ng Polo, (Lungsod ng Valenzuela ngayon), si Dr. Pio. Inilarawan ni Welch (1974) ang ilan sa mga anyo ng paglabag sa karapatang pantao mula sa ilang kaso noon at isinakategorya niya ito (p.234):

> murder of prisoners, 6; murder of civilians, 18; rape, 15; administration of the "water cure," 14; other forms of torture of prisoners and civilians, 4. In addition, sixty cases of aggravated assault may be identified which in their features of calculated cruelty closely approximate the category and definition of torture.

Sa kabilang banda, ang mobilidad-panlipunan ni Dr. Pio mula ilustrado, natransporma rin sa kategoryang burgesya at iniangat ng Amerikanisasyon sa mga larangang kultural, politikal at pang-ekonomya ng lipunang Pilipino. Ngunit upang mailugar ang sinapit ng Katipunerong doktor, kinakailangang ipasok din sa konteksto: Ang kontrobersyal na pagkakapatay kay Bonifacio noong Mayo 10, 1897 sa ilalim ng pamumuno ni Emilio Aguinaldo sa Katipunan; pakikipagkasundo ni Aguinaldo sa mga Kastila sa Biak-na-Bato, pakikipagkasundo ni Aguinaldo sa mga konsulado ng US at kay Commodore George Dewey habang nakadistiyero sa Hongkong at Singapore (Agoncillo 1981; p. 178; Encyclopedia Britannica, 2019).

Ang pangingibabaw ng burgesya; mga interes, kaisipan, pagpapahalaga, gawi at kultura nila sa buhay panlipunan ng mga Pilipino ay ipinataw hanggang yugtong neokolonyalismo pagkatapos ng WW2. Makalipas ang dalawang taon saka lamang pormal na inako ng daigdig ang Universal Declaration of Human Rights sa pamamagitan ng Ika-3 General Assembly ng United Nations noong Disyembre 10, 1948. Inikutan lamang ito ng rehimeng Marcos sa pagpataw ng martial law. Ang nakagawiang pang-aapi ng mga kolonisador at uring burgesya ay nagpatuloy sa neoliberalisasyon pagpaling ng EDSA 1 at termino ni Cory Aquino hanggang sa sinasabing globalisasyon na kasalukuyang sumasaklaw sa rehimeng Duterte.

Ang nakararaming magsasaka at manggagawang pinaghandugan ng Katipunan ng kanilang mga pamantayan, nanatiling nasa ibaba ng katayuan sa buhay. Ngunit bumulas ang diwa. Tinutunton ang mga katibayan nito sa artikulo Maceda (2018). Itinala ni Maceda na ang pagkakatatag ng Partido Sosyalista ng Pilipinas (1929), Partido Komunista ng Pilipinas (1930), at pagsasanib ng mga ito noong 1938 ay maláý sa kahalagahan ng organisasyong kultural na responsable sa paggamit ng awit upang ipatas ang mga interes, kaisipan, pagpapahalaga, gawi at kultura ng uring aba/api/alipin. Kabilang sa mga akdang ito ang *Pasion Ding Talapagobra* o pasyon ng mga manggagawa na inakda ni Lino Gopez Dizon (Maceda, 2018; p. 208). Hindi sagabal ang ideolohiya ng partido sa pananampalataya ng mga magsasaka kung gayon.

Ang kontrobersiyang nagpahina sa Katipunan ay may kadaloy rin na pangyayaring tumigpas sa pinagsanib na mga partido sa ilalim ng PKP (1930). Kaiba sa Katipunan, ang PKP ay muling bumulas sa pamamagitan ng pagsasabuhay sa mga aral ng rebolusyong China. Ang naunang Marxismo-Leninismong paraluman ng PKP ay pinasubido ng kaisipang Mao Zedong noong dekada 60. Mabubuod ito sa mga islogang “mula sa masa tungo sa masa” at “paglingkuran ang sambayanan.”

Sa ikalawang pagkakataon, ang muling pinatatag na Communist Party of the Philippines/CPP (1968) ay dumanas ng panibagong pagtatalbos noong dekada 90 sa pamamagitan ng pagtanggi, ng mga paksyonalistang dating kasapi, sa mga batayang prinsipyo, maiuugnay rin sa mga pamantayan ng Katipunan ayon sa inilahad sa *Dimas Ayaran*. Mula sa mga aral ng Katipunan, binabanggit ng CPP (1992) ang pagpapatibay sa pamumuno ng uring api sa pagrerebolusyon (p.2):

> The revolutionary class leadership of the proletariat through the Party has to be stressed time and time again because there are certain elements who wish to evade their obligations and responsibilities as Party cadres and members by asserting the “independence” and “separateness” of either the NPA or the National Democratic Front (NDF)...
>
> From outside the Party, there are the imperialists, revisionists and anticommunist petty bourgeois elements who keep on trying to undermine the conviction of Party cadres and members with regard to the vanguard role of the proletariat, democratic centralism and the socialist future of the Philippine revolution.

Pag-igting ng tunggalian ng mga institusyson, ahensya, kilusang panlipunan, uring kumakatawan sa daloy, kontradaloy na dinamismo ng pagbabago, sa Pilipinas at ilang bansa sa Amerika Latina, na sumailalim din sa kolonyalismo at awtoritaryanismo, kongklusibo ang pagsusuri ni Maceda (2018) sa ugnayan ng mga awit, bayaning musikal, at karaniwang mamamayang naghihimagsik (p.126):

May mga kantang bunga ng nakaraang pakikibaka na lalong kumikinang sa pagdaan ng panahon. Yumayaman ang kahulugan ng mga ito kapag nakasalabid sa liriko't himig ang buhay at paninindigan ng gumawa ng awit, kapag diniligan ang awit ng dugo mismo ng mang-aawit. Di kayang burahin ng piitan at baril ang mga awit at mang-aawit na nagsilbing awtentikong boses ng mga taong bayan at nagpatatag sa kanila para ipaglaban ang kanilang humanidad.

**Exkyus sa Husga ng Kasaysayan**

May mga patlang ng buhay aktibista-rebolusyonaryo-bihag-detinido-burukrata ni Dr. Pio ang nararamdaman sa dalawampung minutong bidyo mula sa iniensayong pagsasaentablado ng historikal na dulang musikal. Gayon man, instrumental na anyong pansining ang bidyo ng produksyon ng *Dimas Ayaran* upang ganapin ang koneksyon sa gunita ng manonood tungo sa isa, kundi man, pinakamahalagang bahagi ng kasaysayan ng bansa. Ito ang bisa ng danas sa panonood ng paglahok ng mga artista sa pagtutuwang ng Pocketplay Philippines at CHR.

Bagaman patikim lamang ang bidyo sa lasa ng kabuuan ng produksyon, parang naglilihi ngayon ang mga nakapanood, natatakam sa sunod na hain. Base sa bidyo (LAPIS, 2020), ang kabuuan ng produksyon ay nakapadron sa tradisyon ng sarsuwela. Malayo na sa zarzuela. Angkop ang pagpili sa talambuhay ni Dr. Pio bilang materyal na nagtataglay ng kabayanihan at trahedya, sa panahon ng pyudal na kolonyalistang Kastila't imperyalistang US Amerikano, pinakamalasang rekado ng dulang musikal. Ang mga ipinakitang repertoryo ay nakaalis ng umay sa alingawngaw ng musikang naglulunoy sa romatisismo. Isang diskursong musikal na kalakarang konsumerismo ang pakay. Pana-panahon ay tinatawid din ng ilan na kasama sa produksyon. Gayon man, ang paglahok ng kababaihang mga instrumentalista ay bumabalanse sa kasarian ng pagmumusiko kahit dalawa lamang sila, sa trombone, at saxophone. Ang *Dimas Ayaran* ay pagtitibay rin ng estetika at integridad ng mga artista.

Totohanang magiging kapaki-pakinabang at nakamit ng bidyo ang layunin nitong maging sangkap sa pagkamalay ng kabataan sa karapatang pantao lalo ngayong epektibo na ang Anti-Terror Act of 2020. Ang una, ikalawa, at ikatlong bahagi ng repertoryo ay nagpapakita ng kumitment sa pagtataguyod nito at malasakit sa mga marhinalisado. Ang ikaapat ay pagkabiktima ng paglabag sa karapatang pantao ng tagapagtaguyod mismo. Ang ikalima, sangandaan ng isang tagapagtaguyod na hindi kauri ng mga pinagkaitan sa panahon man ng kolonyalismo, neokolonyalismo, neoliberalismo at globalisasyon. Ang naturang mga "ismo" at "syon" ay lunsaran ng akibat na mga paglabag sa karapatang pantao.

Sino mang nagpapahalaga sa kasaysayan, mahahalata ang paralelismo sa pagsalong ni Dr. Pio sa mga pamantayan ng Katipunan, sa kultural na talambuhay ni Cabangon na gumaganap bilang Rizal. Bagaman malinaw na hindi gutom ang dahilan, may naganap din na pagbabagong-isip at gawi niya. Mula sa pagiging progresibo, naging tagakampanya at tauhan ng pangunahing tagasulong sa mga programa ng neoliberalismo. Sa partikular na casting na ito, lumakas ang ironya sa tono ng "uli" ng tagasalaysay, at "kamalas-malasan…," linyang itinakda ng manunulat sa diyalogo ni Oryang.

Ito marahil ang masasabing kahinaan ng produksyon. Maliit na bagay para sa pansin ng burgis. Ngunit napakamahalaga sa diwang tinalakay sa una at ikalawang repertoryo ng bidyo. Padalisdis na arko ito sa buhay ng mga bayaning huwaran ng pagpapakatatag. Natuluyang maging trahedya sa huling piyesa. Pinalalakas ng disiplina ng kadakilaan ng malasakit sa pamumuno ng mga api at walang tinig. Upang sa gayon kahit paano, maiwasan ang paghingi lagi, ng exkyus sa husga ng kasaysayan.

**Mga Sanggunian:**


ABS-CBN News. (2020, July 14). Double standard on ABS-CBN, DITO? Poe 'mistaken', says Defensor. https://news.abs-cbn.com/news/07/14/20/double-standard-on-abs-cbn-dito-poe-mistaken-says-defensor?fbclid=IwAR000JR6WY3VkYY7N-1Kw5_D7fh76UML5V8jcoeZm3Lt4oMEeLFtmhfrh6Y

Agoncillo, T.A. (1981). *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino Noon at Ngayon*. Garotech Publishing.

Encyclopaedia Britannica (2019). Emilio Aguinaldo president of Philippines. https://www.britannica.com/biography/Emilio-Aguinaldo

Buan, L. (2020, February 29). Lawyer killed in Nueva Ecija, 48th since 2016. *Rappler*. https://www.rappler.com/nation/bayani-dalangin-lawyer-killed-nueva-ecija

CLTV36. (2020, June 27). *SULONG! ANAK NG BAYAN!.* [Video]. Facebook. https://www.facebook.com/cltv36official/videos/193581905364896

Communist Party of the Philippines. (1992). Relationship of the Party with the NPA and the United Front. *Banned Thought.* . https://bannedthought.net/Philippines/CPP/1992/RelationshipOfPartyToNPAandUF-920800.pdf

CNN Philippines Staff. (2020, May 2020). Duterte keeps confidence in Sinas amid birthday party flak. *CNN Philippines*. http://www.cnnphilippines.com/news/2020/5/20/Duterte-keeps-confidence-in-Sinas-amid-birthday-party-flak.html

De Guzman, N. (2018, July 11). Pio Valenzuela, the Katipunero Who Wanted to Bring in Jose Rizal. *Esquire*. https://www.esquiremag.ph/culture/lifestyle/this-patriot-celebrates-his-birthday-today-a1729-20180711-lfrm

Granada, G. (2020a, June 17). *Ang Musicians Cut ng "Dimas Ayaran"*. [Status Update]. Facebook. https://www.facebook.com/lupangmalaya/posts/3026888590766046

__________. (1997). *Lean: A Filipino Musical.*

__________. (1996). *Sino Ka Ba, Jose Rizal* (feat. Bayang Barrios, Lani Misalucha & Noel Cabangon).

LAPIS. (2020, June 16). *“Dimas Ayaran” Musicians Edition Sulong! Anak Ng Bayan!.* [Video]. Facebook. https://www.facebook.com/seesawchannel/videos/1658828307597957

Maceda, T.G. (2018). The Struggle for Freedom As A Sacred Cause: The Songs of Radical Social Movements, 1930-1941. Sa: *Saysay Himig*. Arwin Q. Tan (ed.). University of the Philippines Press.

Marcelo, E. (2020, June 15). Farmers’ group leader kidnapped in Cebu. *Philippine Star*. https://www.philstar.com/nation/2020/06/15/2020916/farmers-group-leader-kidnapped-cebu?fbclid=IwAR0cNZcHuPX7Yrv_lR-jpwFYPqwjvTUj9EEV8t4ppS7l7-EUE9LogZYiy8U

Miralles, N. (2020, March 28). Mylene kinamumuhian si Sen. Koko. *Pilipino Star Ngayon.* https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/showbiz/2020/03/28/2003952/mylene-kinamumuhian-si-sen-koko

Pabico-Lalu, G. (2020, July 1). Arrest of teacher who offered reward for Duterte’s death reeks of double standard – solon. *Inquirer.* https://newsinfo.inquirer.net/1274014/solon-says-arrest-of-teacher-who-offered-reward-for-dutertes-death-reeks-of-double-standards?fbclid=IwAR1zxOVXERmcyelXuEdieoKmZzg7e5C4O3iSSxYJsqCWbXQxvw24lmQwh6w

Santos, R. P. (2010). Musika ng Zarzuela-Sarsuwela: isang pag-aaral sa etemolodyi, katangian at kahalagahan sa isang uri ng pagpapahayag-damdaming Filipino. *Philippine Humanities Review 11* (1-2), 277–319. https://journals.upd.edu.ph/index.php/phr/article/view/4756

Welch, Jr., R.E. (1974). American Atrocities in the Philippines: The Indictment and the Response. *Pacific Historical Review 43* (2), 233–253. https://doi.org/10.2307/3637551

Valenzuela, A.E. Jr. (2009). If Not For Dr. Pio Valenzuela, There Would Be No Katipunan Uprising. *City Government of Valenzuela.* https://www.valenzuela.gov.ph/the_city/drpio

**Tungkol sa May-Akda:**

**ABET UMIL**

Kasalukuyang guro sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Tinatapos ang kanyang tesis sa MA Araling Pilipino, kasunod ng kinuhang BA Araling Pilipino at Sertipiko sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Naienrol ang sarili habang nagtatrabaho bilang tagasalin, Ingles-Filipino at vice versa, ng mga dokumento, polyetong ginagamit sa mga komunidad ng OFW sa ilang bansang wikang Ingles ang sinasalita. Segment producer dati sa isang TV network. Nagkamit ng mga gawad pampanitikan, alternatibong bidyo at pelikula. Autor ng dalawang libro ng mga tula. Bokalista ng bandang Bersus. Mula pamilyang labandera at drayber ang igkas ng pagsusulat bago nag-akademya.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 107-110 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Obra at Buhay na Inalay sa Bayan[1]

**Raquel E. Sison-Buban**
De La Salle University-Manila
raquel.sison-buban@dlsu.edu.ph

~~~

Kakaiba ang dating at ginigising na simpatiya sa akin ng e-book na ito na *Rizal ng Bayan*. Una bilang tagasalin at ikalawa, bilang isang guro.

Bilang tagasalin, nakatutuwang isiping may mga ganitong aklat na lumalabas pa rin kaugnay ng obra ni Rizal. Ang Noli Me Tangere na yata, liban sa Banal na Aklat ang publikasyong may pinakamaraming bersyong salin sa Tagalog, Pilipino, at Filipino sa ating bansa.

Batid nating lahat na sa wikang Kastila isinulat ni Rizal ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Hindi ko na tatalakayin pa ang dahilan kung bakit dahil dapat ay alam na natin ito. Ilang beses nang naisalin ang nobelang ito sa iba't ibang wika. Bawat salin ay may kani-kanyang katangian. Bawat salin ay may kaakibat na kontrobersya. At bawat bersyong salin ay may kani-kaniyang interpretasyon ng tagasalin sapagkat iyon ang mismo ang kalikasan ng salin--ang magbigay ng bagong-bihis sa materyal na isinasalin gamit ang rubdob ng layunin ng may-akda. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ng sinumang mambabasa ng salin na ang kanyang materyal na binabasa ay isang akdang salin. Ibig sabihin, isang perspektiba ng pag-aangkop ng tagasalin. Kung gayon, bilang mambabasa ng salin, napakahalagang mabasa natin ang iba't ibang bersyong salin ng akda. Mas mainam kung mababasa natin ito sa orihinal na lenggwahe; subalit, dahil bihira sa atin ang may panahon upang mag-aral ng iba't ibang lenggwahe ng mundo, kinakailangang maging malay tayo na ang ating binasabasa ay isang bersyong salin; at kung gayon, ay nararapat na magpursigi tayo na pag-aralan ang buhay ng may-akda at ang iba't ibang bersyong salin. Ginagarantiyahan kasi ng mga gawaing pagsasalin ang imortalidad ng isang obra.

Isang dahilan kung bakit karapat-dapat na pahalagahan ang mga ganitong bunga ng pagsisikap ng mga awtor ng Rizal ng Bayan. Nagbibigay ang librong ito ng panibagong paraan ng pag-unawa, ng pagtanaw sa kabang yaman ng mga kaisipang mahihimalay sa obra at buhay ng may-akda. Sa sandaling mapagyaman natin ang ating karanasan sa pagbasa, pag-unawa at pagpapahalaga ng obrang isinalin, tataas ang ating panlasa,

[1]Pahayag sa lunsad-aklat ng bersyong *e-book* ng ***Rizal ng Bayan*** (Hunyo 2020), antolohiya ng mga sanaysay tungkol sa buhay at mga sinulat ni Jose Rizal.
~~~

kasanayan, at kamalayan sa pagkilatis ng totoo sa kunwa-kunwarian; o sa totoong balita laban sa huwad o fake news.

Ibig kong sabihin, kailangang lalong dumami ang mga ganitong gawaing paglilimbag tungkol sa dakilang obra ng ating dakilang bayani upang magkaroon ng halaga at kabuluhan sa ating pang-araw-araw na buhay ang mga kritikang mula sa akda.

Nagkakaroon lamang ng buhay ang isang akda kung ito ay nagkakaroon ng ambag sa ating pagkatao, sa ating buhay at higit sa lahat sa ating bayan. Ano pa mang uri ng pagsasalin ang gawin, interlinggwal man, intralinggwal, o intersemiyotikong pagsasalin ng Noli at Fili, hinding-hindi magiging puno o apaw ang kaban ng ating literaturang pambansa. Bawat ambag na salin ay mahalaga. Bawat akdang nakalimbag sa sariling wika ay pagtugon sa pangangailangan ng bayan.

Bilang guro ng FIlipino maraming taon na ang nakararaan sa mga pribadong paaralang ekslusibo para sa mga kabataang lalaki, naging malaking hamon para sa akin ang pagpapabasa sa kanila ng obra ni Rizal. Sa totoo lamang, hirap na hirap silang basahin ang Noli at Fili unang-una ay dahil sa lenggwaheng ginagamit sa pagkukuwento na masyadong pormal at akademiko ang pagkakasalin. Nahihirapan silang unawain ang mahihirap na bokabularyong Tagalog. Ikalawa, dahil sadyang hindi maka-relate ang mga estudyante dahil sa panahong hindi nila naabutan. Mahirap mangumbinse sa grupo ng mga kabataang walang nakikitang kabuluhan sa mga bagay na ipinagagawa sa kanila ng mga nakakatanda sa kanila.

Hindi na kailangan pang sabihin kung bakit nakakalungkot ang ganitong pangangatwiran. Sapat ng sabihing, bilang isang guro, nananatiling isang napakalaking hamon na patuloy na pukawin ang kamuwangan ng mga kabataang magbasa ng mga panitikang bayan.

Dapat ikatuwa ng marami ang estilo ng lenggwaheng ginamit sa aklat na ito. Malinis, masinop at nakahihikayat na pakinggan ang bawat diskursong tinatalakay ng bawat sanaysay. Kolokyalismong karaniwan ang antas ng lenggwaheng ginamit. Parang nakikipag-usap lamang sa kanyang mga mambabasa. Madaling unawain ang nais sabihin sa bawat sanaysay kaya't babagabagin ka upang maglimi sa sariling papel na (dapat mong) ginagampanan sa bayan. *Paano maisasabuhay ang mahahalagang aral na iniwan ng mga bayaning naunang manindigan para sa ating bayan?*

Ano nga ba ang halaga ng mga akdang ito ni Rizal? Ilan lamang ang mga katanungan iyan na hindi puwedeng hindi mo harapin dahil ito ay isang tungkulin. Isang tungkuling natin bilang mga mamamayan.

Ngayong panahong ito na nakabaon tayo sa tila kumunoy ng iba't ibang anyo ng pagkabusabos, kung paanong patuloy na nababalewala ang mga walang kakayahang mamuhay nang marangal sa gitna ng kariwasaan ng iilang makapangyarihan, napakahalaga ng mga alternatibong perspektiba ng pagbasa sa mga akdang minsan nang nakapagpamulat ng sambayanan.

Sa pahina 60: *Malaki ang utang na loob ng mga Pilipino sa pagiging aktibista o radikal ng henerasyon ni Rizal. Ang Katipunan ni Bonifacio ay di agad-agad maitatayo kung hindi naimpluwensyahan ang marami-raming bilang ng Manilenyo at mga mamamayan sa karatig-lalawigan ng mga kaisipang nasyunalista at radikal ni Rizal sa "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo." Hindi bibilis ang radikalisasyon ng mga nasa paggitnang uri o middle class kundi dahil sa aktibismo at radikalisasyon ni Rizal. Kung walang Katipunan, walang rebolusyon noong 1896 at kung walang rebolusyon, walang Republika ng Pilipinas. Ang kalayaan ng bansa, kung gayon, ay pamana o legacy ng aktibismo ng mga kagaya nina Rizal at Bonifacio noon.*

Tama si San Juan, "Ang kalayaan ng Pilipinas ay bunga ng aktibismo." Kailangan nating magsalita upang ipahayag ang ating nakikitang karahasan at pagsasamantala hindi lamang mula sa sariling danas kundi higit sa lahat, mula sa danas ng ating kapwa. "Hindi dapat tayo magpatangay sa ideyang kapag hindi ka nakialam, hindi ka nila pakikialaman."

Hindi natatapos ang banta ng panganib na dulot ng malalang sakit ng maraming mamamayan: ito ay ang kawalang pakialam sa nangyayari sa bayan. Ito ang kanser ng lipunan. Isang dahilan marahil kung bakit madaling-madali tayong mabulag sa mga fake news at mga propagandang politikal. Ang bilis nating makuntento sa ga-patak na ayudang iwinawasiwas ng mga nag-aastang "tagapagligtas" ng sambayanan. Sa isang bag ng mumurahing groseri, hindi natin namamalayang naipagpapalit natin ang karapatang magpahayag ng galit sa ating abang kalagayan.

Paano natin hinahanap ang totoo? Kanino natin hinahanap ang totoo?

Kailangan nating gumising sa kabila ng pagduyan sa atin ng mga mapagsamantalang politiko at pulpol na mga pinuno ng bayan. Inihehele nila tayo ng kanilang mga pangakong hanggang salita lamang upang makatulog tayo at hindi na makapagreklamo.

Ito ang pinakamalaking ambag ng aklat ng Rizal ng Bayan. Ang obra ni Rizal, ang ating bayani ay muling ibinabalik ng ating mga may-akda ng antolohiya ng Rizal ng Bayan sa ating bayan at sa masa na kanyang pinag-alayan ng kanyang obra at sariling buhay.

**Tungkol sa May-Akda:**

**RAQUEL E. SISON-BUBAN**
Associate Professor at kasalukuyang Tagapangulo ng Departamento ng Filipino ng De La Salle University - Maynila. Siya rin ang naninilbihang Pangulo ng organisasyong PATAS (Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagasalin at Tagapagtaguyod ng Salin) at Pangalawang Puno ng Sub-komiteng Tagapagpaganap ng NCCA - NCLT (National Committee for Language and Translation). Ang kanyang mga pananaliksik at publikasyon ay pawang nakatuon sa praktika ng pagsasalin at sa mismong Araling Pagsasalin. Taong 2004 nang tumanggap siya ng gantimpala sa pagsulat ng tula at sanaysay mula sa Komisyon sa Wikang Filipino; samantala, pinagkalooban naman siya ng DLSU ng *Miguel Febres De Cordero Award for Outstanding Published Scholarly Article in Filipino* noong 2017 para sa kanyang sanaysay na *Ang Papel ng Pagsasalin sa ASEAN Integration: Ilang Pagninilay at Mungkahing Gawain*. Mahigit 20 taon naman ang kanyang karanasan sa pagsulat ng mga batayan at sanayang aklat sa Filipino para sa iba't ibang antas. Nagtapos ng BSE medyor sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (cum laude) at ng PhD Ladderized Program sa Filipino, medyor sa Pagsasalin sa DLSU-Maynila (with high distinction).

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 111-115 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Ang Kabuluhan ni Rizal sa Panahon ng Pandemya at Social Media[1]

**Dolores R. Taylan**
De La Salle University-Manila
dolores.taylan@dlsu.edu.ph

~~~

Una ang pagbati sa Tanggol Wika sa pagsisikap na makapagpatuloy sa pagsasagawa ng mga makabuluhang gawain tulad nitong paglulunsad ng librong Rizal ng Bayan sa kabila ng kinakaharap nating pangamba at panganib sa araw-araw dulot ng pandemya. Patunay ang mga ginagawa ng Tanggol Wika na walang virus na makahahadlang sa pagsasakatuparan ng mga gawaing makabuluhan para sa bayan. Tiyak na marami pang mga gawaing paparating ang Tanggol Wika. Mag-antabay lamang tayo at laging bisitahin ang kanilang Facebook page para makakuha ng impormasyon at makadalo sa kanilang mga gawain at webinar.

Pangalawa ang pasasalamat sa mga awtor at editor ng librong *Rizal ng Bayan* sa pagpapasyang gawin itong available online para libreng magamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo at pananaliksik. Alinmang sanaysay ang piliin ng guro para talakayin sa klase ay tiyak na yayanig sa utak ng mga mag-aaral at hahamon sa kanilang mag-isip at maging kritikal.

Mahalagang pag-aralan ang Noli Me Tangere, gaya ng tinalakay nina Joel Costa Malabanan at Noel Sales Barcelona sa kanilang sanaysay. Maraming karakter sa Noli ang buhay na buhay pa rin sa panahong ito. May mga makabayan at makakapwa at may mga kolonyal pa rin at pansarili lamang ang iniisip at inaatupag. May isang salitang maiiwan sa isip ng bawat estudyante sa kanilang pag-aaral ng Noli Me Tangere – ang salitang kanser. Tinatalakay sa loob ng klasrum ang malubhang sakit ng lipunan noong panahon ni Rizal – may kanser ang lipunang kinagisnan at kinalakihan ni Rizal na dulot ng mga mananakop na Kastila at ng mga Pilipinong taksil sa bayan. Ang kakatwa, matagal nang nailibing si Rizal, matagal na tayong nakalaya sa pananakop ngunit nananatili pa rin ang kanser sa lipunan. Sa makabagong panahong ito'y kinakanser pa rin ang lipunan dahil sa mga Pilipinong ganid sa yaman at kapangyarihan. Kaya nga isang malaking hamon sa mga nagtuturo ng Noli Me Tangere na laging iangkop sa kasalukuyang panahon ang mga pangyayaring inilarawan ni Rizal sa kaniyang nobela. Nauulit ang kasaysayan. Ang nangyari noon ay nangyayari ngayon. Nagpapatuloy ang malubhang sakit ng bayan, hindi ito gumagaling. Ano ngayon ang gagawin ng mga

[1]Pahayag sa lunsad-aklat ng bersyong *e-book* ng ***Rizal ng Bayan*** (Hunyo 2020), antolohiya ng mga sanaysay tungkol sa buhay at mga sinulat ni Jose Rizal.
~~~

kabataang inaasahan ni Rizal na pag-asa nitong bayan? Itanong natin ito sa mga mag-aaral. Wala na si Rizal. Mga guro na ang gaganap sa kaniyang papel sa paghamon sa mga kabataan. Paulit-ulit nating itanong sa mga mag-aaral kung ano ang kaya nilang ibigay sa bayan. Dahil ang nobela ni Rizal ay hindi niya isinulat upang basahin lamang kundi upang magpakilos para sa kagalingan at katubusan ng bayan.

Mahalaga ang tanong ni Cerise Crudo-Guerrero sa kaniyang sanaysay na ano ang saysay ni Rizal sa kabataan ngayon? Pinag-iisip ang nagbabasa kung sino nga ba si Rizal sa mga kabataan at ano ang kabuluhan niya sa kanila. Hinahamon ni Guerrero ang mga kabataan na kilalanin at tularan ang kanilang bayani. Ang tanong, magpapabaril din ba sila sa Luneta? Siyempre, hindi. Hindi kailangang gawin ito ng mga kabataan dahil nagawa na ito ni Rizal. Sa halip, dapat sikapin ng mga kabataan na makilala si Rizal mula sa kaniyang mga isinulat. Alamin ang kaniyang mga ginawa. Maging idolo nila ang bayani hindi sa mga papuri at salita kundi sa gawa at pagmamalasakit sa bayan. Katulad ni Rizal, magpokus sila sa pagtuklas ng karunungan at sikaping makilala nang lubos ang kanilang bayan sapagkat salat at/o walang maiaambag ang isang kabataang mapusyaw ang pagkilala sa kaniyang pagka-Pilipino at mangmang sa sariling bayan. May magagawa ang mga kabataan. Dahil gaya ng ibang sakit, nagagamot ang kanser kapag naagapan. Ganito rin ang sakit ng bayan na ang gamot ay magmumula sa mga kabataang matalino, mulat, at may pakialam sa mga nangyayari sa kaniyang bayan. Lumalaban, pumipiglas, at tumitindig laban sa anumang anyo ng panggigipit at katiwalian. Ito ang saysay ni Rizal sa mga kabataan. Ang maging huwaran ng mga kabataang itinuturing niyang pag-asa nitong bayan.

Dahil kung buhay si Rizal ngayon, sabi nga ni Jose del Rosario III, ano kaya siya? Artista? Politiko? Militar? May isang malinaw kung buhay si Rizal ngayon, tiyak na patuloy siyang nagsusulat ng mga akda at nobelang gumigising sa tulog na bayan. Nangunguna siya sa mga protesta sa lansangan. May hawak na plakard. Lumalaban sa buktot sa pamahalaan. Ang tanong, paano kaya siya lumalaban kung buhay siya ngayon? Ano'ng wika kaya ang gamit niya? Mayroon nga bang mga Pilipinong maihahalintulad sa malansang isda gaya ng tinukoy ni Del Rosario III sa kaniyang sanaysay? Kung buhay si Rizal ngayon, tiyak na matatas siya sa wikang Filipino (wikang Tagalog sa turing ng iba). Tiyak na Filipino ang gamit niya kung kinakausap ang mga kapwa-Pilipino at wikang English para kausapin ang hindi nakauunawa ng Filipino. Gaya ng ginawa niya noong pagkausap sa mga Kastila sa wikang Espanyol upang maunawaan ng mga ito ang mga gusto niyang sabihin at ang pagtutol niya sa kanilang pamamalakad sa Pilipinas. Ang pagiging malansang isda ay hindi laging nasa hindi paggamit sa sariling wika. Nakikita rin ito sa maling gawa at sa pagwawalambahala sa mga kabuktutang nangyayari sa bayan. Sa pagpanig sa tiwali at masama. Sa pagtatakwil sa sariling pagkatao at pagka-Pilipino. Hindi laging nakasalalay sa wika ang katapatan sa bayan. Hindi nakikita ang

nasyonalismo sa katatasan sa sariling wika kundi nasa matapang na pagtutol sa lahat ng uri ng karahasan ano mang wika ang gamit. Ngunit kung kayang gamitin ang wikang Filipino para kausapin ang mga kapwa-Pilipino, laging mas ideyal at kapuri-puri ito. Mahalagang papel ang ginampanan ng wikang Tagalog sa panahon ng digmaan laban sa mga mananakop. Mahalagang papel din ang ginagampanan ng wikang Filipino sa kasalukuyan bilang pambigkis sa mga Pilipino at wikang gamit sa pagpapaunlad ng bayan. Filipino ang wika ng pagkakaisa at pagsulong.

Lagi at laging may saysay ang kasaysayan dahil ang pinagdaanan karanasan ng bayan ang gabay natin sa pagwawasto ng mga naging kamalian ng ating nakaraan at sa pagsasaayos ng kasalukuyang sistema ng ating lipunan. Ito ang aakay sa atin sa pagsalubong sa kinabukasan. Hinahamon tayo ni Mon Karlo Mangaran sa kaniyang sanaysay na tuklasin at unawain ang mahahalagang kaisipang taglay ng mga isinulat ni Rizal. Matutunghayan sa bawat pahina ng mga isinulat ni Rizal ang kasaysayang pinagdanan ng ating bayan. Gayundin, hinahamon tayo ni Mangaran na sa panahong hindi na tayo makapagsulat dahil sa iba't ibang dahilan, doon tayo mas dapat magpursigeng umakda upang patuloy nating maitala ang lahat ng nangyayari sa bayan. Katulad ng ginawa ni Rizal na sa panahong tinutugis siya ng mga Kastila at halos imposible sa kaniya ang magsulat at magpalathala ng kaniyang mga isinulat, doon niya lalong sinikap na magsulat. Hindi napagod si Rizal sa pagsulat at sa pagtatala ng mga danas ng bayan sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Kung tinamad magsulat si Rizal, kung huminto siya, walang Noli Me Tangere at El Filibusterismo at nanatili sa pagtulog ang bayan. Walang pag-aaklas at hindi natin nakamtan ang kalayaan. Walang mga manunulat gaya ni Mangaran na walang pagod sa pag-akda para sa bayan. Tanggapin natin ang hamon nina Rizal at Mangaran – sa gitna ng panganib ng katamaran, ng kawalan ng gana at pag-asa, o ng isiping wala namang katuturang magsulat dahil sa patuloy pa rin ang ilang may kapangyarihan sa kanilang kasamaan at pang-aabuso, doon tayo mas dapat magsulat ng ating pagtutol at paglaban. Sa ganitong panahon tayo higit na dapat mabasa at marinig.

Sabi ni David Michael San Juan, galit si Rizal sa buwaya. Kung naniniwala tayo kay Rizal, dapat galit din tayo sa buwaya. Siyempre, hindi sa literal na buwaya sa latian kundi sa mga buwayang nakauniporme, naka-Barong, at naka-Amerikana. Ang mga buwayang ito na walang kabusugan at nagpapakabundat sa pinaghihirapan ng taong bayan. Sabi ni San Juan, huwag tayong maging mangmang kay Rizal, basahin natin si Rizal at magbasa tayo ng mga sulatin at ng mga trivia tungkol sa ating bayani. Hindi dapat mawala si Rizal sa lahat ng panahon at aspekto ng ating buhay. Dapat ay lagi natin siyang binabasa upang manatiling buhay ang malasakit at pagmamahal natin sa bayan. Manatili sa ating isip na lahat tayo ay bayani o maaaring maging bayani sa ating simpleng kaparaanan. Kahit sa panahon ng facebook at twitter at sa kahit na anong media platform,

laging mahalagang naroon si Rizal. Hindi siya dapat nawawala. Gamitin natin ang social media para ipalaganap ang mga turo at aral ng ating bayani. Lahat ng ito ay laman ng mga sanaysay ni San Juan. Nakakahiya nga naman na salat ang kaalaman natin sa ating bayaning naghandog ng kaniyang buhay para sa ating kalayaan. Higit sa lahat, kung kaya mo at matapang ka, maging aktibista gaya ni Rizal. Maging matalino at matapang gaya ng munting gamugamo sa kuwento ng nanay ni Rizal na kahit binilinang huwag lumapit sa apoy ay lumapit pa rin kahit mangahulugan ito ng pagbubuwis ng buhay. Sapagkat alam ng munting gamugamo na ang liwanag na nanggagaling sa apoy ay ang kaliwanagan ng bayan – ang minimithing kalayaan sa kamay ng mga mananakop. Bakit nga naman hindi lalapitan ang apoy kung ito ang magbibigay ng liwanag sa madilim na bayan? Bakit hindi ipaglalaban ang kalayaan ng bayan? Gaya ng batang gamugamo, lagi nating asamin ang liwanag para sa ating bayan. Tularan natin si Rizal – ang batang gamugamo sa kuwento.

Makibaka. Huwag matakot. Magprotesta. Dahil hindi sinusukuan ang pagtatanggol sa demokrasya at kalayaan. Malaking kasalanan sa bayan ang pananahimik at pagbubulag- bulagan sa panahong nasa ligalig ito. Tularan natin si Rizal. Aktibista. Kritikal. Lumaban para sa bayan.

Kaya natin. Magagawa natin. Bawat isa sa atin ay may Rizal na taglay sa ating sarili na dapat nating pakawalan sa panahong kinakailangan para sa pagtatanggol sa bayan.

**Tungkol sa May-Akda:**

**DOLORES R. TAYLAN**

Associate Professor sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle-Maynila. Gumaganap siya sa Departamento ng Filipino bilang Graduate Program Coordinator at Coordinator ng Basic Filipino for Foreigners and for Non-Filipino Speakers (BASIFI). Ginagampanan niya sa Pamantasang De La Salle-Maynila ang pagiging Managing Editor ng Malay, internationally refereed at abstracted inter/multidisiplinari journal sa Araling Filipino; board member ng Association of Faculty and Educators of DLSU, Inc. (AFED-DLSU); tagapayo ng Ang Pahayagang Plaridel, isa sa mga opisyal na pahayagan ng De La Salle Univerity-Manila; at tagapayo ng Association Internationale des Étudiants en Sciences Économiques et Commerciales (AIESEC-DLSU). Naglilingkod sa bayan bilang module writer at textbook writer sa asinaturang Filipino sa sekondarya at language and content reviewer/evaluator ng mga storybook, textbook, at manual ng guro sa Filipino. Naging guro, curriculum developer, at module writer ng Advanced Filipino Abroad Program (AFAP) at ng Filipino Language and Cultural Immersion Program for Singaporeans (FLACIPS). Bukod sa pagiging Pilipino at Lasalyanong guro, pinakamahalagang tungkulin sa kaniya ang pagiging nanay at lola - ang paghubog sa mga anak at apo na maging mga mapagmalasakit sa kapwa at mga mamamayang kapaki-pakinabang sa bayan.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 116-119 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Tatlong Tula (Kung Sakaling Hindi na Tayo Magkita Muli, Ang Pasaherong Salamander, at Kapalaran, Di Mo Man Hanapin)

**E. San Juan, Jr.**
University of Connecticut, USA
philcsc@gmail.com

~~~

## Kung Sakaling Hindi na Tayo Magkita Muli

Tila matandang tugtugin na ito, Kasama, maski na wala akong lamparang
pagsisidlan upang makalusot sa guwardiya,
di bale, pakibigay sana ito . . .

Sabi nila'y kung saan marapa, doon bumangon, sige, pagbigyan –
ngunit kung ikaw'y pinatid, dinukot, binugbog,
pinaluwa ang bituka, ginahasa, tinadtad ang laman?
Walang kailangan –

Kaluluwa ko'y katawang bahagi't sangkap ng buong kalikasan, lamang
ito'y may kasaysayang hinugot
mula sa tunggalian ng mga uri at lakas . . .

Ngunit bukas? Kasama, walang maliw ang kalikasan . . .

Dinggin mo'ng amihang humahaplos sa bawat pisngi ng dahon at bunga
ng mga halamang alaga ng gerilya doon sa libis –

Masdan ang agos ng ulan sa bubong at sa daang bumibigay tuwing takip-silim –

Pakiramdaman ang mga ibo't hayop sa tabi ng ilog
Nakatingala sa buwan at sa bituing kumikislap
(Oo, di maitatago,
Umaalingasaw ang bangkay na nakabayubay sa gilid ng hukay . . .)

Gayunpaman, magkita tayo doon sa tabi ng talong lumalagaslas sa pusod ng gubat
at dumadaloy sa lilim ng lumulutang na ulap
sa balikat ng bundok . . .
~~~

Walang maliw ang kalikasan, bumibigay . . .

Sa bawat paalam, may handog na pagbating hitik ng kontradiksyong
kalangkap ng bawat karanasan sa buhay:
iyo'y tadhana, kapalaran –

Sige lang, di ko na uulitin, sa iba't ibang anyo't mukha, magkikita muli tayo,
sa bawat pagkakataong may bumabaklas
at bumabalikwas

Naroon din ang humahalik at yumayapos –

Salamat, Kasama, hanggang sa muli, pakisuyo, ingat –

walang maliw ang kalikasan,
bumibigay . . .

**Ang Pasaherong Salamander**

Habang naglalakbay patungong Isla Ambil, karatig ng baybaying Batangas
at Mindoro Oksidental, malapit sa isla Lubang
(2,000 ektarya, ipinagbibili ngayon sa halagang
P839,300.760), napatakan ng tae ng ibong Adarna sa dalampasigan, nagtanong:

"Nang nagugutom ako, pinakain mo ba ako?"
"Nang nasa bilangguan, dinalaw mo ba ako?"

Kipil ang hinagap, sandakot na putik, naisip ng ipinatapong taga-Samaritan:
"Kapag may karayagan, may kabaligtaran – lumalaon, bumubuti;
Sumasama kapag dati" –
Samakatwid, kung may utang, mabait;
sa pagsingil, anong galit; tago muna habang hinahanap,
liko pagsalubong,
ayos, ocho derecho –
Salamangkero, kailan mo ibababa ang tabing upang mabunyag ang iyong lihim?
Hindi himala o hiwaga kundi
Kabalakyutan.

**Kapalaran, Di Mo Man Hanapin**

Inday Mistica, sa tibag nakahapay
Kapiranggot lamang, nalilis sandamak nailaylay
Isang dangkal – diyos ko! – ang naibigay

*Kulang sa pito, labis sa walo*

Mang Pepe, sandok mo'y nakasubsob
Humingi ng 'sang salok palayok nakataob
Umasa ng saro tumanggap ng mangkok

*Kulang sa siyam, labis sa sampu*

Anak, sinigang ay matabang sa sampalok kulang
Asing isang dakot isang guhit o gatang
Aba'y bakit di gawin nang isang kaban?

*Kulang sa labintatlo, labis sa labing-apat*

Sa Kinabuhayan, pumuwesto ka kahit warat
Mata't ilong bulatlat tinuka ng uwak
Nahulog sa pampang kinain ng aswang

*Kulang sa dalawampu, labis sa tatlumpu*

Sinukat tinimbang di labis di kulang
Mula ulo't bisig hanggang talampakan
Sipit namimilipit ginto't pilak namumulaklak
Nagtalik at nabuntis sa tabi ng dagat

**Tungkol sa May-Akda:**

**E. SAN JUAN, JR.**

Kilalang kritko at manlilikha sa larangang internasyonal, emeritus professor of English, Comparative Literature, and Ethnic Studies, University of Connecticut at Washington State University. Siya'y awtor ng maraming libro, kabilang ang *Balikbayang Sinta: An E. San Juan Reader*, *Kontra-Modernidad, Tinik sa Kaluluwa; Rizal in Our Time, Bakas Alingawngaw, Salud Algabre, Ulikba at mga Bagong Tula: Learning from the Filipino Diaspora,Faustino Aguilar: Kapangyarihan, Kamalayan, Kasaysayan, Isang Metakomentary sa mga Nobela ni F. Aguilar, Critical Interventons: From Joyce and Ibsen to Peirce and Kingston, In the Wake of Terror, US Imperialism and Revolution in the Philippines,* at *Carlos Bulosan: Revolutionary Filipino Writer in the US.* Naglingkod siya bilang Fulbright professor of American Studies sa Katholieke Universiteit Leuven, Belgium; Fellow, Center for the Humanities, Wesleyan University, visiting professor of literature sa National Tsing Hua University, Hsinchu, Taiwan. Kamakailan, siya ay naging Residential Fellow ng Rockefeller Foundation Study & Conference Center sa Bellagio, Italya at Fellow sa W.E.B. Institute, Harvard University. Siya ay kasalukuyang direktor ng Philippine Cultural Studies Center sa Washington DC, USA at katulong na patnugot ng mga dyornal tulad ng *Cultural Logic, Kultura Kritika, Unitas*, atbp. Kamakailan, naging chair professor of Cultural Studies, Polytechnic University of the Philippines at visiting professor of English, University of the Philippines.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 120-121 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Panghalip Panao

**Adalric G. Cabal**
Subic National High School
adalric.cabal@depedzambales.ph

~~~

Batay sa kanyang sinumpaang salaysay,
tinukoy ka niya bilang—ito—
hindi bilang ikaw,
hindi bilang tao
o ang makulay mong pagkatao.

Maski hayop may pangalan
ngunit walang maibigay
na pangalan sa hayop na Ito.
Whitey? Joe? Scott?
At sa kahayupang ginawa
n'ya sa iyo, sa inyo, sa atin.
Sa ngalan ng dahas.

Sa wikang Filipino
walang kasarian ang mga panghalip.
Malaya akong maging ako
Malaya kang maging ikaw
*Malaya tayo*

Ilan pang Suzette at Jennifer
ang mapupunta sa bahaghari?
Bago nila matutuhang
ako ay ikaw, ikaw ay ako
Kayo ay kami, kami ay kayo.
~~~

**Tungkol sa May-Akda:**

**ADALRIC G. CABAL**
Kasalukuyang naninirahan sa Subic, Zambales. Nagtuturo siya ng Filipino at Malikhaing Pagsulat (Special Program in the Arts) sa Subic National High School. Nailathala ang kanyang tula sa Liwayway at Resbak (Respond and Break the Silence Against the Killings) 7025 Zine.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 122-123 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Salabat

**Eduard Aldrin Armand Perez-Bellen**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
eb.perez.bellen@gmail.com

~~~

Binaybay ko ang kusina tungo sa aparador. Inasam kong matagpuan ang pamilyar at memoryado. Walang sino man ang nasa bahay at ang katahimikan ay ako. Inabot ko ang garapon. Inabot ko ang takure. Inabot ko ang tasa. Madadaling mga gawain kaya't nalugod ako sa aking sarili.

Umiiyak ang takure. Kung naririnig lamang nito ang sarili ay mayayamot din ito. Kinarga ko ito, idinuyan nang kaunti, at tumahimik din sa wakas, mahimbing at panatag sa aking mga kamay.

Mahigpit ang garapon--- hindi ito nagpapabukas. Marami pa man din ang laman nito. Ilang taon na rin ang lumipas noong 'binigay ito sa akin at madalang ko lang mabuksan. Nagtatagumpay lamang ako kapag pinipilit ko ito. Kailangan ko pang painitan ang takip. Luluwag ito ngunit hihigpit din muli. Masisira nang bahagya subalit makakamtan ko ang nilalaman, kahit sandali.

Ang tasa ay sa akin. Tila ba hulmado ito para sa aking mga palad at daliri. Lulan nito ang pinaghalong tubig at laman ng garapon na parang lawang payapa sa mahinahong paalam ng araw. Ang ginintuang liwanag ng likido ay nakayakap sa mga dingding ng tasa. Niyayapos ako ng balabal ng init na nagbabaga mula rito.

Ngunit bakit ako nandito? At bakit may mga bubog sa sahig?
~~~

**Tungkol sa May-Akda:**

**EDUARD ALDRIN ARMAND PEREZ-BELLEN**

Kasalukuyang nag-aaral bílang andergrad sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Nagtapós siya ng hayskul sa Mataas na Paaralan ng Pilipinas sa Agham kung saan naging kontribyutor siya ng ilang malikhaing akda sa pahayagan ng kampus. Bílang mag-aaral ng agham at STEM, sinisikap niyang ilapit ang wikang Filipino sa larang ng ekoloji at agham konserbasyon. Kasalukuyan niyang sinasalin ang saliksik niya tungkol sa dibersidad ng populasyong urban ng mga ibon sa Metro Manila.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 124-126 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Uod

**Mark Anthony S. Salvador**
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
mackyserranosalvador@gmail.com

~~~

"Kumusta naman po'ng income?" tanong ko habang kumakain ng fries.

"*Much better*," sagot ni Sir Jerald.

Nakasalubong ko sa SM North Edsa si Sir Jerald, *adviser* at Science teacher ko noong *third year high school*. Nagkumustahan kami. Inilibre niya ako sa KFC. Malapit sa batch namin si Sir. Nag-18 roses pa nga siya sa debut ng ilan sa mga kaklase ko.

Huling semestre ko na sa Bachelor in Secondary Education major in Science. At si Sir Jerald ang naging inspirasyon ko kaya ito ang kinuha ko. Si Sir na mahilig magbigay-diin sa klase sa paglala ng *climate crisis*, malimit magpaalala na kapag nalusaw na ang mga *ice sheet* sa Greenland, na nangyayari na nga, lulubog ang maraming lugar sa Pilipinas. Si Sir na nagsasabing walang *second planet* kaya dapat isalba ang mundo, magtanim ng mga puno at ihinto ang mining. Si Sir na nagpakita sa akin sa halaga ng pagtuturo ng *science* para mapabuti ang mundo. Si Sir na pinili ring iwan ang pagtuturo para magnegosyo.

"Saka *low maintenance* lang ang *superworm. Air-conditioned room* lang. Saka repolyo. Pupunit-punitin mo lang 'yon, ikalat sa lalagyan nila, okay na."

Karamihan daw sa mga bumibili sa kanya ay *reseller*. Ang iba naman, may ari ng *pet shop*. Ipinakakain sa mga arowana at *hedgehog*.

Marami kaming napagkuwentuhan ni Sir. Kung sino sa mga kaklase ko ang hindi na nakapagpatuloy ng pag-aaral dahil hindi na kayang pag-aralin, kung sino ang nagtiyagang mag-*crew* sa *fastfood* para makatapos. Pero sa tagal ng pag-uusap namin, wala siyang nabanggit kung bakit iniwan niya ang pagtuturo. At kahit medyo malapit kami sa kanya, ni hindi ako nagkalakas ng loob na magtanong.

Nasa Facebook group ako na TeacherPh at naka-*see first* din ako sa mga Facebook page ng ACT Teachers Party-List. Kaya nakikita ko sa mga komento at mga post ang himutok ng mga teacher. Sa sahod na hindi na tumaas, sa dagdag na sangkaterbang trabaho, sa kurapsyon ng DepEd at ng mga principal, sa *anti-teacher* na *child-friendly policy* na sa kaunting pamamahiya ng *teacher* sa estudyante ay puwede nang idemanda ang *teacher*. Saan kaya sa mga ito pinakanapagod si Sir Jerald?
~~~

Pauwi, inihatid ako ni Sir sa *bus bay*. May kakatagpuin pa raw siyang *customer.*

Habang nakadungaw sa bintana ng kalawanging bus na pa-Malanday, naisip ko, mas masaya kaya ngayon si Sir? Hindi kaya siya nagsisisi sa naging desisyon niya? Na-imagine kong nagkakagulo ang sangkaterbang *superworm* sa isang punit ng repolyo. At naisip ko, kahit ang mapangaraping guro, kayang butasin ng uod. May laban ba ako sa kanila?

## Tungkol sa May-Akda:

**MARK ANTHONY S. SALVADOR**

Nagtapos ng Bastilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at ng Masterado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, si Mark Anthony S. Salvador ay kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman. Mababasa ang kanyang mga akda sa *Tomas*, *Likhaan, Liwayway, Resbak, Pylon, Kawing, Dx Machina: Philippine Literature in the Time of Covid-19* at *Rappler*. Kasapi siya ng Alliance of Concerned Teachers – Private Schools. Kasalukuyan siyang nag-aaral magsulat ng *sci-fi*.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 127-135 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Limang Dagli (Calle Burgos, Gestapo, Tingkal, Simba-Samba, Sagupa)

**Rene Boy Abiva**
Samahang Lazaro Francisco/Unibersidad ng Pilipinas
ate.tet.abiva@gmail.com

~~~

## Calle Burgos

Mag-aalas sais na nang araw na yaon. Inagahan ni Atong ang pag-uwi mula sa pinapasukang trabaho na pagmamay-ari ng Intsik na nakapangasawa ng Tagalog. Nang marinig ni Burnok ang pitada ng kanilang traysikel sa labas ay dagli siyang gumayak, isinuot ang bagong biling damit na mula pa sa anim na buwan na ipon, t-shirt na halagang 80 piso't may tatak ng Dragonball Z. Sa araw kasi na yao'y may pangako ang kanyang ama, bibisita raw sila sa isang lugal kung saan may matatangkad na manika na Arabo, may hawak ang mga ito na baston, nakabalanggot ang ulo, mahahaba ang kanilang balabal, may mga tupa at baka sa kanilang paligid, at parang nasa isang malaking kamalig silang lahat na naiilawan ng nakasabit na tala ang ibabaw ng kanilang dampa. At matamis-wagas-banal ang pangako ng ama, sa unang pagkakatao'y dadalhin niya ang anak sa palad ng uniberso, maliligo sila kapwa sa ilalim ng mga tinuhog na tala at buntala kasama ang iba pang nilalang sa gabing yaon ng pagpapasinaya.

*Katatapos lang ng Ikalawang Digmaan nang palihim na ipinamalita ng kuryer na si Alejandrino ang isang maganda ngunit nakakatakot na balita.*

*"Bukas ay nakatakdang bumaba ng bayan si Alipato. Magtatalumpati raw ang kilalang puno ng mga gerilya at sasanib daw sa nasabing pagtitipon ang mga magbubukid ng Jaen, Gapan, Talavera, at Zaragosa! May iaanunsiyo raw siyang tiyak ikatutuwa nating mga magbubukid!"*

*"Aba'y mainam kung ganoon, sabihan mo rin ang ating mga kapanalig sa bayang ito, sasanib tayo sa magaganap na programa bukas!"*

*"Subalit kabilin-bilinan ng mga alagad ng supremo na maging maingat tayo, mayroon pa raw mga Makapili na naiwan ang mga Hapon, at sila ngayo'y pangunahing sumususo sa bulsa ni Magsaysay."*

*Kumalat nga ang nasabing balita, walang singaw, walang amoy, maliban lamang sa anag-ag ng apoy ng pag-asa na nananahan sa dibdid nilang mga magbubukid.*

Hindi nga nabigo ang mag-ama nang gabing yaon. Nasaksihan ni Burnok ang kumukuti-kutitap na mga bituin sa ibabaw ng lupa. Ang karamihan sa kanila'y animo mga
~~~

alitaptap na nakadapo sa sala-salabat na mga baging na sumaklob sa tabiki ng buong kapitolyo. Hindi rin nito pinatawad ang mga puno ng niyog sa paligid ng lumang gusali. Waring mga umiilaw na sawa ang nakapulupot paibaba-paitaas. May hugis apa pang pagkataas-taas na may higanteng bituin sa ibabaw nito na wari'y ipinutong na korona sa ulo ng mahal na birhen. Oo. Tama. Ulo nga ng mahal na birhen na dati nang nakita ni Burnok sa loob ng Basilika ni San Nikolas ng Tolentino[1]. At ang sumasabog na silahis ng mga bituin ay sumasanib sa musmos na mata ni Burnok. Waring salamin ng daigdig ang kanyang mata. Habang si Atong nama'y inililihim sa anak ang tunay na nadarama, masayang-masaya siya dahil natupad niya ang pangako sa anak.

*Naganap nga ang pagbaba sa bundok ni Alipato. Dumagsa nga ang mga magbubukid sa mga nasabing bayan na sa dami ng mga dumalo, animo'y naging basang pinitak ang nagmamapuring lungsod. Kinubkob ng amoy putik at araw ang mga kubakob, subdibisyon, karinderya, at mga establisimyentong pag-aari ngiilang yayamanin. May dala-dala pa silang mga plakard na may mapanghimagsik na mga panawagan. Gayundin ang mga pulang bandila na animo'y layag ng mga barkong palutang-lutang habang nakikipagsagupa sa dagat na yari sa dugo at kamao. Sa ibabaw ng isang dyip, dumudupikal ang trompa ng matatalas-matatalim na mga pananalita, awitin, dalit, at tula.*

*Oo, maganda at perpekto nga itong panorama para sa mga magbubukid. May ilan sa kanila na kasama pa ang mga alagang kalabaw na may hila-hilang kariton. Naglalaman ito ng mga pagkaing binalot sa dahon ng gabi at saging. At parang kakampi nila ang mata ng araw at bagwis ng amihan. Dumating ang tanghaling tapat, itinaas ni Alipato ang kanyang kaliwang kamao at sa hindi maipaliwanag na dahilan, ang mga kanina'y ususero'y sumanib sa malaking bola ng apoy. Lalong lumaki't nag-alab ang bola ng apoy. Tatalsik-talsik pa ang mga anag-ag nito na waring sa bagong putok na balon.*

*"Ahhh…paghuhukom na ba ito?" tanong ng marami.*

*"Unang bahagi ng paghuhukom," sagot ng sorbetero.*

*"Nagising na ang higante sa malayong Silangan," pagsusuma ng kagina'y tumula sa ibabaw ng dyip. At bago nga humimlay ang nag-aapoy na araw sa Silanga'y umaalingawngaw sa papawirin ang pagpapabagsak sa Piyudalismo at Imperyalismo!*

Inabot nang isang oras ang mag-ama sa paglilibot sa ilalim ng mga tanawing nababalutan ng mga tinuhog na bituin at buntala. Sukol hanggang langit ang kagalakan ni Burnok habang hawak-hawak ng kanyang kanang kamay ang *cotton candy*. Ang kanyang amang si Atong nama'y walang ibang kumikiwal sa salamisim kundi ang mga hibla ng nakaraan habang sa kanyang puso'y walang pagtatanggi niyang ipinaubaya ang

[1]Pintakasi ng mga kaluluwa sa purgatoryo.

lahat sa ligaya ng anak. Tahimik-masayang umuwi ang mag-ama sa sinapupunan ng gabi.

*“Atong! Atong! Dalhin mo nga ito sa iyong Ingkong. Malamang uhaw na uhaw na iyon matapos ibulalas sa madla ang mga dakilang layunin ng mga magbubukid na nais maging timawa!”*

Malapit na nga ang kaarawan ng mesiya. Sabay nahiga ang mag-ama sa banig na nakalatag sa sahig. At bago pa man patayin ni Atong ang apoy ng gasera’y walang ibang baon si Burnok sa kanyang panaginip kundi ang imahen ng pulang gumamela sa nakasingit sa tainga ng Inang Maria.

## Gestapo[2]

Papalubog na ang araw sa Silangan at papasilang naman ang walang kaparis na dilim sa Kanluran nang sigawan-utusan ni Inang Salome sina Pandoy at mga kapatid nito na pumasok na ng bahay. Kabilin-bilinan nitong burahin nilang maigi ang kanilang bakas sa lupa, at bago pumasok sa pintuan ng kanilang dampa’y kailangan nilang pagpaging maigi ang kanilang mga paa. Dapat ay walang makapasok ni mumo ng butil ng lupa sa kanilang silid.

Pagkuwan nga’y isinara ni Inang Salome ang pintuan sa salas at kusina, maging ang mga bintana sa apat na sulok ng kanilang silid. Dinukot niya sa bulsa ng bulaklakin niyang daster ang gurabis[3] at dagli niyang ikiniskis at nang magliyab ay walang kapangi-pangimi niyang idinampi sa naghihintay na mitsa de-gaas na gasera. Kasama nina Pandoy at mga kapatid nito, animo silang mga insektong sabik-uhaw sa liwanag. Sasayaw-sayaw ang dila ng apoy habang ang kanilang mga anino’y iba-iba rin ang hugis na nabubuo, may maliit at may malaki, habang sa kanilang harapa’y mga platong salat sa biyaya at sarting tubig ang iniluluwa. Habang sa labas nama’y tahimik maliban sa baladang likha ng mga kuliglig, malamig ang ihip ng hangin na waring singaw ng nalulusaw na yelo. Bago isabit ni Inang Salome ang kulambo sa mga pakong nakausli sa poste ng kanilang dampa’y sumilip muna siya sa labas. Wala siyang ibang nakita kundi ang bukirin-bundok-burol-kakahuyang sinakmal ng dilim.

Kasarapan ng tulog nang kumahol si Bagwis. Naalimpungata’t simbilis ng kidlat si Inang Salome na bumangon. Kinapa niya ang dilim. Nang mabuksan niya ang pinto’y bumulaga sa kanyang mata ang ilaw ng plaslayt pagkatapos ay itinuon ng may hawak nito ang liwanag sa sahig. May nakita silang mumo ng buhangin at wala pang limang segundo’y umalingawngaw ang isang putok. Nagsitilaukan ang mga manok sa puno ng

---

[2]Raiding team ni Hitler. Mula sa pinaikling Geheime Staatspolizei o Aleman para sa “Secret State Police.”
[3]Ilokano ng posporo.

bayabas at langka sa likod ng dampa. Umatungal-nagwala ang kambing at kalabaw. Bumangon-gumapang si Pandoy at nakapa niya sa dilim ang basa sa malagkit-malansang dugo ang kanyang Inang Salome. Sa iniwan niyang silid, sa loob ng kulambo, ay nagsisigawan-nagtitilian ang kanyang mga kapatid.

Nangagsipagsindi ng plaslayt, gasera, at kandila ang kanilang mga kapitbahay, at kasabay ng pagbukas nila ng mga bintana'y siya namang pagkaripas ng mga salarin na animo'y dilim na takot sa liwanag.

## Tingkal[4]

Mulang magkamalay si Ingkong Waldo ay lupa, karit, at kalabaw na ang kanyang mga naging kalaro. Ang malawak na banos[5] nga ng Baryo Liwayway ang unti-unting humubog sa kanyang iika-ika at hungkag na mundo, magdadalawang taon kasi siya nang mamatay ang kanyang Amang Pedro. Likas ngang tila isinumpa ng kapalaran si Ingkong, maglilimang taon naman siya nang sumunod naman ang kanyang Inang Telma sa Daigdig ng mga Patay. At mula nga noo'y wala nang ibang pinaglalagian at pinaglalaanan ng panahon si Ingkong kundi ang banos.

Paglao'y nagkapamilya si Ingkong at tila totoo ang kasabihang "Kung ano'ng puno'y siya rin ang bunga." Sa mga hunos[6] sa banos pa rin siya at niya iniaasa at iaasa ang maya't mayang pagpiglas ng gutom sa kanilang sikmura. At dahil madalas puntiryahin ng unos ang mga banos, tubig at putik ang unang lumalamon sa mga hunos na sana'y maaaring ipambuhay sa hindi mabilang na musmos na umaasa sa banos. Na lagi'y tila ito ang paalala ng mga timpapalis sa araw at susuhong kung gabi na ang banos na kanyang minana sa yumaong magulang ay malapit sa ilog.

Panahon nga noon ng anihan. Buong araw si Ingkong sa banos kasama si Kolobong. Puno ang puso niya ng pagbabakasakali na makapag-uwi ng kahit kaunting hunos. Magtatakipsilim na nang makauwi siya sa dampang nakatindig sa ilalim ng santol. Itinali niya rito si Kolobong at kanyang kinuha ang naipong hunos na maingat-masinop niyang ikinamada sa kariton. Halos mangangalahati na ang ibinababang tiklis ng mga suhay nang bigla siyang makadama ng paninikip sa kanyang dibdib.

Naupo siya sa bangkito at isinandal ang sarili sa poste ng dampa na yari sa kawayan. Napansin niyang sa bawat pagbuga niya ng hangin ay siya namang pagpapakawala ng kanyang puso ng isang malakas na susundan ng lalong mahinang pintig-pitik. Unti-unting nilagom ng lamig ang kanyang yayat na katawan hanggang sa

[4]Tuyong putik sa bukirin.
[5]Isang bloke ng mga pitak ng lupang sakahan.
[6]Kaparte ng manggagapas o magsasaka sa kabuuang ani.

ang init nitong tangan ay pinakawalan ng mga buto at laman na siyang nagsilbing tapayan.

Lumubog ang araw sa Silangan nang dapithapon ngang yaon na kasama si Ingkong. At kung makapagsasalita lamang ang mga nakasabit na piyuka[7], punyos[8], palimanaw[9], at ang uunga-ungang si Kolobong ay tatalastasin nila kung hanggang kailan magiging libingan ang pinaunlad-nilinang nilang linang.

Mag-uumaga na nang ginising ng malakas na atungal-palahaw ang buong Baryo Liwayway. Dinakot ng mga anakpawis ang labi ni Ingkong. Pinaglamayan nang tatlong araw, at sa ikaapat na araw ay pinabendisyunan sa simbahan ng San Isidro at siya'y inilibing na wala man lamang panandang-bato, maliban sa sanga ng kahoy na kinorteha't tinalian nang pa-kurus.

Lumipas ang tag-init at dumating ang tag-ulan, bumisita ang kanyang bunsong anak. Naroroon pa rin ang payak na kurus. Hinalinhan na rin ng mga namumulaklak noong makahiya at kamot-pusa ang madamong ibabaw ng libingan ng kanyang Ingkong.

Lumalawiswis ang hangin at pilit nitong tinatangay ang kanyang mahabang buhok. At habang kanyang binabalikan ang mahahalagang sandali, dinig ng kanyang tainga at kaluluwa ang lumalagitik na hagkisan ng mga talahib sa tiwangwang nang banos.

Pumukol bigla sa kanyang dalumat na tama ang kanyang pasyang umanib sa lihim na samahan ng mga nais maging timawa.

## Simba-Samba

*(Radikal na Tugon sa Nobelang*
*Pillars of the Earth ni Ken Follet)*

Pumasok si Pilar sa kanyang silid na hingal na hingal!

Kinapa-dinampot niya ang casapego[10] sa ibabaw ng altar. Ikiniskis niya ang palito sa lagayan nitong kahon. Sumiklab ang titis. Naaninag sa lalamunan ng dilim ang malaanghel subalit luhaang mukha ni Pilar habang dahan-dahan niyang idinampi ang dila ng apoy sa nag-aabang na mitsa ng gaserang yari sa bote ng San Miguel.

[7]Tali na may hawakang kahoy na ipinambubuhol sa uhay ng palay upang magiik sa gapasan.
[8]Guwantes ng magsasaka
[9]Isang uri ng maliit na panabas
[10]Kastila. Posporo.

Ibinuyangyang ng dilaw-puting liwanag ang isang banal-malusog na katawan sa harapan ng Sto. Nino at nakapakong Hesus sa kurus. Basang-basa ng maalat-malansang pawis at laway ang templo ng kanyang kaluluwang pilit nakabalot sa puting kumot na kasingnipis ng kurtina sa laylayan ng pulpito at tabernakulo. Bakat na bakat sa kanyang harapan ang malusog niyang dibdib. Nagdudumilat ang kanyang utong na animo'y bola ng mata na palihim-nakakubling nagmamatyag.

Sa ibabang bahagi ng kanyang baywang---sa sentro ng kanyang katawan---ay kuyom-kuyom ng kanyang kamao ang kakapiranggot na telang ipinantakip sa kanyang hiyas. At dahil nga madilim, hindi malaman kung ano itong likido na mainit, malapot, malansa, malagkit, at madaling matuyo. Kasabay nito, umaagos sa kanyang mata ang mga luhang sinlaki ng perlas.

Maya-maya'y iniluwa ng madilim na sulok ang malapad, mabalahibo, at maputing kamay ng lalaki. Dumampi-nilingkis nito ang kanyang suso. Piniga. Hinimas-himas. Tiniris-tiris ang kanyang utong at maya't maya ay nagpapakawala ng hiningang amoy ubas na ibinabad sa lebadura. Niransak nito ang manipis niyang baluti.

Nag(pu)pumiglas siya subalit mistula siyang paruparo na nasukol sa sapot ng tarantula!

Gumapang nang madiin-malalim ang mga daliri sa kamay ng lalaki pababa sa kanyang sikmura hanggang sa puson hanggang sa singit hanggang sa sukdulan ng kanyang hiyas. Labas-masok ang gitnang daliri ng lalaki habang nakasakmal ang bunganga nito sa leeg ni Pilar---ginagalugad, inaarado, at sinisimot ng kanyang dila ang lahat kay Pilar maging ang pintig-pitik ng kanyang puso.

Nakatitig pa rin ang mga dibuhong yari sa marmol na waring nasisiyahan sa kaganapang karnal sa kanilang harapan!

Hinatak paatras ng lalaki si Pilar at pinatuwad, at nagsimulang magsalpukan ang mga anino. Nanginginig-nililindol ang buong altar kung saan nakakapit ang naghihimagsik subalit walang magawang kamao ni Pilar. Nakakadalawang putok na ang kumakadyot sa kanya nang maabot-sinadyang hatakin ni Pilar ang tela sa ibabaw ng altar. Natumba ang gasera't bumulwak ang gaas. Dagling lumaganap ang apoy. Nagbagsakan ang mga tuyong palaspas at sampagita, at kumalat ang apoy sa silid ng Bahay na Banal sabay ng malamig-malakas na ihip ng hangin.

Nang hugutin ng lalaki ang kanyang kabahagi, nadakma ni Pilar ang walang lamang plorera at inihampas ito sa ulo ng lapastangan. Sa pagod sa kakakadyot ay dagli

itong natumba. Sinakyan siya ni Pilar at sinakal gamit ang suot na rosaryo-iskapularyong iginawad ng huling beato[11] sa Siyudad Vatican. Ibinuhos ni Pilar ang lahat hanggang sa kinaumagaha'y makitang abo silang dalawa kasama ang mga santo at santa, kasama ang silid ng tithe[12].

Walang natira sa Bahay na Banal maliban sa alaala at bulag pa ring pananampalataya!

**Sagupa**

Kami. Kami si Andres Malong. Mga aripuen[13]. Anak ng pawis at araw. Mula sa uring dakila. Ilang daang taon na ang nakakaraan nang ubusin ng mga fraile ang aming uri at lipi. Kami raw ay mga carajo[14]. Rebelde. Erehe. At kaaway ng Diyos na puti. Tandang-tanda pa namin nang ibitin sa puno ng sampalok at akasya ang mga bangkay ng aming magigiting na Heneral at Teniente de Guerra. Ginawa nila ito upang hindi raw kami pamarisan, ng mga gaya naming kayumanggi.

Pansin ko lang, Tano, mula nang dumating iyang si Massey Ferguson ay marami na sa ating mga kababayan ang namasukan bilang mga kantero at bodegero sa kalapit na bayan.

Paano ba naman kasi'y iba sumimot si Massey Ferguson, daig pa nito ang kura noong araw.

Eh paano 'yan, sa sunod na linggo ay wala na rin kaming mapapasukan ni Kumareng Tana. Ayon sa kwentuhan kangina sa bahay ni Ingkong, si Massey Ferguson din daw ang kinuha ni Don Luciano na mangasiwa sa pinapaani nitong limang hektaryang bukirin sa kabila ng tumana ni Don Vidal.

Ganun ba? Wala nang kakainin ang ating mga anak. Mabuti pa'y sumama na muna ako sa grupo nina Paking. Magtatrabaho muna ako sa kanila bilang helper. Baka sakaling may pambili tayo ng asin at mantika.

Tanda pa namin kung paano sumagupa noon ang aming mga ama at ang mga kasamahan nila. Animo'y sinlakas sila ng kalabaw. Hindi namin makakalimutan nang sinunog nila ang Bayan ng Tayug, buhay pa noon si Apong Calosa[15], at sa isang gabi, ito'y naging abo.

---

[11]Kastila. Nakatakdang maging Santo o Santa.
[12]Abuloy o buwis sa simbahan.
[13]Pangasinense ng alipin.
[14]Wikang Kastila. Balasubas.
[15]Pedro Calosa. Namuno sa Rebelyong Tayug (1930) laban sa mga Amerikano.

Halos wala akong naitatabing salapi para sa ating mga anak, mahal ko.

Ang masama pa, mahal, dumating kanina dito ang assessor ng MARO[16]. Lumalabas na wala palang titulo itong lupang minana mo sa iyong ama. At baka sa sunod na buwan ay papaalisin na tayo.

Ano! Saan tayo titira! Atin itong lupang ito, at dito halos nagkamalay ang angkan ng Malong!

Ewan at bakit waring nabu(bu)hay ang aming nasimulan. Ilan daang taon na ang nakakaraan subalit parang wala ngang pagbabago. Nagbihis-bakal lamang ang mga nakaabito naming kalaban noon. Abito na mas kinatakutan ng aming mga kababayan kaysa sa damit ng sundalo, Kastila man, Amerikano, Hapon, at Konstable.

Lisanin n'yo ang bayang ito bago maghatinggabi sapagkat magiging madugo ang panganganak ng ating paghihimagsik. Maghintay kayo nina Kumareng Tana sa paanan ng Bundok Bulalakao. Isama n'yo ang mga bata, matatanda, at maysakit. Ang malakas pa ang pangangatawan, lalaki man o babae, sama-sama naming ipagtatanggol ang barikada hanggang sa huli nilang hininga!

Pagputok nga ng bukang-liwayway ay sinagupa namin ang aming mga kababayang kayumanggi subalit ang utak ay puti. Ang mahirap, isinuplong kami ng aming mga kalahi. At hindi na nga nakabalik ang kulang isandaang magbubukid sa kani-kanilang dampa. Dagdag pa, ni ang pag-usal sa ngalang Malong ay ayaw na ng aking mga kababayan. Ayaw man naming sabihin ang katotohanan na mismong aming mga kababayan ang pumatay sa kanyang mga bayani.

Kami. Kami ang mga Andres Malong. Mga aripuen. Anak ng pawis at araw. Mula sa uring dakila. Ilang daang taon na ang nakakaraan nang ubusin ng mga fraile, pensionados, at burgis ang aming uri at lipi. Kami raw ay mga carajo. Rebelde. Erehe. Insurekto. At kaaway ng Diyos na puti. Tandang-tanda pa namin nang ibitin sa puno ng sampalok at akasya ang mga bangkay ng aming magigiting na Heneral at Teniente de Guerra, o nang ikulong sa Bilibid ang aming mga lider. Ginawa nila ito upang hindi raw kami pamarisan, ng mga gaya naming kayumanggi.

[16]Municipal Agrarian Reform Office.

## Tungkol sa May-Akda:

### RENE BOY ABIVA

Si R.B. Abiva ay nagsusulat sa wikang Ilokano at Filipino, siya rin ay tagasalin, editor, musikero, pintor, at iskultor. Siya ang awtor ng Tuligsa at iba pang mga tula (2018), Agaw Agimat (2019), Poelitika: Mga Tula (2019), Kapatiran ng Bakal at Apoy (2020), at Paltiing: Mga Piling Tulang Prosa (2020). Writing Fellow siya ng 58th UPNWW (Tula), 11th Palihang Rogelio Sicat (Maikling Kuwento), 6th Cordillera Creative Writing Workshop (Tula), at 9th Pasnaan- Jeremias A. Calixto Ilokano Writers Workshop (Daniw). Ang kanyang mga malikhaing akda ay nalathala na rin sa iba't ibang magasin, pahayagan, at antolohiya. Ang SANIATA PRIZE 2019 (Ikalawang Gantimpala) ang pinakahuli niyang nasungkit na pagkilala. Sa ngayon ay kumukuha siya ng M.A- Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas. Noong nakaraang taon ay kanyang itinatag ang Samahang Lazaro Francisco sa lalawigan ng Nueva Ecija. Kasapi siya ng CAP, KATAGA, at GUMIL- Filipinas. Sa kasalukuyan, siya ang literary editor ng SINAG, Opisyal Na Pahayagan Ng College of Social Sciences and Philosophy sa Unibersidad ng Pilipinas- Diliman.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 136-142 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Sa Mga Mata ni Filipino

**DJ Ellamil**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas
ntdaniloellamil@gmail.com

~~~

Simula nang kumalat ang balita ng pagkakabilanggo ni Filipino sa Bartolina ng mga Wika, nagkagulo ang mga mamamayan mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Ilang araw na silang nása labas ng bartolina, isinisigaw na dapat nang palayain si Filipino dahil hindi totoong nagkasala ito sa Batas ng mga Wika. Hindi totoong hindi nitó káyang magpalaganap ng pambansang karunungan at kaunlaran.

"Wika at bayan, ipaglaban!" sigaw ng mga tao. Hawak-hawak nila ang mga plakard na may iba't ibang laki. Tila hindi napapagod ang mga ito. Umaraw man o umulan, nananatili pa rin silang nakatindig sa labas ng bartolina—umaasang pakikinggan ng nása loob ang kanilang hinihiling.

"Mahal na mahal ka ng mga tagapagsalita mo, a," sabi ni Tagahatol kay Filipino. Nakaupo ito sa isang sulok ng selda habang pinakikinggan ang sigaw ng mga nása labas. "Pero, sáyang lang ang boses nila kasi wala ka namang kuwenta," pagpapatuloy niya.

Pangalawang araw na ni Tagahatol sa loob ng bartolina. Ipinadala siya ng Hukuman ng Karunungan at Kaunlaran upang magbigay ng pasya kung dapat bang palayain na si Filipino. Pero hanggang ngayon, hindi pa rin ito nagsasalita.

Kinalampag ni Tagahatol ang bakal ng selda. "Ipagtanggol mo ang sarili mo! Kapag dumating ang oras na mapagod na ang mga tagasuporta mo, hudyat na iyon na hindi ka na nila kailangan. Ipabibitay na kitá kapag nangyari 'yon. Kayâ ngayon pa lang, magsalita ka na!"

Nakatingin lang sa kanya si Filipino habang nagsasalita siya. Hindi niya mabása kung ano'ng gustong sabihin ng mga mata nitó. Sa lahat ng wika na hinatulan niya, dito lámang siya nahirapan. Nang sinabi sa kanya ng Hukuman na kailangan niyang pumunta sa Bartolina upang puntahan si Filipino, kaagad siyang kinilabutan. A, si Filipino. Iyong wika na hindi nagagamit sa larang ng karunungan? Ano ang gagawin ko sa kanya? Patapón na ang wikang iyon! Basura. Sa lahat ng wikang alam ko, Filipino lang ang alam kong walang patutunguhan. Nandidiri ako habang sinasalita ang wikang iyon. Para akong pinagugulong sa tae ng iba't ibang hayop. Para akong nagiging malansa kagaya ng mga isda sa karagatan! Nakasusuka. Hindi siya kagaya ng Ingles, Mandarin, French, at iba pang wika ng kaunlaran!
~~~

Ngunit, walang nagawa si Tagahatol kahit ayaw niyang puntahan si Filipino. Ito ang trabaho niya. Kailangan niyang malaman kung ano ang saloobin ng wikang kanyang hahatulan. Hindi puwedeng basta niya na lang ipabitay si Filipino (pero iyon talaga ang gusto niyang mangyari) dahil kailangan munang dumaan sa proseso ang lahat. Lintik na mga proseso! Kung puwede niya nga lang sanang baguhin ang sistema ng hustisya, gagawin na niya.

Inilabas ni Tagahatol ang papel na naglalaman ng mga impormasyon ni Filipino. “Ang dami mo namang pangalan! Ikaw si Tagalog noong 1937. Tapos, naging si Pilipino noong 1959. At ngayon, ikaw na si Filipino,” singhal niya. “Sino ka ba talaga?”

Sa labas ng bartolina, wala pa ring tigil sa kasisigaw ang mamamayan. Dahil rinding-rindi na si Tagahatol sa mga ito, hindi na niya napigilan ang sarili. Galít na galít siyang lumabas ng bartolina.

“Magsitahimik kayo, mga inutil!” sigaw niya. Tumahimik ang mga mamamayan. “Kung gusto n’yo talagang ipakita na mahal n’yo si Filipino, ipakita n’yo sa akin kung paano siya nagagamit sa pagpapalaganap ng karunungan at kaunlaran. Huwag kayong sigaw nang sigaw.” Kailangan niyang ibaling ang atensiyon ng mga ito sa iba upang hindi na mag-ingay. “Búkas, gusto kong magsagawa kayo ng programa. Maglatag kayo ng mga argumento kung bakit karapat-dapat na manatili si Filipino sa mundong ito. Maliwanag?”

Nagbulungan ang mga mamamayan. Naghiwa-hiwalay ang mga ito at pumunta sa kani-kanilang grupo. Iba’t iba ang puwesto ng mga Tagalog, Ilocano, Cebuano, at iba pang mga tagapagsalita ng wikang rehiyonal. Gamit ang kanilang wika, sabay-sabay na sumigaw ang mga ito, “Maliwanag!”

Tumango-tango si Tagahatol. Pumasok na siya sa loob ng bartolina. Napangiti siya nang mapagtantong wala nang nag-iingay sa labas.

“Saan nga táyo natapos kanina?” tanong niya kay Filipino, umaasang magsasalita na ito. Pero, wala pa rin siyang nakuhang sagot. Kagaya ng lagi nitóng ginagawa, nakatingin lang din ito sa kanya ngayon. At muli, hindi na naman niya mabása ang nais sabihin ng mga mata nitó. “A, tungkol sa identidad mo.”

Binuklat niya uli ang papel. “Ang nakalagay rito, mula ka raw sa malaking pamilya ng Awstronesyo. Pero nagtataka ako kung bakit kailangan mong magsilang ng napakaraming supling. May Pampanggo, Hiligaynon, Sebwano, Tagalog . . . napakarami!”

Nang mapagtanto niyang hindi pa rin ito magsasalita, sinuntok niya ang bakal sa selda nitó. “Putang-ina naman! Para akong may kausap na pipi! Magsalita ka!” Hindi niya

alam, pero nang sinabi niya ang “putang-ina”, bigla siyang nagkaroon ng kakaibang pakiramdam. Bigla siyang naangasan sa sarili. Parang sa lahat ng naimbentong mura mula sa iba’t ibang wika, dito lámang siya naapektuhan. Inulit niyang muli ang pagsasabi ng salitang ito. “Putang-ina.”

Hanggang matapos ang araw na iyon, paulit-ulit niyang sinasabi ang “putang-ina”. *Putang-inang* pagalit. *Putang-inang* masaya. *Putang-inang* malungkot. Buháy na buháy ang sistema niya. Putang-ina mo, Filipino. Putang-ina mo, Pilipinas. Putang-ina mo, Hukuman.

Kinabukasan, ginising siya ng kakaibang mga ingay. Kakaiba, dahil noong mga nakaraang araw, isang ingay lang naman ang kanyang naririnig. Sigaw ng “Wika at bayan, ipaglaban!” Pero ngayon, maraming tunog ang nanggagaling sa labas. Kaagad siyang bumangon mula sa malamig na sahig ng bartolina at lumabas upang tingnan kung saan nanggangaling ang mga ingay na iyon.

Pagkalabas niya, nagulat siya sa kaniyang nasaksihan. Sabay-sabay na nagsasalita ang mga mamamayan. Bagaman may naglalahad ng mga argumento, mas marami ang nagtatalo-talo. Naririnig niya ang mga terminong “Tagalog imperialism”, “Kumbensyong Konstitusyonal”, “purista”, at iba pa.

“Ano’ng nangyayari?” malakas niyang tanong. Biglang tumigil sa kani-kanilang gawain ang mga mamamayan.

“Sabi n’yo po kahapon, maglahad kami ng argumento kung bakit dapat manatili si Filipino,” sabi ng isang laláking may hawak na mga aklat. “Pero marami pa po pala ang nalilito kung sino ba talaga siya.” Nagkakamot ito ng ulo. “Kahit ako po, kabilang ba ang wika naming mga Bisaya sa Filipino?”

Hindi sinagot ni Tagahatol ang laláki. “Ano ba ang sinasabi sa Konstitusyon n’yo? Kailangan n’yong magbasá!”

“Nagbabasá po kami,” sabat ng isa. “Pero, parang hanggang papel lang iyon. Ang dami pa ring tumatawag na diyalekto ang sinasalita naming mga Ilokano sa halip na wika. At isa pa, ang dami-daming isyu na dapat pag-usapan tungkol sa kanya!”

Sumang-ayon ang marami. Habang nagsusulat ang ilan ng mga akda at pananaliksik gamit ang Wikang Filipino, ang iba naman ay nagkakaroon ng debate tungkol sa tamang paggamit ng ‘ng’/’nang’, ‘rin’/din’, ‘pinto’/’pintuan’, at iba pang tamang pagbaybay sa mga salita.

“Itigil n’yo ‘yan!” sigaw niya. “Napakatagal n’yo nang pinagtatalunan ‘yan, pero wala namang pinatutunguhan. Ang kailangan ko, matibay na argumento, hindi ganyang mga kung ano-anong kaek-ekan!” Nabigla siya sa nabanggit na salita. Kaek-ekan. Isang

salitang gay lingo na bahagi rin ng Filipino. Pakiramdam niya, may lumabas na paruparo at tumubong mga bulaklak sa kanyang bibig.

Subalit, nawala bigla sa kanyang isip ang paggamit niya sa salitang ito nang marinig niya na may nagsalita sa mikropono.

Tumahimik ang lahat at pinakinggan ito. Inilalahad nitó ang mga kasalukuyang isyu tungkol sa Filipino. Ayaw mang aminin ni Tagahatol, humahanga siya sa kung paano nitó pinahahalagahan ang wika. Ngunit, bigla siyang nagulat nang napagtanto niyang ang wikang ginagamit nitó sa pagsasalita ay Ingles. Paano nitó nagagawang ipatigil ang pagbitay sa kanilang pambansang wika gamit ang wika ng dayuhan?

Hindi makapaniwala si Tagahatol sa ginagawa ng mga tagapagsalita ni Filipino. Akala niya, lubos na naiintindihan ng mga ito ang dahilan kung bakit násа bartolina ang kanilang sariling wika. Paano nga naman maipalalaganap ni Filipino ang karunungan at kaunlaran kung ang tagapagsalita nitó, hindi alam kung paano ito gamitin sa mataas na diskurso?

“Ang sabi ko sa inyo kahapon, ipakita n’yo sa akin kung paano nagagamit si Filipino sa pagpapalaganap ng karunungan at kaunlaran. Ang linaw-linaw ng sinabi ko. Bakit ganitó kayo kagulo ngayon?”

“Kapag po kasi pinag-uusapan ang wika, hindi maiiwasan na magkaroon ng mga pagtatalo,” sabi ng isa na hindi niya alam kung isa ba sa mga nakikipagdebate, nagsusulat, o kung sa ano mang ginagawa ng mga naroon.

“E, ano kung laging may pagtatalo?” naiiritang saad ni Tagahatol. “Isipin n’yo ang sinasabi ko. Ang mga pananaliksik ba na nakalimbag sa bansang ito, ang mga paaralan, ang mga ahensya, mas ginagamit ang Filipino kaysa Ingles? Ang Filipino ba, ginagamit n’yo para umunlad ang bansa n’yo? Oo, alam kong gusto n’yong mapalaya si Filipino, pero bakit hanggang ngayon, hindi pa rin kayo nagkakaisa? Tingnan n’yo kung paano kayo nahahati sa iba’t ibang grupo. Naiintindihan n’yo ba ako?”

Napatulala lámang ang mga mamamayan. Kaagad niyang iniwan ang mga ito at bumalik muli sa loob ng bartolina. Hindi niya alam kung bakit siya nagagalit. Dapat nga, natutuwa siya dahil ngayong alam niya na hindi naiintindihan ng mga ito ang tunay na nangyayari sa wika, mas mapadadali na ang kanyang trabaho. Puwede na niyang ipabitay si Filipino. Pagkatapos, Ingles na ang ipagagamit niya sa mga mamamayan. Pero, iba ang nangyayari ngayon. Bigla siyang naawa sa wikang nása loob ng selda. Nakatingin lang ito sa malayo. Kaawa-awa ang hitsura. Isang hulagway ng kalungkutan.

“Hindi mo ba talaga káyang magpalaganap ng karunungan at kaunlaran?” tanong niya rito.

“Káya.”

Bigla siyang nagulat. Ito ang unang beses na narinig niya ang boses ni Filipino. Kakaiba ito sa lahat ng boses ng wika na kanyang narinig. Muling bumalik ang pagkabuhay ng kanyang sistema. Pero, hindi dapat niya ipahalata rito na naapektuhan siya. Dapat, magmukha pa rin siyang matapang. Kagalang-galang.

“Paano mo magagawa iyon, e, hindi ka nga káyang gamitin sa Agham at Matematika, halimbawa.”

“May kumilos para gamitin ako sa mga larang na iyon.”

“Sino? Iyong si Ka Along na dáting dekano ng Inhenyeriya ng Araneta University? Iyong nag-imbento ng mga terminolohiyang pansiyensiya at teknolohiya? Sagudagitbing tambisa para sa photo-electric effect, kahanginaning diin para sa atmospheric pressure, haykapnayanon para sa biochemist, at napakarami pang salita na ang sakit sa utak! Mas lalong maguguluhan ang mag-aaral!”

“Puwede naman kasing hindi isalin ang mga terminolohiyang pansiyensiya at teknolohiya,” sagot ni Filipino. “Ang punto, dapat ituro sa mga mag-aaral ang mga ito gámit ako, ang wika nila. Mas madaling maiintindihan ng mga bata ang mga larang na nahihirapan silang aralin kung ang gámit ng mga guro ay ang wikang una nilang natutuhang gamitin. Ganoon na rin sa pananaliksik.”

Tumango-tango si Tagahatol. “Sigurado ka ba? E, bakit ang mismong kagawaran ng edukasyon gusto kang patalsikin! Kulelat daw kasi lagi ang mga mag-aaral kapag may eksaminasyon. Laging nadadaig ng ibang mga bansa. Mas naniniwala sila na kung Ingles ang gagamitin sa pagtuturo sa halip na ikaw, mas makikipagsabayan ang Pilipinas sa mga mauunlad.”

“Alam ko ang sinasabi mo,” sagot ni Filipino. “Alam ko rin na kahit iyong mga mataas na paaralan, ayaw na akong gamitin. Hindi nila naiisip na sa kaytagal-tagal nang ginagamit ang Ingles sa bansa, hindi pa rin naman umuunlad.”

Napatawa si Tagahatol. “Aminado ka naman pala na ayaw na ng marami sa ‘yo, ano pang hinihint—"

“Pero, naniniwala akong may pag-asa pa. At mas madali iyong mangyayari kung makalalaya na ako sa bartolinang ito.” Hindi pinatapos ni Filipino ang pagsasalita ni Tagahatol.

“Sinasabi mo bang palayain na kitá?”

Hindi sumagot si Filipino. Ngumiti lámang ito. Naapektuhan ulit siya dahil sa simpleng ginawa nitó.

Ilang minutong walang nagsasalita sa kanilang dalawa. Pumatlang ang katahimikang matagal na niyang nais marinig. Ngunit, naririnig ba talaga ang katahimikan? O wala naman talagang katahimikan, sadyang naglaho lang talaga ang ingay? Doon niya napagtanto na wala nang nag-iingay sa labas. Muli siyang tumayo at lumabas ng bartolina upang tingnan kung ano ang nagyayari.

Kagaya kanina, nagulat ulit siya sa nasaksihan. Nag-aaral ang mga tagapagsalita ni Filipino. Nananaliksik at nagsusulat gamit ang sarili nilang wika. Napansin niya na nahihirapan ang mga ito. Maraming nakakunot ang noo. Maraming naguguluhan. Pero naalala niya ang sinabi ni Filipino kanina, naniniwala itong may pag-asa. Napansin niya na mas dumami ang tao. Naroon na rin ang mga magsasaka, manggagawa, mga miyembro ng komunidad ng LGBTQ+ (naalala niya ang salitang "kaek-ekan"), at iba pang mula sa iba't ibang sektor ng lipunan. Ngunit sa sandaling ito, nawala na ang pagkakahati-hati nila sa iba't ibang grupo.

Mayroon siyang narinig kung paanong ang Filipino ay wika ng masa. Ito raw ang boses ng mga inaapi at walang tinig. Ito ang boses ng demokrasya. At sa sandaling iyon, naniwala rin siya kay Filipino dahil ito ang sinasabi ng mata nitó na noon lang niya unang beses na nabása.

Pumasok siya sa Bartolina ng mga Wika, ang lugar na ginawa para sa mga wikang lumabag sa batas. Nakita niya si Filipino na nakaupo sa sulok ng selda. Tila naghihintay ito sa kanyang pagdating. Inilabas niya ang susi ng selda nitó at binuksan ito nang dahan-dahan.

"Malaya ka na," sabi niya.

"Sigurado ka?"

Napangiti siya sa sinabi ni Filipino. "Oo naman, siguradong-sigurado."

Masayang lumabas si Filipino sa bartolina. Sinalubong siya ng kanyang mga tagapagsalita. Tuwang-tuwa ang mga ito. Muli na namang umingay. Narinig ito ni Tagahatol, pero hindi siya narindi. Gusto niya ang ingay na iyon.

## Tungkol sa May-Akda:

### DJ ELLAMIL

Isinilang at lumaki sa Mabitac, Laguna, at isang mag-aaral ng AB Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Siya ay naging fellow ng ikatlong Campus Tagaan (Maikling Kuwento), ikatlong Amelia Lapeña Bonifacio Writers Workshop (Nobela), ikaanim na Cordillera Creative Writing Workshop (Dula), ikalawang Global Grace-UP National LGBTQ Writers' Workshop (Nobela), at Ricky Lee Online Screenwriting Workshop. Nagkamit siya ng Gawad Dominador B. Mirasol (2019) at AAG-KLFI Essay Writing Prize (2020). Nailathala rin ang kaniyang mga akda sa Liwayway Magazine, Bookwatch (NBDB), Vital Points (Ateneo Art Gallery), at iba pang antolohiya at publikasyon sa bansa. Sa kasalukuyan, pinagtutuunan niya ng pansin ang paggawa ng kaniyang undergrad thesis habang nanonood ng mga Thai series at inaalagaan ang aso niyang si Candy.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 143-157 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Salamat Po

**Janet Hope Tauro-Batuigas**
De La Salle University-Manila
janet.tauro-batuigas@dlsu.edu.ph

~~~

*50 years old* na ako.

Salamat sa Diyosa/Diyos na nakaabot ako sa edad na hindi na ako natatakot, hindi na ako nahihiya. Ito na ang edad ng pagpapakatotoo.

Nag-iisip ako ng mga bagay at isyu na puwede ko nang isigaw, isulat, ipinta ngayon, na nahihiya o natatakot akong gawin dati. Kaya lang wala akong maisip. Siguro dahil sa nakalipas na 18,250 araw ay naging totoo ako? Alam ko, charot!

Naalala ko tuloy ang lahat ng mga nakakatuwa, nakakatawa, nakakaiyak, nakakahiya, at nakakabuwisit na nangyari sa buhay ko. Inaamin ko na marami akong mga katangahang nagawa at ngayong singkuwenta na ako, tanggap ko rin na marami pa akong pagkakamaling magagawa. Subalit natuwa at natawa ako, sa kung naging sino ako ngayon at wala akong maisip pasalamatan kundi ang aking limang Nanay. Opo sa nakalipas na limampung taon ay nagkaroon ako ng limang Nanay at alam kong hindi lang ako. Lahat tayo sa iba't ibang *stages* ng ating buhay ay may mga Nanay na nag-Nanay sa atin. Sa tingin ko, wala ni isa sa atin ang makaka-*survive* sa komplikasyon ng buhay nang walang mga Nanay na gumagabay sa atin. Kaya ang naisip kong gawin ngayong 50 na ako ay ang magsulat ng nakakaburyong na sulat ng pasasalamat sa aking mga Nanay.

Dear Mommy,

Madalas kong sabihin noong ako ay tinedyer na *biological mother* lang kita. Siyempre, patalikod ko lang sinabi ito dahil takot ako sa iyo. Hindi lang ako ang takot, lahat ng kilala mo ay takot sa iyo lalo na kung galit ka. Ihahampas mo ang ano mang bagay na hawak mo sa kung sino man ang kaharap mo. Napakatining ng boses mo at mahirap pakinggan. At para kang sinasapian na walang nakakaintindi kung ano ang sinasabi mo. Wala ka ring pakialam kung ano ang sasabihin ng ng mga kapitbahay na aliw na aliw panoorin ka na parang nanonood sila ng *action movie* sa sinehan. Pero bakit ko nga ba naisip noon na biological mother lang kita? Hindi mo kasi kami ipinagluto gaya ng ibang Nanay. Hindi mo rin kami inalagaan kapag may sakit. Ito ang unang rason na naisip ko. Naalala ko pa kasi noong pinagtawanan ako ng mga kalaro ko dahil sa kuwento kong di ka marunong magluto. Hindi sila makapaniwala na may isang Mommy na di
~~~

marunong magluto at di nag-aalaga ng anak na may sakit. Umuwi na lang akong umiiyak dahil wirdo ang Mommy ko. Nang nasa bahay na ako at nakita kitang nagtse-check ng *papers* ng mga estudyante mo, doon ko lang naisip na sana sinabi ko sa kanila na titser ang Mommy ko! Alam kong talbog ang lahat ng mommy nilang marunong magluto. Pero kahit na, hindi ko pa rin maintindihan kung bakit di mo man lang kami ipinagluto, tinulungan sa asaynment o inalagaan kapag may sakit. Mas gusto mo pang mag-aral at tapusin ang *master's degree* mo kaysa sa ipasyal kami, kahit sa plasa lang. "Mahirap kayo ipasyal, ang dami n'yo at lahat malilikot," ito ang madalas mong sagot. Pinipigilan ko ang sarili ko noon na tanungin ka kung kasalanan ba namin na malilikot na bata kami? Sino ba ang nagpakasarap gumawa ng pitong bata? Hindi ko rin magawang tanungin sa iyo noon kung bakit hindi ka naging maalaga sa aming mga anak mo at lahat ay ipinaubaya mo kay Mama, ang aming yaya. Ang dayalog mo ay parating "Emil, tignan mo nga 'yang batang 'yan."

Marami akong mga di makalimutan na imahen mo noong bata ako – 'yong sinisigawan mo ang mga kawawang *public school students*, 'yong *once a month trip* mo sa modista para magpagawa ng damit, 'yong pag-*shopping* mo ng bag na may katernong sapatos at 'yong pagmando mo sa lahat ng tao sa paligid mo. Subalit may isang insidente na malinaw ko pa ring nakikita, naaamoy at nararamdaman. Isang gabi isinakay mo kaming pitong magkakapatid sa taxi. Hindi ko na nga maalala kung paano kami nagkasya sa taxi. Sinabihan mo ang taxi driver na mag-antay. Bumaba tayo sa isang parang apartment hawak kamay na nasa likod mo. Sumigaw ka sa harap ng bahay. "Huy yudiputa, ilabas mo ang asawa ko, lumabas ka d'yan! Tignan mo dito ang mga anak ko, ang pamilya ko na sinisira mo." Lumabas ang mga tao sa ibang bahay at nakatingin lahat sa amin, tingin ng awa. Lumaki akong galit sa ganitong klaseng tingin. Lumabas si Daddy at pinilit lahat kami na pumasok sa taxi. Masikip at amoy pawis sa loob ng taxi, di kaya ng *aircon* nito na palamigin ang ulo n'yo ni Daddy. Nagsisigawan kayo at kapag kunwang hahampasin ka ni Daddy na sa harap ng taxi nakaupo, ako ang natatamaan, kasi ako 'yong nasa gitna at nakakalong sa iyo. Tumahimik na lang kayo nang magsalita ang taxi driver na kung hindi kayo titigil sa pag-aaway ay papalabasin kayo pareho sa taxi at ihahatid na lang kaming magkakapatid sa bahay kahit na walang bayad. "Girera 'yang mommy mo," ito ang sabi ng mga kapatid mo at nasa lahi daw ninyo 'yon, na nakuha ninyo sa Nanay n'yong tubong Waray na nakapangasawa ng Tsino. Kahit na daw ang mga kamag-anak ni Lolo ay di magawang apihin si Lola kahit ayaw nila sa kanya dahil wala siyang dugong Intsik.

Subalit ngayong ako ay 50 na at may anak at apo na, naisip ko na hindi ako magiging gaya mo, kahit na ano pang *trying hard* ang gawin ko. Kakaibang level ang tapang mo, Mommy. Hindi ako kasintapang mo, na dinala kaming pitong magkakapatid lahat sa sinapupunan mo nang siyam na buwan. Kaya isa lang ang anak ko dahil hindi ko kinaya ang bigat ng may dinadala, ang pagsusuka at ang hirap sa pagtulog. Hindi kaya

ng limitado kung bokabolaryo na i-*describe* ang sakit na dinanas mo noong ipanganak mo kaming pitong magkakapatid nang natural. Ako isa lang, cesarian pa. Hindi ko rin maintindihan kung paano mo nagawang maging Nanay sa pitong anak nang hindi nasiraan ng ulo. Kung ako ang nagkaroon ng pitong makukulit na anak ay di lang ako magwawala, mawawala na lang ako na parang bula. Iisa lang ang anak ko pero halos gabi-gabi ay umiiyak ako sa pagod at takot. At hindi lang iyon. Habang nagbubuntis ka ay nag-aaral ka pa. Tinapos mo ang iyong masteral at nagkaroon ka na *career* sa panahong matindi ang diskriminasyon at takot sa mga babaeng nag-aaral at may career. Matapang mong hinaharap ang lahat ng mga problema ito sa buhay. At lalong lumalabas ang tapang mo kapag kaming mga anak mo na ang inaaway.

Naaalala ko pa noong umiiyak akong tumawag sa iyo at inaming binugbog ako ng aking asawa. Sumugod ka agad sa bahay. Para sa iyo, hindi katanggap-tanggap ang ano mang klase ng pang-aabuso at karahasan laban sa mga Nanay. Diyosa ang tingin mo sa lahat ng Nanay! Kahit na si Daddy na lumaki sa isang patriarkal na sistema ay hindi ko pa nakitang saktan ka. Ang nakita ko lang ay '*yong* akmang kunwari ay sasaktan ka, kapag sobrang galit na siya. Madalas mong sabihin noon na hindi lang dapat respetuhin ang mga Nanay kundi dapat ay ilagay sa isang pedestal at sambahin dahil sila lang ang may *superpowers* na gawin ang ginagawa nila. Para sa ibang babae, mahirap aminin na binubogbog ka ng iyong asawa. Nakakatakot kasi laganap ang pagtingin na normal lang ito sa buhay mag-asawa. Sa isang patriarkal na sistema hindi ka dapat magreklamo kung sinisigawan, sinusuntok at kinakaladkad ka ng iyong asawa. Para bang isa itong pribilehiyo ng asawa. Hindi lang ito ang dahilan kung bakit hindi ko ito inamin sa iyo kaagad. Mahal ko kasi siya at parang tangang naniniwala akong magbabago siya. Nag-umpisa lang sa simpleng pagtatalo hanggang sa nakita ko na lang ang sarili ko na ginagawang punching bag niya. Subalit noong sinaktan niya ako habang karga ko ang aming isang taong gulang na anak, doon na ako natauhan.

Sinundo mo kaming mag-ina at iniuwi sa bahay. Nakakatawa dahil si Daddy nasa kotse lang at natatakot lumabas, malaki daw kasi ang katawan ng asawa ko at pareho kayong matatanda at maliliit na. Subalit ang tapang mo ay hindi nanggagaling sa katawan o sa edad mo. Ang tapang mo ay galing sa iyong puso.

Ikaw ang lakas ng loob ng aking buhay; ikaw ang nagpamana sa akin ng tapang na abutin ang pangarap na career sa panahon na nasa bahay lang ang mga babae at tapang na magsabi ng ayoko sa kahit na ano mang uri ng pang-aabuso.

Para sa aking pinakapaboritong Mama Emil,

Opo, Mama, ikaw ang aking pinakapaborito sa lahat ng mga Nanay ko.

Ipinanganak at lumaki kami na ang mukha mo ang parating nakikita. Nakangiti ka kahit na mukhang pagod. Isa lang ang mata mong nakabukas, nakapikit na parang nasugatan ang kanan mong mata. Pero kahit na isa lang ang mata mo, naramdaman namin na nakikita mo ang lahat. Balewala sa amin 'yon kahit na natatakot ang mga kaibigan namin sa mata mo. Hindi raw nila mapigilang titigan ang mga mata mo. Kapag nahalata mo ang titig nila ay tititigan mo rin sila. Sabi mo, kung takot sila sa iyo, hindi sila mabait na tao.

Hindi lang ito ang dahilan kung bakit paborito kita. Mahilig ka kasing mag-istorya sa amin. Nakakatawa at nakakatakot - ito ang mga tipo ng istorya mo. Ayaw mo ng iyakan kasi sabi mo, puno ng drama ang buhay mo.

'Yong iba mong kuwento, di ko na masyadong naaalala, gaya ng kung bakit umaalis ang driver sa gabi. Ang naalala ko ay ang kuwento mo tungkol sa kung paano kayo nagkakilala ni Mommy.

Matagal na kayong mag-*best friend* ni Mommy. Tagalaba ka ng mga kolehiyala na nakatira sa dormitoryo noon. Kakaiba si Mommy sa kanilang lahat, sabi mo. Natutuwa ka kay Mommy noon dahil kilala niya ang lahat ng mga tagaluto, tagalaba at tagalinis ng bahay. Tinatawag niya kayo sa inyong pangalan. Nagustuhan mo ito dahil kinikilala niya kayo. Mestisang Intsik, maganda ang postura, terno ang bag sa sapatos, mahaba at medyo kulot ang buhok - ito ang deskripsiyon mo kay Mommy. Napapatingin ang lahat kapag dumadaan si Mommy, sabi mo na ngumingiti. Naalala mo nang minsan ay biniro ka namin na baka tomboy ka at may *crush* ka kay Mommy. Sabi mo, kaya mo nagustuhan si Mommy ay dahil hindi siya nagpapalaba ng panty niya sa iyo. Napikon ka 'ata noon dahil hindi ka na nagkuwento tungkol sa kanya.

Kahit na malaki na kami ay parati mo pa rin kaming inistoryahan. Nagbago nang konti ang himig ng iyong mga kuwento lalo na noong mga tinedyer na kami. Madalas mo nang ikuwento ang mga Hapon at kung gaano sila kalupit noong "tiyempo di gera." Nilalagyan ng mga putik ng mga Nanay ang mga mukha ng kanilang anak na babae para di sila mapansin at magustuhan ng mga Hapon. Subalit kahit mahilig kang mag-istorya, may mga tanong kami tungkol sa kuwento mo na ayaw mong sagutin, gaya ng :

- Ano ang ginawa sa iyo ng mga Hapon at sobra ang galit mo sa kanila?
- Bakit nabulag ang isang mata mo?
- Bakit di ka nag-asawa

Pero kahit hindi mo sinasagot ang mga tanong namin, ikaw pa rin ang pinakapaborito kong istoryador.

Hindi ka lang istoryador. Ikaw ang nanay na nagbigay ng lakas at buhay sa amin. Hindi ka lang simpleng tagaluto. Kahit na ang pinakapangit at kadiring luto ng gulay na ang tawag ay “laswa” ay nagagawa mong lasang jelly.  Hindi mo kami tinuruang magluto; hanggang ngayon di ko pa rin alam kung bakit. Naaalala ko pa kapag pinapaalis mo si Mommy sa kusina, nagtatawanan kami kasi ikaw lang ang nakakagawa noon kay Mommy. Ikaw kasi ang hari ng kusina. Tanging ang luto mo lang ang nakakain namin, ang nakakapagpabusog ng aming panlasa at panloob.

Ikaw ang pinakamatalino kong Titser na nagturo sa akin na ang pinakamahalagang tagumpay sa buhay ay hindi ang pera, hindi ang diploma, ito ay ang kabaitan. “Kung ikaw ay naging mabait sa sarili mo at sa iba - nakamit mo ang pinakatutok ng tagumpay.” Bata pa lang kami ay pinalawak mo na ang aming mundo. Kung wala ka, buong araw lang kami sa loob ng bahay sa harap ng TV. Subalit kung nandiyan ka, ipinapasyal mo kami sa palengke at sa plasa. Kinukuwentuhan mo kami ng  kung sino ang estatwa na nasa plasa at kung bakit hindi siya dapat ginawan ng estatwa. Ipinagmamayabang mo kami sa palengke na iyong mga anak. Magtatawanan ang mga tindera dahil magkaiba daw tayo ng kulay. “Maputla ang kulay nila kasi Espanyol ang Tatay nila at di kasi sila nakakalabas masyado sa bahay,” ang seryoso mong isasagot. Di tuloy alam ng mga tindera kung nagbibiro ka lang o hindi.

Ikaw ang aming doktor na hindi natutulog sa pag-aalaga sa amin kapag may sakit. Naaalala ko pa na tuwing may sakit kami ay pinupunasan mo kami ng malamig na bimpo para bumaba ang lagnat, pagkatapos ay hihilutin mo ang ulo at dibdib namin gamit ang Vicks at ang panghuli ay ang pagluluy-a. Hinahati ng ngipin mo ang luy-a, hihipan mo ito at parang nagdadasal ka tapos ipapahid mo ang basa at malamig na luy-a sa amin. Ewan ko ba pero di man lang kami nandiri kahit may laway mo ang luy-a na ipinapahid mo sa amin. Nakakapagpagaan ng pakiramdam ang lahat ng iyon. May natatago ka kasing agimat, sabi nila. Hindi lang kami, kahit na ang mga kapitbahay, pag may mga sakit ang mga anak nila o may bali ay ikaw ang ipinapatawag para luy-ahan ang mga anak nila. Hanggang ngayon, kapag may sakit o sobrang down ako,  ito ang aking naalala at nami-*miss*. Wala akong salitang magamit para mailarawan ang gaan at sarap ng pakiramdam ko tuwing may sakit ako at inaalagaan mo.

Ikaw ang aming tagapagtanggol. Hindi mo kami iniwan sa mga panahong kailangan ka namin. Naalala mo pa ba tuwing summer kapag pinapauwi ni Daddy ang mga katulong para matuto naman daw kami ng gawaing bahay? Kaya kung ang ibang mga bata ay *looking forward* sa summer,  kami naman ay natatakot. At palagi na ay nagpapaiwan ka para sa amin. Sasabihin mo kina Daddy at Mommy na ayaw mong umuwi. Nagtataka ang ibang katulong kung bakit ayaw mong umuwi at makita ang pamilya mo. Hindi nila alam na kami ang iyong pamilya. Wala kang asawa pero meron kang pitong anak, kami iyon.  At kahit na noong nalulong si Daddy sa sugal at di ka na

kayang suwelduhan ni Mommy sa kinikita niya bilang titser ay hindi ka umalis. Nagtinda ka ng *ice candy* para matulungan si Mommy sa gastos sa bahay.

Nang malaki na kaming lahat at may trabaho na, kami na ang sumusustento sa iyo. Hindi suweldo dahil ayaw ka na naming pagtrabahuhin pero sige pa rin ang luto at pag-aalaga mo sa amin. Isa-isa nang umalis ang nakakatanda kong mga kapatid pero nanatili ka pa rin sa bahay. Subalit nang ako na ang umalis, sinamahan mo ako. May asawa at buntis na ako noon. Kinukulit na ako ng asawa ko na magsarili kami. Narinig ko pa ng tanungin ka ni Mommy kung bakit gusto mong samahan ako, ang sagot mo ay “Mas kailangan niya ako.”

Nakita ng isa mong mata ang hindi ko nakita. Doon na nagsimula ang pambubugbog ng *biological* na tatay ng aking anak. Tumitigil lang siya kapag pumapagitna ka na sa away namin. Takot siya sa iyo kasi matalas ang tingin ng isa mong mata, malakas ang boses mo at mahilig ka pang magmura sa wikang Kastila. Sabi naman ng iba, aswang o mangkukulam ka daw kasi. Basta takot ang masasamang tao sa iyo dahil sabi mo ay may malakas kang agimat na itinatago. Pero para sa amin, ikaw ang aming *guardian angel*. Noong maayos na ang buhay naming magkakapatid ay nagkasakit ka. Parati kitang dinadalaw noon at nagpapakuwento sa iyo. May mga araw na nakikipagkwentuhan ka at may mga araw na umiiyak ka at nakikiusap sa amin na pauwiin ka na sa bahay. Hindi ko makakalimutan ang huling kwento mo sa akin noong nasa ospital ka. Sabi mo, kailangan mo lang ilabas ito para maging magaan ang biyahe mo papuntang langit. Pakiramdam mo kasi ay malapit na. Maikli lang ang kuwento mo. Isang pangungusap lang na hanggang ngayon ay sanhi ng aking bangungot. “Ginahasa ako ng Hapon noong tiyempo di gera.” Hindi ako makaiyak sa sobrang galit. Hindi ako makapagsalita sa sobrang awa. Niyakap na lang kita nang mahigpit na mahigpit. Pagkalabas ng ospital, doon na lang akong sumigaw at umiyak nang walang pakialam sa *shocked* na tingin ng mga tao. At gaya ng prediksiyon mo, wala pang isang linggo ay pumanaw ka na.

Nami-miss ko ang luy-a mo tuwing down ako o maysakit. Nagugutom ako sa kakaisip ng mga luto mong nakakapagpabusog ng aking panloob. Tuwing naalala kita, naiiyak ako.

Pakiramdam ko ito ay dahil sa *guilty* ako. Hindi ko naipakita o nasabi sa iyo kung gaano ka kahalaga sa buhay ko. Hindi ko natumbasan ang pagmamahal na binigay mo. Mahal na mahal kita, Mama. Ikaw ang istoryador ng aking buhay. Maraming-maraming salamat sa lahat at lalo na sa ipinamana mo sa aking agimat ng lakas.

Mahal kong Inayski,

Espesyal ang sulat kong ito ng pasasalamat sa inyo. Espesyal kasi ipiprint ko ito sa papel na galing sa pinutol na puno kaya may baha at *landlside*. Hahawakan ito ng mga kamay ko habang binabasa, *final check*, bago ko ilagay sa sobre. Pagkatapos ng *7-10 working day*s ay matatanggap n'yo ito mula kay Mang Gener, 'yon ay kung hindi siya absent. Mahahawakan din ito ng inyong mga kamay habang binabasa n'yo. He he! Ang korni ko po talaga.

Ini-*imagine* ko na nakasimangot na kayo ngayon habang binabasa ang sulat ko at sasabihing "Kaya hindi ka pa nananalo ng Palanca sa nakalipas na 20 *years* mong pagsubok ay dahil mahina ka sa balarila at sa kakornihan mong ito." At sigurado akong alam n'yo ang sasabihin ko. "Wala akong keber, Inayski, gagawin ko ang gusto ko dahil ang mas importante sa akin ay ang magsulat at ang mabasa, kesa sa manalo." Ini-imagine ko na rin ang sagot n'yo ay "'Yan lang 'ata ang namana mo sa akin, ang tigas ng ulo."

Sabi nila natural sa mga estudyante na ituring na Nanay ang kanilang mga titser. Hindi ko nga kayo naging aktuwal na titser sa klasrum, pero naging titser ko kayo sa kalye tuwing magkasama tayo sa rali, sa *coffee shops* habang nagchichikahan sa *latest gossips* at sa bahay n'yo kapag ipinapabasa n'yo sa akin ang mga *latest* n'yong sinulat.

Isa kayo sa mga piling paborito kong manunulat. Bata pa lang ako ay pinangarap ko nang makita kayo nang personal. Ang mga sinulat n'yo ang nagbigay sa akin ng inspirasyon hindi lang para magsulat kundi para mabuhay.

Naalala ko pa noong una tayong nagkita sa isang *conference* ng mga guro at manunulat. Isa kayo sa mga ispiker noon. Para akong *star shock* na itinaas agad ang kamay para magtanong pagkatapos n'yong magsalita. Nakalimutan ko na ang tanong ko. Subalit ang hindi ko makalimutan ay ang mataray ninyong sagot na "Iha, hindi ako nagpakahirap mag-PhD para tawagin mo ako sa aking *first name* lalo na at hindi naman tayo magkaibigan."

Ngumiti ako at nagsabi ng sori. Nagtataka ang mga kaibigan ko pagkatapos noon; bakit daw ako nakangiti na parang inlab pa rin matapos n'yo akong ipahiya. Akala nila mag-aala Sharon Cuneta ako sa pelikulang "Bituing Walang Ningning" at sasabihing "Noong una, hinangaan kita. Pero nang makilala kita, sinabi ko sa sarili ko na hindi lang kita papantayan, lalampasan pa kita!"

Nagkamali sila, dahil ang sinabi ko ay "Galing talaga ng idol ko! Dapat maging ganoon kataray tayong mga babae na walang takot na magyabang sa kung ano ang nagawa natin o kung sino tayo."

Naalala ko kasi noong bata pa ako, may Lolo akong terror na minsan ay pinagalitan ako sa harap ng maraming tao matapos kong magsabi ng "thank you." "Babae ka, hindi ka dapat maingay at mayabang" ang sabi niya. Ipinakita ko kasi ang medal na natanggap ko sa iskul at nang pinuri ng mga tito at tita ang galing ko ay siyempre pa nagpasalamat ako. Sabi ni Lolo ang dapat ko daw sabihin ay "Hindi naman po." Matapos kong tumawa sa sinabi niyang 'yon ay hinampas niya ako ng diyaryo. Mahilig siyang magbasa ng diyaryo, kaya eto ako ngayon, reporter.

Hindi porke't babae ako ay okey lang sa akin ang kahit na ano. Magaling, matapang, masipag ako kaya *deserved* ko ang *special treatment*. Isa ito sa mga natutuhan ko sa inyo na nais kong ipagpasalamat. Kayo ang unang babaeng nakita ko na malakas ang loob na sabihing magaling kayo, walang keber.

Simula noong una nating pagkikita, maraming beses na tayong nag-usap, nagtawagan, nagtextan, nagkuwentuhan, nagsulatan, nag-*brunch date*, nagkape, nagtawanan, nag-iyakan, nagtampuhan, nag-away at nagbatian. Hindi ko na alam kung kelan n'yo ako unang tinawag na doter at kung kelan ko kayo unang tinawag na Inayski. Basta ang alam ko nag-*evolve* na ang relasyon natin mula sa isang *fan* at *idol* sa anak at Nanay. At kahit na noong umalis na ako ng Pinas ay parati pa rin tayong nagkokonek. Kahit nilisan ko ang Pinas, dala-dala ko pa rin kayo dito sa pinakaloob ng aking pagkatao. Isa kayo sa esensiya ng Pilipinas para sa akin.

Opo nam-imiss ko pa rin 'yong pagtulog sa bahay n'yo kapag sobrang *down* at naghihina ako. Hindi ko maintindihan kung bakit ako noon nalulungkot. Ang alam ko lang ay matapos nating mag-inuman, magkuwentuhan, pagkagising ko ay okey na ulit ang pakiramdam ko. Nakangiti na ako habang nagbe-*breakfast* tayo ng kape at Marie biscuits. Simula nang ako'y dalaga pa, hanggang mag-asawa, magkaanak at maging *single parent* ay gawain ko na ito, ang magpalakas sa bahay n'yo. Minsan, nagi-guilty ako lalo na noong may anak na ako. Ang sabi n'yo ay hindi dapat, kailangan kong magpalakas para mas maalagaan ko ang aking anak. "Sorry at guilty, wala na ito dapat sa bokabularyo ng mga babae dahil tayo lang ang nakakagawa ng sobra pa sa ine-expect natin. 'Yong mga lalaki ang dapat mag-sorry at ma-guilty, dahil sila parati ang nagkukulang." Maliban sa mga tip sa pagsusulat, isa ito sa maraming leksiyon sa buhay na gusto kong ipagpasalamat sa inyo. Binura ninyo sa aking bokabularyo ang mga salitang sorry at guilty.

Subalit ang hindi ko makalimutan ay noong ginising n'yo ako sa panahong tahimik ako at nasa madilim. Nanghihina. At mabigat ang dalahin ko. Hindi ko alam noon kung papaano sasabihin o isusulat sa inyo. Kaya tumahimik na lang muna ako. Subalit patuloy pa rin ang pag-email ninyo. Pakiramdam ko ay para bang ang *umbilical cord* ko noong ipinanganak ay sa inyo nakakabit. Parang nararamdaman n'yo ang bigat ng dinadala ko. Gusto ko po munang magpasalamat sa mga emails. Hindi kaya ng limitado kong bokabularyo na sabihin sa inyo kung gaano kahalaga sa akin ang sulat n'yong iyon. Basta ang naalala ko lang ay matapos ko itong basahin ay gumagaan ang pakiramdam ko at lumalabas ako ng bahay gaya ng sabi n'yo.

Hindi ko po makayang isulat sa inyo ang ginawa ng puting demonyong ex-pari sa anak ko. Di rin ako makapaniwala na nakaya ko lahat ng 'yon. Isa po kayo sa tulong na ipinadala sa akin ng Diyos para makayanan ko ang nangyari. Hanggang ngayon, paulit-ulit kong binabasa ang mga sulat n'yo at kinakanta ang "Let it be" ng Beatles na binanggit n'yo sa isa sa mga sulat n'yo. Naalala ko rin ang sinabi n'yo na, "Matakot sila, dahil ang Diyos na ito ay Diyos ng hustisya. " Dala-dala ko ang sulat n'yong ito na parang rosaryo. Hindi ko ito binitiwan hanggang sa korte noong dinidinig na ang kaso niya habang paulit-ulit na ibinubulong sa sarili, "lintik lang ang walang ganti."

Guilty ang naging verdict. Maraming-maraming salamat po, Inayski, sa pagbibigay sa akin ng buhay, ng pag-asa.

Manang,

Pinakamahirap sulatin ang sulat kong ito sa iyo, aking pang-apat na Nanay. Umpisa pa lang hindi ko na alam kung ano ang itatawag ko sa iyo.

Dear Manang?

Ate?

Hay, naku!?

Mahirap kasi galit pa rin ako!

Galit ako dahil may tiwala ako sa iyo.

Ikaw ang aking manang, ate, boss at Nanay at kung may isang taong inasahan ko na ipagtatanggol at poprotektahan ako at ang aking anak, ikaw na iyon. Subalit hindi mo ito nagawa sa panahong pinakakailangan kita. Mas pinaniwalaan mo pa ang puting demonyong ex pari.

Bakit?

"Oo, dati siyang pari, pero alagad pa rin siya ng Diyos, imposible niyang gawin ang sinasabi mo. At sabi ni Father kung totoo man daw na nahawakan niya ang ari ni Gabriel ay wala siyang malisya." Hindi ko makakalimutan ang sinabi mong 'yon matapos kong ipagtapat sa iyo ang nangyari.

Hindi ako nakapagsalita. Tumalikod ako sa iyo at tumakbo. Tumakbo papalayo habang isinisigaw ang salitang 'tanga!' Hindi ko na rin kasi alam, baka kung ano pa ang magawa ko sa iyo noon. Gusto ko kasing iuntog ang ulo mo sa pader para malaman mo na totoo na maraming pari at ex pari na kagaya niya na *child sexual attacker*. Oo, *sexual assault* iyon at hindi simpleng nahawakan lang ang ari ng sampung taong batang lalaki nang walang malisya. Naniniwala ako na ang lahat ng klase ng sexual assault ay par-epareho. At gagamitin ko ang deskripsiyon ni Maya Angelou sa *rape*: *"Let us call it a violent unredeemable sexual act."*

*Dumot,* salitang Hiligaynon na ang ibig sabihin ay mas matindi pa sa galit  ito ang nararamdaman ko ngayon. Ito ang isa sa mga salitang kinatatakutan natin noong bata pa lang tayo dahil alam natin ang bigat at tindi ang dating nito. Hindi ito mananahimik hanggang di nagkakaroon ng hustisya. At ang hustisyang hinahanap ng dumot ay hindi kayang ibigay ng kahit na anong korte dahil ang dumot ay nandoon sa pinakaloob-looban ng ating pagkatao.

Mabigat subalit dinadala ko pa rin ang sama ng loob, ang dumot. May mga panahong sobrang nabibigatan na ako at gusto kong magbawas ng dumot, ng sama ng loob. Iniisa-isa ko ang aking kaaway at naghahanap ako ng rason kung bakit nila ginawa iyong kinakakagalitan ko para kahit na papaano ay mabawasan ang aking listahan. Sira ulo kasi. Binugbog kasi ng noong bata pa. Wala kasing pinag-aralan. Lumaki kasi nang walang Nanay. Pero pagdating na sa iyo, wala akong mahanap na rason. Maniwala ka, pinilit ko pero wala. Isip ko ay parang habang buhay ko na yatang dala-dala ang napakalaking maleta ng galit sa iyo.

Nakakatakot din minsan,  kasi parang nagiging komportable na ako sa bigat ng dumot na dalahin. Ilang beses ko nang pinilit na iwan ang maletang ito subalit nakakaramdam ako ng parang nasusuka. Parang hindi yata tama na hindi ako magalit sa kahayupang ginawa ng ex pari  sa aking anak. Hindi ako mapakali kapag di ko na naiisip o parang nawala na ang dumot sa kaloob-looban ng aking pagkatao. Kailangang dala-dala ko ang dumot dahil kung hindi  ay magiging walanghiya ako kagaya mo.

Alam ng mga Pilipino na ang "walanghiya ka" ang pinagrabeng mura na puwedeng sabihin sa kapwa. Hindi ito basta-basta ibinabato sa kaaway. Hindi kagaya ng "putang ina mo" na parati mo na lang naririnig. Para sa akin, malaking bagay sa mga Pinoy ang hiya dahil ito ang nagde-*define* sa ating pagkatao. Dahil ang hiya ang dahilan kung bakit tayo mabait. Kapag kailangan ng tulong ng kaaway natin sa politika, buang na kapitbahay at hindi naman kilalang mama o ale ay tutulungan natin. May bait din tayong mga Pinoy. Alam natin ang tama sa mali. Hindi natin kailangan ng batas na gawa ng mga korap na politiko na sabihin sa atin ang tama at mali. Mabait, may bait kasi tayong mga Pinoy. At kung ang tao ay may bait, mabait, ay maniniwala siya sa sinabi ng isang batang lalaki walang dahilan (walang malisya) na gumawa ng kuwento laban sa puting demonyong ex pari.

Subalit ang matindi pa ay inaasahan mo ako na tumahimik sa kademonyohang ginawa niya sa aking anak dahil sa "utang na loob." Sabi nila, wala man lang daw akong utang na loob at sa kabila ng mga tulong mo sa akin at sa ating pamilya ay ganito pa ang igaganti ko. Alam kong isa sa mga rason kung bakit nagmadre ka ay dahil sa pribilehiyong libreng *college education* sa mga kapatid mo. Alam kong ang ex pari na iyon ang isa sa pinakamalaking nag-*donate* noong naospital si Mommy at si Daddy.

Oo, alam kong mabigat ang mga salitang utang na loob sa mga Pinoy. Hindi ito *simpleng debt of gratitude*. Hindi ibig sabihin ng utang loob na obligado akong suportahan ang taong pinagkakautangan ko kahit na mali siya gaya ng mga analisis ng ibang dayuhan. Ano ba ang alam nila, hindi naman sila Pinoy.

Para sa akin, hindi ang salitang utang ang nagpapabigat sa tunay na esensiya nito kundi ang salitang "loob." Tinutukoy ng salitang loob ang esensiya ng ating pagkatao. Sa bahagi ng pagkatao natin na tanging ang Bathala, ang Tagapaglikha lang ang makakakita, ang makakaimpluwensiya.

Oo, Manang, ginamit ko ang tamang bersiyon ng utang na loob – kaya lumaban ako. Dahil ang pinagkakautangan ko ng loob ay hindi ikaw, hindi ang puting demonyong ex pari kundi ang aking anak. Ang anak ko ang nagbigay ng dahilan ng buhay kaya sa kanya ako may utang na loob.

Lumaban ka! Ito ang dikta ng aking loob. Lumaban ako sa maling nosyon ng utang na loob. Lumaban ako sa taong nang-abuso sa aking anak. Lumaban at nanalo ako, nanalo ang katotohanan. Subalit hindi ko pa rin magawang patawarin ka. Gaya ng ibang salita sa wikang Filipino, ang patawad ay may maraming ibig sabihin at gamit. Popular ang salitang patawad sa mga mamimili na gustong makakuha ng diskuwento o mas murang presyo. Alam nila na tama ang presyo pero humihingi pa rin ng sila tawad, ng

pang-unawa, sa mga nagbebenta. Patawad din ang ginagamit ng taong nagkasala at humihingi ng tawad o kapatawaran sa ginawa niyang kasalanan. Sa pagpapatawad ang madalas na sagot ay "kalimutan mo na 'yon" o "ibaon mo na sa limot." Malilimutin daw ang mga Pinoy. Ewan ko lang, kasi hindi ko pa rin makalimutan ang sinabi mo. Hindi ko pa rin mapatawad ang ginawa ng puting demonyong ex pari.

Dinadala ko pa rin ang dumot. Galit ako kasi mahal na mahal kita. Kaya matindi ang galit ko sa iyo, kaya may dumot ay dahil sobrang mahal na mahal kita. Hindi ako magagalit nang ganito kung hindi kita mahal o kung wala kang halaga sa akin. Ikaw ang isa sa pinakamahalagang tao sa buhay ko. Isa ka sa aking limang Nanay. At gusto kong sabihin sa iyo na kung darating ang panahon na kailanganin mo ang tulong ko, maaasahan mong nandito lang ako.

Para sa aking pinakamamahal na Nanay,

Gusto ko maging gaya mo paglaki ko. Ito ang madalas kong sabihin sa iyo noon. At ano ang sagot mo? Ngiti. Noong una ko itong sabihin at ngumiti ka, tinanong pa kita kung naiintindihan mo ba ang sinasabi ko? Oo naman, siyempre, dahil kahit na sa ibang bansa ka na lumaki gaya ng ibang batang Pinoy, sariling wika pa rin ang ginagamit natin sa bahay sa sariling espasyo.

Bakit ko nga ba gustong maging kagaya mo?

Oo, alam kong matanda na ako at wala nang ilalaki pa pero dahil ang tingin ko sa buhay ay gaya ng tingin ko sa oras - bilog at umiikot - ibig sabihin may pag-asa pa akong magbago. At kung may pag-asa pa akong magbago, gusto kong maging kagaya mo.

Naalala ko noong ipinanganak ka, matapos mong umiyak ay ngumiti ka agad. Parang anghel kaya Gabriel ang ipinangalan sa iyo. Pati ang nars, di makapaniwala. Kumunot ang noo niya at sinabing *"after a month pa siya dapat ngumiti."*

Ipinanganak ka noong 1999. Kinatatakutang taon dahil sa prediksiyong end of the world na raw. Magkakaroon daw ng *computer glitch* dahil hanggang 1999 lang ang kayang basahin ng *computer*. Panahon ito na *corny* ang maging positibo at *in* ang maging kritikal. Subalit kahit minsan, hindi mo hinayaang maimpluwensiyahan ka ng kahit na ano at kahit na sino. Naging positibo ka sa kabila ng mga nangyari sa buhay mo at sa mga taong nakapaligid sa iyo.

Kung may taong may karapatang magalit at hindi magkaroon ng tiwala sa lipunan at mga taong nakapaligid sa kanya ay ikaw iyon.

Lumaki ka na walang Tatay. Hindi mo na siya nakita matapos siyang iwan ng Nanay mo. Hindi rin siya nagpakita sa iyo at ang tanging narinig mo lang na sinasabi ng mga tao tungkol sa kanya ay "sana wag kang maging tulad niya."

Imbes na magalit ay hinanap mo siya, kinausap at sinabing "galit ako dahil hindi ka man lang nagpakita sa akin pero pinatawad na kita."

Na-*bully* ka noong bata ka pa. Sabi mo, ito ay dahil payat ka. Sinugod ng buang mong Nanay ang mga *bullies* at nagwala. Subalit imbes na mahiya ay lalo mong ipinagmalaki ang Nanay mo. Naalala ko pa noong i-*dare* mo ang mga bullies na kung kaya ng mga Nanay nila na gawin ang ginawa ng Nanay mo ay ibibigay mo sa kanila ang baon mo araw-araw. At imbes na matakot at magkulong sa bahay ay sumali ka sa kung ano-anong club at organisasyon.

Maraming nakakatawa at nakakatuwang ginawa at sinabi mo na nagpataas ng tingin ko sa iyo. Naaalala ko noong nakikipaglaro ka sa isang bata habang nakapila sa groseri. Tinanong ka ng mga magulang noong bata kung nasaan ang nanay mo.

"Ayun po"

"E ang tatatay mo?"

"Siya rin po"

"Ha, papaano nangyari 'yon?

Sandaling kumunot ang noo mo na parang nag-iisip ka kung paano ipapaliwanag sa isang simpleng paraan para maintindihan ng isang bobong kausap mo.

"Simple lang, parang nag-iiba lang siya ng boses - si Tatay sa malalim na boses at si Nanay sa matining na boses."

Narinig ito ng Nanay mo pero nagkunwang hindi niya narinig. Bakit siya parang nahihiya e dapat nga maging *proud* siya at nagkaroon siya ng anak na gaya mo.

Isa pang di ko makalimutan ay noong nilolo ko ka ng mga reporter na kasamahan ng Nanay mo na hindi mo siya Nanay dahil magkaiba kayo ng apelyido. Ningitian mo lang sila at sinagot ng "Kaya magkaiba kami ng apelyido dahil siya ay siya at ako ay ako, pero Nanay ko pa rin siya" Tumahimik ang lahat, napatunganga at sabay tingin sa Nanay mo. "Ano ang ipinakain mo diyan"

Parati kang may sagot sa tanong, may solusyon sa problema. Parati kang nakangiti. Hindi ko maintindihan kung bakit ang buang at napakanegatibong Nanay ay nagkakaroon ng anak na kagaya mo.

"It's alright, Nanay." Ito ang madalas mong sabihin sa nanay mo kapag nagsosori na siya sa iyo matapos magwala. Hindi ko talaga alam kung paano mo napapagpasensiyahan ang Nanay mo. Nasusuka ako sa galit tuwing naaalala ko kung ano ang ginagawa niya sa iyo noong bata ka pa kapag nag-aaway kayo - ang sigawan ka, kaladkarin at paliguan ng malamig na tubig para lang tumahimik ka. Inintindi mo ang Nanay mo at ang sakit niya.

Marami pang mga pagkakataon na nakita ko hindi lang ang pagiging positibo mo kundi ng katapangan mo. Isa na dito noong "napagdesisyunan" mong maging babae. Naalala ko noong ikinorek mo ako at sinabing "Hindi ko ito napagdesisyunan. Ipinanganak akong babae."

Sinira ng puting demonyong ex pari ang buhay mo. Ito ang aking paniwala. "Wala siyang ganoong lakas para galitin ako, para impluwensiyahan ang buhay ko dahil hindi ko siya binigyan ng kapangyarihan na gawin ito," sabi mo sa akin na nakangiti.

Para sabihin ito ng isang biktima ng karahasan ay kailangan niya ng mala-superpower na katapangan. At para sabihin ng lalaki na bakla o babae siya ay kailangan niya ng nakakalokang *positivity*. Ito ang dahilan kung bakit mahal na mahal at gusto kong maging kagaya mo, Anak.

**Tungkol sa May-Akda:**

**JANET HOPE TAURO-BATUIGAS**
Noon, si Janet ay reporter sa Ang Filipino Ngayon, Philippine Star Magazine, Inside Story ABS-CBN at Chair/Associate Professor ng Departamento ng Filipino sa De La Salle University - Manila at ng Communications Department ng Philippine Women's University. Ngayon, kasama niya ang pamilya sa New Zealand at nagtatrabaho bilang Senior Case Manager ng Ministry of Social Development, habang nagtuturong part-time sa Filipino Department DLSU via online. At habang may buhay si Janet ay patuloy na magiging makulit na Nanay ni Ludwig at ni Rielle, sumpunging asawa ni Ritchie at nagwawalang manunulat.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 158-170 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# *Bullying Sebastian*

**Ez Khan**
Dawn Poets Society
ezkhan.dps@gmail.com
~~~

## Sinopsis

*Bullying*: Hanggang kailan? Hanggang saan?

Isang batang-batang Boholanong malmag ang mag-aaral ng Paaralang San Rio, isa sa mga paaralang nasasakupan ng San Lorenzo. Masayahin at masipag sa pag-aaral, unti-unting nakilala ng malmag ang isang pamosong kaedarang tamaraw.

Subalit, hindi kagaya ng malmag, mahilig manindak ang tamaraw makuha lamang ng huli ang lahat ng nais. Napag-isip-isip ng malmag na isang hadlang ang nabanggit na pananakot at/o mithiing maging nakatataas sa kapwa hayop. Sa ngalan ng adbokasiya ng pagkakapantay-pantay, at kagandahang-loob, nangibabaw sa malmag ang pagkilos sa tamang-tamang panahon at lugar.

## Mga Karakter

LITTLE SEBASTIAN, batang mag-aaral na malmag o *tarsier* mula Bohol, sa anumang kasarian at maaaring ang *height* ay pinakamaliit/pinakamababa kung ikukumpara sa ibang mga karakter
PITT, batang mag-aaral na tamaraw mula Mindoro
BIG CHAN, batang mag-aaral na buwaya o *saltwater crocodile*
BOSES NG MOMMY NI LS, *voice-over* ng isang babae
BOSES NG TITSER NI LS, *voice-over* at maaaring galing sa lalaki o babae
BOSES NG BUWAYA I
BOSES NG BUWAYA II
BOSES NG REYNA, *voice-over* mula sa babae

LITTLE SEBASTIAN = LS
PITT = P
BIG CHAN = BC

Panahon — Kasalukuyan
~~~

Lugar — Bundok Siret at San Rio, San Lorenzo, Kalakhang Maynila, Pilipinas

**PROLOGO**

(Tunog: Trenta segundo ng malakas na ulan kasabay ng mga kulog. May mahabang mesa kung saan ay nakapatong at nakahilera ang mga *smartphones* kagaya ng Sony Xperia Z2, Samsung Galaxy S5, Samsung Z Flip, iPhone 11 Pro Max 512GB, at *electronic device* na iPad (*5th Generation*)—nakaharap sa iisang direksyon. Maliban sa pira-pirasong bulto ng liwanag mula sa mga *smartphones* at nabanggit na *tablet*, madilim ang buong kuwartong may *sound-proof system*. Itututok ang liwanag ng plaslayt sa isang batang nakahiga. Ang nakahigang bata ay naka-*faceshield* na napapatungan ng maskarang malungkot na mukha ng malmag. Tatayo. Iuunat ang buong katawan kasabay ng paghikab-hikab. Nang dahil sa ginaw ay mangingnig ang malmag. Titingin sa kanyang kaliwa. Titingin sa kanyang kanan. Magpapatay-sindi ang liwanag mula sa plaslayt hanggang sa tuluyang didilim sa buong kuwarto.)

LS

Sobrang dilim dito (itututok ang liwanag ng plaslayt kay LS). Nasaan ako? Alam ba ninyo kung nasaan ako? Malmag po. Malmag po. May malmag po ba diyan?

*VOICE-OVER* NG MOMMY NI LS

Little Sebastian! Little Sebastian!! Kung gusto mo ng mainit na inumin, ipagtitimpla kita ng tsokolate.

LS

Mommy, sige po. Giniginaw ako, eh.

BC

Apat jan egyan kape pala lalo delat mataaa.

LS

Sino ka?

BC

Diko kilala? Buhos kuyo *hot mocha* pala lalo ka mag-iseng.

LS

Ayaw ko ng mocha. Ang gusto ko ay mainit na tsokolate. Sino ka ba?

BC

Hahalakhak!

LS

Kilala ko na kung kaninong boses iyan. Kilala na kita. Ikaw si Big Chan!

BC

Kolek! Egyan na deyaket 'yan!

(Maghihikab si LS. Pagkatapos ay hihiga at ipipikit ang mga mata. Didilim.)

**Yugto I**
**Little Sebastian**
**Tagpuan I**
**Pitt**

(Musika: Kung Ikaw Ay Masaya Pumalakpak - kinse segundo mula sa simula. Maliwanag sa kuwarto. May tatlong *monobloc chairs* sa kalagitnaan ng entablado. Ang unang *cardboard* ay may nakasulat na Lunes, Martes naman sa pangalawa at Miyerkoles ang pangatlo. Sa Lunes na upuan ay may nakapatong na *lunch box*, aklat naman sa pangalawa at *dinner box* sa pangatlo. Katabi ng Lunes na upuan ay ang nakatayong karakter na nakamaskara ng malmag na si Little Sebastian.)

*VOICE-OVER* NG MOMMY NI LS

Little Sebastian! Tumayo ka na at maghanda sa pagpasok mo sa paaralan.

LS

(Babangon. Maghihikab habang iniuunat ang mga braso at kamay.) Opo, mommy. Nakabangon na ako. (Haharap sa mga manonood. Ipapatong ang dalawang kamay sa dibdib.) Ako si Little Sebastian.

*VOICE-OVER* NG MOMMY NI LS

Little Sebastian, anak. Nasa ibabaw na ng mesa ang pananghalian mo.

LS

Salamat po, mommy. Si mommy ang kumuha sa akin mula Bohol at dinala niya ako dito sa Maynila upang makapag-aral. (Ituturo at kukunin ang lunch box sa Lunes na monobloc chair.) Ipinaghanda ako ng aking mommy ng pagkain para sa pananghalian. Iikutin ang Lunes na monobloc chair) Bago ako pumasok sa klasrum ay dumadaan muna ako sa *comfort room* ng paaralan ng San Rio (Maglalakad paikot sa Lunes na monobloc chair).

P

(Lalapit ang pangalawang karakter na nakasuot ng maskarang tamaraw. Haharap sa mga manonood.) Ako naman si Pitt. Isa akong siga. (Haharap kay LS.) ‘Bigay mo sa akin ‘yang lunch box.

LS

Lunch box. Hindi kasama ang lunch. Tama?

P

(Magkakamot ng ulo) Siyempre, pati lunch!

LS

Dito mo ba sa *toilet* kakainin ang lunch na ninanakaw mo sa akin?

P

Ayaw! Nag-iiba ang lasa!

LS

Bakit?

P

Hindi ko din alam. Akin na ‘yan! (P, hahablutin ang lunch box mula kay LS)

LS

(Mabilis na ibibigay ang lunch box) Ito, sa iyo n—

P

Haha. Lahat ng hihingin ko’y ‘bibigay mo’t Master Pitt ang ‘tatawag mo sa akin. Maliwanag?!

LS
Sige, Master Pitt. (LS, lalakad papunta sa monobloc chair na may Martes na cardboard.)

*VOICE-OVER* NG TITSER NI LS

O, mga bata, mag-aral kayong mabuti at iwasan din ang pag-iingay lalo na at nandito tayo sa loob ng klasrum. Shhh.

LS

Masaya pala mag-aral. Marami akong natutunan sa klase. Nagpunta kami ng aming guro at mga kaklase sa *library*. (Kukunin ang aklat sa monobloc chair na may Martes na cardboard. Itataas ang hawak-hawak na aklat.) Hiniram ko ang aklat sa library. Binasa ko ang aklat bago ako matulog kagabi.

P

(Mula sa Lunes na monobloc chair, lalapit si Pitt kay LS at sa Martes na monobloc chair. Haharap sa mga manonood.) At ako ulit si Master Pitt. Haha. (Haharap kay LS.) ‘Bigay mo sa akin ang aklat. (Ituturo ang aklat.)

LS

(LS, dahan-dahang iaabot ang aklat kay Pitt.) Eto po, Master Pitt. (LS, nakangiting lalakad papunta sa Miyerkules na monobloc chair.) Marami akong nakilala sa paaralan. Marami akong klasmeyt at kaibigan ko na sila. Uuwi na ako at ikukuwento ko ito kay nanay. Siyanga pala, hindi ko nakita si Pitt. Master Pitt pala. (Sisilip sa ilalim ng mga monobloc chairs na Lunes at Martes. Iaangat ang monobloc chair na Miyerkules.) Nasaan kaya siya?

BC

(P, lalapit sa gitna ng entablado. Di mawari ang ibinubulong. Lalapit kay P ang pangatlong karakter na nakasuot ng maskarang buwaya at haharap sa mga manonood.) Akooo, Biiig Chaaan! (Hahalakhak. Ipapatong ang dalawang kamay sa tiyan. Haharap kay P.) Hahalakhak. ‘Bigay sa akin, dalang dinner box o lagot ka! (Magkikibit-balikat.).

P

(Manginginig ang boses at katawan.) Ba-basta wag n’yo akong sa-saktan. I-ito po ang a-aking di-dinner box, Big Chan. (Iaabot ang dinner box kay BC.)

LS

(Lalapit kina P at BC.) Pitt! Kanina pa kita hinahanap. Nandito ka pala. (Kakaway-kaway kay P.)

BC

(Tititig kay LS. Duduruin si LS.) Hoy! Lapit ka dito! (LS, lalapit kay BC. P, aatras papalayo kina LS at BC. BC, itataas ang dalawang kamay.) Saan hapunan mo?!

LS

Wala akong dalang hapunan. Isa pa, ayaw kong tinatakot at sinasaktan mo ang kaibigan kong si Master Pitt. (Ituturo si P.)

BC

(Magkikibit-balikat.) Ah, ganun?! Hahalakhak. Ikaw, lagot ngayon! (Gamit ang dalawang kamay, tatapik-tapikin ang tiyan.)

LS

(Tatapik-tapikin ang tiyan ni BC.) Ang laki ng tiyan mo. Ang kyut.

BC

(Sisimangot.) Ey! Don tats da mertiyandays! (Hahawiin ang mga kamay ni LS. Hahawakan ang dalawang kamay ni LS.)

P

(Lulundag.) Bitiwan mo siya. Bitiwan mo sabi!

BC

(Bubuhatin na hawak-hawak ang mga kamay ni LS.) Wag, kelam! Turuan ‘to, letson! Leksiyon pala!

LS

Bitiwan mo ako. Hindi ako natatakot sa iyo, Biiig Chaaan! (Pipiglas.)

BC

(Hahalakhak.) Matapang, buli-liit. Dudurugin ko, mga kamay mo. Tas, lunukin kita nang buo. Simula, ulo mo! (Hahalakhak.)

LS

Napakasama mo, Biiig Chaaan! (Sisipa-sipain ang tiyan ni BC pero di aabot ang mga paa ni LS sa tiyan ni BC.)

BC

Tama na, satsat! Kain ka ni Biiig Chaaan! (Nganganga nang maluwang. P, lulundag-lundag habang itinataas ang mga kamay.)

LS

Waaag! Ayaw ko pang makain!

P

(Mabilis na lalapit kay BC. Lulundag-lundag habang nakataas ang mga kamay.) Ggrrroooowwwwwllllll! Ggrrroooowwwwwllllll! Ggrrroooowwwwwllllll!

BC

Oooppppsssss. (Dahan-dahang ibababa si LS. Lalayo kay LS habang nakatitig kay Pitt.)

P

Ito ang sa iyo, Big Chan! Gaaarrr! Gaaarrr! Gaaarrr! (Susuwagin si BC sa tiyan.)

BC

Aray! (Gamit ang pitong talampakang buntot, hahampasin si P. Hindi tatamaan si P dahil lulundagan ang hahampas na buntot.)

P

Ito pa ang sa iyo! (Susuwaging muli si BC.) Uhm! Uhm! Uhm! (BC, titilapon sa mga monobloc chair. Di tatayo.)

BC

Aray! (Itataas ang mga kamay.) Suko, ako. Suko na, Big Chan.

P

(Tititig kay BC. Lalapit kay LS.) Little Sebastian, ayos ka ba? Nasaktan ka ba niya? (Ituturo si BC. BC, gamit ang mga kamay, isasangga ang sariling buntot.)

LS

Eh, ayos naman ako. Master Pitt, salamat.

P

Walang anuman. (Ituturo ulit si BC.) Di na ulit tayo aanuhin ng haaa-yowp na itooo! (BC, babangon at aatras. BC, tatakbo papalayo kina LS at P.)

LS

Actually, ka-kaya ko naman siya mag-isa, eh. Ka-kahit malaki siya sa akin ay mabilis naman ako kumilos. Hindi mo pa nakikita pero ang bi-bida ay nagpapabugbog muna sa umpisa.

P

Sige. Ipakita mo kay Big Chan na kaya mo siya. Tutulungan kita. (Susuntok-suntok at sisipa-sipa sa hangin.) Yaaahhh! Yaaahhh! Yaaahhh! Tara na.

BC

Ayaw laban, Big Chan. Alis, Big Chan. (Tatayo. Tatakpan ang ilong at magda-*dive*. Tunog I: *Splash of water sound effect*. Dadapa sa entablado. Ipapalit ang Tunog II: *Rushing Water*. Lalangoy-langoy hanggang sa makaabot sa mga nakatumbang mga monobloc chair. Babangon. Pagsasamahin ang tatlong monobloc chair. Igigitna ang Miyerkoles na monobloc chair at uupo rito. Kukunin ang dalawang cardboard na may nakasulat na Lunes at Martes. Ipansasagwan ang dalawang cardboard.)

LS

(Titigil ang Tunog II: *Rushing Water*.) Ano kaya ang ginagawa niya, Master Pitt?

P

Siguro ay uuwi na siya. Tara, tulungan natin.

BC

Wag tulong. Big Chan, di na balik dito. Di mag-aral.

LS at P

(Kakaway-kaway sa nagsasagwan na si Big Chan.) Sayang naman kung di ka na mag-aaral. Ikaw ang bahala. Paalam, Big Chan! (Dahan-dahang aatras hanggang sa mawala sa gitna ng entablado.)

**Yugto I**
**Little Sebastian**
**Tagpuan II**
**Big Chan**

BC

(Mahina na Tunog II: Rushing Water. Patuloy na magsasagwan. Tatanaw sa kaliwa, kanan at gitna. LS at P, ididikit ang poster ng isang palasyo para maging *background* ni BC. BC, lilingon. Tititigan ang background ng palasyo. Titigil ang Tunog II: Rushing Water.)

Haaay, nakalayo din sa dalawang ‘yon. Ako punta doon, palasyo.

LS

(Papasok na kaakbay si P.) Master Pitt, totoo kayang hindi na babalik si Big Chan? Kawawa naman siya. Mahalaga ang makapagtapos ng pag-aaral dahil para ito sa kanyang kinabukasan.

P

Hindi ko alam. Ayaw mo niyan at walang mambu-*bully* sa atin. At ‘wag mo na akong tawaging master. Pitt ang itawag mo sa akin simula ngayon. (LS at P, ididikit ang poster ng dalawang buwaya na mas malaki kay BC. Itatabi sa nagsasagwan na si BC.)

BC

(BC, tititigan ang poster ng tatlong malalaking buwaya. Lalayo sa mga monobloc chair. Lalapit sa poster . Tititigan ang malalaking ulo ng mga buwaya) Malaki sa’kin, mga ‘to. (Magkakamot ng ulo.)

VOICE-OVER NG BUWAYA I

Psst! Bata, ano ginagawa mo dito?

BC

Big Chan, ayaw balik sa iskul.

VOICE-OVER NG BUWAYA II

Bakit naman?

BC

Naaway, Big Chan sa iskul.

VOICE-OVER NG BUWAYA I

Ang lahat ng nagpupunta dito sa palasyo ay sinisipa namin kapag walang dalang makakain. Nasaan ang pagkain mo para sa amin?

BC

Wala, pagkain. Hingi tulong, Big Chan.

VOICE-OVER NG BUWAYA II

Puwes! Kapag wala kang dalang pagkain. Walang tulong.

VOICE-OVER NG BUWAYA I

Sisipain kita, uhm!

BC

(Babagsak sa sahig.) Aray!

VOICE-OVER NG BUWAYA II

Aawayin ka namin dito kung di ka aalis. Tsupe! (Magtatawanan ang mga buwaya. BC, babalik sa mga monobloc chair at magsasagwan. LS at P, itatago ang mga poster ng tatlong malalaking buwaya at ng palasyo.)

LS

(Kasama si P, babalik sa gitna ng entablado.) Ayun si Big Chan babalik sa atin. (Kasama si P, lalapit kay BC na nagsasagwan.)

P

Kumusta ka na?

BC

Litel Basyan at Pip, patawad Bik Chan.

LS

Sige. Basta hindi ka na mananakot at mananakit ng kahit sino.
(Musika: Kung Ikaw Ay Masaya Pumalakpak. P, tutungo-tungo. Hahawakan ang kamay ni BC at aalalayan na makalayo sa mga monobloc chair. LS at P, magkakamayan. Haharap at kakaway sa mga manonood. BC, lalapit kina LS at P, magba-*bow* sa bawat isa. Haharap at magba-bow sa mga manonood. Magpapalakpakan ang tatlong karakter. Titigil ang Musika: Kung Ikaw Ay Masaya Pumalakpak.)

**EPILOGO**

(Madilim sa kuwarto. Bubukas ang plaslayt. Itututok ang liwanag ng plaslayt sa gitnang bahagi ng kuwarto. Mahinang Tunog II: Rushing Water. Lalapit sa liwanag ang tatlong karakter na tila nag-uusap. Titigil ang Tunog II: Rushing Water.)

VOICE-OVER NG BUWAYA I

Mabuti naman at nakaalis na si Big Chan.

VOICE-OVER NG BUWAYA II

Mahal na reyna. Pinaalis na namin si Big Chan. Ituloy na natin ang ating pagtitipon.

VOICE-OVER NG REYNA

Mga bata, malapit na malapit na at mapapasakamay na ninyo ang San Rio at Palasyo ng Palakanyang. Pagkatapos ay isusunod na natin ang isa pang plano—ang pagbihag sa prinsipe. Hahaha.

**TELON**

**Tungkol sa May-Akda:**

**EZ KHAN**

Unang edukasyon sa *San Sebastian College – Recoletos de Manila* at *University of Manila* ng MAKATANG MANDUDULA na si Ez Khan, *dps* o Francis Gallano Delgado sa tunay na búhay. Nasa antas ng elementarya siya, nang tumanggap ng *loyalty award*, at *gold medalist* sa pang-akademyang *science quiz* na kung saan ay kasamang nakalaban ang mga mag-aaral ng hayskul. Nasa hayskul nang pasádo niya ang *editorial exam* ng *Junior Dawn*, at sa kolehiyo naman, nang kumuha siya ng kurso sa batas at kaagad naging *editorial staff* sa isang *law journal*, at maging sa *student campus ministry newsletter*. Naging *honorary member* ng *Dawn*, *fellow* at gradweyt sa Palihang LIRA, inilathala ang kaniyang mga akdâ sa mga aklat na *Dawn*, *literary folio* nito na *Dimension*, *Dawn Poets Society literary journals*, Ovo | Zen antolohiya ng mga tula ng mga 2016 *Fellows* ng LIRA, Ani ng *Cultural Center of the Philippines Intertextual Division,* Mabaya *an anthology about Covid-19 and people living with HIV-AIDS*, *Locked Down, Lit Up: An Anthology of Creative Work in a Time of Quarantine*, mga magasin na *Philippines Graphic*, at MaMag, mga onlayn na Artikulo Ko To!, Panitikan.Ph, *The Reflective Practitioner*, *Bookwatch Special Online Edition 2020* ng *National Book Development Board*, at sa *Beatific Magazine* sa USA. Sa kauna-unahang pagkakataon, nag-aral siya ng kursong Malikhaing Pagsusulat sa *Ateneo*.

**Pasasalamat:**

Prop. Mario “Em” Mendez, Jr.+
Dr. Carlito Peralta Casaje+
Dr. John Iremil Teodoro
Dr. Maynard Manansala
Meyor Fred Lim+
at
Dr. Anton Juan

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 171-173 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Elehiya para kay Sakhr[1]

**Al-Khansāʾ/Tumāḍir bint ʿAmr ibn al-Ḥarth ibn al-Sharīd al-Sulamīyah (orihinal)**
**Geert Jan van Gelder (salin sa Ingles)**

**Alican Mendez Pandapatan**
Dalipuga National High School
alican.pandapatan@deped.gov.ph
~~~

Maging mapagbigay, aking mga mata, na may matinding buhos ng luha
 at umiyak ng batis para kay Sakhr!
di ako makatulog at gising buong gabi;
 tila ba'ng mga mata'y pinisikan ng buhangin.
minasdan ko ang mga bituin, kahit ito'y di tungkuling bantayan;
 minsa'y binabalot ang sarili sa natitirang basahan.
May narinig akong nagkuwento, at ito'y
 di ko ikinasaya; at ulit nito:
Nakahimlay doon si Sakhr, wika niya, sa libingan,
 kinitil, malapit sa puntod nito, natatabunan ng mga bato.
Maglaho ka! Nawa'y di ka ilayo ng Diyos sa 'min — taong
 laging 'tinatama ang mali at ibig ay katarungan.
Nakasanayan mong hindi mabagabag, takda
 ng kanunu-nunuang marangal, at walang kahinaan.
Sintalim ng sibat, ang kanyang imaheng kumikinang sa gabi,
 mapait na kalutasan, isang maharlika, anak-maharlika.
Kaya ako'y tatangis para sa 'yo hangga't ang mga kalapati'y naghihinagpis,
 hangga't ang mga bituin sa gabi'y gumagabay sa mga manlalakbay.
Hindi ako makikipagbati sa mga taong nakahidwaan mo,
 hanggang ang matingkad na itim ay magmistulang puti.
Ipaalam sa Khufāf at ʿAwf, walang matitira,
 ipaabot sa kanila itong mensaheng naghahayag ng lahat ng lihim.
Mainit na digmaa'y magaganap ngayon at nakahandang bitag
 ay nakatago sa mga butas na matutulis na bagay.
Maglilis kayo ng inyong bahag, nang madali kayong makalaban,
 Lilisin ang inyong mga manggas: panahon na para maghanda!
At umiyak para sa kanya, pinuno ng tribo, s'yang binawi ng kamatayan,
 ang kaganapan ng kilabot at mga kapalaran.
Ito'y tulad noong araw nang nilusob siya,

[1]***Elegy for Sakhr*** ang pamagat ng salin sa Ingles, na pinagbatayan ng salin sa Filipino. Available sa https://www.thenews.com.pk/magazine/us/718982-poets-corner ang salin sa Ingles.
~~~

para bang nagtungo sa isang leon, malakas at mabangis,
at nang maglaho ang mga mandirigma isang lalaki ang iniwan
niluray ng mga tabak, ngunit siya’y di kailanman naligaw.
Dugong umagos at bumukal sa kanyang dibdib,
walang tigil, mula sa kailaliman ng kanyang puso.
sumuklob sa kanya ang sibat ng mga mandirigma sa paligid,
ngayon ang singil ng kamatayan, hanap ay paghihiganti.
Siya ang inyong pinsan, isa sa inyo, panauhin
ninyo, siyang di ninyo dapat tinalikuran.
Kung ang isa sa inyo ay kabilang sa ’min hindi siya pagmamasamaan
hanggang sa mangyari ang kahihinatnan.
Ibig kong ipahiwatig yaong mga taong nakasama niya:
Alam n’yo ba ang marapat sa panauhin at protehido?
Wala akong tulog hanggang ang mga kabayo, malamlam, nagbalik,
‘tinapon ang mga potro at mga bisiro,
o kaya’y sinaksak n’yo, habang palapit ang kamatayan sa
tolda, ng angkan ng Ḥuṣayn at Ibn Sayyār,
at sa gayo’y hugasan ang kahihiyang bumabalot sa iyo,
gaya ng kababaihang naglalaba ng buwanang dalaw
Ipagtatanggol ang kanyang kasamahan sa laban, pantapat
sa nakikidigmang may sandata, ngipin, o kukong metal
sa gitna ng pangkat ng mga kabayong unahan sa daan,
tulad ng mga leong dumaratal sa lunting pastulan.

## Tungkol sa Tagasalin:

### ALICAN MENDEZ PANDAPATAN

Nagtuturo ng Filipino at Ingles. Nagtuturo rin siya sa isang pribadong institusyon bilang part-time na lektyurer. Isa siyang fellow ng 24th Iligan National Writer's Workshop sa MSU-IIT. Nakapagpresenta na rin siya ng kanyang papel, nakapaglathala ng papel at naging rebyuwer sa mga journal.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 174-177 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Dalawang Salin (Kung Tayo'y Mamamatay[1] at Tulang Isinulat sa Tabi ng Puntod ng Kasamang Magsasaka sa Unang Anibersaryo ng Kaniyang Kamatayan[2])

**Claude McKay (orihinal)**

**Servando Magbanua (orihinal)**

**Kevin Princepe Armingol**
Far Eastern University-Manila
karmingol@feu.edu.ph

~~~

## Kung Tayo'y Mamamatay

Kung tayo'y mamamatay— nawa'y hindi tulad ng mga baboy
Binitag at sinukol sa sulok na walang dignidad,
Habang palibot nati'y kumakahol ang mga asong gutom at ulol,
Tinutuya ang ating kasawiampalad.
Kung tayo'y mamamatay— ay, mamatay nawa tayong may dangal,
Upang ang mahalaga nating dugo'y hindi ibubo
Nang walang saysay; nang pati ang mga halimaw na ating binabaka
Ay mapilitang dakilain tayo kahit patay!
O, Mga Kalahi! Dapat harapin natin ang iisang kaaway;
Kapos man sa bilang, ipakita natin ang tapang,
At para sa kanilang libong dagok, ihampas ang pamatay na bigwas!
Ano kung may naghihintay sa ating bakanteng puntod?
Tulad ninuman haharapin natin ang mamamatay-tao, duwag na pangkat,
Sinalya sa pader, naghihingalo, ngunit lumalaban!

---

[1]***If We Must Die*** ang pamagat ng orihinal. Mababasa ito sa https://www.poetryfoundation.org/poems/44694/if-we-must-die.

[2]***Poem Written Beside a Peasant Comrade's Grave on the First Anniversary of His Death*** ang pamagat ng orihinal. Mababasa ito sa https://tilamsikngdakilangapoy.blogspot.com/2018/03/str-servando-magbanua.html.
~~~

### Tulang Isinulat sa Tabi ng Puntod ng Kasamang Magsasaka sa Unang Anibersaryo ng Kaniyang Kamatayan

Ngayong araw may bitbit na bulaklak ang mga bata para sa iyo
hindi alintana ang marahas na ulan
na bumabayo sa kanilang mga likod
ang kanilang mga panaghoy at panunumpa
ng paniningil wala nang bahid
ng kawalan ng muwang.

Natatandaan mo pa ba? Umulan din noon
sa inyong baryo ng araw na iyon
walong anihan na ang lumipas nang
dumating sila mula sa kalungsuran
nasa kasibulan ng kabataan
bitbit ang kanilang de-palitong armas
kanilang panawagan
at dalisay na katapangan
naghahatid-liwanag sa mga siglo
ng kamangmangan—

tunay ngang naiiba
sa mga asenderong nangamkam ng inyong lupain
    ang mga bandidong nandambong sa inyong mga tahanan
    ang mga pulis na gumahasa sa inyong mga kapatid na babae
    at pumaslang sa mga kapatid na lalaki. . .

Kaya nakinig kayo
    at nanggilalas
    at naunawaan
    at kaya namulat
    bumalikwas din at maghimagsik
    laban sa kagutuman
        sa kapalaluan
        sa paninikluhod
        sa katiwalian. . .

hindi pa mahirap noon nang
dumating ang sandali para makipagtuos
sa kaaway na handang pumatay

na pumili
sa pagitan ng sarili at kamatayan ng sarili
sa pagitan ng pagtataksil at karangalan
sa pagitan ng sandaling iyon at walang hanggan.

*Kasama!* Ang araw na makukubkob natin
Ang kampo ng kaaway ay matagal-tagal pa.
Ngayong araw patuloy tayo sa pakikibaka
Sa pagmumulat at reporma sa lupa
at pagtugis para itulak ang ICHDF[3] sa kanilang libingan.

Nananatili tayong hindi natitinag.

Ngayong araw may bitbit na bulaklak ang mga bata para sa iyo
umaawit ng himig ng digma
sa pulang-dugo ng takipsilim.
Hindi sila nakalilimot.

22 Marso 1979

[3]Integrated Civilian Home Defenses Force: tumutukoy sa mga hindi regular na puwersang paramilitar na pinamumunuan ng mga yunit ng lokal na gobyerno sa bansa. Naging aktibo ang ICHDF (o mas kilala rin sa akronim na CHDF) noong panahon ng Batas Militar ng rehimeng Marcos na nagtala ng libo-libong paglabag sa karapatang-pantao. Makalipas lamang ng ilang linggo matapos pormal na buwagin noong 1987, muli itong binuo ng unang administrasyong Aquino sa pangalang Citizen Armed Force Geographical Unit o CAFGU.

## Tungkol sa Tagasalin:

**KEVIN PRINCEPE ARMINGOL**

Nagtapos ng BSE Filipino sa PNU Manila bilang Literary Editor ng The Torch Publications. Nagkamit ng gantimpalang Gawad Eman Lacaba ng College Editors Guild of the Philippines, Gawad Jose Villa Panganiban ng UST, at UNESCO-Manila Dalitext. Naging fellow siya ng national workshop na Palihang Rogelio Sicat 6 ng UP DFPP at nalathala ang ilan sa kaniyang mga pananaliksik at akda sa DLSU Malay Journal, PSLLF Kawing Journal, Saan Man Anthology, Liwayway Magazine, at Aklas Literary Folio ng PNU The Torch Publications. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng wika, panitikan, at pananaliksik sa Filipino sa FEU Manila at nag-aaral ng MA Araling Pilipino sa UP Diliman.

Kawíng 4.2 (Disyembre 2020): 178-190 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Ang Pinakamahusay na Pansabong sa Buong Mundo[1]

**Cristina Pantoja Hidalgo (orihinal)**

**Chuckberry J. Pascual**
University of Santo Tomas
chuck.pascual@gmail.com

~~~

Sebastian ang tawag sa kanya. Hindi siya gaanong kilala ng taumbayan dahil kailan lamang siya tumira sa kanilang lugar, ngunit iginagalang siya ng mga ito. May taglay na kung ano si Sebastian na agad kinilala ng taumbayan na kagalang-galang. Gayunman, kung may sinuman sa kanilang tanungin kung ano ito, walang makakasagot.

Baka ilarawan lang nila kung ano ang hitsura ni Sebastian. Sasabihin nilang matangkad siyang lalaki, at laging unat ang likod. Na guwapo siya, pero malalalim ang gitla sa mukha. Na makapal pa ang kanyang buhok, pero inuuban na rin. Na malakas at maliksi pa ang kanyang katawan, pero may mababakas nang pagod sa mga mata.

Baka sabihin din nilang mukhang marami nang pinagdaanan si Sebastian. At iyon nga siguro ang katangiang iginagalang sa kanya ng mga taumbayan.

Baka sabihin ng mga nakakasalamuha niyang kapitbahay—ang mga tinderong binibilhan niya ng supplies, ang mga artesanong binibigyan niya ng trabaho paminsan-minsan, ang beterinaryong nag-aalaga sa kanyang mga aso—na mahinahon pero mabagsik magsalita, magalang pero malayo si Sebastian.

At baka magkuwento sila sa mga bagay na narinig tungkol kay Sebastian. Ang sabi, maraming taon siyang naglakbay sa mga dayuhang lupain, nakipaglaban sa maraming digmaan, at nagkamal ng napakalaking kayamanan. Na naghapunan na si Sebastian kasama ng mga makapangyarihang lalaki at minahal ng magagandang babae. Na nagsawa na siya sa ganoong pamumuhay, at nawalan ng gana sa mga dulot nitong lugod at napagod sa mga dulot nitong pasakit, kaya naghanap na lamang ng isang maliit at tagong bayan kung saan niya maaaring gugulin ang kanyang nalalabing panahon.

At dahil wala siyang binitbit na mga tropeo o memento mula sa mga mundong iyon—walang mga libro, larawan, mamahaling damit, magagarang kotse—at dahil wala pa namang nakakarinig sa kanyang magkuwento tungkol sa kanyang nakaraan, pulos

[1]***The Best Fighting Cock in the World*** ang pamagat ng orihinal. Mababasa ito sa aklat na ***Tales for a Rainy Night*** na inilathala ng De La Salle University Press noong 1993.
~~~

haka-haka ang mga kuwentong kumakalat tungkol sa kanya. Walang pagpapatunay at pagtanggi sa mga ito, kaya naging alamat. At ang alamat na ito ay nakakabit sa lalaking tinatawag nilang Sebastian.

Ang kakatwa, hindi naman nalalayo sa katotohanan ang alamat. Tunay namang namuhay bilang eleganteng bagamundo si Sebastian, at nabiyayaan siya ng kayamanan at pakikipagsapalaran, ng kasikatan at kapangyarihan. Dinala siya ng kanyang trabaho sa mga lugar na umiiral lamang sa imahinasyon ng ibang tao, at ipinakilala siya sa mga taong reputasyon lamang ang kilala ng ibang tao. Sa loob ng matagal na panahon, tinamasa niya ang paghanga at inggit ng mga kasamahan, at tuwang-tuwa siya sa kaalamang kayang baguhin ng kanyang mga desisyon at payo ang buhay ng iba.

Ngunit isang gabi, habang naghahanda si Sebastian para sa isa na namang paglalakbay sa malayong lugar, inagaw ng tunog ng musika ang kanyang atensiyon. May tumutugtog ng plawta. Hindi pamilyar sa kanya ang melodiya, ngunit napakatamis ng pagdapo sa kanyang pandinig, kaya nahimok siyang hanapin ang pinagmumulan nito.

Hinawi niya ang mga kurtina, at pumunta sa balkonahe ng kanyang kuwarto sa hotel. Walang tao sa kalsada, at tila malayo pa ang pinanggagalingan ng musika. Pero malinaw niya itong naririnig, tila nasa ibaba lamang ng balkonahe ang hindi kilalang musikero.

Ilang sandali siyang nanatili roon, hinahayaan lang ang musika sa paghabi ng halina, sumusuko sa kadalisayan at kapangyarihan nito. Tila tinatawag ng musika ang kanyang kaluluwa, binubuhay ang mga pag-asam na inakala niyang habangbuhay nang mananahimik, ginigising ang mga damdaming inakala niyang habangbuhay nang mahihimlay.

At habang nakikinig, napansin niya ang dilim sa paligid… ang banayad na liwanag ng buwan sa mga puno ng kahel at sa cobblestones, ang mahinay at mabangong ihip ng hangin, ang payapa at panatag na gabi…

At bigla, napagtanto niyang absurdo ang hindi manatili buong gabi sa balkonaheng iyon, ang humiga sa *lounging chair* na naroon para mismo higan, habang hawak ang kanyang pipa sa isang kamay, at isang baso ng brandy sa kabila, at walang anumang iniisip maliban sa kung ano ang naaalala niya dulot ng malungkot na musika.

Bigla, nagmistulang karima-rimarim na kailangan niya muling mag-empake, sumakay sa isa na namang eroplano, umupo sa isa na namang opisina, dumalo ng isa

na namang pagtitipon. Sapagkat ano ba talaga ang ibinubunga ng mga ito, kung ihahambing sa awit ng plawta?

Hindi nagdesisyon si Sebastian noong gabing iyon. Ngunit ang musika—at ang pag-iisip na idinulot nito—ay naiwan sa kanya, lalong tumindi, lalong nanuot. At hindi nagtagal, dumating ang oras na hindi niya kayang magdesisyon nang hindi kinukuwestiyon ang kanyang sarili kung ano ba ang saysay nito.

Sa loob ng matagal na panahon, naniwala si Sebastian na nakakatulong ang trabaho niya, hindi man sa mga inbididwal kundi sa sangkatauhan, sa sibilisasyon. Nakita niya ang sariling nag-aambag para mabawasan ang lupit ng buhay, para maibsan ang sakit ng mundo. Pero ngayon, para sa kanya, higit pa ang nagagawa ng mga magsasakang nagtatanim ng mga puno at ng makatang sumusulat ng mga tula. Dahil lumalampas sa kanilang sariling buhay ang kanilang mga likha, at habang buhay naaapektuhan ang ibang tao.

Dahil nakumbinsi na sa kapalaluan ng kanyang trabaho, nagpasya si Sebastian na wala nang saysay na ipagpatuloy pa ito. Hindi nga lang malinaw sa kanya ang maaaring alternatibo. Batid lang niyang kailangan niyang bumalik sa kanyang lupang tinubuan.

Namangha ang pamilya ni Sebastian sa kanyang desisyon. Sinabi niya sa mga itong hindi naman kinakailangang baguhin din nila ang kanilang mga buhay. Sapat naman ang kanyang yaman para buhayin sila at magawa pa rin ang anumang gustuhin. Ang dalawa niyang nakatatandang anak—magtatapos na sa unibersidad ang isang lalaki, magsisimula pa lang ang isa—ay piniling manatili sa labas ng bansa. Pinili namang sumama sa pag-uwi ng kanyang asawa at bunsong anak na babaeng nagdadalaga pa lamang.

Nang maisagawa niya lahat ito, nagpasya si Sebastian na ayaw na niyang manirahan sa siyudad. Hahanap siya ng isang maliit na lupa sa probinsiya, magtatanim ng maraming puno, mas maigi kung malapit sa ilog, magtatayo ng simpleng bahay, magtatanim ng orkidyas, at mag-aalaga ng mga pansabong na manok.

Hindi pa siya nakapanirahan sa probinsiya dati, at lalo itong hindi maunawaan ng kanyang pamilya. Ngunit nang tanungin siya ng kanyang asawa kung bakit niya gustong gawin ito, ang isinagot lang ni Sebastian, dati pa niyang gusto. At pagkatapos niya itong sabihin, napagtantong totoo pala.

Hindi gusto ng kanyang asawang manirahan sa probinsiya, at kailangang pumasok sa mahusay na paaralan ang kanyang anak na babae. Kaya itinira sila ni

Sebastian sa isang bahay sa loob ng isa sa mararangyang *village* sa siyudad, at ibinayad sila ng *membership* sa mga napiling *club*. Pagkuwa'y malaya na siyang naghanap ng kanyang magiging *farm*.

Hindi na niya kailangang ipaalam kahit kanino ang kanyang mga kilos. Dahil matagal nanirahan sa ibang bansa, nawalan na siya ng komunikasyon sa mga kaibigan. At hindi naman niya ipinabatid ang desisyon sa napakaraming banyagang kakilala.

Mayroon siyang dalawang mabuting kaibigan, kapwa kababata, at kapwa naiintriga ang mga ito sa desisyon ni Sebastian. Bilang paliwanag, sinabi lamang ni Sebastian sa kanila na pagod siya at gusto lamang magpahinga nang saglit.

Hindi niya sinabi sa kanilang pinili niya ang orkidyas at mga pansabong na manok dahil sa kanilang pagiging payak. Walang duda sa kariktan ng orkidyas, at walang pasubali ang katapangan ng mga pansabong. Hindi nila kailangang pangatwiranan ang kanilang pag-iral. At napagtanto ni Sebastian na naaakit na siya ngayon sa kapayakan, ang tanging bagay na buong buhay na ipinagkait sa kanya.

Nagreklamo ang asawa niya. Hindi raw nito maintindihan kung paanong nagbubuhos siya ng panahon at pagod sa pag-aalaga ng mga pansabong, pagkatapos ay ipapapatay lang ang mga ito.

Bilang paliwanag, sinabi lamang ni Sebastian na palakasan lamang ang sabong.

Hindi niya sinabi sa asawa na hindi niya ipapapatay ang mga pansabong. Inaasahan niyang mananalo ang mga alaga, at gusto niyang mabuhay pa ang mga ito. At lagi niyang ginagawa ang lahat ng makakaya upang masiguro ito.

Bunga ng *warrior lines* ang kanyang mga manok, nakatira ang mga ito sa malilinis na kulungan, maingat na pinapakain ng *balanced diet*, regular na pinag-eehersisyo at pinaglalaban, pinagpapahinga bago ang laban, itinatapat sa ibang pansabong nang buong ingat at pagmamahal. Kung manalo sila at mabuhay, ginagantimpalaan sila, ginagamot ang mga sugat; kung minsan, pinagreretiro at pinagmumulan ng lahi. At kung matalo sila at mamatay, inililibing sila nang may dignidad.

Hindi na masama ang ganitong buhay para kay Sebastian. Minsan, naiisip niyang mas mabuti pa ito kaysa buhay ng ibang tao. At kung minsan, ang pakiramdam niya, payag siyang mabuhay nang ganoon. Sa simula't sapul, alam mo na ang dapat gawin; nagsanay ka para dito; sumulong ka at ginawa ito; tapos uuwi ka na. Mabubuhay ka o mamamatay. Alin man sa dalawa, malinis at matapang kang nakipaglaban. Kalabisan na ang mga tanong, duda, at dusa. Dati pang namamangha si Sebastisan sa mga misteryo

ng *genetics*. Ngayon, may pagkakataon na siyang tuwirang pag-aralan ang mga ito. Naglakbay siya sa buong bansa para maghanap ng pinakamahusay na *line*, pinakamahusay na *breed*. Naghanap siya ng may bilis at tiyempo, kapusukan at kaluwagan, kakayahang bumawi, talino, lakas ng loob. Nag-*line breed* at *cross-breed* siya. Nag-eksperimento. Namili. Hindi nagtagal, siya na ang may-ari ng isa sa pinakamahusay na kuwadra ng mga pansabong sa buong bayan.

Simbilis ng kidlat kumilos ang ilan sa kanyang mga manok, kagyat kumakagat sa unang lipad ang tari at agad namamatay ang kalaban. Ang iba naman, kakaiba ang katusuhan sa pakikipaglaban, umiibabaw nang ilang pulgada, umiiwas, umiindayog, namemeke ng atake, pagkuwa'y iikot, sa eksaktong sandaling nawalan ng balanse ang kalaban. May ibang kamangha-mangha ang lakas at tibay, hindi bumibitiw kahit labis nang sugatan, bibira hanggang sa huling hininga. Nagpatuloy si Sebastian sa pag-eeksperimento, umaasang makalilikha rin ng line na magtataglay ng lahat ng katangiang ito.

Hindi nagtagal, nakilala sa mga sirkulo ng sabungero ang kalidad ng mga breed ni Sebastian. Ang ikinagulat ng lahat, hindi kailanman tumaya nang malaki si Sebastian sa kanyang mga pansabong. Hindi sila makapaniwalang hindi siya interesadong kumita ng pera, na ang obsesyon niya ay ang laro, at ang mga pansabong mismo. Pero nang maglaon, naunawaan din nila. At naging bahagi rin ito ng alamat.

Mabilis na umingay ang reputasyon ni Sebastian bilang sabungero. Umabot ito sa mga kalapit na bayan at probinsiya, at kumalat hanggang sa kapitolyo. Sumikat pa siyang lalo, hanggang sa umabot ang balita sa kanyang mga anak na lalaki.

Sumulat ang nakababatang anak na lalaki sa kanyang ama, binabati ito sa pagwawagi sa isang *international derby* na naisulat sa isang *professional magazine* na umabot sa kuwarto ng binata sa gitna ng mga oak at ivy sa campus ng unibersidad. Tumawag naman sa telepono ang nakatatandang anak na lalaki mula sa *corner office* nito, iyong nasa ikadalawampu't tatlong palapag at may kagila-gilalas na tanawin ng metropolis, para magtanong tungkol sa kampeong kilala bilang Datu.

Labis itong ikinatuwa ni Sebastian. Sapagkat tunay naman, wala pang ibang kampeong tulad ni Datu, at nais niyang makasama ang mga anak sa tagumpay.

Alam ni Sebastian na isa si Datu sa pinakadakilang pansabong na inalagaan niya, at maaaring isa pinakadakilang pansabong na nabuhay. At sa tingin niya, isang mainam na parikalang aksidente pa ang paglitaw nito. Lalo na dahil bihira ang mga aksidente sa kanyang farm.

Dahil sa kabila ng laki ng farm, pinapatnubayan ni Sebastian mismo ang bawat detalye. Pinapanood niya ang bawat pangingitlog, ang pagpapakain, ang pagtitimbang, ang pakikipaglaban. Kapag may sakit o sugat ang mga pansabong, siya mismo ang gumagamot sa mga hayop. Natutuhan niya ito sa panonood ng mga manggagamot sa sabungan. Personal niyang pinipili ang kanilang kalaban. At, bago ang laban, siya mismo ang nagkakabit ng tari, dahil nagpaturo siya isang propesyonal na mananari. Determinado si Sebastian na walang mamamatay ni isa sa kanyang mga pansabong nang dahil sa kanyang pagkakamali o pagkukulang.

Kahit tulog, alam ni Sebastian ang pangalan, pinagmulan, mga katangian ng bawat pansabong. May kanya-kanyang kulungan ang mga ito, may mga numero, pangalan, tag, at nakalagay lahat sa isang *computer file*.

Rebelde si Datu. Misteryo ang pinagmulang lahi. Wala ni isang kamukhang pansabong sa farm. Dagdag pa, wala ito ni isang *katulad* na pansabong sa farm. Pinangalanan itong Datu ni Sebastian dahil halata naman sa simula pa lang na lumitaw ito upang maghari.

Bilang sisiw, mas malaki at mas malakas si Datu sa mga kasama, kaya naman ito ang naging pinuno. Bilang barako, higit itong kapansin-pansin dahil itim na itim ang mga balahibo, at dahil walang kapantay ang bilis, tikas, at kawastuan ng kilos. Nang tumanda, higit pang naging maringal ang kanyang mga balahibo, at higit pang naging elegante ang estilo ng pakikipaglaban. Sa tabi niya, pawang mukhang saliwa at mahina ang ibang pansabong. Taglay ni Datu ang lahat ng katangiang sinisikap ibigay ni Sebastian sa kanyang mga *line*. At napakatalino ng mga mata ni Datu, mistulang isang superyor na nilalang—isang prinsipeng mandirigma, marahil—ang nakakulong sa loob ng katawan nito.

Sa katunayan, sa ilang bagay, tila nga mas *tao* pa si Datu. Iyong uri ng disiplinang tinataglay lamang ng mga lalaki pagkatapos dumanas ng kalabisan—kabilang si Sebastian—ay tila likas na taglay ni Datu.

Nang dumating ang panahon para bigyan si Datu ng makakasamang mate, pinili ni Sebastian ang pinakamabubuting inahin sa farm. Buong galang na hinayaan ni Datu ang mga inahin na magtatakbo sa kanyang kulungan, makisalo sa pagkain at tubig, habang magilas na naglalakad, inaayos at pinipilig ang mga balahibo. Noon lang nila nakitang ginawa ni Datu ang mga ito. Nakapili na ito ng magiging kapareha.

Pagkatapos dalhin sa kulungan ang inahin, sinuyo ito ni Datu tulad ng isang kabalyero, at nang mahulog ang loob ng inahin, hindi na muling tumingin sa iba.

Tila alam rin ni Datu kung gaano karaming pagkain ang kailangan ng katawan, kaya kahit puno pa ang lalagyan, hindi na ito ginagalaw. At tila alam din nito kung gaano katinding ehersisyo ang ang kailangan ng katawan, kaya kapag nasagad na, hindi na sumusunod.

Naging matatag ang bigkis ng lalaki at pansabong, isang bigkis na nakabatay sa paghanga at pagtitiwala sa isa't isa, isang bigkis na hindi kailangang bigkasin para madama.

Handa nang makipaglaban si Datu noong magsampung buwan, ngunit nagpasya si Sebastian na maghintay pa ng dalawang buwan bago ito bitbitin sa sabungan. Gusto niyang makasiguro.

Isang kagila-gilalas na tagumpay ang unang laban—mabilis, malinis, mapagpasya—na inasahan naman ni Sebastian, dahil naging pamilyar na sa estilo ng pakikipaglaban ni Datu—matipid ang kilos, lubos ang kontrol. Bago pa nagsimula ang laban, alam na niyang magwawagi si Datu, dahil nasa kalikasan na nito ang magwagi, at magwagi sa gayong paraan.

Noong dumating ang *long distance call* mula sa nakatatandang anak na lalaki ni Sebastian, tatlong taon nang nakikipaglaban si Datu, at napanalunan nito ang lahat ng dalawampu't apat na laban.

Bahagi ng itinurong dahilan ng mga tao sa walang kaparis na tagumpay ni Datu ay ang pag-aalaga ng amo, binabanggit nila ang *blood lines*, programa sa pagpapakain, pagsasanay ng mga teknik. Paulit-ulit namang sinasabi ni Sebastian na sa lahat ng kanyang mga pansabong, si Datu ang pinakawalang pagkakautang ang mga tagumpay *sa kanya*. Itinuring lamang ito ng mga nakakarinig bilang pagpapakumbaba. Pero ito ang katotohanan. Dahil walang kahit sinong nakakaalam—maliban kay Sebastian—na bukod pa sa misteryosong pinagmulang lahi ni Datu, sa likas nitong pagkakaroon ng mga kagila-gilalas na kasanayan, na si Datu rin mismo ang pumipili ng makakalaban.

Kayang ipaalam ni Datu kung gusto nito o hindi ang mga manok na itinatapat ni Sebastian.

Karamihan sa mga pansabong, kapag itinapat sa kalaban, ay agad nang pumoposisyon sa pag-atake, nakababa ang ulo, nakatikwas ang mga balahibo, nakatitig sa kaharap na pansabong. Pero ang estilo ni Datu, nagkukunwari itong walang pakialam. Tumitikwas ang mga balahibo nito at ibinababa ang ulo, pero ilang pulgada lang, para bang hindi karapat-dapat sa kanyang atensiyon ang kalaban. Tatanggapin ito ng kalaban

bilang senyal na hindi makikipaglaban si Datu, at saka aatake. Isa itong mortal na pagkakamali, dahil nag-aabang lang si Datu.

Pero isang beses—ikaapat na laban yata iyon—may kakaibang ginawa si Datu. Pumili si Sebastian ng pansabong na kumbinsido siyang kayang talunin ni Datu, kahit pa mas malaki at mas matanda ito nang bahagya. Ibinaba na ng mga *handler* ang mga pansabong, pinagharap sa ulutan.

Biglang ibinaba ni Datu ang ulo, halos dumikit sa lupa, at saka pinanlisikan ng mga mata ang pansabong, tila sinisindak ito at pinasusuko.

Napansin ni Sebastian ang pagbabago, at agad niyang sinunod ang kutob. Pinatigil niya ang laban. Pagkatapos, naisip ni Sebastian na baka namalikmata lang siya. Walang ibang dahilan para hindi kalabanin ni Datu ang pansabong.

Pero makalipas ang tatlong laban, nangyari ito ulit. Sa pagkakataong ito, wala nang duda si Sebastian na may sinasabi sa kanya si Datu, na dahil binabaligtad nito ang taktika sa umpisa ng laban, hindi nito gusto ang kalaban.

Ang kailangan lang gawin ni Sebastian ay sundin ang pahiwatig mula sa pansabong mismo. Si Datu na ang bahala sa iba. May mahihiling pa ba ang kahit na sinong sabungero?

Pero tiwali ang tao. Tampalasan ang tao. Bagaman sinasabi ni Sebastian na pagiging payak ang hanap niya, ni hindi niya ito nauunawaan. Nang ibigay sa kanya ang pangarap—isang perpektong pansabong—hindi niya mapaniwalaan ang realidad nito. Hindi niya matanggap si Datu bilang biyaya, hindi siya makahugot ng kasiyahan mula sa pansabong. O marahil, hindi niya matanggap ang katotohanang wala itong utang na loob sa kanya.

Bago nakipaglaban si Datu—ang ikadalawampu't limang laban—sa pinakamalaking sabungan sa buong bansa, may hindi inaasahang taong dumalaw kay Sebastian. Isa itong lalaking nakilala ni Sebastian sa kanyang dating buhay, isa sa mga makapangyarihang nakadaupang palad niya sa mga kumperensiya, gumawa ng mga plano na pinaniniwalaan niya noong makabubuti para sa bahagdan ng sangkatauhan.

Umabot sa lalaki ang balita tungkol sa pambihirang bagong trabaho ni Sebastian, at bilang isang tunay na apisyonado ng sabong, nagpasya itong hanapin ang kanyang matagal nang kaibigan. Nabalitaan din ng lalaki ang kampeong si Datu, at gusto nitong mapanood lumaban ang pansabong.

Natuwa si Sebastian. Nasiyahan siya sa papuri. Kabilang sa mundo ng mayayaman ang lalaki, isang mundong naging bahagi rin si Sebastian at nagbigay sa kanya ng ligaya nang maraming taon, isang mundong may mga pamantayan ng kahusayan na pamilyar sa kanya. Ang pagdalo ng lalaki sa bagong mundong nilikha ni Sebastian para sa kanyang sarili ay isang malaking pagpupugay. At nakadama siya ng malalim na kaligayahan sa kabatirang hindi bibiguin ni Datu ang kanyang sikat na kaibigan.

Sinamahan si Sebastian ng kanyang bisita sa ulutan. Nais nitong makita ang bawat aspekto ng sabong sa probinsiya ni Sebastian, kung paanong naiiba ang kalakaran nito sa sariling bayan.

Hindi nagmadali si Sebastian sa pagpili ng makakalaban ni Datu, at ang napili niya sa wakas ay isang puting pansabong na batid niyang isang mahusay na kampeon, dahil maraming beses na ring napanood lumaban. Gusto niyang maging maganda ang laro, para lubos na masukat ng kanyang bisita ang kadakilaan ni Datu bilang mandirigma.

Labis ang pananabik ng mga nakapalibot na manonood. Isa itong tunay na laban ng mga kampeon.

Inilapag ng mga handler ang mga pansabong at pinagharap sa ulutan. Saglit silang nagtitigan, kapwa natigilan, kapwa beterano sa ulutan, maingat na sinusukat ang isa't isa. At saka ibinaba ni Datu ang ulo sa lupa, itinikwas ang mga balahibo, pinanlisik ang mga mata. Tila tinatakot nito ang kalaban, pinasusuko.

Natutuwang nagbulungan ang mga manonood, pati ang dayuhang bisita ni Sebastian. Ito mismo ang inaasahan nilang lahat.

Pero namutla si Sebastian.

*Imposible!* isip niya, habang tahimik na kinakausap si Datu. *Hindi puwedeng itigil ang laban na ito! Ano ba ang problema? Alam mong kaya mong talunin ang pansabong na iyan. Maniwala ka sa akin*.

Pinaghiwalay ng mga handler ang mga pansabong, at hinihimas na nila ang mga ito para kumalma.

Iniutos ni Sebastian na ibaba ulit ang mga pansabong. At muli, ibinaba ni Datu ang kanyang ulo, tila handa nang lusubin ang kalaban.

Pinagpawisan si Sebastian. Namawis ang mga palad niya. Pero naiinis niyang pinilig-pilig ang ulo. *Kalokohan!* isip niya. *Bakit ba masyado akong naging mapamahiin? Palibhasa naburo na ako dito sa probinsiya.* Humarap siya sa may-ari ng pansabong, at tumango nang mabilis, senyal na pumapayag siyang ituloy ang laban.

Sinalubong ng napakalakas na hiyawan ang pagpasok sa ring ni Datu at ng puting pansabong. Bihirang mangyari na naglalaban ang ganitong klase ng mandirigma. Kahit pa kinikilala ng marami bilang mahusay na mandirigma ang puting pansabong, ang maalamat na si Datu pa rin ang itinuturing na liyamado.

Kabilang sa mga pumapalakpak ang sikat na kaibigan ni Sebastian. Pero kahit anong gawin ni Sebastian, hindi siya makakilos. Ang pangambang naramdaman niya kanina sa ulutan, pagkatapos ibigay ang permiso sa laban, ay nagbanyuhay na bilang kilabot, at ngayon, halos pigain na ng lagim ang kanyang puso. Tulad ng kasiguruhang magwawagi si Datu sa unang laban, batid niya ngayong matatalo si Datu. At ang malala, alam niyang masasawi si Datu. Alam ito ni Datu, at nagbabala ito.

Ang hindi maunawaan ni Sebastian ay kung ano ang sumanib sa kanya para hindi makinig, gayong lagi naman siyang nakikinig dati.

Nagsimula ang laban. Pilit na iniiwas ni Sebastian ang tingin sa ulutan, para hindi siya masaktan. Pero kahit pa ibinuhos na niya ang lahat ng lakas, hindi pa rin niya magawang alisin ang mga mata.

Dehado si Datu sa kalaban. Mas maliit nang bahagya ang puting pansabong pero mas mabigat ito at mas malakas.  At bagaman hindi kasintalino, mas bata at mas mabilis naman, isang pansabong na nasa taluktok ng kapangyarihan. Ito ang pinakamalaking lamáng sa lahat. Ginamit ni Datu ang lahat ng estratehiya, ang lahat ng teknik, ang lahat ng lansi, ibinuhos ni Datu sa laban ang lahat ng kakayahang mayroon siya, at ang lahat ng karanasang kinamal niya. Pero walang nangyari.

*Paano ako nagkamali nang ganito kalala?* miserableng tanong ni Sebastian sa sarili. Damang-dama niya sa sariling katawan ang bawat tusok ng tari ng puting pansabong.

Nagpatuloy ang laban. Kapwa na sila sugatan, pero higit na maraming tama si Datu. Bali ang isang binti at pakpak nito, kaya hindi makatayo o makalipad. Maraming dugo na rin ang nawala sa katawan dahil sa malalim na sugat sa dibdib. Pero hindi pa rin sumusuko si Datu. Nabawasan na ang mga hiyaw at tungayaw ng madla. Ang naiwan ay malagim na katahimikan, isang pag-aabang sa kamatayan ng isang dakilang mandirigma.

Biglang humiga si Datu. Napasinghap ang madla, inakalang natibag na ang pansabong. Pero alam ni Sebastian ang nangyayari. Napatayo siya, kuyom ang mga kamao, halos lumuwa ang mga mata.

Nakaplakda si Datu, nasa ere ang mga paa. Palapit na ang puting pansabong, tatapusin na ang laban. Lumipad ito, at naitulak ito pabalik. Paulit-ulit, sumugod ang puting pansabong, pero mapuwersang naitutulak lang ito pabalik. Sa bawat sugod, sinasalubong ng mga paa ni Datu ang puting pansabong, at sa bawat sugod, sinasaksak ito ni Datu gamit ang paang nakakakilos, at ginagawaran ng bagong sugat ang kalaban.

Nakatayo na ngayon ang lahat ng tao sa sabungan, at halos magiba na ang gusali sa mga sigaw at padyak. Maging iyong mga tumaya sa puting pansabong ay halos mabaliw sa pagpalakpak para kay Datu.

Sa wakas, tumimbuwang ang puting pansabong.

Hindi tumitinag si Datu, kaya mukhang binawian na rin ito ng buhay. Pero nang iangat ng *referee* ang kanyang balahibo sa batok at iniharap sa kalaban, itinaas ni Datu ang ulo para sa kinakailangang mga pagtuka… isa… dalawa… Siya ang nagwagi!

Ngunit naghihingalo na si Datu. Ibinaba ito ng referee, at nalugmok si Datu sa sahig, bumagsak ang ulo sa isang baling pakpak.

At gamit ang kanyang huling lakas, pinilit tumayo ni Datu. Nag-angat siya ng ulo. Tulirong inilibot niya ang mga mata sa paligid, tila may hinahanap, hanggang sa natanaw niya si Sebastian.

*Kaibigan, ano ang ginawa mo sa akin?* tanong ng mga matang puno ng pagkalito at kalungkutan.

Saka dahan-dahan, muling nalugmok si Datu, nakapikit na ang mga mata, nakahilig ang ulo sa isang baling pakpak.

Bumitiw ang madla nang makita ang pagkamatay ni Datu. Nag-umpisa silang kumilos, maggitgitan. Nag-umpisa ang ingay sa mga bulung-bulungan, na naging hugong, na naging mga hiyaw.

Binati si Sebastian ng kanyang bisita, ngunit wala siyang narinig. Walang narinig at nakita si Sebastian sa kaguluhan sa kanyang paligid. Namalayan na lang niyang kumilos pala siya, nagtungo sa ulutan, nakatanga sa bungkos ng mga itim na balahibo

sa lupa. Napaluhod siya, at inabot ang katawan. Mainit-init pa. Saglit niyang naisip: *Buhay pa siya!*

*Bawiin mo na ang lahat*, sabi niya, kausap ang Diyos na hindi niya pinaniwalaan kahit kailan. *Bawiin mo na lahat ang perang ipinanalo niya sa akin, bawiin mo na ang lahat ng mga pansabong sa farm, kahit ang farm mismo. Buhayin mo lang si Datu. Hindi siya dapat mamatay!*

Pero kahit sa kalagitnaan ng kanyang pagdarasal, alam niyang hindi ito mangyayari.

Patay na si Datu. At ang pakiramdam ni Sebastian, mag-isa siyang nakatayo sa isang malawak na disyerto, nag-iisang binabata ang matinding init ng dumidilim na langit, ang kanyang kahambugan at kalungkutan ang tanging kipkip.

**Tungkol sa May-Akda:**

**CHUCKBERRY J. PASCUAL**

Awtor ng *Kumpisal* (USTPH, 2015), *Pagpasok sa Eksena: Ang Sinehan sa Panitikan at Pag-aaral ng Piling Sinehan sa Recto* (UP, 2016), *Ang Tagalabas sa Panitikan* (USTPH, 2018), at *Hindi Ito Romansa* (SWF-UPD, 2020). Nagwagi sa 2018 National Book Awards ang kanyang koleksiyong *Ang Nawawala* (Visprint, 2017). Nagtuturo siya sa UST Faculty of Arts and Letters at nagsisilbing Resident Fellow sa UST Center for Creative Writing and Literary Studies at Faculty Researcher sa UST Research Center for Culture, Arts, and Humanities.